# Primarya 4

Aklat ni Mormon
Mga 8–11 taong gulang

# Primarya 4

## Aklat ni Mormon

Para sa pagtuturo sa mga batang walo hanggang
labing-isang taong gulang

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

© 1996, 1999 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.
Pagsang-ayon sa Ingles: 9/96
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 9/96
Pagsasalin ng *Primary 4: Book of Mormon*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang at Pamagat ng Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| Mga Tulong Para sa Guro | | v |
| 1 | Ang Aklat ni Mormon, Handog mula sa Isang Mapagmahal na Ama sa Langit | 1 |
| 2 | Sinunod ni Nefias ang Kanyang Ama, ang Propeta | 6 |
| 3 | Pagkuha sa mga Laminang Tanso | 10 |
| 4 | Ang Punongkahoy ng Buhay | 14 |
| 5 | Si Lehias at ang Kanyang Mag-anak ay Ginabayan sa Ilang | 19 |
| 6 | Inuutusan ng Ama sa Langit si Nefias na Gumawa ng Sasakyang Dagat | 22 |
| 7 | Ang Pagtawid sa Dagat | 25 |
| 8 | Ang Propetang si Jacob ay Hinarap ni Serem | 28 |
| 9 | Nananalangin si Enos | 31 |
| 10 | Tinuturuan ni Haring Benjamin ang Kanyang mga Tao | 35 |
| 11 | Si Abinadias at si Haring Noe | 38 |
| 12 | Nagbibinyag si Alma sa mga Tubig ng Mormon | 43 |
| 13 | Ang mga Tao ni Haring Limhias at ang mga Tao ni Alma | 49 |
| 14 | Ang Nakababatang Alma at ang mga Anak na Lalaki ni Mosias ay Nagsisisi | 52 |
| 15 | Ang Misyon nina Alma at Amulek sa Ammonihas | 55 |
| 16 | Sina Alma at Amulek sa Bilangguan | 59 |
| 17 | Si Ammon, Isang Dakilang Tagapaglingkod | 63 |
| 18 | Nagbalik-loob ang Ama ni Haring Lamonias | 66 |
| 19 | Ang mga Anti-Nefias-Lehias | 71 |
| 20 | Si Korihor, ang Anti-Cristo | 74 |
| 21 | Ang mga Zoramita at ang Ramiumptum | 79 |
| 22 | Nagtuturo si Alma Tungkol sa Pananampalataya | 82 |
| 23 | Pinapayuhan ni Alma ang Kanyang mga Anak na Lalaki na sina Helaman at Siblon | 87 |
| 24 | Pinapayuhan ni Alma ang Kanyang Anak na Lalaki na si Corianton | 92 |
| 25 | Tinalo ni Kapitan Moronias si Zerahemnas | 96 |
| 26 | Si Kapitan Moronias at ang Bandila ng Kalayaan | 102 |

| | | |
|---|---|---|
| 27 | Si Helaman at ang Dalawang Libong Mandirigma | 107 |
| 28 | Sina Nefias at Lehias sa Bilangguan | 111 |
| 29 | Nagpopropesiya si Nefias | 114 |
| 30 | Tumatanggap si Nefias ng Dakilang Kapangyarihan | 118 |
| 31 | Si Samuel, ang Lamanita | 123 |
| 32 | Mga Palatandaan sa Amerika ng Pagsilang ni Jesucristo | 127 |
| 33 | Nagpapakita ang Tagapagligtas sa mga Nefita | 131 |
| 34 | Itinuturo ni Jesucristo sa mga Nefita ang mga Lubos na Pagpapala (Beatitudes) | 134 |
| 35 | Pinagagaling ni Jesucristo ang Maysakit at Binabasbasan ang mga Bata | 140 |
| 36 | Ipinagkakaloob ni Jesucristo ang Sakramento sa mga Nefita | 144 |
| 37 | Tinuturuan ni Jesucristo ang mga Nefita na Manalangin | 147 |
| 38 | Kapayapaan sa Kalipunan ng mga Nefita | 151 |
| 39 | Nasasaksihan ni Mormon ang Pagkalipol ng mga Nefita | 155 |
| 40 | Inaakay ang mga Jaredita Patungo sa Lupang Pangako | 159 |
| 41 | Tinatanggihan ng mga Jaredita ang mga Propeta | 163 |
| 42 | Si Moronias at ang Kanyang mga Isinulat | 167 |
| 43 | Si Moronias ay Nagtuturo ng Pananampalataya kay Jesucristo | 172 |
| 44 | Si Moronias at ang Pangako ng Aklat ni Mormon | 177 |
| 45 | Ang Aklat ni Mormon ay Isang Saksi sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo (Pasko ng Pagkabuhay) | 181 |
| 46 | Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo (Pasko) | 185 |
| 47 | “Maaaring Pagpalain ng Pagkasaserdote ang Ating Buhay (Aralin Tungkol sa Paghahanda para sa Pagkasaserdote) | 189 |

# Mga Tulong Para sa Guro

Itinuro ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng pagsunod at pagtuturo ng mga kautusan nang sabihin niyang, "Ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit" (Mateo 5:19). Ikaw ay binigyan ng isang sagradong tungkulin na tulungan ang mga bata na matutuhan kung paano tuparin ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag at maglingkod. Habang naghahanda ang bawat batang babae upang maging isang kabataang babae at ang bawat batang lalaki upang maging kabataang lalaki at tanggapin ang pagkasaserdote, ikaw ay maaaring maging mahalagang impluwensiya sa kanilang buhay.

Noong 1831, pagkatapos na pagkatapos na maitatag ang Simbahan ay itinuro ng Tagapagligtas na ang mga guro "ay magtuturo ng mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Bibliya at Aklat ni Mormon" (Doktrina at mga Tipan 42:12), na siyang tanging mga banal na kasulatan noon. Ngayon ang mga guro ay may pananagutan na ituro ang mga sagradong katotohanan mula sa lahat ng mga pamantayang banal na kasulatan, kabilang na ang Doktrina at mga Tipan at ang Mahalagang Perlas, na tumutulong sa mga bata na magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at sa kanyang Anak na si Jesucristo.

## Mga Kurso ng Pag-aaral

Ang lahat ng mga bata na walo hangang labing-isang taong gulang sa ika-1 ng Enero ay tuturuan mula sa isa sa mga manwal na Primarya 4, 5, 6, at 7. Isa lamang kurso ng pag-aaral ang ginagamit sa bawat taon para sa lahat ng mga batang nasa pangkat ng saklaw na gulang na ito. Ang bawat kurso ng pag-aaral ay nakabatay sa isang tiyak na aklat ng banal na kasulatan: ang Primarya 4 ay sa Aklat ni Mormon, Primarya 5 sa Doktrina at mga Tipan, Primarya 6 sa Lumang Tipan, at Primarya 7 sa Bagong Tipan. Sa loob ng apat na taon ay mapag-aaralan ng mga bata ang bawat isa sa mga pamantayang banal na kasulatan.

Batay sa lokal na mga pangangailangan at bilang ng mga batang nasa walo hanggang labing-isang taong gulang, ang mga klase ay maaaring isaayos sa pamamagitan ng indibiduwal na pangkat ng mga saklaw na gulang, magkakasamang pangkat ng mga saklaw na gulang, o magkakahiwalay na mga klase para sa mga batang lalaki at babae. Anuman ang kaayusan ng iyong klase, kailangan mong tiyakin na ang bawat bata ay tumatanggap ng sapat na pansin.

Kapag sumapit na nang labindalawang taong gulang ang mga bata, sila ay nagsisimulang dumalo sa Mga Kabataang Babae o Pagkasaserdoteng Aaron. Gayunman, patuloy silang dadalo sa kanilang klase sa Primarya sa oras ng Panlinggong Paaralan hanggang sa unang linggo ng Enero, kung kailan nagsisimula silang dumalo sa Panlinggong Paaralan.

Ang isang natatanging aralin, "Maaaring Pagpalain ng Pagkasaserdote ang Ating Buhay," ay kasama sa manwal na ito. Ang araling ito ay gagamitin ng

mga guro ng mga batang labing-isang taong gulang habang naghahanda ang mga batang lalaki na maging mga diyakono at ang mga batang babae sa pagsulong nila sa Mga Kabataang Babae. Ituro ang araling ito bago tumuntong nang labindalawang taong gulang ang unang bata sa inyong klase. Hingin ang patnubay ng Panginoon habang inihahanda at inilalahad ninyo ang aralin upang maunawaan ng mga bata kung ano ang pagkasaserdote, paano nito mapagpapala ang kanilang buhay, at paano nila magagampanan ang kanilang mga tungkulin upang maigalang ang pagkasaserdote.

## Pagtuturo sa 'Pamamagitan ng Manwal na Ito

'Ang kurso ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga aral mula sa Aklat ni Mormon. Habang ibinabahagi at tinatalakay mo ang mga aral na ito, dapat na maunawaang mabuti ng mga bata ang misyon at pagbabayad-sala ni Jesucristo at magkaroon ng mas malaking pananampalataya at patotoo sa kanya. Dapat nilang malaman kung paano isagawa ang mga aral ni Jesucristo sa kanilang sariling mga buhay at magkaroon ng mas matatag na pagnanais na tuparin ang kanyang mga kautusan.

Himukin ang mga bata na magbasa mula sa Aklat ni Mormon sa tahanan upang malaman ang tungkol sa mga propeta na nagministeryo sa lupain ng Amerika at tungkol sa ministeryo ng Tagapagligtas sa mga Nefita. Habang natututuhan ng mga bata ang tungkol sa mga propetang ito at sa Tagapagligtas, nanaisin nilang sundin ang kanilang mga inspiradong halimbawa at mga aral at higit na nanaising maging katulad nila. Ang mahahalagang katotohanang natututuhan ng mga bata mula sa mga aral ng Tagapagligtas at ng kanyang mga propeta ay tutulong sa kanilang makapaghanda upang tuparin ang kanilang mga tipan at maglingkod sa Simbahan sa buong buhay nila. Ang mga katotohanang ito ay magbibigay din sa kanila ng lakas upang mapaglabanan ang mga tukso sa daigdig ngayon.

### Paghahanda sa Iyong Sarili Upang Magturo

'Upang maisakatuparan ang iyong sagradong tungkulin na magturo sa mga bata, dapat mong ihanda ang iyong sarili kapwa sa kaisipan at espirituwal. Bahagi ng paghahandang ito ang pag-unawa at pagkakaroon ng isang patotoo ng mga alituntuning itinuturo mo. Ang Tagapagligtas, ang pinakadakilang guro sa lahat, ay nagturo sa atin nang marami na magagamit natin habang naghahanda tayong magturo ng kanyang ebanghelyo sa iba:

- Buong pagpapakumbabang hangarin ang Espiritu sa pamamagitan ng panalangin. Sinabi ng Panginoon, “Maging mapagkumbaba: at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa pamamagitan ng kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin” (Doktrina at mga Tipan 112:10). Kung tayo ay mapagkumbaba may karapatan tayong malaman kung paano ninanais ng Panginoon na turuan natin ang kanyang mga anak.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga buhay na propeta. May dakilang kapangyarihan sa pag-aaral at pagninilay-nilay ng mga salita ng Panginoon. Inutusan niya tayong, “Hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, ay mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat sa mga tao” (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Ang isang propeta sa huling-araw, si Pangulong Ezra Taft Benson, ay nagpatibay ng ating pangangailangang matutuhan ang mga salita ng Panginoon: "Hinihikayat ko kayong ipangakong muli ang inyong sarili sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Isubsob ninyo ang inyong mga sarili sa mga ito araw-araw upang mapasainyo ang kapangyarihan ng Espiritu upang tulungan kayo sa inyong mga tungkulin" (*Ensign,* May 1986, p. 82).

- Tuparin ang iyong mga tipan. Ang iyong kakayahang magabayan ng Espiritu ay batay sa iyong katapatan sa pagtupad ng mga ginawa mong tipan sa Ama sa Langit. Magpapakita ka rin ng mabuting halimbawa kapag "tutuparin [mo] ang mga tipan . . . na gawin ang mga yaon" (Doktrina at mga Tipan 42:13). Kapag nakikita ng mga bata ang iyong pagmamahal sa Tagapagligtas at katapatan sa pamumuhay ng ebanghelyo, sila ay higit na magaganyak na sumunod sa kanya.
- Maghanap ng mga paraan na matulungan ang mga bata na madama ang pagmamahal ng Tagapagligtas. Sabihin sa kanila nang madalas kung gaano mo sila kamahal, at kilalanin ang kanilang kahalagahan at kakayahan. Ang iyong pagmamahal at kabaitan ay tutulong sa mga bata na maunawaan ang pagmamahal sa kanila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Tutulong din ito sa kanila na matutuhang mahalin ang iba.

## Paghahanda ng Iyong mga Aralin

Ang manwal na ito ay tutulong sa iyo na maisaayos ang mga aralin na nagtutuon ng pansin sa mga banal na kasulatan. Ang mga aralin ay gumagamit ng mga ulat at sanggunian mula sa Aklat ni Mormon upang tulungan ang mga bata na maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Hindi tuwirang sinasabi ng mga aralin kung paano dapat ituro ang mga ulat sa banal na kasulatan. Habang naghahanda at nagtuturo ka sa pamamagitan ng Espiritu, matutulungan mo ang mga bata na mas maunawaan ang mga ulat sa banal na kasulatan, ang mga alituntuning nilalaman ng mga ito, at kung paano maisasagawa ng mga bata ang mga alituntuning ito sa kanilang mga buhay. Kapag ang iyong mga aralin ay naihandang mabuti at kawili-wili, ang mga bata ay mas maiigayang makinig at matuto.

Ang sumusunod na mga hakbang ay tutulong sa iyo na makapaghandang mabuti upang mabisang maturuan ang mga bata sa iyong klase:

1. Pag-aralan nang may panalangin ang layunin ng aralin at ang mga sipi sa banal na kasulatan na nakalista sa bahaging "Paghahanda" nang mga isa o dalawang linggo bago ituro ang aralin. Basahing muli ang layunin ng aralin at ang mga talata ng banal na kasulatan, at isaalang-alang kung paano maiaangkop ang mga ito sa mga bata sa inyong klase. Tanungin mo ang iyong sarili: "Ano ang nais ng Ama sa Langit na matutuhan at gawin ng bawat bata bilang bunga ng araling ito? Paano matutulungan ng araling ito ang bawat bata na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, palakasin ang kanilang mga patotoo, at tulungan silang mapaglabanan ang masasamang tukso na kanilang kinakaharap?" Isulat ang mga ideyang maiisip mo.

   Ang aklat na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110) ay inihanda upang maging isang pansariling gabay sa pag-aaral sa mga pangunahing alituntunin at doktrina ng ebanghelyo. Ang mga tiyak na kabanata mula sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* ay nakalista sa bahaging "Paghahanda" ng

ilang aralin. Ang mga kabanatang ito ay makatutulong sa iyo na maghanda sa pagtuturo ng pangunahing alituntunin o doktrina na nilalaman ng aralin. Maaaring makakuha ng kopya ng aklat na ito sa aklatan ng inyong bahay-pulungan o maaaring mabili mula sa inyong lokal na sentro ng pamamahagi.

2. Magpasiya kung gagamitin ang iminungkahing gawaing pantawag pansin upang masimulan ang aralin o lumikha ka ng sarili mo, na tinitiyak na angkop at tugma ito sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan.
3. Hindi sinasabi sa iyo ng mga aralin kung paano ituturo ang ulat sa banal na kasulatan; dapat mong hangarin ang Espiritu upang tulungan kang magpasiya kung ano at paano magtuturo. Gumamit ng iba't ibang paraan sa pagtuturo sa bawat linggo (tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan" sa manwal na ito). Planuhing isali ang mga miyembro ng klase hangga't maaari sa mga gawain sa pagkatuto, at ituro ang iyong aralin upang maikuwento muli ng mga bata sa iba ang ulat sa banal na kasulatan.
4. Piliin mula sa "Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa" ang mga pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga ito sa kanilang mga buhay. Maaari mong gamitin ang mga tanong anumang oras sa kasalukuyan ng aralin. Hindi mo kailangang gamitin ang lahat ng mga ito.
5. Basahin ang "Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman" at planuhin kung kailan at paano gagamitin ang mga bagay na sa akala mo ay pinakamainam na makatutulong sa mga bata sa iyong klase na maunawaan ang mga banal na kasulatan at ang layunin ng aralin. Ang bawat klase ay magiging kaiba, at ang ilang gawain na magiging mainam sa isang pangkat ay hindi magiging mainam sa iba pang pangkat.
6. Planuhing magbahagi ng mga angkop na pansariling karanasan na nagtataguyod sa layunin ng aralin. Hayaang patnubayan ka ng Espiritu habang ibinabahagi mo ang mga karanasan sa klase at habang nagbabahagi sa iyo at sa bawat isa ang mga miyembro ng klase. Ang ilang pangmag-anak at pansariling karanasan ay napakasagrado o napakapribado at hindi dapat talakayin sa madla.

## Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan

Dapat mong palaging hangarin ang Espiritu habang inihahanda at itinuturo mo ang iyong mga aralin (tingnan sa Alma 17:2–4; Doktrina at mga Tipan 42:12–14; 50:17–22). Tutulungan ka ng Espiritu na malaman kung paano mo gagawing kawili-wili at makahulugan sa mga bata ang iyong mga aralin.

Ang ilan sa mga bata sa iyong klase ay maaaring hindi nakaaalam sa mga banal na kasulatan. Kapag magkakasabay kayong nagbabasa, isaalang-alang ang mga miyembro ng klase na maaaring nangangailangan ng tulong sa pagkatuto kung paano maghanap sa mga banal na kasulatan. Maaaring kailanganin mong mag-ukol ng ilang panahon sa pagsisimula ng taon, lalo na kung nagtuturo ka sa mas maliliit na bata, upang maipakita sa mga bata kung paano hanapin ang mga sangguniang banal na kasulatan.

Sumubok ng iba't ibang paraan ng paglalahad ng materyal upang mapanatili ang pagkawili ng mga bata. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong sa iyo upang mapag-iba-iba ang paraan mo ng pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan.

1. Ikuwento sa sarili mong mga salita ang ulat sa banal na kasulatan. Sikaping tulungan ang mga bata na ilarawan sa kanilang isipan ang mga pangyayari at ang mga tao sa mga ito. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga taong tinutukoy mo ay tunay na nabuhay at ang mga pangyayari ay talagang naganap.
2. Ipabasa nang tuwiran sa mga bata ang ulat o piling mga talata mula sa mga banal na kasulatan. Alalahanin na hindi lahat ng bata ay nakababasang mabuti at ang kakayahang bumasa ay hindi naibabatay sa edad. Kung nakababasa ang lahat ng mga bata, maaaring bigyan mo sila ng ilang minuto upang tahimik na magbasa. Pagkatapos, maaari mong talakayin ang binasa nila. Gamitin ang oras ng talakayan pagkatapos magbasa ng mga bata upang matulungan silang maunawaan ang mahihirap na salita at talata.
3. Gamitin ang mga iminungkahing larawan ng mga ulat sa banal na kasulatan upang tulungan ang mga bata na mailarawan sa isipan ang nangyari. Karamihan sa mga aralin ay naglalaman ng mga iminungkahing larawan sa bahaging "Mga kailangang kagamitan." Ang mga larawan ay may bilang at kasama sa manwal. Ang ilan sa mga larawan ay nasa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo rin at maaaring nasa aklatan ng bahay-pulungan (ang mga bilang ng larawan ay nakalista sa bahaging "Mga kailangang kagamitan"). Ang mga larawang ito ay may buod ng ulat na nakasulat sa likod. Maaari mo ring gamitin ang ibang mga larawan na naaangkop sa aralin.
4. Ipasadula sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tiyaking ang mga pagsasadula ay hindi makapagpapawala sa kasagraduhan ng mga banal na kasulatan.) Maaari kang magdala ng mga simpleng kagamitan, tulad ng bata, malaking panyo, at iba pa, at ipasadula sa mga bata ang lahat o ang mga bahagi ng ulat. Tanungin sila kung ano ang mararamdaman nila kung sila ang taong kinakatawan nila.
5. Gumuhit ng mga simpleng larawang guhit o mga paglalarawan sa pisara, o gumamit ng mga larawan o ginupit na larawan, habang isinasalaysay mo o binabasa ang ulat sa banal na kasulatan.
6. Pangasiwaan ang isang dulaan ng mga mambabasa (reader's theater) kung saan gagampanan ng ilang bata ang mga bahagi ng mga tao na nasa ulat. Kung naaangkop, ipabasa nang tuwiran sa mga bata ang mga pag-uusap mula sa mga banal na kasulatan.
7. Anyayahan ang isang magulang, miyembro ng purok o sangay, o miyembro ng klase upang isalaysay ang kuwento. Bigyan ng isa o dalawang linggo ang tao upang makapaghanda, at tiyaking bigyan siya ng takdang panahon para sa pagtatanghal.
8. Bigyan ang mga bata ng simpleng paunang pagsusulit, tulad ng tama o mali o maikling kasagutang pagsusulit, bago ituro ang ulat sa banal na kasulatan. Ipaliwanag sa klase na gusto mong malaman kung gaano ang alam nila tungkol sa ulat. Pagkatapos maituro ang ulat sa banal na kasulatan, bigyan sila ng katulad na pagsusulit upang makita nila kung ano ang natutuhan nila.

9. Isulat sa pisara ang mahahalagang salita o pangalan ng mga tao mula sa ulat sa banal na kasulatan. Hayaang pakinggan ng mga bata ang mga salita o pangalang ito habang ikaw ay nagkukuwento. Tulungan ang mga bata na dagdagan ang kanilang talasalitaan upang maunawaan nila nang mas mabuti ang mga banal na kasulatan at mawili sa pagbabasa ng mga ito sa tahanan.
10. Bago ibigay ang aralin, isulat sa pisara ang mga tanong tungkol sa ulat. Habang naririnig ng mga bata ang mga sagot sa panahon ng ulat, tumigil upang talakayin ang mga ito.
11. Ikuwento ang ulat, at hayaang magkusa ang mga bata na isalaysay muli ang kanilang mga paboritong bahagi. Maaari mong hilingan ang isang miyembro ng klase na simulan ang ulat at pagkatapos ay tawagin ang ibang mga bata para ipagpatuloy ito.
12. Magpatugtog ng teyp ng mga piling talata mula sa mga banal na kasulatan.
13. Maglaro ng larong pagtutugma. Maghanda ng mula apat hanggang walong pangkat (set) ng pinagtutugmang mga kard o papel na may sukat na 3" x 5". Sa kasunod na halimbawa, ilalagay mo ang bahagi ng pangitain ni Lehias sa isang kard at ang pakahulugan nito sa isa pang kard ng pangkat. Paghalu-haluin ang mga kard o papel at ilagay nang pataob ang mga ito sa isang mesa o sahig. Isa isang palapitin ang mga bata at ipabaligtad ang dalawang kard. Basahin nang malakas ang sinasabi ng bawat kard. Kung magkatugma ang mga kard, iiwanang nakatihaya ang mga ito. Kung hindi magkatugma ang mga kard, muling itataob ang mga ito at ibang bata naman ang maglalaro. Magpatuloy hanggang sa ang lahat ng kard ay napagtugma nang wasto.

    Halimbawa, makalilikha ka ng limang pangkat na pagtutugmain batay sa pangitain ni Lehias (1 Nefias 8; 11). Gumamit ng tatlo pang pangkat upang maragdagan ang pagkawili ng mga bata.

    Pangkat 1: Punongkahoy—Pag-ibig ng Diyos
    Pangkat 2: Gabay na bakal—Salita ng Diyos
    Pangkat 3: Bunga—Buhay na Walang hanggan
    Pangkat 4: Abu-abo ng kadiliman—Mga tukso
    Pangkat 5: Malaki at maluwang na gusali—Kapalaluan ng sanlibutan
    Pangkat 6: Bituin—Bituin
    Pangkat 7: Buwan—Buwan
    Pangkat 8: Araw—Araw
14. Maglaro ng isang laro na tanungan. Maglagay ng ilang tanong sa isang garapon o kahon, at hayaang maghalinhinan ang mga miyembro ng klase sa pagkuha ng isa sa mga tanong na ito at sa pagsagot nito.

### Pangangasiwa sa mga Talakayan ng Klase

Ang pakikilahok sa mga talakayan at iba pang mga gawain sa pagkatuto ay makatutulong sa mga bata na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang sumusunod na mga tagubilin ay makatutulong sa iyo na magtanong ng mga makabuluhang tanong at humimok ng mga talakayan sa klase:

1. Magtanong at magbigay ng mga sangguniang banal na kasulatan upang makahanap ng mga sagot sa mga banal na kasulatan ang mga miyembro ng klase.

2. Magtanong ng mga hindi nasasagot ng "oo" o "hindi" ngunit nangangailangan ng pag-iisip at talakayan. Ang mga tanong na nagsisimula sa *bakit, paano, sino, ano, kailan, at saan* ay karaniwang mas mabisa.
3. Isali ang mga miyembro ng klase na hindi karaniwang nakikilahok sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang pangalan at pagtatanong sa kanila ng inaakala mong masasagot nila. Bigyan sila ng panahon upang sumagot. Tulungan sila kung kailangan nila ito, ngunit pagkatapos lamang na magkaroon sila ng panahon upang makapag-isip at sumagot.
4. Himukin ang mga bata na ibahagi ang kanilang mga damdamin tungkol sa natututuhan nila mula sa mga banal na kasulatan. Magbigay ng mga positibong puna sa kanilang mga ibinahagi.
5. Matapat na purihin ang mga bata kapag sumasagot sila sa mga tanong. Tulungan silang malaman na ang kanilang mga kaisipan at damdamin ay mahalaga. Isaalang-alang at tulungan ang mga batang maaaring atubiling makisali.

### Pagtulong sa mga Bata na Maisagawa ang mga Banal na Kasulatan

Tulungan ang mga bata na maisagawa sa kanilang mga buhay ang natutuhan nila. Ipinayo ni Nefias na dapat nating "inihahalintulad ko sa [atin] ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa [ating] kapakinabangan at kaalaman" (1 Nefias 19:23). Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa iyo sa pagsasagawa ng tungkuling ito:

1. Kapag ikaw ay nauudyukan ng Espiritu, ibahagi mo ang patotoo sa mga katotohanan ng iyong itinuturo. Ang iyong mga aralin ay magiging mas mabisa kapag nagtuturo ka nang may katapatan at matibay na paniniwala.
2. Himukin ang mga bata na basahin ang mga banal na kasulatan sa tahanan nang mag-isa at kasama ng kanilang mga mag-anak. Himukin ang mga bata na dalhin ang kanilang sariling mga kopya ng mga banal na kasulatan sa klase. Kung ang mga bata ay walang sariling mga kopya ng mga banal na kasulatan o nakalimutang dalhin ang mga ito, maglaan ng mga labis na kopya para magamit ng mga bata sa klase. Kung mayroon kayong aklatan sa purok o sangay, maaari kang makakuha ng mga kopya ng mga banal na kasulatan doon.
3. Hilingin sa mga bata na ibahagi ang kanilang natutuhan. Tanungin sila kung paano nila maisasagawa sa kanilang mga sariling buhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro sa aralin.
4. 'Kumilos bilang isang tagapag-ulat, at kapanayamin ang mga bata na para bang sila ang mga taong nababasa natin sa mga banal na kasulatan. Hilingin sa kanila na sabihin sa iyo ang mga detalye ng ulat sa banal na kasulatan at kung ano ang nadarama nila sa nangyari.
5. Hatiin ang klase sa dalawa o higit pang maliliit na pangkat. Pagkatapos maibahagi ang ulat sa banal na kasulatan, ipasulat sa bawat pangkat ang mahahalagang alituntunin. Pagkatapos ay hayaang maghalinhinan ang mga pangkat sa pagtalakay kung paano naaangkop sa kanilang mga buhay ang mga alituntuning ito.
6. Gumawa ng pananaliksik sa banal na kasulatan: Sa buong taon ay himukin ang mga miyembro ng klase na markahan ang mga tiyak na talata ng banal na kasulatan na tunay na makabuluhang naaangkop sa kanilang mga buhay.

Halimbawa, maaari nilang markahan ang 1 Nefias 2:16, 1 Nefias 3:7, o 1 Nefias 4:6. Bigyan sila ng pahiwatig, katulad ng isang pangyayari, kalagayan, o suliranin; pagkatapos ay hamunin silang hanapin ang naaangkop na banal na kasulatan. Patulungin ang mga batang naunang makahanap sa banal na kasulatan sa iba pang nasa klase na mahanap ito. Pagkatapos ay hayaang sabihin nila kung bakit naaangkop ang banal na kasulatang ito sa pahiwatig.

7. Magbahagi ng mga tiyak na pagkakataon kung kailan nakita mong sinusunod ng mga bata ang alituntuning tinatalakay. Halimbawa, kung itinuturo mo ang isang aralin tungkol sa pagiging mabait, maaari mong tukuyin ang ilang pagkakataon nang makita mong naging mabait sa iba ang mga bata.
8. Sundan ang mga takdang aralin. Sa tuwing magbibigay ka ng takdang aralin o hamon, tiyaking tanungin ang mga bata tungkol sa kanilang karanasan sa pagsisimula ng klase sa susunod na Linggo.

Pagtulong sa mga Bata na Maisaulo ang mga Banal na Kasulatan

Ang pagsasaulo ng mga banal na kasulatan ay maaaring maging mabisang paraan sa pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Karamihan sa mga bata ay natutuwa sa pagsasaulo kapag gumagamit ka ng masaya at iba't ibang paraan upang tulungan silang magsaulo. Ang mga sumusunod na mungkahi ay mga kawili wiling paraan sa pagtulong sa mga bata sa pagsasaulo:

1. Magsulat sa pisara o gumawa ng tsart ng unang titik ng bawat salitang isasaulo. Halimbawa, maaari mong gawin ang sumusunod na tsart para sa mga titik ng unang saligan ng pananampalataya:

   N k s D a W H A a s K A n s J a s E S

   Ituro ang mga titik habang inuulit mo ang bawat katugmang salita. Ulitin ito nang ilang beses at ipaulit ito sa mga bata kapag kaya na nila. Hindi magtatagal ay hindi na nila kakailanganin ang tsart.
2. Hatiin ang banal na kasulatan sa maiikling parirala. Ulitin nang malakas ang bawat parirala na nagsisimula sa huli at bumabalik sa umpisa nang sa gayon ay nauunang ulitin ng mga bata ang mga hindi gaanong pamilyar na bahagi. Halimbawa, sa Alma 37:35 ay maaaring ulitin ng mga bata ang "sumunod sa mga kautusan ng Diyos" nang ilang ulit. Pagkatapos ay maidaragdag nila ang kasunod na parirala, "Oo, matuto ng karunungan sa iyong kabataan." Pagkatapos ay maaari nilang ulitin ang buong talata.
3. Kung magaling magbasa ang mga bata, maghanda ng nakasulat na kopya ng banal na kasulatan para sa bawat bata. Pagputul-putulin ang bawat kopya sa mga salita o parirala. Pagkatapos sabay-sabay bigkasin ang talata nang ilang ulit, bigyan ang mga bata ng magkakahalong sinulatang piraso ng papel at ipaayos sa kanila nang isa-isa o bilang isang klase ang kanilang mga sinulatang piraso ng papel sa tamang kaayusan.
4. Ulitin nang ilang beses ang banal na kasulatan, na tumitigil upang hayaang bigkasin ng isang bata ang kasunod na salita o parirala. Pagkatapos ay padagdagan ng ilan pang salita sa ibang bata. Magpatuloy hanggang sa ang lahat ng bata ay magkaroon ng isa man lamang na pagkakataon.
5. Gumamit ng musika upang matulungan ang mga bata na makapagsaulo.
6. Hatiin sa dalawang pangkat ang mga bata. Hayaang maghalinhinan ang bawat pangkat sa pag-uulit ng mga salita o parirala sa tamang kaayusan.

Maaari mong ipabigkas sa isang pangkat ang unang salita, sa isa pang pangkat ang ikalawang salita, at gawin ang gayon sa kabuuan ng talata.

7. Pumili ng isang talata sa banal na kasulatan na nais mong ipasaulo sa mga bata. Isulat ang banal na kasulatan sa pisara o sa isang paskil. Ulitin nang ilang beses ang talata, na unti-unting binubura ang mga salita hanggang sa maisaulo ng mga bata ang buong banal na kasulatan.

Matalinong Paggamit sa Labis na Oras

Kung natapos mo ang inihanda mong aralin bago matapos ang oras ng klase, maaari mong naising lumikha ng isang gawaing magpupuno sa nalalabing oras. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong sa iyong gamitin ang oras na ito nang mabisa:

1. Papagsalitain ang ilan sa mga bata tungkol sa kanilang paboritong mga kuwento sa banal na kasulatan.
2. Magsagawa ng pananaliksik sa banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pahiwatig sa mga bata sa mahahalagang sangguniang banal na kasulatan na namarkahan na nila. Hayaang gumawa sila nang may kapareha o sa maliliit na pangkat upang mahanap ang tamang talata ng banal na kasulatan.
3. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang isang banal na kasulatan mula sa aralin o sa isang saligan ng pananampalataya na nauukol sa aralin.
4. Hayaang magbahagi ng mga ideya ang mga bata tungkol sa kung paano nila magagamit sa tahanan, sa paaralan, at sa kanilang mga kaibigan ang mga alituntuning mula sa aralin.
5. Hatiin ang klase sa mga pangkat, at hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pagtatanong sa isa't isa tungkol sa aralin.
6. Paguhitin ang bawat bata ng isang larawan na may kinalaman sa aralin o maglimbag ng isang sipi na maiuuwi at maipakikita bilang paalala sa layunin ng aralin.
7. Anyayahan ang mga bata na markahan ang mga sangguniang banal na kasulatan para sa pag-aaral sa hinaharap. Maaaring hilingan mo ang mga bata na markahan ang mga talata mula sa aralin na pinakagusto nila, o makapagmumungkahi ka ng mga talata na inaakala mong makapagpapaalala sa mga bata tungkol sa layunin ng aralin.
8. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang pagkakasunud-sunod ng mga aklat sa mga banal na kasulatan. Makikita ninyo ang mga aklat sa Aklat ni Mormon na nilapatan ng musika sa *Aklat ng mga Awit Pambata* (Ang mga Aklat sa Aklat ni Mormon).
9. Pagbalik-aralan ang mga alituntunin o mga kuwento sa banal na kasulatan mula sa mga nakaraang aralin.

---

## Musika sa Silid-aralan

'Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay maaaring pagyamanin at palakasin sa pamamagitan ng musika. Kadalasan ang mga bata ay mas nakaaalala at natututo sa pamamagitan ng musika.

Hindi ka kailangang maging isang manunugtog upang makagamit ng angkop na musika upang matulungan ang mga bata na madama ang Espiritu at

matututuhan ang ebanghelyo. Ang musika sa klase ay maaaring kapalooban ng mga *audiocasette* o isang pangkat ng mang-aawit sa panahon o sa pagsisimula ng isang aralin upang mabigyang-diin ang isang alituntunin. Maaari mo ring awitin o basahin ang mga titik sa mga awit upang maisali ang mga bata sa iyong aralin.

---

**Oras ng Pagbabahagi**

‘Paminsan-minsan ang klase ay mahihilingang magbigay ng simpleng mga pagtatanghal ng ebanghelyo sa Oras ng Pagbabahagi sa Primarya. Ang mga pagtatanghal na ito ay maaaring magmula sa mga aralin, mangangailangan ng kaunting pagsasanay, at makatutulong sa pagpapatatag ng mga alituntuning itinuturo mo. Maaari mong gamitin ang sumusunod na mga mungkahi para sa oras ng pagbabahagi:

1. Isadula ang isang kuwento sa banal na kasulatan.
2. Sama-samang bigkasin ang isinaulong banal na kasulatan.
3. Ulitin ang isang saligan ng pananampalataya at ipaliwanag ang kahulugan nito.
4. Isadula ang isang makabagong pagkakaangkop ng isang alituntunin ng ebanghelyo.

---

**Mga Saligan ng Pananampalataya**

‘Dapat mong ihalo ang Mga Saligan ng Pananampalataya sa iyong mga aralin at himukin ang bawat bata na isaulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya bago malipat mula sa Primarya. Gamitin ang bawat pagkakataon upang tulungan ang mga bata na maisaulo at maunawaan ang Mga Saligan ng Pananampalataya.

---

**Pag-unawa sa mga Batang Walo Hanggang Labing-isang Taong Gulang**

‘Upang matulungan ang mga bata na matuto at magkaroon ng tiwala sa sarili, kailangan mong maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at katangian at planuhin ang mga angkop na gawain at klase. Para sa higit pang kaalaman tungkol sa mga katangian ng mga bata sa gulang na ito, tingnan sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (33043) Yunit B, Paksa 5.

Mga katangian

Pisikal

May mga panahon ng mabilis at mabagal na paglaki
Maaaring naaasiwa
Natutuwang maglaro sa mga pangkat

Pangkaisipan

Sabik na matuto
Nag-iisip ng tungkol sa mga nakaraang karanasan
Nagsisimulang ibatay ang mga pasiya sa pangangatwiran
Gustong malaman kung bakit
Ay mapanghusga

Nais maging katulad ng taong kanyang hinahangaan
Nagiging higit na may pananagutan
Gusto ang gawaing pagsasaulo

Panlipunan

Nagsisimulang magnais ng higit na pakikihalubilo sa pagitan ng mga batang lalaki at mga batang babae mula sa pag-ayaw sa kabaligtarang kasarian
Nalulugod kapwa sa oras sa pangkat at sa pag-iisa
Nakadarama ng malakas na pangangailangan sa pagsasarili
Nagiging mas mapagpatawa
Nagkakaroon ng interes sa iba

Pandamdamin

Ayaw sa pamumuna
Maaaring magpakita ng hindi angkop na pag-uugali kung may suliranin ang barkada
Nagiging mas maaasahan at mapagkakatiwalaan
Ay alam ang pagiging pantay-pantay
Nagsisimulang magkaroon ng pag-aalinlangan sa kanyang sariling kahalagahan
Nagiging hindi gaanong mapaghari-harian at hindi gaanong iginigiit ang kanyang sarili

Espirituwal

Nalulugod sa pagkatuto at pagsasagawa ng mga alituntunin ng ebanghelyo
Ay naiimpluwensiyahan ng mga patotoo ng iba
Lumalaking handa sa pag-unawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo
May malakas na damdamin tungkol sa tama at mali

---

## Mga Natatanging Tagubilin para sa Pagsasali ng mga May Kapansanan

Ang Tagapagligtas ay nagpakita ng halimbawa sa atin ng pagdama at pagpapakita ng pagkahabag sa mga may kapansanan. Nang dalawin niya ang mga Nefita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, sinabi niyang:

“Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo” (3 Nefias 17:7).

Bilang isang guro sa Primarya ikaw ay nasa pinakamainam na katayuan upang magpakita ng pagkahabag. Bagaman marahil hindi ka sinanay na magbigay ng propesyonal na tulong ay magagawa mong unawain at kalingain ang mga batang may mga kapansanan. Ang pagmamalasakit, pag-unawa, at pagnanais na isali ang bawat miyembro ng klase sa mga gawain ng pagkatuto ay kailangan.

Ang mga batang may kapansanan ay maaaring maantig ng Espiritu maging ano man ang kanilang antas ng pang-unawa. Kahit na ang ilang bata ay hindi maaaring makadalo sa buong oras ng Primarya, kailangan nilang magkaroon

ng pagkakataong makadalo kahit sandali lamang upang madama ang Espiritu. Maaaring kailanganing magkaroon ang bata ng kasama na madaling makadarama sa mga pangangailangan ng bata habang nasa Primarya sakaling kailanganing lumayo ang bata mula sa buong pangkat.

Ang ilang miyembro ng klase ay maaaring mahirapan dahil sa kawalang kakayahan sa pagkatuto, mga kapansanan sa kaisipan, suliranin sa wika o pananalita, pagkawala ng paningin o pandinig, mga suliranin sa pag-uugali at pakikitungo sa ibang bata at matatanda, sakit sa utak, mga suliranin sa paggalaw at pagkilos, o mga matagal na suliranin sa kalusugan. Maaaring matuklasan ng iba na ang wika at kultura ng kapaligiran ay hindi pangkaraniwan at mahirap. Anuman ang maging kalagayan ng bawat isa, ang bawat bata ay may magkakatulad na pangangailangan na mahalin at tanggapin, na matutuhan ang ebanghelyo, na madama ang Espiritu, na matagumpay na makisali, at maglingkod sa iba.

Ang mga tagubiling ito ay makatutulong sa pagtuturo mo sa batang may mga kapansanan:

Huwag pansinin ang kapansanan at kilalanin ang bata. Maging totoo, palakaibigan, at masigla.

Alamin ang tungkol sa mga tiyak na kalakasan at hamon [na kinakaharap] ng bata.

Gawin ang lahat ng pagsisikap upang turuan, at paalalahanan ang mga miyembro ng klase tungkol sa kanilang tungkulin na igalang, ang bawat miyembro ng klase. Ang pagtulong sa isang miyembro ng klase na may kapansanan ay maaaring maging karanasan ng pagkatuto para sa buong klase na tulad ng kay Cristo.

Hanapin ang mga pinakamainam na pamamaraan ng pagtuturo sa bata sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga magulang, sa ibang miyembro ng mag-anak, at kapag naaangkop, sa bata.

Bago tawagin ang batang may mga kapansanan upang magbasa, manalangin, o kaya ay makisali, tanungin siya kung ano ang kanyang pakiramdam tungkol sa pakikisali sa klase. Bigyang-diin ang mga kakayahan at mga talino ng bawat bata at humanap ng mga paraan upang ang bawat isa ay makisali nang matiwasay at matagumpay.

Iangkop ang mga kagamitan ng aralin at ang pisikal na kapaligiran upang matugunan ang bawat pangangailangan ng mga batang may mga kapansanan.

---

### Pakikitungo sa mga Suliranin ng Pang-aabuso

Bilang isang guro ay maaaring matuklasan mo na may mga bata sa iyong klase na dumaranas ng pandamdamin o pisikal na pang-aabuso. Kung nababahala ka tungkol sa isang bata sa iyong klase, mangyari lamang na sumangguni sa iyong obispo. Habang inihahanda at inilalahad mo ang mga aralin, manalangin para sa gabay at patnubay ng Panginoon. Tulungan ang bawat bata sa iyong klase na madamang siya ay mahalagang anak ng Ama sa Langit at mahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat isa sa atin at nais na maging maligaya at ligtas tayo.

# Ang Aklat ni Mormon, Handog mula sa Isang Mapagmahal na Ama sa Langit

Aralin **1**

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na mahalin at pahalagahang mabuti ang Aklat ni Mormon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Pambungad at ang Patotoo ng Propetang si Joseph Smith, na matatagpuan sa harapan ng Aklat ni Mormon (o Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–35, 42–54, 59–60). Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais na ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon, Ang Patotoo ng Tatlong Saksi, Ang Patotoo ng Walong Saksi, Mormon 6–7.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang Aklat ni Mormon na nakabalot na parang regalo.
   c. Isang pananda sa aklat para sa bawat bata, kung maaari (tingnan ang halimbawa sa hulihan ng aralin).
   d. Mga larawan 4–1, Pinaiikli ni Mormon ang mga Lamina (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 306; 62520 893); 4–2, Itinatago ni Moronias ang mga Lamina sa Burol ng Cumora (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 320; 62462 893); at 4–3, Tinatanggap ni Joseph Smith ang mga Laminang Ginto (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 406; 62012 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita sa mga bata ang Aklat ni Mormon na nakabalot na parang regalo.

- Bakit tayo nagbibigay ng mga regalo?
- Ano ang nadarama ninyo kapag kinawiwilihan ng isang tao ang regalong ibinigay ninyo?

Ipaliwanag na dahil sa dakilang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa atin tayo ay binigyan niya ng isang regalo upang tulungan tayong makamit ang buhay na walang hanggan. Ang regalong ito ay may mahalagang mensahe para sa bawat isa sa atin. Itinuturo nito sa atin ang tungkol sa ating Tagapagligtas, si Jesucristo, at kung paano mamuhay upang makabalik tayo sa

Ama sa Langit. Si Ezra Taft Benson, ang panlabintatlong Pangulo ng Simbahan, ay nagsabing: "Ito ay regalong may higit na dakilang kahalagahan sa sangkatauhan kaysa sa maraming kahanga-hangang pagsulong mismo na ating nakita sa makabagong medisina. Ito ay may higit na dakilang kahalagahan sa sangkatauhan kaysa sa kaunlaran ng paglipad o paglalakbay sa kalawakan (sa Conference Report, Oct. 1986, p. 3; o *Ensign,* Nov. 1986, p. 4).

- Ano sa palagay ninyo ang regalong ito?

Patulungin ang mga bata sa pag-aalis ng balot ng regalo. Patotohanan kung paano ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay nagpala sa iyong buhay at higit na nakatulong sa iyo na maging katulad ng Tagapagligtas.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat ng pagdating ng Aklat ni Mormon mula sa Patotoo ng Propetang si Joseph Smith. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan ang "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang pambungad sa Aklat ni Mormon upang matulungan ang mga bata na maunawaan ang kahalagahan ng aklat na ito ng banal na kasulatan sa atin sa ngayon. Gamitin ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang Aklat ni Mormon? Sino ang sumulat nito? (Pambungad, mga talata 1–2. Mga sinaunang propeta sa Amerika.)
- Bakit ito tinawag na Aklat ni Mormon at hindi ang Aklat ni Moronias o ang Aklat ni Joseph Smith? (Pambungad, talata 2. Ang propetang si Mormon ang nagsulat sa karamihan sa mga nasa laminang ginto, na sinisipi at ibinubuod ang naisulat ng iba pang mga propeta.)
- Ano ang pinakamahalagang pangyayari sa Aklat ni Mormon? Bakit? (Pambungad, talata 3. Ang pagdalaw ni Jesucristo sa mga Nefita.)
- Ano ang sinabi ni Joseph Smith tungkol sa Aklat ni Mormon? (Pambungad, talata 6.) (Tingnan sa ika-3 gawaing nagpapayaman ng kaalaman.) Sa palagay ninyo paano makatutulong sa inyo ang pagbabasa at pag-aaral ng Aklat ni Mormon?
- Maraming propeta (Nefias, Mormon, Moronias, Joseph Smith) ang dumanas ng malaking pagdurusa at kahirapan upang mapasaatin ang Aklat ni Mormon. Ano ang tatlong bagay na kailangan ninyong gawin upang malaman na ang Aklat ni Mormon ay totoo? (Pambungad, talata 8. Basahin ito, pagnilay-nilayin ang mensahe nito, itanong sa Diyos kung ito ay totoo.)
- Ano pa ang malalaman natin kapag nagkaroon tayo ng patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon? (Pambungad, talata 9. Na si Jesucristo ang Tagapagligtas, si Joseph Smith ay isang propeta, at ang Simbahan ay totoo.)

- Ano ang ginagawa ni Joseph Smith nang unang magpakita sa kanya ang anghel na si Moronias? (Patotoo ng Propetang si Joseph Smith, mga talata 2–3; Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–30.)
- Ano ang sinabi ng anghel na si Moronias kay Joseph Smith? (Patotoo ng Propetang si Joseph Smith, mga talata 6–9; Joseph Smith—Kasaysayan 1:34–35, 42.)
- Ano ang nangyari kay Joseph nang sumunod na araw habang nagtatrabaho siyang kasama ang kanyang ama? (Patotoo ng Propetang si Joseph Smith, mga talata 15–16; Joseph Smith—Kasaysayan 1:48–49.)
- Tinawag ng anghel na si Moronias si Joseph Smith sa kanyang pangalan nang dalawin niya siya. Ano ang nadarama ninyo sa pagkakaalam na alam ng Ama sa Langit ang inyong pangalan?
- Inutusan ng anghel na si Moronias si Joseph na sabihin sa kanyang ama ang tungkol sa pangitain. Sino ang pagsasabihan ninyo kung nagkaroon kayo ng karanasan na tulad ng kay Joseph? Bakit?
- Ano ang ginawa ni Joseph pagkatapos niyang sabihan ang kanyang ama? (Patotoo ng Propetang si Joseph Smith, mga talata 17–19; Joseph Smith—Kasaysayan 1:50–52.)
- Bakit umabot ng apat na taon bago nakuha ni Joseph ang mga laminang ginto? (Patotoo ng Propetang si Joseph Smith, talata 20; Joseph Smith—Kasaysayan 1:54.)
- Anong babala ang tinanggap ni Joseph nang ibigay sa kanya ang mga laminang ginto? (Patotoo ng Propetang si Joseph Smith, talata 22; Joseph Smith—Kasaysayan 1:59.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Anyayahan ang mga bata na basahin ang pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon. Imungkahi na markahan nila sa kanilang sariling mga kopya ng Aklat ni Mormon ang mga layunin ng aklat na nakasaad sa pahina ng pamagat at sa Pambungad.
2. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Moronias 10:4.
3. Talakayin at tulungan ang mga bata na maisaulo ang sumusunod na pahayag mula sa Propetang si Joseph Smith:

   "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligan ng ating relihiyon, at ang isang tao ay mas nalalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" (Pambungad, talata 6).
4. Tulungan ang mga bata na maunawaan at maisaulo ang ikawalong saligan ng pananampalataya.

5. Isadula ang ilan sa mga pangyayari na nagbigay-daan sa paglitaw ng Aklat ni Mormon.
6. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ang mga Aklat sa Aklat ni Mormon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Ang Laminang Ginto” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Maghanap, Mag-isip, at Manalangin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibigay ang iyong patotoo na si Joseph Smith ay tunay na propeta at ang Aklat ni Mormon ay totoo.

(Kung nanaisin.) Kung maaari, bigyan ang bawat bata ng pananda sa aklat na nasusulatan ng patotoo ni Pangulong Ezra Taft Benson (tingnan ang halimbawa sa hulihan ng aralin).

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Patotoo ng Propetang si Joseph Smith sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito. Ipakita sa kanila kung saan nila makikita ang ulat na ito sa simula ng Aklat ni Mormon o sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–35, 42–54, 59–60.

Himukin ang bawat bata na magdala ng kopya ng Aklat ni Mormon sa klase bawat Linggo.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

**“Nais ng Ama sa Langit na patuloy kayong matuto mula sa Aklat ni Mormon araw araw. Ito ang natatanging regalo ng Ama sa Langit sa inyo. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga aral nito ay matututuhan ninyong gawin ang nais ng ating Ama sa Langit.”**

*Ezra Taft Benson*

**“Nais ng Ama sa Langit na patuloy kayong matuto mula sa Aklat ni Mormon araw araw. Ito ang natatanging regalo ng Ama sa Langit sa inyo. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga aral nito ay matututuhan ninyong gawin ang nais ng ating Ama sa Langit.”**

*Ezra Taft Benson*

**“Nais ng Ama sa Langit na patuloy kayong matuto mula sa Aklat ni Mormon araw araw. Ito ang natatanging regalo ng Ama sa Langit sa inyo. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga aral nito ay matututuhan ninyong gawin ang nais ng ating Ama sa Langit.”**

*Ezra Taft Benson*

**“Nais ng Ama sa Langit na patuloy kayong matuto mula sa Aklat ni Mormon araw araw. Ito ang natatanging regalo ng Ama sa Langit sa inyo. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga aral nito ay matututuhan ninyong gawin ang nais ng ating Ama sa Langit.”**

*Ezra Taft Benson*

Aralin
2

# Sinunod ni Nefias ang Kanyang Ama, ang Propeta

**Layunin**

Palakasin ang pagnanais ng bawat bata na sumunod sa buhay na propeta.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Nefias 1–2. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Tsart ng Ika-anim na Saligan ng Pananampalataya (65006 893). Takpan ang salitang *mga propeta* sa pamamagitan ng isang nakatuping pirasong papel. Sa loob ng papel ay isulat ang "Ang isang propeta ay isang taong tinawag ng Diyos upang magsalita para sa Kanya. Kapag ang isang propeta ay nagsasalita para sa Diyos, ito ay tila ba ang Diyos ang mismong nagsasalita." Kung walang makuhang tsart ng ika-anim na saligan ng pananampalataya, gumawa ng sariling iyo o isulat ito sa pisara.
   c. Mga larawan 4–4, Nagpopropesiya si Lehias sa mga Tao sa Jerusalem (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 300; 62517 893), at 4–5, Nililisan ng Mag-anak ni Lehias ang Jerusalem (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 301; 62238 893), at isang larawan ng buhay na propeta o isang larawan ni Joseph Smith (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 401; 62002 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang ika-anim na saligan ng pananampalataya na tinatakpan ang salitang *mga propeta*. Anyayahan ang mga bata na itaas ang kanilang mga kamay kung alam nila ang salitang natatakpan. Hilingin sa isang bata na tanggalin ang papel at iabot ito sa iyo. Anyayahan ang mga bata na ulitin ang ika-anim na saligan ng pananampalataya nang sabay-sabay.

Ipakita ang larawan ng buhay na propeta o ng Propetang si Joseph Smith, at tanungin ang mga bata kung sino ang taong ito.

- Ano ang isang propeta?

Pagkatapos ng talakayan, hilingan ang isa sa mga bata na basahin ang nakasulat sa loob ng nakatuping papel (tingnan sa "Paghahanda").

Patotohanan na palaging sinasabi ng mga propeta sa mga tao ang nais ipagawa sa kanila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Ipaliwanag na tayo ay pagpapalain kapag sinusunod natin ang propeta.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat sa propetang si Lehias at ng kanyang mag-anak na nililisan ang Jerusalem mula sa 1 Nefias 1–2. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon. Bigyang-diin na dapat na subukin nating lahat na maging tulad ni Nefias at sundin ang buhay na propeta.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ginawa ni Lehias para sa kanyang mga tao? (1 Nefias 1:5.) Ano ang ipinakita ng Panginoon kay Lehias sa kanyang pangitain? (1 Nefias 1:6–13.)
- Ano ang ginawa ni Lehias pagkatapos niyang matanggap ang pangitain? (1 Nefias 1:18.)
- Tungkol kanino nagpropesiya si Lehias? (1 Nefias 1:9, 19. Ipaliwanag na ang Mesiyas ay si Jesucristo.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang mga propeta ay palagiang nagpapatotoo kay Jesucristo. Paano kayo magkakaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo? Patotohanan na malalaman ng bawat bata na si Jesus ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng may panalanging pag-aaral ng Aklat ni Mormon at sa pagsunod sa mga kautusan.
- Ano ang ginawa ng mga tao nang marinig nila ang mga salita ng propetang si Lehias? (1 Nefias 1:19–20.) Ano ang gagawin ninyo kung kayo ay tinutukso o pinagtatawanan dahil sa naniniwala kayo kay Jesucristo at sa kanyang simbahan?
- Pagkatapos sikapin ng mga tao na patayin si Lehias, ano ang iniutos ng Panginoon na gawin niya? (1 Nefias 2:1–3.)
- Ano ang mga dinala ng mag-anak ni Lehias nang lisanin nila ang Jerusalem? (1 Nefias 2:4.) Ano ang mga baon? (Pagkain, damit, mga tolda, kasangkapan, at marami pang iba.) Ano ang mga iniwanan ng mag-anak ni Lehias?
- Ano ang ginawa nina Laman at Lemuel nang kailanganin nilang iwanan ang kanilang tahanan at ang kanilang ginto at pilak? (1 Nefias 2:11–13.) Ano ang ibig sabihin ng *bumulung-bulong*? (Dumaing.) Ano ang katigasan ng leeg? (Katigasan ng ulo, kapalaluan.) Kung nahilingan kayong lisanin ang inyong tahanan at mga ari-arian, ano ang madarama ninyo?
- Bakit hindi naghimagsik si Nefias laban sa kanyang ama? (1 Nefias 2:16.) Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *magsumamo sa Panginoon* ay manalangin nang tapat at ang ibig sabihin ng *palambutin ang iyong puso* ay makinig at sumunod. Paano mapalalambot ng panalangin ang inyong puso upang matulungan kayong sundin ang propeta?

- Paano nagpakita ng pagmamahal si Nefias kina Laman at Lemuel nang ayaw nilang maniwala sa kanya? (1 Nefias 2:18.) Nakapanalangin na ba kayo para sa isang taong hindi sumusunod sa mga kautusan?
- Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Nefias dahil sa kanyang pananampalataya? (1 Nefias 2:19–22.) Ano ang ibig sabihin ng pananampalataya sa inyo?
- Ano ang nangyari sa Jerusalem pagkaraang lumisan ang mag-anak ni Lehias? (2 Nefias 1:4.) Ang mga bagay ba na ipinopropesiya ng mga propeta ay palaging nangyayari? (Doktrina at mga Tipan 1:37–38.)
- Kailan nilisan ng mag-anak ni Lehias ang Jerusalem? (Ang mga petsa sa pamagat ng mga kabanata sa Aklat ni Mormon ay nagsasabi sa atin kung kailan naganap ang mga pangyayari.) Ano ang ibig sabihin ng *B.C.*? (Bago dumating si Cristo.)
- Sino ang propeta sa ngayon? (Ipakita ang kanyang larawan kung mayroon.) Ano ang hiniling niyang gawin natin? Maaari mong naising ibahagi sa mga bata ang ilang sinipi mula sa mensaheng kamakailan lamang. Paano tayong pinagpapala kapag sumusunod tayo sa buhay na propeta?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. ‘Magdala ng ilang bagay o mga larawan ng mga bagay na maaaring dinala ng mag-anak ni Lehias sa ilang, tulad ng tolda, mga kumot, mga palayok, kutsilyo, pana at palaso, mga lubid, o mga binhi. Himukin ang mga bata na ilarawan sa isipan at sabihin ang iba pang mga bagay na maaaring dinala ng mag-anak ni Lehias.
   - Bakit sa palagay ninyo kakailanganin ng mag-anak ni Lehias ang mga bagay na ito? Ano pa ang kakailanganin ninyong dalhin kung kayo ay maglalakbay ding katulad ni Lehias?
   - Anong mga bagay ang mahihirapan kayong iwan?
2. Ipakita ang isang larawan ng mga Pangulo ng Simbahan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 506; 62575), at ipasaulo sa mga bata ang kanilang mga pangalan at ang pagkakasunud-sunod nila sa panunungkulan.
3. Ibahagi ang sumusunod na pangungusap mula kay Ezra Taft Benson, ang panlabintatlong Pangulo ng Simbahan:

   “Nais ko ngayong magsalita sa mga bata ng Simbahan. . . .

   “Mahal na mahal ko kayo! Mahal na mahal kayo ng ating Ama sa Langit!

   “Ngayong araw na ito ay nais kong ituro sa inyo ang nais ng Ama sa Langit na malaman ninyo upang matutuhan ninyong sundin ang Kanyang kalooban at tamasahin ang tunay na kaligayahan. Ito ay makatutulong sa inyo sa ngayon at buong buhay ninyo. . . .

"Tuwang-tuwa ako na marinig ang tungkol sa inyong pagmamahal sa Aklat ni Mormon. Mahal *ko* rin ito, at nais ng Ama sa Langit na patuloy kayong matuto mula sa Aklat ni Mormon bawat araw. Ito ay natatanging kaloob sa inyo ng Ama sa Langit. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga aral nito ay matututuhan ninyong sundin ang kalooban ng ating Ama sa Langit" (sa Conference Report, Apr. 1989, p. 102; o *Ensign,* May 1989, p. 81–82).

4. Kumopya sa magkakahiwalay na piraso ng papel ng maiikling sipi mula sa kamakailan lamang na talumpating pangkomperensiya ng buhay na propeta o Mga Mensahe ng Unang Panguluhan (tingnan sa mga lathala ng komperensiya ng mga magasin ng Simbahan). Ilagay sa isang kahon o isang supot ang mga pahayag, at anyayahan ang mga bata na maghalinhinan sa pagbunot ng isang sipi. Pagkatapos basahin ng bawat bata ang sipi, hayaang sabihin niya kung paanong susundin ang payo ng propeta.
5. Talakayin ang ika-anim na saligan ng pananampalataya, at tulungan ang mga bata na isaulo ito.
6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Salamat, O Dios, sa Propeta" (*Mga Himno, Mga Himno at Awit Pambata*), "Utos ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Propeta ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng patotoo na dahil mahal tayo ng Ama sa Langit tayo ay binigyan niya isang buhay na propeta. Magpatotoo na ang mga bata ay pagpapalain kung susundin nila ang buhay na propeta.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang 1 Nefias 2 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
3

# Pagkuha sa mga Laminang Tanso

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na tinutulungan ng Ama sa Langit ang mga nagtitiwala sa kanya at sumusunod sa kanyang mga kautusan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Nefias 3–5. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Kung maaari, maghanda ng kopya ng pahayag na "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon" (1 Nefias 3:7) para sa bawat bata na nasusulatan ng pangalan nila (tingnan ang halimbawa sa hulihan ng aralin).
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Ang papel na may mensaheng may katumbas na bilang sa hulihan ng aralin (na tinatakpan ang katumbas na bilang). Ito ay maaaring isulat sa isang papel o sa pisara.
   c. Mga larawan 4–6, Inaalok ng mga Anak na Lalaki ni Lehias ng Kayamanan si Laban; 4–7, Pinatitigil ng Anghel sina Laman at Lemuel; at 4–8, Ang Pagbabalik ni Nefias kay Lehias na Dala ang mga Laminang Tanso.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang lihim na mensahe (na tinatakpan ang mga katumbas na bilang), at itanong kung mayroong sinumang makababasa nito. Ipaliwanag na ang ilan sa mga kautusan ng Ama sa Langit ay tila mahirap sundin, katulad lamang na tila mahirap basahin ang mensahe. Sa pamamagitan ng tulong ay mababasa natin ang mensahe. Sa gayunding paraan, sa pamamagitan ng tulong ng Ama sa Langit ay masusunod natin ang lahat ng mga kautusan.

- Ano ang ilang bagay na iniutos ng Ama sa Langit sa atin na gawin?
- Sa palagay ninyo, paano tayo matutulungan ng Ama sa Langit na sundin ang kanyang mga kautusan?

Ipaliwanag na tutulungan tayo ng Ama sa Langit kung tayo ay may pananampalataya sa kanya at nagtitiwala sa kanya. Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan ng mga bata kung paano tinulungan ng Ama sa Langit ang mga anak na lalaki ni Lehias na sundin ang isang kautusan na sa una ay tila imposibleng maisagawa nila.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Sa pamamagitan ng paggamit ng iminungkahing mga larawan, ituro ang ulat mula sa 1 Nefias 3–5 tungkol sa pagbabalik ni Nefias at kanyang mga kapatid na lalaki na nagbalik sa Jerusalem upang makuha ang mga laminang tanso. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na, tulad ni Nefias, makatatanggap sila ng tulong upang masunod ang mga kautusan kung sila ay may pananampalataya.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at mga sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang iniutos ng Ama sa Langit kay Lehias sa isang panaginip? (1 Nefias 3:2–4.) Bakit kailangan ng mag-anak ni Lehias ang mga laminang tanso? (1 Nefias 3:19–21.) Paano magiging isang pagpapala ang mga laminang tanso sa mga inapo ni Lehias? (1 Nefias 5:21–22.)
- Ano ang ginawa nina Laman at Lemuel nang sila ay inutusang magbalik sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso? (1 Nefias 3:5, 28, 31.)
- Ano ang ginawa ni Nefias nang siya ay inutusang kunin ang mga lamina? (1 Nefias 3:5–7, 15, 21.) Bakit maluwag sa kalooban ni Nefias na gawin ang anumang ipinag-uutos sa kanya ng Panginoon na gawin? Paano niya nalaman na tutulungan siya ng Panginoon na makuha ang mga lamina?

Sumangguni sa mga katumbas na bilang, at bigyan ng pagkakataon ang klase na sama-samang alamin ang mensahe. Talakayin ang ibig sabihin ng 1 Nefias 3:7.

- Sino ang tumulong kay Nefias upang makuha ang mga laminang tanso? (1 Nefias 4:6.) Paano tayo magiging karapat-dapat upang tanggapin ang tulong at patnubay ng Espiritu Santo?
- Bakit mahirap kung minsan na sundin ang mga kautusan? Paano makatutulong sa atin sa pagsunod sa mga kautusan ang halimbawa ni Nefias? (1 Nefias 7:12.)
- Paano natin matututuhang sundin si Jesus, katulad ng ginawa ni Nefias?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang 1 Nefias 3:7. Imungkahi na markahan nila ang talatang ito sa sarili nilang mga kopya ng Aklat ni Mormon.
2. Isaulo at talakayin ang ikatlong saligan ng pananampalataya sa klase. Bigyang-diin na dapat nating palaging sundin ang mga kautusan ng Ama sa Langit at tayo ay pagpapalain niya kung gagawin natin ang gayon.
3. Anyayahan ang ilang bata na tapusin ang pangungusap na, "Nagpapakita ako ng pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo kapag ako ay ________ ."

4. Awitin o basahin ang mga salita sa “Matapang si Nefias” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Utos ay Sundin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

5. Magpakita ng ilang larawan o mga bagay, tulad ng sumusunod, na nagpapaalala sa atin sa mga bagay na hiniling sa atin ng Ama sa Langit na gawin (ang mga bilang ng mga larawan sa aklatan ng bahay-pulungan ay nakalista sa mga panaklong). Talakayin ang mga kautusan at ang mga kaakibat na pagpapala nito.

   Manalangin (62217)
   Maglingkod sa misyon (62611)
   Pakitunguhan ang bawat isa nang may kabaitan at paggalang (62316)
   Dumalo sa templo (62559)
   Tumanggap ng sakramento (62021)
   Magbayad ng ikapu (ipakita ang isang sobre ng ikapu)
   Basahin ang mga banal na kasulatan (62373)
   Ipamuhay ang Salita ng Karunungan (ipakita ang mga larawan ng tamang pagkain at pag-ehersisyo)
   Magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak (62521)

---

## Katapusan

Patotoo

Magbigay ng patotoo na tutulungan tayo ng Ama sa Langit na sundin ang kanyang mga kautusan. Maaari mong naisin na ibahagi ang isang karanasan nang pairalin mo ang pananampalataya upang masunod ang isang kautusan, katulad ng paggawang banal sa araw ng Sabbath o pagiging mabait sa iba, at kung paano ka pinagpala.

Kung maaari, bigyan ang mga bata ng mga kopya ng mensaheng “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon” (1 Nefias 3:7). Isulat ang mga pangalan ng mga bata sa kanilang mga kopya, at hamunin silang gawing pangako rin nila ito.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang 1 Nefias 3:1–8; 4 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

15 6 15 6 7 8  6 10 8  6 11  22 6 22 6 25 19 14  6 14 22

13 22 6  18 6 22 6 7  14 6  19 12 19 14 6 22 - 17 17 11 8 4

14 22  12 6 14 22 19 14 8 8 14

KATUMBAS NA BILANG: 15=H 6=A 7=Y 8=O 10=K 11=T 22=G
25=W 19=I 14=N 13=M 18=B 12=P U=17 4=S

**Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.**

**1 Nefias 3:7**

**Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.**

**1 Nefias 3:7**

**Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.**

**1 Nefias 3:7**

**Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.**

**1 Nefias 3:7**

Aralin
# 4
# Ang Punongkahoy ng Buhay

**Layunin**

Palakasin ang pagnanais ng bawat bata na sumunod sa salita ng Diyos at maging karapat-dapat sa buhay na walang-hanggan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Nefias 8, 11, at 15:21–36. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Kung maaari, maghanda ng isang kopya ng larawan ng punongkahoy ng buhay na may pamagat para sa bawat bata (tingnan ang halimbawa sa hulihan ng aralin).
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang kopya ng Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Lubid, pisi, o tali na mga labinlimang talampakan (limang metro) ang haba; isang pampiring; at dalawang kard na may salita, ang isa ay pinamagatang *Pagsilang* at ang isa ay pinamagatang *Buhay na Walang-hanggan.*
   c. Ang tsart ng mga sagisag at kahulugan ng punungkahoy ng buhay, na tinatakpan ang mga kahulugan sa pamamagitan ng mga piraso ng papel.
   d. Mga larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893); 4–10, Ang Pagsilang ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 200; 62116 893); 4–11, Ang Pagpapako sa Krus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 230; 62505 893); 4–12, Ang Panaginip ni Lehias Tungkol sa Punongkahoy ng Buhay (62620); 4–13, Ang Punongkahoy ng Buhay at ang Gabay na Bakal; at 4–14, Inaabot ni Lehias ang Bunga.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad ng panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Patayuin ang dalawang bata sa harapan ng klase, ang isa sa isang panig ng silid at ang isa sa kabilang panig. Pahawakan sa unang bata ang kard na pinamagatang *Pagsilang*, at pahawakan sa pangalawang bata ang kard na pinamagatang *Buhay na Walang-hanggan*. Piringan ang pangatlong bata. Pagkatapos iikot ang bata nang ilang ulit, tingnan kung makalalakad siya mula sa unang bata papunta sa pangalawang bata nang hindi tinutulungan. Pagkatapos ay ipabatak sa dalawang bata ang lubid o tali sa kanilang pagitan,

na kapwa nila hinahawakan ang magkabilang dulo. Hayaang subukan muli ng batang nakapiring na magpunta mula sa unang bata patungo sa pangalawang bata, sa pagkakataong ito ay hinahawakan ang lubid. Talakayin kung bakit ang pangalawang pagkakataon ay mas madali kaysa sa una. Ipaliwanag na habang nabubuhay tayo sa daigdig lahat tayo ay nagsisikap na bumalik sa Ama sa Langit. Binigyan niya tayo ng isang bagay na mapanghahawakan upang matagpuan natin ang daan natin pabalik sa kanya.

- Ano ang ibinigay sa atin ng Ama sa Langit upang maakay tayo pabalik sa kanyang kinaroroonan? (Mga banal na kasulatan, mga propeta, ang Espiritu Santo.)

Ipakita ang larawan ni Jesucristo, at sabihin sa mga bata na ang araling ito ay magpapaliwanag kung paanong ang pagsunod sa mga aral ni Cristo ay makatutulong sa atin na bumalik sa kinaroroonan ng Ama sa Langit.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga iminungkahing larawan at ang Aklat ni Mormon, ituro ang ulat sa panaginip ni Lehias mula sa 1 Nefias 8 at ang pakahulugan ng panaginip mula sa 1 Nefias 11 at 15:21–36. (Para sa mga iminungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan ang “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”) Ipaliwanag na ang mga banal na kasulatan ay kadalasang gumagamit ng mga sagisag. Ang isang sagisag ay kadalasang pangkaraniwang bagay na ginagamit upang kumatawan sa isang alituntunin o aral. Halimbawa, ang isang tupa ay maaaring maging sagisag ng kadalisayan, kaya’t si Jesucristo ay tinatawag na Kordero ng Diyos. Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan ng mga bata ang tungkol sa mga sagisag na nakita ni Lehias sa isang panaginip at ang kahulugan ng mga ito.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit nais ni Lehias na makakain ang kanyang mag-anak ng bunga ng punungkahoy ng buhay? (1 Nefias 8:10–12.) Ano ang nais ng Ama sa Langit para sa lahat ng kanyang anak?
- Bakit sa palagay ninyo kumain ng bunga ng punungkahoy ang ilang anak na lalaki ni Lehias at ang iba ay hindi? (1 Nefias 8:13–18.) Ano ang ilang dahilan kung bakit hindi natin palaging sinusunod ang mga kautusan ng Ama sa Langit?
- Ano ang ibig sabihin ng mga sagisag sa panaginip ni Lehias? Ipakita ang tsart ng mga sagisag at kahulugan ng punungkahoy ng buhay, na inaalisan ng takip ang bawat kahulugan habang ito ay tinatalakay.

| Mga Sagisag: | Mga Kahulugan: |
|---|---|
| 1. Ang punungkahoy (1 Nefias 8:10) | 1. Ang pag-ibig ng Diyos sa pagbibigay sa daigdig ng kanyang Bugtong na Anak (1 Nefias 11:21–22; Juan 3:16) |
| 2. Ang bunga (1 Nefias 8:11) | 2. Buhay na walang-hanggan (1 Nefias 15:36; Doktrina at mga Tipan 14:7) |
| 3. Ang gabay na bakal (1 Nefias 8:19) | 3. Ang salita ng Diyos (1 Nefias 15:23–24) |
| 4. Abu-abo ng kadiliman ) (1 Nefias 8:23 | 4. Mga panunukso ng diyablo (1 Nefias 12:17) |
| 5. Malaki at maluwang na gusali (1 Nefias 8:26–27) | 5. Kapalaluan ng sanlibutan (1 Nefias 11:36) |

- Nang hilingin ni Nefias sa anghel na ipakita sa kanya ang kahulugan ng punungkahoy, nakita niya sa isang pangitain ang pagsilang at ministeryo ng Tagapagligtas. Paano ipinakikita ng pagsilang at ministeryo ni Jesucristo ang dakilang pag-ibig ng Diyos para sa atin?
- Ano ang isinasagisag ng bunga ng punungkahoy? (Ang kaloob na buhay na walang-hanggan.) Nakita ni Nefias na si Jesucristo, dahil sa kanyang pagmamahal sa atin, ay ipapako sa krus para sa ating mga kasalanan upang tayo ay makapagsisi at magtamo ng buhay na walang-hanggan. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng buhay na walang-hanggan ay pamumuhay sa piling ng Ama sa Langit bilang mga mag-anak sa kahariang selestiyal. Ano ang dapat nating gawin upang magtamo ng buhay na walang-hanggan?
- Ano ang isinasagisag ng gabay na bakal? (Ang salita ng Diyos.) Paano makatutulong sa atin sa pananatili sa landas pabalik sa ating Ama sa Langit ang araw-araw na pagbabasa ng Aklat ni Mormon? (1 Nefias 15:24.) Paano kayo nabiyayaan ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon?
- Ano ang isinasagisag ng abu-abo ng kadiliman? (Ang mga panunukso ng diyablo, na maaaring makapagpalito sa atin at makapagligaw sa atin.) Sa paanong mga paraan tayo tinutukso ni Satanas na iwanan ang makipot at makitid na landas? Ano ang magagawa natin upang mapaglabanan ang kanyang mga panunukso? Bakit tayo mas maligaya kung nananatili tayo sa makipot at makitid na landas?
- Ano ang isinasagisag ng malaki at maluwang na gusali? (Ang kapalaluan ng sanlibutan.) Sa paanong mga paraan kayo pinagtawanan dahil sa sinisikap ninyong gawin ang tama? Sino ang umiimpluwensiya sa mga taong nagtatawa sa atin?

Kung maaari, magbigay ng isang pinamagatang larawan ng panaginip ni Lehias sa bawat bata upang maiuwi. Hayaang magmungkahi ang mga bata ng mga pagpipilian na maaari nilang gawin sa darating na linggo na makatutulong

sa kanilang humawak sa gabay na bakal. (Ang mga sagot ay maaaring kapalooban ng araw-araw na pagbabasa mula sa Aklat ni Mormon, pagsunod sa mga magulang, pananalangin, pagiging matapat, pagpili ng mabubuting kaibigan, pagpili ng mabuting mapaglilibangan, at marami pa.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Maglaro ng larong pagtutugma. Ginagamit ang mga kaalaman mula sa tsart ng mga sagisag at kahulugan ng punungkahoy ng buhay, isulat ang bawat sagisag at kahulugan sa panaginip ni Lehias sa isang 3” x 5” na kard. Gumamit ng anim pang 3” x 5” na mga kard upang makagawa ng tatlong pangkat ng mga magkakatugmang larawan o sagisag, tulad ng mga nakangiting mukha, mga bituin, at mga puso. Paghalu-haluin ang mga kard, at ilagay ang mga ito nang pataob sa apat na hanay sa sahig o sa mesa. Isa-isang palapitin ang mga bata at ipabaligtad ang dalawang kard. Basahin nang malakas ang sinasabi ng bawat isa. Kung magkatugma ang mga kard, hayaang nakatihaya ang mga ito. Ang laro ay matatapos kapag ang lahat ng mga kard ay nakatihaya na.
2. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang 1 Nefias 15:23–24.
3. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ipinadala ang Kanyang Anak (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Susundin Ko ang Plano ng Diyos” *(Aklat ng mga Awit Pambata*), “Ako ay Anak ng Dios” (*Mga Himno at Awit Pambata*) “The Iron Rod” (*Hymns*, no. 274).

## Katapusan


Patotoo

Magbigay ng patotoo na sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan tayo ay makababalik upang mamuhay sa piling ng Ama sa Langit.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 1 Nefias 8:5–34 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.




**1** Ang punungkahoy. (1 Nefias 8:10)

Ang pag-ibig ng Diyos sa pagbibigay sa daigdig ng kanyang Bugtong na Anak. (1 Nefias 11:21–22; Juan 3:16)

**2** Ang bunga. (1 Nefias 8:11)

Buhay na walang-hanggan. (1 Nefias 15:36; Doktrina at mga Tipan 14:7)

**3** Ang gabay na bakal. (1 Nefias 8:19)

Ang salita ng Diyos. (1 Nefias 15:23–24)

**4** Abu-abo ng kadiliman. (1 Nefias 8:23)

Mga panunukso ng diyablo. (1 Nefias 12:17)

**5** Malaki at maluwang na gusali. (1 Nefias 8:26–27)

Kapalaluan ng sanlibutan. (1 Nefias 11:36)

# Si Lehias at ang Kanyang Mag-anak ay Ginabayan sa Ilang

Aralin **5**

**Layunin**

Matulungan ang mga bata na maunawaan na kapag ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya at nagtitiwala sila sa Ama sa Langit, sila ay gagabayan niya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Nefias 16, Alma 37:38–46, at Mga Kawikaan 3:5–6. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Bago ituro ang aralin, subukin ang gawaing pantawag pansin upang malaman mo kung paano gagawin ito.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang Bibliya para sa bawat bata.
   c. Isang putol ng tali na may habang 20 pulgada (50 sm) para sa bawat bata.
   d. Mga larawan 4–15, Ang Liahona (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 302; 62041 893), at 4–16, Si Nefias at ang Kanyang Baling Busog.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin

Gawaing Pantawag Pansin

Bigyan ang bawat bata ng isang putol ng tali na may habang 20 pulgada. Pahawakan sa kanilang kanang kamay ang isang dulo ng tali at ang kabilang dulo naman ay sa kaliwa nilang kamay. Hilingin sa kanilang ibuhol ang tali nang hindi binibitiwan ang magkabilang dulo. Kung hindi sapat ang iyong tali, ipagawa sa isang bata ang gawain sa harapan ng klase.

- Ito ba ay tila mahirap o imposibleng gawin?

Ipasubok muli sa mga bata na muling ibuhol ang tali, ngunit sa pagkakataong ito hayaan munang ihalukipkip nila ang kanilang mga bisig at habang nakahalukipkip pa ang kanilang mga bisig ay pahawakan sa kanilang kanang kamay ang isang dulo ng tali at ang kabila naman sa kanilang kaliwang kamay. Hilingin sa kanilang manatiling nakahawak sa magkabilang dulo habang inaalis nila sa pagkakahalukipkip ang kanilang mga bisig. Ang mga tali nila ay

mabubuhol. Kunin ang mga tali mula sa mga bata. Ituro na makagagawa ng buhol ang mga bata kapag naipakita mo sa kanila kung paano gawin ito. Sabihin sa mga bata na sa gayunding paraan tayong lahat ay may mga hamon sa ating mga buhay na tila imposibleng malutas. Kung gagawin natin ang lahat ng ating makakaya at isasalalay ang ating pagtitiwala sa Ama sa Langit, tutulungan niya tayong makahanap ng mga kasagutan.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa angkop na mga pagkakataon, ituro ang mga pangyayari sa mag-anak ni Lehias na ginagabayan ng Liahona at ang baling busog ni Nefias mula sa 1 Nefias 16:17–32. (Para sa mga iminungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Himukin ang mga bata na gawin ang lahat ng kanilang magagawa at magtiwala sa Tagapagligtas anuman ang mangyari.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Paano pinagpala si Lehias dahil sa kanyang pananampalataya at pagkamasunurin habang siya ay naglalakbay patungo sa ilang? (1 Nefias 16:10.)
- Ano ang ginawa ng ama at mga kapatid na lalaki ni Nefias nang mabali ni Nefias ang kanyang busog na yari sa asero? (1 Nefias 16:17–21.) Bakit madaling dumaing kapag ang mga bagay ay hindi nangyayari sa paraan na gusto mong mangyari?
- Kahit na pagod at gutom na si Nefias, siya ay hindi dumaing. Ano ang ginawa niya upang makatulong sa paglutas ng suliranin? (1 Nefias 16:22–32.)
- Bakit humingi si Nefias ng tulong sa kanyang ama? (1 Nefias 16:23–24.) Paano kayo natulungan ng inyong mga magulang nang kayo ay mayroong suliranin?
- Paano kayong magiging isang mabuting halimbawa sa inyong mga magulang at mga kapatid, katulad ni Nefias?
- Paano gumalaw ang Liahona (ang bolang yari sa tanso)? (1 Nefias 16:26–30.)
- Ano ang ibinigay sa atin ng Ama sa Langit upang maituro ang daan pabalik sa kanya? (Alma 37:44–45.) Saan natin matatagpuan ang mga salita ni Cristo? (Sa mga banal na kasulatan.) Ano ang dapat nating gawin upang magabayan tayo ng mga salita ni Cristo? (Alma 37:46.)
- Ano ang kailangan nating gawin kung nais natin ng tulong mula sa Ama sa Langit?

- Ano ang gagawin ng Ama sa Langit kung mayroon tayong pananampalataya at pagtitiwala sa kanya? (Mga Kawikaan 3:5–6.) Paano ninyo maipakikita ang pagtitiwala sa Ama sa Langit? Bakit sa palagay ninyo nais ng Ama sa Langit na magtiwala tayo sa kanya at gawin ang lahat ng ating makakaya?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipasalaysay muli sa mga bata ang kuwento tungkol sa nabaling busog ni Nefias. Hayaang talakayin nila kung sino sa mga kasapi ng mag-anak ni Lehias ang gusto nilang maging katulad kapag sila ay may mga kinakaharap na suliranin.
2. Ipasadula sa mga bata ang kuwento tungkol sa nabaling busog. Pagkatapos ay ipasadula sa kanila ang maaaring nangyari kung nagtiwala sa Panginoon sina Laman at Lemuel.
3. Tanungin ang mga bata kung ano ang unang alituntunin ng ebanghelyo. Bigyang-diin na kailangan nilang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo. Tulungan silang maisaulo ang ika-apat na saligan ng pananampalataya.
4. Pagbalik-aralan ang kuwento tungkol sa pagkuha ni Nefias sa mga laminang tanso na nakatala sa 1 Nefias 3–5. Ihambing ang ginawa ni Nefias noon sa ginawa niya nang mabali niya ang kanyang busog. Tulungan ang mga bata na maunawaan na sa kapwa pagkakataon ay ginawa niya ang lahat ng kanyang magagawa at nagtiwala siya sa Ama sa Langit na tutulungan siya.
5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Pananampalataya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Maagang Hanapin si Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

**Patotoo at Hamon**

Ibahagi sa mga bata ang isang pagkakataon nang magtiwala ka sa Ama sa Langit na tutulungan ka sa pagsasagawa ng isang bagay na mahirap. Magbigay ng patotoo sa kahalagahan ng paggawa ng lahat sa abot ng ating makakaya at pagkatapos ay paglalagay ng ating tiwala sa Ama sa Langit. Hamunin ang mga bata na isipin ang tungkol kay Nefias sa loob ng darating na linggo at sikaping higit na maging katulad niya kapag may dumarating na mga suliranin.

**Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan**

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang 1 Nefias 16:18–32 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
6

# Inuutusan ng Ama sa Langit si Nefias na Gumawa ng Sasakyang Dagat

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magnais na maging mabubuting halimbawa at magkaroon ng espirituwal na impluwensiya sa kanilang mga mag-anak sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Nefias 17. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang lapis at piraso ng papel para sa bawat bata.
   c. Mga larawan 4–17, Tinutunaw ni Nefias ang Inang Mina (Ore) at Gumagawa ng mga Kagamitan, at 4–18, Sinusupil ni Nefias ang Kanyang mga Suwail na Kapatid (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 303; 62044 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Anyayahan ang isang kasapi ng klase na pagbalik-aralan ang kuwento mula sa aralin noong nakaraang linggo tungkol sa nabaling busog ni Nefias at kung paano nakakuha ng pagkain si Nefias para sa kanyang mag-anak (tingnan sa 1 Nefias 16:17–32).

Ipakita ang isang larawan ng isang barko, o bigyan ang bawat bata ng isang pirasong papel at isang lapis at kaagad silang paguhitin ng larawan ng isang barko. Pagkatapos ay itanong sa kanila ang ilan sa mga sumusunod:

- Ano sa palagay ninyo ang mga kagamitang kakailanganin ninyo sa paggawa ng isang barko na may sapat na laki at tibay upang maisakay kayo at ang inyong mag-anak patawid sa karagatan?
- Anong uri ng tulong ang kakailanganin ninyo?
- Saan kayo maaaring magpunta upang matuto kung paano gumawa ng isang barko?

Ipaliwanag sa mga bata na malalaman nila kung paano tinulungan ng Ama sa Langit si Nefias na gumawa ng isang barko.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat mula sa 1 Nefias 17 tungkol kay Nefias at sa kanyang mga kapatid na lalaki na naghahandang gumawa ng isang barko (sasakyang dagat). (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon. (Maaari mong ipatukoy sa mga bata ang mga tao sa bawat larawan at sabihin kung ano ang kanilang ginagawa.)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ipinapangako ng Panginoon kung susundin natin ang kanyang mga kautusan? (1 Nefias 17:3.) Paano kayo, at ang inyong mag-anak pinagpala dahil sa inyong pagkamasunurin?
- Bakit inutusan ng Panginoon si Nefias na gumawa ng isang sasakyang dagat? (1 Nefias 17:8.) Paano tumugon si Nefias sa utos na ito? (1 Nefias 17:9.) Ano ang nagbigay kay Nefias nang gayong kalaking pagtitiwala? (1 Nefias 17:14–15.)
- Bakit kaya sa palagay ninyo hindi na lamang sila binigyan ng Panginoon ng isang sasakyang dagat?
- Bakit ayaw nina Laman at Lemuel na tulungan si Nefias sa paggawa ng isang sasakyang dagat? (1 Nefias 17:17–19, 45–46.) Paano mapadadali ng sama-samang pagtatrabaho ang paggawa ng sasakyang dagat?
- Ano ang madarama ninyo kung kayo ay pinagtatawanan ng mga nakatatanda ninyong kapatid na lalaki dahil sa sinusunod ninyo ang mga kautusan ng Ama sa Langit? Paano ninyo nagawang matulungan ang inyong mag-anak? Ano ang naging damdamin ninyo nang matulungan ninyo ang inyong mag-anak o nang hindi ninyo natulungan ang inyong mag-anak?
- Anong kapangyarihang gawin ang ibinigay ng Ama sa Langit kay Nefias nang tangkain siyang patayin ng kanyang mga kapatid na lalaki? (1 Nefias 17:48, 54.)
- Paano ipinakita ni Nefias ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo? (1 Nefias 17:50-51.) Paano kayo magiging katulad ni Nefias at makapagpapakita ng lakas ng loob at pananampalataya kay Jesucristo?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Hatiin sa dalawang pangkat ang klase. Hilingin sa kanilang pakinggan ang mga pangako ng Panginoon kapag tayo ay masunurin habang binabasa ng isang pangkat ang 1 Nefias 17:3 nang sabay-sabay at pagkatapos ay babasahin ng kabilang pangkat ang 1 Nefias 3:7 nang sabay-sabay. Tulungan ang mga bata na maunawaan na sila ay pagpapalain kung susundin nila ang mga kautusan at hihiling sila ng patnubay sa Ama sa Langit.

2. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang 1 Nefias 17:3, na nagsisimula sa "At kung mangyayari" at nagtatapos sa "na kanyang iniutos sa kanila." Maaari rin nilang isaulo ang 1 Nefias 17:50: "Kung Diyos ang nag-utos sa aking gawin ang lahat ng bagay ang mga yaon ay magagawa ko."
3. Maglagay sa mesa ng isang garapon na may takip, at hilingin sa isang bata na subuking buksan ang garapon na ginagamit lamang ang isang kamay. (Ipalagay ang isa pang kamay ng bata sa kanyang likod.) Pagkatapos ng ilang pagsubok, hilingan ang isa pang bata na tumulong na ginagamit ang isang kamay lamang. Ipaliwanag na ang mga gawain ay karaniwang mas madaling gawin kapag sama-sama tayong gumagawa. Talakayin ang mga mithiin ng mag-anak, katulad ng pagkakaroon ng palagiang mga gabing pantahanan ng mag-anak, panalangin ng mag-anak, at pangmag-anak na pag-aaral ng banal na kasulatan, at itanong kung paano makatutulong ang mga bata sa mag-anak na maabot ang mga mithiing ito.
4. Mamigay ng papel at mga lapis, at hilingin sa mga kasapi ng klase na isulat ang mga bagay na maaari nilang gawin upang matulungan ang kanilang mga mag-anak na matutuhan ang ebanghelyo at masunod ang mga kautusan, katulad ng panghihimok ng pang-araw-araw na pag-aaral sa banal na kasulatan, pakikisali nang maluwag sa kalooban sa pangmag-anak na panalangin, pagtulong na isaayos at makisali sa gabing pantahanan ng mag-anak, pagsunod sa kanilang mga magulang, pagtulong sa pagpapanatiling maayos at malinis ng kanilang mga tahanan, pananalangin para sa mga kasapi ng mag-anak, pagpapakita ng pagmamahal at kabaitan sa bawat isa, pagbabahagi ng natutuhan nila sa Primarya, at marami pang iba. Papiliin sila ng isang bagay na gusto nilang pagsikapang pagbutihin sa darating na linggo.
5. Isulat sa pisara ang mga pagkakatulad ng paglalakbay ni Lehias at ng kanyang mag-anak at ang paggala sa ilang ng mga anak ni Israel (tingnan sa 1 Nefias 17:22–46). Tanungin ang mga bata kung ano ang matututuhan natin mula sa mga karanasang ito.
6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Matapang si Nefias (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Utos ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Piliin ang Tamang Daan" (*Piliin ang Tama, B; Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na ang bawat bata ay makapagpapakita ng mabuting halimbawa sa kanyang mag-anak. Ituro na tayo at ang ating mga mag-anak ay pinagpapala kapag sinusunod natin ang mga kautusan.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang 1 Nefias 17:3–22, 45–55 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Pagtawid sa Dagat

Aralin
7

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magnais na maging karapat-dapat sa palagiang pagsama ng Espiritu Santo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Nefias 18. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Karagdagang babasahin: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 7.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang piraso ng tela na gagamiting pampiring.
   c. Mga larawan 4–15, Ang Liahona (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 302; 62041 893); 4–19, Nakagapos si Nefias; at 4–20, Nakarating si Lehias at ang Kanyang mga Tao sa Lupang Pangako (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 304; 62045 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Gumamit ng mga upuan o iba pang mga bagay upang makagawa ng isang daan na may balakid sa harapan ng silid-aralan. Humiling ng magkukusang magpapiring at piringan. Iikot ang bata nang ilang ulit; pagkatapos ay ipaliwanag sa batang nakapiring na isa pang bata ang aakay sa kanya sa daan na may balakid sa pamamagitan ng pagbulong o pagsasabi nang mahina ng mga tagubilin. Ulitin ang gawain, sa pagkakataong ito ay hilingin sa ibang mga bata na magbigay ng mga maling tagubilin sa mas malakas na tinig upang ang batang nakapiring ay mag-ukol ng pansin sa pakikinig sa mahinang tinig.

Hayaang sabihin ng batang nakapiring ang kaibahan sa dalawang karanasan.

- Sino ang Espiritu Santo? Paano niya tayong tinutulungan? (Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 7.)
- Paanong ang karanasan sa pagkakaroon ng gabay sa daan na may balakid ay katulad ng pakikinig sa Espiritu Santo?
- Anong masasamang impluwensiya, o “malalakas na tinig,” sa palibot natin ang makapagpapalito sa atin o magsisikap na akayin tayo sa maling mga landas?

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ituro ang kuwento ng pagtawid ng mag-anak ni Lehias sa dagat mula sa 1 Nefias 18. Gamitin ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Paano nagawa ni Nefias na gumawa ng isang sasakyang dagat na makapagtatawid sa kanyang mag-anak nang ligtas sa karagatan? (1 Nefias 18:1–3.)
- Ano ang ginawa nina Laman, Lemuel, ng mga anak na lalaki ni Ismael, at ng kanilang mga asawa na naging sanhi upang tumigil sa paggalaw ang Liahona? (1 Nefias 18:9–12.) Ano ang ibinigay sa atin ng Ama sa Langit upang gabayan tayo na katulad ng Liahona? (Ang Espiritu Santo.) Ano ang ilang bagay na maaaring maging sanhi upang maiwala natin o ng ating mga mag-anak ang patnubay ng Espiritu Santo?
- Paano nakaapekto sa mga magulang at sa iba pa sa mag-anak ang hindi pagkamasunurin nina Laman at Lemuel? (1 Nefias 18:12–19.) Paano naaapektuhan ng ating pagkamasunurin at hindi pagkamasunurin ang ating mga magulang at iba pang mga kasapi ng mag-anak?
- Paano tumugon si Nefias nang hindi siya pinakikitunguhang mabuti ng kanyang mga kapatid na lalaki? (1 Nefias 18:16.) Bakit sa palagay ninyo pinapurihan ni Nefias ang Panginoon sa halip na dumaing habang siya ay nagdurusa?
- Sa paanong mga paraan ninyo nais na maging higit na katulad ni Nefias?
- Sa paanong mga paraan maaaring dumating sa atin ang inspirasyon ng Espiritu Santo? (Ito ay maaaring dumating bilang isang damdamin ng kapayapaan o kaaliwan, isang kaisipang nagbibigay inspirasyon sa atin na gumawa ng tamang pagpili, isang mahinang tinig na nagtatagubilin, isang damdamin na nagbababala ng panganib, at marami pa.)
- Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang madama nila ang impluwensiya ng Espiritu Santo. Ano ang maaari nating gawin upang maihanda ang ating mga sarili upang malaman natin ang impluwensiya ng Espiritu Santo?
- Anong mga pagpili ang ginawa ni Nefias kung kaya't siya ay karapat-dapat sa pagsama ng Espiritu Santo? (1 Nefias 18:3, 10, 16.) Anong mga pagpili ang ginagawa ninyo araw-araw upang maging karapat-dapat sa pagsama ng Espiritu Santo?

### Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. ‘Isulat ang mga salita o parirala na katulad ng *panalangin, pagpili ng mga kaibigan, mga salitang ginagamit natin, mga palabas sa telebisyon, mga programa sa video, musika, mga sine, pagsunod sa mga magulang, pagsunod sa mga kautusan, kabaitan sa mga kapatid, paggalang sa ibang mga tao, paglilingkod,* o iba pang angkop na mga gawain sa magkakahiwalay na papel. Ilagay ang mga papel sa isang maliit na lalagyan. Sa pagbunot ng papel ang bawat bata, ipabasa ito sa kanya sa klase at sabihin kung paano ang mga nakasulat ay makaaapekto sa ating kakayahang mapasaating buhay ang Espiritu Santo.
2. Ulitin ang una at ika-apat na mga saligan ng pananampalataya.
3. Talakayin sa mga bata kung paanong ang pagsunod sa mga aral ni Jesus ay nakatutulong sa ating makamit sa ating buhay ang impluwensiya ng Espiritu Santo. Papiliin ang mga bata ng isa sa mga aral ni Jesus na nais nilang ipamuhay nang mas lubusan sa darating na linggo at isulat ito sa isang pirasong papel upang maiuwi bilang isang tagapagpaalala.
4. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ang Espiritu Santo” (*Aklat ng mga Awit Pambata).*

### Katapusan

Patotoo

Maaaring naisin mong ibahagi ang isang karanasan mo nang ikaw ay maimpluwensiyahan ng Espiritu Santo. Ibigay ang iyong patotoo sa kahalagahan ng impluwensiya ng Espiritu Santo sa iyong buhay at sa pangangailangan ng kanyang palagiang pagsama.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang 1 Nefias 18:5–25 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 8
# Ang Propetang si Jacob ay Hinarap ni Serem

**Layunin**

Palakasin ang mga patotoo ng mga bata tungkol kay Jesucristo upang magkaroon sila ng mga kapangyarihang paglabanan ang masasamang impluwensiya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Jacob 7:1–23. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

2. Karagdagang babasahin: 1 Nefias 18:7, 2 Nefias 2:1–4, 11:2–3, Jacob 1:17–19, at Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan ng Aklat ni Mormon: Jacob—Anak ni Lehias.

2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.

3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang napuputol na pisi na may dalawang talampakan (60 sm) ang haba at isang matibay na lubid na may dalawang talampakan ang haba.
   c. Isang piraso ng papel at lapis para sa bawat bata.
   d. Larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bigyan ang isang bata ng isang pisi na may dalawang talampakan ang haba. Sabihin sa kanyang patirin ang pisi. Pagkatapos ay hayaang subukan ng bata na patirin ang lubid. Hayaan ang ilan sa iba pang mga bata na subuking patirin ang lubid. Ipaliwanag na ang ating mga patotoo ay nagsisimula na tulad ng isang hibla lamang ng pisi ngunit maaaring mapatibay hanggang sa hindi na ito mapapatid. Tayong lahat ay maaaring magkaroon ng malakas na mga patotoo na makatutulong sa atin kapag sinisikap ng iba na hamunin tayo at ang ating mga paniniwala o sinisikap na linlangin tayo. Sabihin sa mga bata na ang araling ito ay tungkol kay Jacob, na may patotoong hindi mapapatid.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Isalaysay ang kuwento tungkol kina Jacob at Serem mula sa Jacob 7:1–23. Gamitin ang larawan sa angkop na pagkakataon. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

## Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at isagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Sino si Jacob? (Isa sa mga nakababatang kapatid na lalaki ni Nefias.) Mga ilang taon bago ang pagsilang ni Cristo nabuhay sina Jacob at Serem? (Tingnan sa pamagat ng kabanata 7 ng Jacob.)
- Paanong nalaman ni Jacob ang tungkol kay Jesucristo, na hindi pa naman naisisilang? (Jacob 7:5, 10–12.)
- Ano ang ginawa ni Serem upang sikaping mahikayat ang mga tao na si Jesucristo ay hindi darating? (Jacob 7:2–4.) Ano ang ibig sabihin ng paggamit ng mapanghibok na salita? (Ang magbigay ng hindi tapat o labis na papuri, isang anyo ng pagiging hindi matapat.)
- Sino ang umimpluwensiya kay Serem? (Jacob 7:4, 18.) Paano tayo sinusubukang impluwensiyahan ni Satanas?
- Ano ang ilan sa mga kasinungalingan ni Serem? (Jacob 7:7, 9–10, 19.)
- Bakit nagawa ni Jacob na mapaglabanan ang masamang impluwensiya ni Serem? (Jacob 7:5, 8, 10–12.) Kahit na maaaring hindi tayo makakita ng anghel o nakarinig ng tinig ng Diyos, ano ang maaari nating gawin upang maging malakas kapag tinutukso tayo ng mga tao na gumawa ng mali? Magbahagi ng isang karanasan, o anyayahan ang isang bata na magbahagi ng karanasan nang magawa niyang mapaglabanan ang masamang impluwensiya ng isang tao.
- Bakit ayaw pakitaan ni Jacob ng palatandaan si Serem? (Jacob 7:13–14.) Bakit hindi mabuting paraan ng pagkakaroon ng patotoo kay Cristo ang paghahanap ng mga palatandaan? (Doktrina at mga Tipan 63:7–12.) Ipaliwanag na ang mga palatandaan ay maaaring dumating pagkatapos nating magpakita ng pananampalataya at pagsunod, ngunit hindi natin dapat hangarin ang mga ito. Pagbalik-aralan mula sa mga nakaraang aralin ang kakulangan ng pananampalataya nina Laman at Lemuel kahit na nakakita na sila ng mga palatandaan. (Pagbabalik-aral ng guro: 1 Nefias 3:29–31; 16:39; 17:45; 18–20.)
- Ano ang naging epekto sa mga tao ng pagtatapat at pagkamatay ni Serem? (Jacob 7:21–23.)
- Bakit kailangan nating magkaroon ng mga matatatag na patotoo kay Jesucristo? Paano tayo magkakaroon at makapagpapatatag ng ating mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.) Paano natin maibabahagi ang ating mga patotoo sa ibang tao? Bakit lalong lumalakas ang ating patotoo kapag ibinabahagi natin ang mga ito sa iba?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat sa mga piraso ng papel ang mga kalagayan kung saan sinisikap ng isang tao na papaniwalain ang isang bata na gumawa ng isang bagay na mali at ng isang sanggunian sa isang angkop na kautusan mula sa mga banal na kautusan. Halimbawa, sumama sa iyo ang kaibigan mo papunta sa isang tindahan at hinihikayat kang magnakaw ng ilang kendi (Exodo 20:15 o Mosias 13:22), may isang taong nag-alok sa iyong tumikim ng nakalalasing na inumin (Doktrina at mga Tipan 89:7), o natutukso kang lumagi sa tahanan at huwag magpunta sa simbahan (Doktrina at mga Tipan 59:9). Ipahanap at ipabasa sa mga bata ang bawat banal na kasulatan. Talakayin kung paano nagpapalakas sa ating mga patotoo tungkol kay Jesucristo ang pagkakaalam sa itinuturo ng mga banal na kasulatan at tumutulong sa ating mapaglabanan ang masasamang impluwensiya.

   Maaari mong naising ipasadula nang walang usapan (*pantomime*) sa mga bata ang mga kalagayang ito at pahulaan sa mga bata ang isinasadula nang walang usapan (*pantomime*).

2. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Iatas ang Alma 5:46 sa isang pangkat at ang Alma 37:35 sa isa pang pangkat. Pahanapin ang mga bata sa mga banal na kasulatang ito ng mga paraan na mapalalakas nila ang kanilang mga patotoo kay Jesucristo. Ibuod ang kanilang mga sagot sa pisara.

3. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ako ay Magiging Magiting" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Mangahas na Tama ay Gawin" (*Mga Himno at Awit Pambata)*

## Katapusan

Patotoo

Sabihin sa mga bata kung gaano kahalaga ang magkaroon ng patotoo kay Jesucristo at palakasin ito upang mapaglabanan natin ang masasamang impluwensiya sa ating paligid. Ibigay ang iyong patotoo sa kabanalan ng Tagapagligtas. Hamunin ang mga bata na pumili ng isang paraan upang mapalakas ang kanilang mga patotoo at isulat ito sa isang pirasong papel bilang tagapagpaalala upang maiuwi at maisagawa sa darating na linggo.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Jacob 7:1–23 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Nananalangin si Enos

Aralin
9

**Layunin**

Himukin ang mga bata na hangarin ang mga biyayang dumarating sa pamamagitan ng taos pusong panalangin sa Ama sa Langit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang aklat ni Enos. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 8.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan: isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Sabihin ang sumusunod na bugtong, at hilingin sa mga bata na itaas ang kanilang mga kamay kapag alam nila ang sagot.

Ako ay hindi isang tao, lugar, o bagay.

Maaari akong maging napakatahimik na walang sinumang makaririnig, o may sapat na lakas kung kaya't ang lahat ng nasa silid ay makaririnig.

Ako ay maaaring gamitin kung kayo ay nag-iisa o nasa isang pangkat.

Ako ay ginagamit sa anumang oras, saanmang lugar, sa lahat ng pagkakataon.

Ginagamit ako sa pagtanaw ng utang na loob, patnubay, kaaliwan, pagpapatawad, pangangalaga, tulong, mabuting kalusugan, o para sa ano pa mang biyaya na kailangan ninyo para sa inyong sarili o para sa iba.

Ginagamit ninyo ako sa pakikipag-usap sa Ama sa Langit.

Ano ako?

Isulat ang mga sagot ng mga bata sa pisara. Kapag nalaman nilang ang tamang sagot ay panalangin, itanong kung mayroon silang anumang katanungan tungkol sa panalangin. Ibuod ang kanilang mga tanong sa pisara, at hilingin sa mga bata na makinig sa mga sagot habang ibinabahagi mo ang kuwento ni Enos. Sa katapusan ng kuwento, tukuying muli ang mga tanong at talakayin ang mga ito.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ituro ang ulat sa aklat ni Enos. Ipaliwanag na si Enos ay anak ni Jacob na napag-aralan ninyo sa aralin 8. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit nanalangin si Enos? (Enos 1:1–4.) Sino ang nagturo sa kanya tungkol kay Jesucristo? Paano kayo tinulungan ng inyong mga magulang na matutuhan ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?
- Ano ang "mataimtim na panalangin at hinaing"? Paano sa palagay ninyo kakaiba ang ganitong uri ng panalangin sa ibang mga panalangin? Paano sinagot ng Ama sa Langit ang panalangin ni Enos? (Enos 1:5.)
- Paano nalaman ni Enos na pinatawad na ang kanyang mga kasalanan? (Enos 1:5–6.)
- Bakit sinabi ng Ama sa Langit na pinatawad na si Enos sa kanyang mga kasalanan? (Enos 1:8.) Ipaliwanag na dahil sa nagdusa para sa ating mga kasalanan si Jesucristo, tayo ay mapapatawad kung tayo ay magsisisi.
- Sino ang ipinanalangin ni Enos pagkatapos na mapatawad ang kanyang mga kasalanan? (Enos 1:9.) Anong sagot ang ibinigay ng Panginoon kay Enos tungkol sa mga Nefita? (Enos 1:10.)
- Bakit sa palagay ninyo nanalangin si Enos para sa mga Lamanita samantalang sila ay mga kaaway ng mga Nefita? (Enos 1:11.) Anong mga pagpapala ang maaari ninyong hilingin sa Ama sa Langit para ibigay sa isang taong hindi naging mabait sa inyo? Ano ang ninais ni Enos para sa mga Lamanita? (Enos 1:13.)
- Nanalangin si Enos para sa kaligtasan ng mga talaan ng kanyang mga tao. Bakit napakahalaga ng mga talaang ito? Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Enos? (Enos 1:15–18.) Ano ang ibig sabihin ng humiling nang may pananampalataya?
- Anong mga pangako ang ibinigay kay Enos? (Enos 1:8, 12, 15.) Paano natin matatanggap ang gayunding mga pangako?
- Ano ang naging epekto ng mga aral at pagsusumikap ng mga Nefita sa mga Lamanita? (Enos 1:20.)
- Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa panalangin mula sa kuwento ni Enos?
- Kapag nananalangin kayo, paano kayo nakikipag-usap sa Ama sa Langit? Paano natin magagawang mas mataimtim ang ating mga panalangin?
- Narinig ni Enos ang tinig ng Panginoon sa kanyang isipan bilang kasagutan sa kanyang panalangin. Ano ang ilan pang ibang paraan upang makatanggap tayo ng mga sagot sa ating mga panalangin? (Isang damdamin ng kapayapaan; isang damdamin na hindi tama ang isang bagay;

kaaliwan; mga ideyang dumarating sa ating isipan; mga banal na kasulatan na nagbibigay ng pang-unawa sa isang tiyak na kalagayan; payo mula sa mga pinuno ng Simbahan, mga magulang, at iba pang isinugo ng Panginoon; mga panaginip o pangitain.) Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng mga karanasan nila sa pagtanggap ng mga sagot sa panalangin.

- Bakit maaaring "hindi" ang sagot ng Ama sa Langit sa ating mga panalangin? Paano nating malalaman kung ang sagot ng Ama sa Langit ay "hindi"?
- Bakit kailangan nating mag-ukol ng panahon na makinig pagkatapos nating manalangin, katulad ng ginawa ni Enos?
- Ano ang natutuhan ni Enos tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan? (Enos 1:27.) Maaari mong naising basahin ang talatang ito o ipabasa ito nang sabay-sabay sa klase.

Lagyan ng tsek ang listahan sa pisara upang matiyak na ang lahat ng mga tanong ng mga bata ay nasagot.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Bigyan ang bawat bata ng isang piraso ng papel at isang lapis, at ipasulat sa kanila ang mga tanong na *Kailan tayo maaaring manalangin? Saan tayo maaaring manalangin?* at *Ano ang maaari nating ipanalangin?,* na nag-iiwan ng puwang sa pagitan ng mga tanong upang masulatan ng kanilang mga sagot. Ipasulat sa kanila ang mga sagot habang tinatalakay mo ang mga tanong.
2. Pagbalik-aralan ang hakbang sa panalangin:
   a. Magsimula sa pamamagitan ng pagtawag sa ating Ama sa Langit.
   b. Sabihin sa kanya kung ano ang inyong pinasasalamatan.
   c. Hilingin sa kanya ang mga ninanais mo.
   d. Magwakas sa pagsasabing, "Sa pangalan ni Jesucristo, siya nawa."
3. Pagbalik-aralan ang wika ng panalangin. Tulungan ang mga bata na maunawaan na nagpapakita tayo ng paggalang kapag ginagamit natin ang mga salitang *kayo, inyo, inyong, ninyo,* sa halip na *ikaw, iyo, mo* (tingnan sa Dallin H. Oaks, Conference Report, Apr. 1993, pp. 16–20; o *Ensign,* May 1993, pp. 15–18).
4. Kopyahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer (sa Conference Report, Oct. 1979, p. 30; o *Ensign,* Nov. 1979, p. 21) sa pisara, na iniiwang walang sulat ang mga patlang. Sabihin sa mga bata na matututuhan nila ang ilang paraan upang makatanggap ng mga sagot [sa mga panalangin] habang sinasagutan nila ang mga patlang sa pahayag ni Elder Packer.

“Ang ilang ____b____ay darating mula sa pagbabasa ng ____a____, ang ilan mula sa pakikinig sa ____e____. At, paminsan-minsan, kapag mahalaga, ang ilan ay darating sa pamamagitan ng tuwiran at____d____ ____f____. Ang mga pang-uudyok ay magiging ____c____ at hindi maipagkakamali.”

Gamitin ang mga sumusunod na salita upang punan ang mga patlang:
a. mga banal na kasulatan
b. mga sagot
c. malinaw
d. makapangyarihang
e. mga tagapagsalita
f. inspirasyon

5. Ipaliwanag kung paanong ang panalangin ni Enos sa pagliligtas sa mga talaan (Enos 1:14–16) ay nasagot pagkalipas ng daan-daang taon sa pamamagitan ng paglitaw ng Aklat ni Mormon. Katulad lamang ng ipinapangako ng Panginoon kay Enos, ang mga tao ngayon ay maaaring magkaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon. Maaari mong anyayahan ang isang kauuwing misyonero na dumalo sa klase at magbahagi ng karanasan ng pagkakaroon ng isang tao ng patotoo kay Jesucristo sa pamamagitan ng panalangin at ng Aklat ni Mormon. O maaari mong hilingan ang isang magulang o iba pang kasapi ng purok na ibahagi kung paano nakatulong sa kanya ang panalangin sa pagkakaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon.
6. Pagbalik-aralan ang unang pangitain ni Joseph Smith, nang mag-alay siya ng isang taimtim na panalangin ng pananampalataya (Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–16). Maaari mong naising gamitin ang larawan ng Unang Pangitain (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 403; 62470 893).
7. Pagbalik-aralan ang ikapito at ikasiyam na mga saligan ng pananampalataya. Himukin ang mga bata na pumili ng isa upang isaulo sa klase o sa tahanan sa darating na linggo.
8. Awitin o basahin ang mga salita sa “Panalangin ng Isang Bata” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Panginoon, sa Akin ay Sabihin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa kapangyarihan ng panalangin sa iyong buhay. Maaari mong naising isalaysay ang isang karanasan na nakapagpalakas sa iyong pananampalataya at patotoo tungkol sa panalangin. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan nila sa panalangin.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Enos 1:1–8, 21–27 sa tahanan bilang isang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Tinuturuan ni Haring Benjamin ang Kanyang mga Tao

Aralin **10**

**Layunin**

Palakasin ang pangako ng mga bata sa kanilang sarili na tuparin ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag at sundin si Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 2 Nefias 31:5–12 at Mosias 2:1–22; 3:2–19; 4:11–16; 5:5–8, 13–15. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–21, Si Haring Benjamin ay Nagtatalumpati sa Kanyang mga Tao (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 307; 62298 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Isulat sa pisara ang mga apelyido ng mga bata sa iyong klase. Tanungin ang mga bata kung bakit mayroon silang mga pangalang ito.

- Ano ang ibig sabihin sa iyo ng pagiging (gamitin ang apelyido)?

Ipaliwanag na kapag isinisilang tayo sa isang mag-anak ay tinataglay natin sa ating sarili ang isang apelyido. Ang pangalang ito ay maaaring sumagisag sa maraming mahahalagang bagay, tulad ng ating minana, ating mga paniniwala, ang paraan ng ating paggawa ng mga bagay, at marami pa. Kapag tayo ay binibinyagan, tayo ay nagiging mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw at tinataglay sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo. Kapag tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, ipinahahayag natin ang pananalig sa kanya at ang ating kusang loob na pagsunod sa kanyang mga aral. Ipaliwanag na si Haring Benjamin ay isang propeta na nagturo ng kahalagahan ng pagtataglay sa ating sarili ng pangalan ni Jesucristo.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol kay Haring Benjamin na nagtuturo sa kanyang mga tao mula sa Mosias 2:1–22; 3:2–19; 4:11–16; 5:5–8, 13–15. Gamitin ang larawan sa angkop na pagkakataon. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang

mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit magkakasamang tinawag ni Haring Benjamin ang kanyang mga tao? (Mosias 1:10.) Paano tumugon ang mga tao ng Zarahemla sa tawag na magtipun-tipon sa templo upang pakinggan ang kanilang propeta at hari? (Mosias 2:1–6.) Paano natin naririnig o natatanggap ang mga salita ng mga buhay na propeta? (Pangkalahatang komperensiya, mga lathalain ng Simbahan, mga pulong sa Simbahan, at marami pa.) Paano natin maihahanda ang ating sarili sa pakikinig sa mga salita ng ating mga pinuno? (Mosias 2:9.)
- Paano pinaglingkuran ni Haring Benjamin ang kanyang mga tao? (Mosias 2:12–15.) Sang-ayon kay Haring Benjamin, paano daw natin mapaglilingkuran ang Ama sa Langit? (Mosias 2:16–19.) Paano sa palagay ninyo nagpapakita ng ating pagtanaw ng utang na loob at pagmamahal sa Ama sa Langit ang paglilingkod sa iba?
- Ano ang ipinangangako sa atin kung susundin natin ang mga kautusan ng Ama sa Langit? (Mosias 2:22.)
- Ano ang itinuro ni Haring Benjamin sa mga tao tungkol kay Jesucristo? (Mosias 3:5–7, 9–10.) Anong dakilang gawa ng paglilingkod ang isinagawa ni Cristo para sa bawat isa sa atin? (Mosias 3:11–13.) Ipaliwanag na si Jesucristo ay nagdusa at namatay upang tayo ay makapagsisi sa ating mga kasalanan, mabinyagan, mabuhay na mag-uli, at mabuhay sa piling ng Ama sa Langit magpakailanman. Ang pagpapakasakit niya para sa atin ay tinatawag na Pagbabayad-sala.
- Bakit mahalaga para sa atin ang taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo? (Mosias 3:17.) Ano ang hinihiling ni Jesucristo na gawin natin upang taglayin natin sa ating sarili ang kanyang pangalan? (2 Nefias 31:5–12; Mosias 2:22. Magpabinyag at sundin ang mga kautusan. Mosias 3:19. Ipasailalim ang ating kagustuhan sa kagustuhan ng Tagapagligtas.)
- Anong mga kautusan ang sinabi ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao na dapat nilang sundin? (Mosias 3:21; 4:11–15; 5:5. Maaari mong gamitin ang mga sinulatang piraso ng papel sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 bilang bahagi ng inyong talakayan.) Ano ang sinabi ni Haring Benjamin na mangyayari kung sinusunod nating ang mga kautusan? (Mosias 2:41.)
- Paano tumugon ang mga tao sa mga aral ni Haring Benjamin? (Mosias 5:2.) Ano ang magagawa natin upang maranasan ang malaking pagbabagong ito? (Mosias 3:19.)
- Anong tipan ang ipinangakong gagawin ng mga tao ni Haring Benjamin? (Mosias 5:5–9.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumawa at ipakita ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel. Gumuhit ng isang sumasagisag sa tore na ginamit ni Haring Benjamin sa pagtuturo sa kanyang mga tao. Ipatong ang mga sinulatang piraso ng papel sa iginuhit habang tinatalakay mo ang mga paraan ng pagtataglay natin sa

ating sarili ng pangalan ni Jesucristo. Pagag-isipin ang mga bata ng mga paraan na masusunod nila ang mga kautusan na isinasagisag sa mga sinulatang piraso ng papel.

Magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo (Mosias 3:21)
Magsisi (Mosias 3:21)
Gumawa at tuparin ang mga tipan sa pagbibinyag (Mosias 5:5)
Manalangin araw-araw (Mosias 4:11)
Maging mabait sa iba (Mosias 4:13)
Huwag mag-away o magtalo (Mosias 4:14)
Maglingkod sa iba (Mosias 4:15)
Tulungan ang mahihirap (Mosias 4:16)
Ipamuhay ang ebanghelyo (Mosias 4:15)

2. Sa pamamagitan ng paggamit ng simpleng mga kasuotan o kagamitan, isadula ang pagsasalita ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao. Maaaring iayos ng mga bata ang kanilang mga upuan na tila isang tolda na may bukasan sa bandang harapan ng silid. Ang mga bata ay maaaring maupo sa sahig sa loob ng "tolda" na nakaharap sa unahan. Ang taong gumaganap sa bahagi ni Haring Benjamin ay maaaring magsalita sa kanila habang nakatuntong sa isang upuan sa harapan ng silid. Ipabasa sa batang ito ang mga salita ni Haring Benjamin mula sa Mosias 2:9.
3. Sabihin sa mga bata ang tungkol sa pinakahuling pangkalahatang komperensiya ng Simbahan. Ihambing ang komperensiyang ito sa idinaos na pulong ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao. Ipaliwanag kung paano tinutulungan ng Simbahan ang lahat ng kasapi nito na matanggap ang mga mensahe mula sa Pangulo ng Simbahan at iba pang mga Pangkalahatang Awtoridad sa pamamagitan ng radyo, telebisyon, at mga pagsasahimpapawid na ginagamitan ng *satellite* at sa pamamagitan ng mga inilimbag na materyal. Talakayin ang ilan sa mga paksa mula sa huling komperensiya. Himukin ang mga bata na magbasa o makinig sa mga mensahe mula sa susunod na pangkalahatang komperensiya at sundin ang payo ng ating mga propeta at mga pinuno.
4. Tulungan ang mga bata na maunawaan at maisaulo ang huling parirala ng Mosias 2:17: "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."
5. Talakayin kung paano ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ay may kinalaman sa talumpati ni Haring Benjamin. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang saligan ng pananampalatayang ito.
6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Magmahalan" (*Aklat ng mga Awit na Pambata*) o "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol sa pagbabayad-sala ni Jesucristo at kung paano nito pinagpapala ang ating mga buhay. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagsunod sa mga kautusan samantalang tinataglay natin sa ating mga sarili ang pangalan ni Jesucristo.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mosias 2:1–18 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin

# 11

# Si Abinadias at si Haring Noe

**Layunin**

Himukin ang mga bata na maging magiting sa paninindigan bilang mga saksi ni Jesucristo.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mosias 11–13; 15:1, 6–8; 16:14–15; 17; at 19:4–20. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Mosias 14–16.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Para sa panghaliling gawaing pantawag pansin, ilagay ang sumusunod na mga bagay sa isang supot o bag:
      Isang bigoteng yari sa papel (tingnan ang paglalarawan sa hulihan ng aralin)
      Isang plaslayt o bombilya
      Isang kopya sa papel ng Sampung Utos (tingnan ang paglalarawan sa hulihan ng aralin)
      Isang larawan ni Cristo
      Isang putol ng lubid o pisi
      Isang posporo
   c. Larawan 4–22, Si Abinadias sa Harapan ni Haring Noe (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 308; 62042 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bigyan ang bawat bata ng kopya ng banghay na may siyam na tuldok, o iguhit ito sa pisara. Sabihin sa mga bata na pagdudugtung-dugtungin nila ang mga tuldok sa pamamagitan ng pagguhit ng apat na tuluy-tuloy na tuwid na linya nang hindi iniaangat ang lapis mula sa papel o ang tisa mula sa pisara. Pagkatapos nilang subukin ang ilang sagot, ipakita sa isang bata ang tamang sagot nang hindi sinasabi sa iba. Hayaang ipakita ng batang iyon sa isa pang bata, at magpatuloy hanggang sa mapagdugtong ng lahat ng mga bata ang mga tuldok. Ipaliwanag na kapag natututuhan natin ang isang bagay, matutulungan natin ang iba kapag itinuturo natin sa kanila ang nalalaman natin. Kapag may natututuhan tayo tungkol sa Ama sa Langit, matutulungan natin ang ibang tao sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila ng tungkol sa kanya.




Panghaliling Gawaing Pantawag Pansin

Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa pag-aalis ng mga bagay mula sa supot. Hilingan ang bawat bata na magsabi ng isa o dalawang bagay tungkol sa bagay na nasa kanya. Ipaliwanag na habang nalalaman ng mga bata ang tungkol sa isang matwid at magiting na propeta na nagngangalang Abinadias, makikita nila kung paano nauugnay ang bawat bagay sa kanyang buhay.

Ulat sa Banal na Kasulatan

pakita ang larawang Si Abinadias sa Harapan ni Haring Noe, at ituro ang ulat tungkol kay Abinadias mula sa Mosias 11–13; 15:1, 6–8; 16:14–15; 17; at 19:4–20. (Para sa mga iminungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin na si Abinadias ay isang matapang na saksi ni Jesucristo, kahit na nangahulugan ito ng kanyang buhay. Kung gagamitin mo ang panghaliling gawaing pantawag pansin, ipaliwanag kung paano nauugnay ang bawat bagay sa buhay ni Abinadias.

| | |
|---|---|
| Bigote: | Si Abinadias ay nagbalik nang nakabalatkayo (Mosias 12:1). |
| Bombilya o plaslayt: | Ang mukha ni Abinadias ay nagliwanag nang may hindi pangkaraniwang pagkinang (Mosias 13:5). |
| Sampung Utos: | Itinuro ni Abinadias ang Sampung Utos (Mosias 13:11–24). |
| Larawan ni Cristo: | Matatag na nagpatotoo kay Jesucristo si Abinadias (Mosias 15; 16;17:8). |
| Lubid o pisi: | Iginapos si Abinadias (Mosias 17:13). |
| Posporo: | Pinatay si Abinadias sa Pamamagitan ng Apoy (Mosias 17:20). |

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang unang iniutos ng Panginoon kay Abinadias na sabihin kay Haring Noe at sa kanyang mga tao? (Mosias 11:20–21.)
- Anong uri ng pamumuhay mayroon si Haring Noe at ang kanyang mga tao? (Mosias 11:1–7, 14–15, 19.)
- Paano tumugon si Haring Noe at ang kanyang mga tao sa mga salita ni Abinadias? (Mosias 11:26–29.) Bakit sa palagay ninyo nagagalit ang mga tao sa mga nananawagan sa kanilang magsisi?
- Ano ang may katapangang pinatotohanan ni Abinadias sa masamang Haring si Noe at sa kanyang mga saserdote tungkol sa mga kautusan? (Mosias 12:33–36; 13:11–24.) Bakit mahalaga para sa atin ang sumunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit?
- Bakit natatakot ang mga tauhan ni Haring Noe na hawakan si Abinadias? (Mosias 13:3–5.)
- Ano ang pinatotohanan ni Abinadias tungkol kay Jesucristo? (Mosias 15:1, 6–8; 16:14–15.)
- Paano ipinakita ni Abinadias ang kanyang katapangan? (Mosias 17:7–10.) Bakit mahirap kung minsan na manindigan sa tama? Paano tayong makapaninindigan sa tama?
- Bakit sinunog si Abinadias hanggang sa mamatay? (Mosias 17:20.) Bakit kaya sa palagay ninyo pinahintulutan ng Panginoon na mangyari ito? (Alma 60:13.)
- Ano ang mahalaga kay Haring Noe? (Mosias 11:14; 19:7–8.) Ano ang mahalaga kay Abinadias? (Mosias 13:4; 17:7–10.) Ano ang dapat na maging mahalaga para sa atin?
- Sino ang naapektuhan ng patotoo ni Abinadias bago siya namatay? (Mosias 17:1–4.)
- Paano natupad ang propesiya ni Abinadias sa Mosias 12:3? (Mosias 19:19–20.)
- Sino ang naiisip ninyo na magiting ngayon sa paninindigan bilang isang saksi ni Jesucristo?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipaganap sa mga bata ang mga bahagi ng mga tauhan sa kuwento nina Abinadias at Haring Noe, at hayaang kapanayamin sila ng isang tagapag-ulat. Gumawa ng listahan ng mga itatanong ng tagapag-ulat sa mga tauhan, tulad ng:

| | |
|---|---|
| Tagapag-ulat kay Noe: | Paano mo binayaran ang maluluho mong gusali? |
| Tagapag-ulat sa mga saserdote: | Bakit ninyo ikinukulong si Abinadias? |
| Tagapag-ulat kay Alma: | Ano ang masasabi mo tungkol sa mga aral ni Abinadias? |
| Tagapag-ulat kay Abinadias: | Bakit gusto kang patayin ng mga taong ito? Bakit hindi mo itatuwa ang mga sinabi mo sa mga taong ito? |

2. Magbudbod ng kaunting paminta sa isang mangkok ng tubig. Ilagay ang mangkok sa makikita ng lahat ng bata. Sabihin sa kanila na ang paminta ay sumasagisag sa mga pumiling maging magigiting. Hilingin sa kanilang pagmasdan kung ano ang mangyayari kapag ang kasamaan ay inilalagay na malapit sa mga magigiting. Maglagay ng isang patak ng likidong panghugas ng pinggan, na sumasagisag sa kasamaan, sa gitna ng mangkok. Ang paminta ay mabilis na lumalayo. Nang paniwalaan ni Alma ang patotoo ni Abinadias, pinili niyang maging magiting sa pamamagitan ng pagsunod sa propeta at pagtalikod sa masasamang kaugalian ni Haring Noe. Tanungin ang mga bata kung anong mga bagay ang dapat nilang talikuran upang sila ay maging magigiting.
3. Talakayin ang Sampung Utos sa Mosias 12:34–36, 13:12–24.
4. Ihambing ang magigiting na katangian ng matwid na si Haring Benjamin sa mga katangian ni Haring Noe.
   Haring Benjamin: Mosias 2;10–14, 4:9–10.
   Haring Noe: Mosias 11:2, 6–7, 27; 19:8.
5. Talakayin ang pagkakatulad ng pakikitungo ng masamang si Haring Noe at ng kanyang mga tao kay Abinadias at kung paano pinakitunguhan si Cristo.
   Cristo: Mosias 15:5, Mateo 26:66, Lucas 24:20.
   Abinadias: Mosias 13:1; 17:7, 10, 13.
6. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ako ay Magiging Magiting” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Mangahas na Tama ay Gawin” (*Mga Himno at Awit Pambata*), o “Ang Simbahan ni Jesucristo” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan


**Patotoo**


Magpatotoo na kahit hindi nagpapalaya sa atin sa sakit at mga pagsubok ang pagiging matwid, kung tayo ay magiting sa ating mga patotoo kay Jesucristo, tayo ay bibiyayaan ng Ama sa Langit ng kapayapaan sa buhay na ito at ng lahat ng mayroon siya sa buhay na darating.

**Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan**

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mosias 11:1–2, 20–21, 26–29; 12:1–9; at 17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.




SAMPUNG UTOS

# Nagbibinyag si Alma sa mga Tubig ng Mormon

Aralin **12**

**Layunin**

Ituro sa mga bata ang kahulugan ng kanilang mga tipan sa pagbibinyag at ang kahalagahan ng pagtupad sa mga ito.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mosias 17:2–4; 18. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang salaysay sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:

a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
b. Kung nanaisin: Isang kandado at susi para sa gawaing pantawag pansin (halimbawa, isang kandado, talaarawan na may susi at kandado, kahon ng alahas na may susi at kandado, o maleta na may susi at kandado).
c. Isang ginupit na susi na yari sa papel na nasusulatan ng salitang *Tipan* (tingnan sa hulihan ng aralin).
d. Isang kopya ng bigay-siping “Ang Aking mga Tipan sa Pagbibinyag” para sa bawat bata (tingnan sa hulihan ng aralin).
e. Larawan 4–23, Nagbibinyag si Alma sa mga Tubig ng Mormon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 309; 62332 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang isang susi. Tanungin ang mga bata kung saan ginagamit ang isang susi. Maaari mong ipagamit sa isang bata ang susi upang buksan ang isang kandado. Hawakan ang susing yari sa papel upang hindi makita ng mga bata ang salitang *Tipan,* at hatiin ito. Ipaliwanag na ang isang susi ay hindi magagamit kung kalahati lamang nito ang nasa iyo. Baligtarin ang mga susi upang maipakita ang salitang *Tipan.* Tanungin ang mga bata kung alam nila ang ibig sabihin ng salitang ito. Ipaliwanag na sa ebanghelyo ang isang tipan ay isang sagradong kasunduan o pangako sa pagitan ng Ama sa Langit at ng kanyang mga anak. Kapag tinutupad natin ang ating mga tipan sa Ama sa Langit, palagi niyang tutuparin ang kanyang bahagi. Ngunit kung hindi natin tutuparin ang ating mga pangako sa tipan, ang tipan ay nasisira. Ang pagtupad sa ating mga tipan sa pagbibinyag ay tulad ng isang susi na nagbibigay-daan upang tanggapin natin ang mga biyaya at buhay na walang-hanggan. Ipaliwanag na ang buhay na walang-hanggan ay ang pagiging katulad ng Ama sa Langit at pamumuhay sa piling niya magpakailanman. Ipaliwanag na habang

nalalaman ng mga bata ang tungkol kay Alma at sa kanyang mga tao sila ay mapaaalalahanan sa kanilang mga tipan sa pagbibinyag at kung paano nila masusunod ang mga ito nang mas mabuti.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol kay Alma na nagbibinyag sa mga Tubig ng Mormon mula sa Mosias 17:2–4; 18. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin ang mga tipan na ginagawa natin sa pagbibinyag at ang kahalagahan ng pagtupad sa mga ito. Gamitin ang larawan sa angkop na pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ginawa ni Alma upang maihanda ang kanyang sarili sa pagbibinyag? (Mosias 17:2–4; 18:1.) Paano kayo naghanda para sa inyong pagbibinyag?
- Ano ang dahilan kung bakit naging magandang lugar na pagtataguan ang pook na tinatawag na Mormon para sa pagtuturo ni Alma sa mga tao? (Mosias 18:4–5.) Bakit kinailangan nilang magtago?
- Ano ang nadama ng mga tao ni Alma nang malaman nilang maaari silang mabinyagan? (Mosias 18:11.) Ano ang naging pakiramdam ninyo nang kayo ay binyagan? Ano ang naaalala ninyo sa araw na iyon?
- Anong mga pangako ang ginawa ng bawat isa sa atin nang tayo ay binyagan? Ano ang ipinangako sa atin ng Ama sa Langit? (Mosias 18:8–10.) Ipakita ang bigay-siping "Ang Aking mga Tipan sa Pagbibinyag," at talakayin ang bawat pangako. Ipaliwanag na walang sinuman sa atin ang ganap ngunit kailangan nating gawin ang lahat sa abot ng ating makakaya upang matupad ang ating mga tipan sa pagbibinyag.
- Paano natin maipakikita na tinaglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo at naninindigan tayo bilang kanyang mga saksi?
- Ano ang ibig sabihin ng magpasan ng pasanin ng isa't isa at makidalamhati sa iba? Sa paanong mga paraan naglingkod si Cristo sa atin at sa iba nang nabubuhay pa siya sa daigdig? Paano tayo makasusunod sa halimbawa ni Jesucristo at makapaglilingkod sa iba?
- Anong mga kautusan ang ibinigay ni Alma sa kanyang mga tao upang matulungan silang tuparin ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag? (Mosias 18:21–23, 27–29.) Paano tayo makapamumuhay nang higit na katulad ng mga tao ni Alma?
- Sa pamamagitan ng anong ordenansa natin mapasasariwa ang ating mga tipan sa pagbibinyag tuwing Linggo? Maaari mong naising ipaliwanag na ang ibig sabihin ng sariwain ay gawing tila bago o magsimulang muli. Pagbalik-aralan kasama ng mga bata ang mga panalangin sa sakramento at tulungan

silang mahanap ang mga tipan na nakapaloob sa mga ito (tingnan sa Moronias 4:3; 5:2). Bigyan ang bawat bata ng isang kopya ng bigay-sipi, at pagbalik-aralan ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Hilingin sa isang bata na hawakan ang isang may kabigatang aklat sa isang kamay na iniuunat ang kanyang bisig habang nagsasalita ka sa klase tungkol sa mga tipan sa pagbibinyag. Tanungin ang batang mayhawak ng aklat kung nangangawit na ang kanyang bisig. Patulungin ang isa pang bata sa paghawak ng aklat. Ipaliwanag na ang isa sa mga pangakong ginagawa natin kapag binibinyagan tayo ay ang "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan." Talakayin ang ilang pasanin na nadarama ng mga bata sa kanilang gulang, tulad ng pinagtatawanan, nagkakasakit, nagkakaroon ng suliranin sa mga kasapi ng mag-anak, pagnanais na mapabilang, o mga kahirapan sa paaralan. Tanungin ang mga bata kung paano sila makatutulong na pagaanin ang pasanin ng bawat isa.
2. Bago magklase hilingin sa mga magulang ng mga bata na sabihin sa inyo ang isang pagkakataon nang ang kanilang anak ay naglingkod sa isang tao. Ibahagi ang mga karanasang ito sa klase, at purihin ang mga bata sa kanilang paglilingkod. Ituro na ang mga gawang ito ng paglilingkod ay nakapagpagaan sa mga pasanin ng mga taong pinaglingkuran nila.
3. Ipaliwanag sa mga bata na bahagi ng tipan na ginawa natin noong binyagan tayo ay ang taos pusong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo at maging isang tunay na Kristiyano, o tagasunod ni Cristo. Kailangan nating maging karapat-dapat sa kanyang pangalan. Hilingin sa mga bata na isipin kung gaano kainam nilang naigagalang ang pangalan ni Jesucristo habang ibinabahagi mo ang sumusunod na kuwento mula kay Pangulong George Albert Smith, ang ika-walong Pangulo ng Simbahan:

   "Ilang taon na ang nakalilipas nang ako ay nagkasakit nang malubha. . . . Naging napakahina ko kaya't halos hindi ako makagalaw.

   "Isang araw . . . nawalan na ako ng malay sa nangyayari sa aking paligid at inakala kong Sumakabilang-buhay na ako. . . .

   "Nagsimula akong maglakad at tumingin sa aking paligid . . . at pagkatapos kong maglakad-lakad nang hindi katagalan . . . sa kakahuyan, nakakita ako ng isang taong papalapit sa akin. Nalaman ko na isa siyang napakalaking tao, at nagmadali akong humakbang upang lumapit sa kanya, dahil nakilala ko siya bilang aking lolo. . . . Naaalala ko kung gaano ako katuwa na makita siyang dumarating. Ibinigay sa akin ang kanyang pangalan at palaging ipinagmamalaki ko ito.

   "Nang mga ilang talampakan na lamang ang layo sa akin ng aking Lolo, siya ay tumigil. . . . Tiningnan niya akong mabuti at sinabing:

   " 'Gusto kong malaman kung ano ang ginawa mo sa aking pangalan.'

"Ang lahat ng nagawa ko ay nagdaan sa aking isipan na tila lumilipad na larawan sa isang telon. . . . Ang buong buhay ko ay nagbalik sa aking alaala. Ngumiti ako at tumingin sa aking lolo at sinabing:

" 'Hindi ako kailanman gumawa ng anumang bagay sa inyong pangalan na dapat ninyong ikahiya.'

"Humakbang siyang papalapit at niyakap ako, at habang gayon ang ginagawa niya, ako ay nagkamalay ulit sa nangyayari sa aking makalupang kapaligiran. Ang unan ko ay basang-basa na tila ba binuhusan ito ng tubig—basa sa mga luha ng pasasalamat na makasasagot ako nang hindi nahihiya" ("Your Good Name," *Improvement Era,* Mar. 1947, p. 139).

Ipaliwanag sa mga bata na habang taos puso nilang sinusunod ang mga kautusan at pinaglilingkuran ang iba, ay iginagalang nila ang pangalan ni Jesucristo.

4. Awitin o basahin ang mga salita sa "Pagbibinyag" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo


Magbigay ng patotoo na habang tinutupad natin ang ating mga tipan sa pagbibinyag, matututuhan nating paglingkuran ang isa't isa nang mas mabuti at magiging higit na katulad tayo ni Jesucristo.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mosias 18:1–11, 30–35 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Paalala: Kung magpasiya kang gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 sa susunod na aralin, gawin ang mga takdang-aralin nang mga isang linggong pauna.


TIPAN



# Ang Aking mga Tipan sa Pagbibinyag

(Sinasariwa sa Tuwing Tumatanggap Ako ng Sakramento)

**Sa Pagbibinyag ay Nakikipagtipan Ako sa Panginoon na:**

1. Lumapit sa kawan ng Diyos (maging isang kasapi ng Simbahan ni Jesucristo).
2. Matawag na kanyang anak na lalaki o babae (taglayin sa aking sarili ang pangalan ni Cristo).
3. Magpasan ng pasanin ng iba, nang gumaan ang mga ito; makidalamhati sa mga nagdadalamhati; at aliwin ang mga nangangailangan ng aliw (tulungan ang iba).
4. Manindigan bilang saksi ng Diyos sa lahat ng oras at sa lahat ng bagay at sa lahat ng pook (magpatotoo kay Cristo at magpakita ng mabuting halimbawa sa lahat ng oras).
5. Paglingkuran ang Diyos at sundin ang kanyang mga kautusan.

**Kapag Tinutupad Ko ang Aking mga Tipan sa Pagbibinyag,**
**Nangangako ang Panginoon na::**

1. Patatawarin ang aking mga kasalanan.
2. Ibubuhos nang mas masagana ang kanyang Espiritu sa akin (ibibigay sa akin ang pagsama ng Espiritu Santo).
3. Tutubusin ako upang mapabilang ako sa mga magbabangon sa unang pagkabuhay na mag-uli at magkakaroon ng buhay na walang-hanggan (pahihintulutan akong makapasok sa kahariang selestiyal upang mamuhay sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo).

# Ang mga Tao ni Haring Limhias at ang mga Tao ni Alma

Aralin 13

**Layunin**

Ituro sa mga bata na ang kababaang-loob at pananampalataya kay Jesucristo ay makapagbibigay sa atin ng kalakasan upang harapin ang mga kahirapan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mosias 21:1–16; 22; 23:1–6, 29–39; at 24 at pagbalik-aralan ang Mosias 12:2, 4–5. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Karagdagang babasahin: Mosias 20–25 (para sa buong ulat).
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Kung binabalak mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1, kakailanganin mong gawin ang mga takdang-aralin nang pauna ng isang linggo man lamang.
5. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 4–24, Binabantayan ng mga Nefita ang mga Lamanita, at 4–25, Tumatakas ang mga Tao ni Haring Limhias.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Isulat ang sumusunod na mga salita at mga kahulugan sa pisara o sa isang paskil. Ipaliwanag na matututuhan ng mga bata ang ilang mahahalagang salita mula sa ulat sa banal na kasulatan. Hayaang magkusang-loob ang mga bata na magbanggit ng isang salita at piliin ang kahulugan nito.

| | |
|---|---|
| Kahirapan | a. Isang dalahin o kalungkutan na mahirap dalhin |
| Pagkaalipin | b. Handang matuto; kawalan ng kapalaluan |
| Pagpapakumbaba | c. Kasawiang-palad, pagdurusa, o paghihirap |
| Pag-uusig | d. Kawalan ng kalayaan; pagkabusabos |
| Pananampalataya | e. Panliligalig, pananakit, o pananalakay |
| Pasanin | f. Paniniwala nang hindi nakikita |

Mga sagot: kahirapan: *c;* pagkaalipin: *d;* pagpapakumbaba: *b;* pag-uusig: *e;* pananampalataya: *f;* pasanin: *a*.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Pagbalik-aralan ang mga propesiya ni Abinadias tungkol sa mga Nefita mula sa Mosias 12:2, 4–5. Ang mga propesiyang ito ay tunay na natupad kahit na ang mga Nefita ay nahati sa dalawang magkahiwalay na pangkat. Ituro ang mga ulat tungkol sa mga tao ni Haring Limhias at ng mga tao ni Alma mula sa Mosias 21:1–16; 22; 23:1–6, 29–39; at 24. Gamitin ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

Ang mga Tao ni Haring Limhias

- Sa paanong mga paraan inusig ng mga Lamanita ang mga tao ni Limhias? (Mosias 21:3.) Bakit nangyari ito? (Mosias 21:4; 12:2, 4–5.)
- Ano ang naging epekto sa mga tao ni Haring Limhias ng pagkatalo nila nang tatlong ulit sa digmaan sa mga Lamanita? (Mosias 21:13–14.) Ano ang ibig sabihin ng maging mapagpakumbaba? Bakit sa palagay ninyo naging mapagpakumbaba ang mga Nefita sa dakong huli?
- Bakit mabagal sa pagdinig sa mga daing ng mga tao ni Limhias ang Ama sa Langit? (Mosias 21:15.) Paano niyang tinugon sa bandang huli ang kanilang mga paghiling ng tulong? (Mosias 21:15–16.) Ano ang maaaring matutuhan ng mga tao ni Limhias mula sa pamumuhay sa pagkaalipin? Paano makatutulong sa atin na maging higit na mapagpakumbaba, masunurin, at madasalin ang mga pagdurusa sa ating buhay?
- Pagkatapos gumawa ng tipan, o pangako, sa Diyos, sina Haring Limhias at ang kanyang mga tao, ano ang ninais nilang gawin upang maipakitang iginagalang nila ang kanilang tipan sa Kanya? (Mosias 21:35.) Paano natin maipakikita sa Ama sa Langit na iginagalang natin ang ating mga tipan sa pagbibinyag?

Ang mga Tao ni Alma

- Ano ang ilang dahilan kung bakit sinubok ang pananampalataya at pagtitiyaga ng mga tao ni Alma? (Mosias 23:21.) Anong pangako ang ginawa ng Panginoon sa kanila at sa atin kung isasalalay natin ang ating pagtitiwala sa kanya kapag sinusubok ang ating pagtitiyaga at pananampalataya? (Mosias 23:22.) Paano kayo pinagpala nang dahil sa pagtitiwala sa Panginoon?
- Bakit sinabi ni Alma sa kanyang mga tao na hindi sila dapat matakot? (Mosias 23:27.) Paano tumugon ang mga tao sa kanyang payo? (Mosias 23:28.) Paano sila tinulungan ng Panginoon? (Mosias 23:29.) Paano kayo tinulungan ng Panginoon na magkaroon ng lakas ng loob?
- Ano ang magagawa ninyo upang maging mas malakas sa kabila ng kahirapan? Paano kayo, o ang inyong mag-anak, pinagpala ng Panginoon sa kahirapan?
- Paano sinabi nina Alma at ng kanyang mga tao sa Ama sa Langit ang kailangan nila nang ayaw silang pahintulutang manalangin nang malakas ng

masamang namumunong si Amulon? (Mosias 24:12.) Paano sinagot ng Ama sa Langit ang kanilang mga panalangin at tinupad ang kanyang pangako sa kanila? (Mosias 24:13–16.) Paano tinupad ng Ama sa Langit ang kanyang mga pangako sa inyo?

- Ano ang naalalang gawin nina Alma at ng kanyang mga tao pagkatapos silang mailigtas mula sa mga Lamanita? (Mosias 24:21–22.) Bakit mahalagang magpakita ng pagtanaw ng utang na loob, maging sa kahirapan? Paano natin maipakikita ang pagtanaw ng utang na loob sa Ama sa Langit para sa ating mga pagpapala?
- Paano pinagpala sa espirituwal ang mga tao sa kanilang kahirapan?
- Paano makapagpapalakas sa inyo ang pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at pagpapakumbaba sa panahon ng kahirapan?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Anyayahan ang dalawang may sapat na gulang na magdamit na tulad nina Haring Limhias at Alma. Maaaring ikuwento ni Haring Limhias ang ulat tungkol sa kanyang mga tao mula sa Mosias 21 at 22. Maaaring ikuwento ni Alma ang ulat ng kanyang mga tao mula sa Mosias 23 at 24. Hayaang magtanong ang mga bata tungkol sa mga pangyayari sa mga ulat. Ang mga tanong sa talakayan at pagsasagawa ay maaaring gamitin sa kasalukuyan ng mga ulat o sa katapusan ng mga ulat.
2. Hatiin ang klase sa dalawa hanggang apat na koponan, ayon sa laki ng klase. Hayaang maghalinhinan ang bawat koponan sa pagsasadula nang walang usapan (*pantomime*) ng kanilang paboritong bahagi ng kuwento habang hinuhulaan ng ibang koponan ang kanilang isinasadula [nang walang usapan].
3. Isaulo ang ika-apat na saligan ng pananampalataya.
4. Awitin o basahin ang mga salita sa "Pananampalataya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).
5. Anyayahan ang mga bata na basahin nang tahimik ang ilan sa mga sumusunod na mga banal na kasulatan at markahan ang mga may mahalagang kahulugan sa kanila:
   Mosias 23:7, 15, 21–22
   Mosias 24:12–16, 21–22
   Mosias 25:10, 15–16, 22–24

## Katapusan

**Patotoo**

Ipahiwatig ang iyong pasasalamat at patotoo tungkol sa mga pagpapala ng Panginoon sa iyo sa mga oras ng kahirapan.

**Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan**

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mosias 21:6–16 at 24:10–15 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin 14

# Ang Nakababatang Alma at ang mga Anak na Lalaki ni Mosias ay Nagsisisi

**Layunin**

Ituro sa mga bata na ang pagsisisi ay kailangan para sa panlupang kaligayahan at buhay na walang-hanggan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mosias 27, 28:1–9 at Alma 36:11–24. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang bag at apat o limang mabibigat na bagay tulad ng mga aklat, bato, o laryo. Sulatan ang bawat bagay ng isang kasalanan tulad ng pagsisinungaling, pagtatawa sa iba, paninigarilyo, at marami pa.
   c. Larawan 4–26, Isang Anghel ang Nagpapakita kay Alma at sa mga Anak ni Mosias.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Magdala sa klase ng bag na puno ng ilang mabibigat na bagay. (Maaaring may alam kang mga bagay na nakatutukso sa mga bata sa ganitong gulang. Gamitin ang mga ito sa pamagat.) Hayaang maghalinhinan ang mga bata sa paghawak sa mabigat na bag. Pagkatapos ay hayaang isa-isang ilabas ng isang bata ang bawat bagay.

Kapag naalis na ang lahat ng "mga kasalanan," ang "pasanin" ng bata, o ang mabigat na dalahin, ay gagaan. (Maaari mong naising ipakita ang mga bagay sa kabuuan ng aralin upang makasangguni kang muli sa mga ito.) Paghambingin ang timbang ng mabigat na bag at ng magaan na bag. Sinabi sa atin ni Jesus na kung lalapit tayo sa kanya nang may pananampalataya, pagsisisi, at pagbibinyag, ang ating mga pasanin ay gagaan. Ang pagsisisi ay pagkalungkot sa paggawa ng isang kasalanan, hindi na muling paggawa nito, at pagkatapos ay pagsisikap mamuhay nang higit na katulad ng Tagapagligtas. Sa araling ito ay makikita ng mga bata kung paano natuklasan ng Nakababatang Alma at ng mga anak ni Mosias ang bigat ng kasalanan at ang kaligayahan na dumarating kapag ang pasanin ay naaalis sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ginagamit ang larawan sa angkop na pagkakataon, ituro ang kuwento tungkol sa malaking pagbabago na nangyari sa mga buhay nina Nakababatang Alma at mga anak ni Mosias na nakatala sa Mosias 27 at 28:1–9. (Para mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang araling ito ay tungkol sa Nakababatang Alma (ang kanyang ama, ang Nakatatandang Alma, ay ang nagbalik-loob na Alma sa pamamagitan ng pangangaral ni Abinadias). Talakayin ang paraan ng pagsisisi na pinagdaanan ni Nakababatang Alma, na siya ring paraan na kailangan nating pagdaanan sa ating pagsisisi (tingnan sa Alma 36:16–21):

1. Kilalanin ang kasalanan.
2. .Ipagtapat ang kasalanan at manalangin para sa kapatawaran.
3. Gawin sa abot ng ating makakaya na itama ang kamalian.
4. Talikuran ang kasalanan.
5. Sundin ang mga kautusan at mamuhay nang higit na katulad ng Tagapagligtas.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ginagawa ng mga di-mananampalataya sa mga kasapi ng Simbahan? Ano ang ibig sabihin ng inuusig? Bakit sa palagay ninyo inusig ng mga taong ito ang mga kasapi ng Simbahan? (Mosias 27:1, 8–10.) Sa paanong paraan maaaring inuusig ang mga kasapi ng Simbahan ngayon?
- Sino ang nanalangin para kay Nakababatang Alma at sa mga anak ni Mosias? Para saan sila nanalangin? (Mosias 27:14.) Ano sa palagay ninyo ang ipinananalangin ng mga magulang ninyo kapag ipinananalangin nila kayo?
- Paano tayo dapat manalangin upang makatanggap ng mga sagot? (Mosias 27:14.) Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang makatanggap sila ng mga sagot sa kanilang mga panalangin. Maaari mo ring naising magbahagi ng gayong karanasan.
- Paano naranasan nina Alma at ng kanyang apat na kaibigan ang kapangyarihan ng Ama sa Langit? (Mosias 27:11, 15, 18.)
- Ano ang nangyari kay Alma dahil sa espirituwal na karanasang ito? (Mosias 27:19.) Paano ito naging isang dakilang pagpapala sa buhay ni Alma?
- Ano ang ginawa ng Nakatatandang Alma nang marinig niya ang nangyari sa kanyang anak [na lalaki]? (Mosias 27:20–23.) Bakit nais ng ating mga magulang na sundin natin ang mga kautusan ng Ama sa Langit?
- Ano ang naramdaman ni Alma matapos makipag-usap ang anghel sa kanya? (Alma 36:11–17.) Bakit mahalaga na makadama tayo ng pagkalungkot sa ating mga kasalanan?
- Paano nakatulong sa pagsisisi ni Alma ang kanyang kaalaman tungkol sa pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Alma 36:17–18.) Ano ang ginawa ni Alma

nang maaalala niya ang Tagapagligtas? (Alma 36:18.) Bakit mahalagang ipagtapat ang ating mga kasalanan at manalangin para sa kapatawaran kapag nagsisisi tayo?

- Paano itinama ni Alma ang nagawa niyang pagkakamali? (Alma 36:24.) Bilang bahagi ng pagsisisi, bakit mahalaga para sa atin na magbago at sikaping itama ang mga maling bagay na nagawa natin?
- Nang ang Nakababatang Alma at ang mga anak ni Mosias ay nagsisi at nagbago mula sa kanilang masasamang gawi, ano ang ninais nilang gawin upang makatulong sa iba? (Mosias 27:32, 35; 28:1.) Paano tayo magiging mabubuting halimbawa sa ating mga mag-anak at mga kaibigan?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumamit ng larawan ng isang sanggol, o anyayahan ang isang tao na may sanggol na dalhin ang kanyang sanggol sa klase. Ihambing ang kadalisayan ng isang sanggol sa kadalisayan ng isang tao na nagsisi.
2. Anyayahan ang isang bagong kasapi na magbahagi ng ilan sa mga paraan kung paano nakaapekto sa kanyang buhay at kaligayahan ang pagsisisi at pagbibinyag.
3. Gumamit ng isang bote ng malinaw na tubig bilang sagisag sa isang taong malaya sa kasalanan. Patakan ang tubig ng kaunting pangkulay sa pagkain, at ituro kung paano kumakalat ang kulay sa tubig. Ihambing ito sa kasalanan. Pagkatapos ay magdagdag ng ilang patak ng *chlorox* upang mapalinaw ang kulay ng tubig, at ihambing ito sa kung paano tayo nililinis ng pagsisisi mula sa kasalanan. (Maaari mong naisin na paunang subukan ang eksperimentong ito upang malaman kung gaanong pangkulay at *chlorox* ang gagamitin.)
4. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ama, Tulungan na Magpatawad” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na tanging sa pamamagitan ng pagsisisi at pagbabayad-sala lamang ni Jesucristo mapagagaan ang mga pasanin ng kasalanan at makatatanggap tayo ng kapatawaran at ganap na kagalakan.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Mosias 27:10–24 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Misyon nina Alma at Amulek sa Ammonihas

Aralin 15

**Layunin**

Ituro sa mga bata ang kahalagahan ng matapat na pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit.

**Paghahanda**


1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 8:8–9:34 at 11:21–12:19. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Alma 10.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–27, Nagtuturo si Alma sa mga Tao ng Ammonihas.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Iguhit ang sumusunod na paglalarawan sa pisara:



Ipalagay sa isang bata ang tisa sa may tuldok at paguhitin ng linya na sinusunod ang mga tagubiling ito:

1. Kumanan nang tatlong parisukat.
2. Bumaba nang dalawang parisukat.
3. Kumaliwa nang isang parisukat.
4. Umakyat nang isang parisukat.
5. Kumaliwa nang dalawang parisukat.
6. Bumaba nang isang parisukat.
7. Kumanan nang isang parisukat.
8. Bumaba nang isang parisukat.
9. Kumanan nang dalawang parisukat.

- Kung hindi sinunod ni (pangalan ng bata) ang aking mga tagubilin, makaaabot ba ang linya sa bituin?

Pasalamatan ang bata sa pagiging masunurin sa bawat tagubilin. Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa dalawang misyonero na naging masunurin sa lahat ng mga ipinagawa sa kanila.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang kuwento tungkol kina Alma at Amulek at sa kanilang misyon sa Ammonihas mula sa Alma 8:8–9:34 at 11:21–12:19. (Para sa mga iminungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan ang "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang larawan sa angkop na pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit ayaw makinig ng mga tao ng Ammonihas kay Alma? (Alma 8:9.) Ano ang ginawa ni Alma upang sikaping palambutin ang mga puso ng mga tao? (Alma 8:10.)
- Ano sa palagay ninyo ang maaaring nagawa ninyo kung naranasan ninyo ang naranasan ni Alma nang una siyang magpunta sa Ammonihas? (Alma 8:13–14.) Bakit sinabi ng anghel kay Alma na magdiwang? (Alma 8:15.) Ano ang nararamdaman ninyo kapag nakasusunod kayo sa mga kautusan ng Ama sa Langit?
- Kailan ang unang pagkakataon nang ipadala ang anghel na ito na may dalang mensahe para kay Alma? (Ituro ang talababa para sa salitang *naghatid* sa Alma 8:15, at pagkatapos ay ipabasa sa isang bata ang Mosias 27:11–16.) Maikling pagbalik-aralan kung paano nagsisi si Alma at naging isang masunuring tagapaglingkod ng Ama sa Langit (tingnan sa aralin 14).
- Ano ang matututuhan nating mula sa paraan ng pagtugon ni Alma sa utos ng anghel? (Alma 8:18.)
- Bakit maluwag sa kalooban ni Amulek na tumulong kay Alma? (Alma 8:20.) Ano ang iniutos na gawin nina Alma at Amulek? (Alma 8:29.)
- Paano tinulungan ng Ama sa Langit sina Alma at Amulek na harapin ang masasamang tao ng Ammonihas? (Alma 8:30–32.) Ano ang maaari nating gawin upang maging karapat-dapat sa tulong ng Ama sa Langit sa mahihirap na kalagayan?
- Ano ang ipinropesiya ni Alma na mangyayari sa mga tao ng Ammonihas kung hindi sila nagsisi at sumunod sa mga kautusan? (Alma 9:18.)
- Ano ang ipinropesiya nina Alma at Amulek tungkol kay Jesucristo? (Alma 9:26–28.)
- Ano ang ibig sabihin ng mag-ayuno? Bakit nag-ayuno si Alma para sa mga tao ng Ammonihas? (Alma 10:7.) Paano maaaring maging pagpapala sa inyo ang pag-aayuno?
- Paano sinikap tuksuhin ni Zisrom si Amulek? (Alma 11:22.) Paano tumugon si Amulek sa tuksong ito? (Alma 11:23–25.) Mayroon na bang sumubok na linlangin o tuksuhin kayo na gawin ang isang bagay na mali? Paano ninyo mapaglalabanan ang gayong tukso?

- Paanong pinagpala si Zisrom ng pagiging masunurin nina Alma at Amulek? Ano ang naging dahilan ng pagsisisi ni Zisrom? (Alma 12:7–8.) Paano makatutulong sa iba na magkaroon ng patotoo ang pagbabahagi ng inyong patotoo? Ano ang itinuro ni Alma kay Zisrom tungkol sa kung paano tayo huhusgahan ng Diyos? (Alma 12:12–15.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Anyayahan ang isang kauuwi pa lamang na misyonero na dumalaw sa klase upang ibahagi kung gaano kahalaga para sa kanya ang sumunod sa mga patakaran ng misyon at sa mga aral ni Jesucristo. Ipaliwanag na tuwing umaga ay pinalalakas ng mga misyonero ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pag-aaral ng banal na kasulatan at panalangin bago lumabas upang ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ituro sa mga bata na ang pagsunod sa mga kautusan ay tutulong sa kanilang magkaroon ng pananampalataya, lakas ng loob, at proteksiyon mula kay Satanas.

2. Magdala ng isa o higit pang mga bagay upang makapagbihis ang isang bata na tulad ni Alma. Ipasadula sa ilang bata ang misyon ni Alma sa Ammonihas. Bigyan ang batang gaganap sa papel ni Alma ng isang kard na nasusulatan ng sumusunod na mensahe: "Ako ay si Alma. Nagpunta ako rito upang magturo ng tungkol sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at kung paano susundin ang kanyang mga kautusan. Maaari ba akong magtuloy?" Bigyan ang iba pang mga bata ng mga kard na nasusulatan ng sumusunod na mga mensahe:

   Hindi na kami mga kasapi ng Simbahan, Alma. Hindi namin pinaniniwalaan ang anumang sinasabi mo.
   Hindi ka maaaring magtuloy, Alma. Lisanin mo ang aming bahay at aming lungsod.
   Magtuloy ka. Gusto kong marinig ang mensahe mo.
   Hindi! Naaalala namin kung gaano ang iyong paghihimagsik, Alma. Hindi kami makikinig sa isang taong mapagkunwari.

   Pag-usapan ang tungkol sa kailangang taglaying katapangan ng mga misyonero at kung paano ang pananampalataya kay Jesucristo at pagsunod sa kanyang mga kautusan ay nagbibigay sa atin ng lakas ng loob.

3. Hilingin sa isang bata na gumanap bilang si Amulek. Hilingan ang isa pang bata na gumanap bilang si Zisrom at magkunwaring may hawak na anim na onti ng pilak sa kanyang kamay. Bigyan ang batang ito ng kard na may nakasulat na: "Masdan, narito ang anim na onti ng pilak, at ang lahat ng ito ay ibibigay ko sa iyo kung iyong itatatwa ang pagkakaroon ng isang Kataas-taasang Katauhan."

   Itigil ang dula-dulaan at itanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ang dapat sabihin ni Amulek sa suhol na ito. Bigyang-diin ang katapangan ni Amulek sa paggawa ng tama. Pag-usapan ang tungkol sa katapangan na nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na taglayin natin upang maging masunurin.

4. Tanungin ang mga bata kung anong mga kautusan ang nasunod nila o susundin ngayon, tulad ng pagsambit ng mga panalangin, pagpunta sa simbahan, pag-awit ng mga awitin, pagbibigay ng patotoo, pagtanggap ng sakramento, pag-iisip tungkol kay Jesucristo habang nagsasakramento, paggawa ng mabubuting gawa ng paglilingkod, at pagbabayad ng ikapu. Himukin ang mga bata na bantayan ang kanilang mga kilos, kanilang mga salita, at kanilang mga kaisipan sa darating na linggo at magkaroon ng lakas ng loob na sundin ang mga kautusan ng Ama sa Langit.
5. Awitin o basahin ang mga salita sa "Mangahas na Tama ay Gawin" (*Mga Himno at Awit Pambata*), "Ang Tama ay Ipagtanggol" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Piliin ang Tamang Daan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibigay ang patotoo na nais ng Ama sa Langit na sundin natin ang kanyang mga kautusan upang maging karapat-dapat tayo sa kanyang Espiritu, na makakapiling natin at tutulong sa atin upang makabalik sa kanya.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Alma 8:14–20 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Sina Alma at Amulek sa Bilangguan

Aralin 16

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo upang makapanindigan sila sa tama.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 14:1–16:10. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Karagdagang babasahin: Alma 60:13.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang payong.
   c. Mga larawan 4–28, Sina Alma at Amulek sa Ammonihas, at 4–29, Lumabas mula sa Bumagsak na Bilangguan sina Alma at Amulek.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita sa mga bata ang isang payong (o magkunwaring ikaw ay may payong) at isang Aklat ni Mormon. Itanong kung paano ang dalawang bagay na ito ay maaaring magkahawig. Tulungan ang mga bata na maunawaan na hindi tayo mapangangalagaan ng isang payong sa ulan hangga’t hindi natin ito binubuksan at hindi tayo tumatayo sa ilalim nito. Gayundin naman na hindi mapalalago ng Aklat ni Mormon ang ating pananampalataya kay Jesucristo hangga’t hindi natin binubuksan ito, may panalanging pinag-aaralan ito, at ipinamumuhay ang mga aral nito.

Anyayahan ang mga bata na buksan ang kanilang mga kopya ng Aklat ni Mormon at pag-aralan kung paano ang dalawang misyonero ay nagkaroon ng sapat na pananampalataya upang mapabagsak sa lupa ang mga dingding ng isang bilangguan.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat tungkol kina Alma at Amulek na nasa bilangguan mula sa Alma 14:1–16:10. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”) Gamitin ang mga larawan sa angkop na pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa

klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Maikling pagbalik-aralan ang kuwento tungkol kay Zisrom mula sa nakaraang aralin. Ano ang nadama ni Zisrom nang malaman niyang nabulag niya ang mga isipan ng mga tao? (Alma 14:6.)
- Paano ipinakita ni Zisrom na siya ay nagsisisi sa kanyang mga kasalanan? (Alma 14:7.) Paano siya pinakitunguhan ng mga tao? Bakit kung minsan ay inuusig ng mga tao ang mga naniniwala sa Ama sa Langit?
- Ano ang ginawa ng mga tao ng Ammonihas kay Zisrom at sa mga naniwala kina Alma at Amulek? (Alma 14:7, 9.) Ano ang madarama ninyo kung nangyari ito sa inyo?
- Samantalang tinitingnan ng nagdadalamhating Alma at Amulek ang mga banal na kasulatan at ang mga walang-malay na maybahay at mga batang nasusunog, ano ang sinabi ng Espiritu Santo kay Alma? (Alma 14:11.) Bakit hindi pinahintulutan ng Ama sa Langit na iligtas ni Alma ang mga tao mula sa apoy?
- Ano ang nangyayari sa mga matwid na tao na namamatay sa pagtatanggol sa katotohanan? (Alma 60:13.) Tulungan ang mga bata na maunawaan na minsan ay namamatay ang mga matwid na tao sa pagtatanggol sa katotohanan.
- Bakit sa palagay ninyo nagawang pagtiisan nina Alma at Amulek ang kanilang kakila-kilabot na mga paghihirap? Ano ang maaari ninyong gawin upang subuking makamtan ang pananampalataya kay Jesucristo na taglay nina Alma at Amulek? Paano nangangailangan ng tapang ang paninindigan sa tama?
- Samantalang nasa bilangguan sina Alma at Amulek, anong kapangyarihan ang ibinigay sa kanila upang isagawa? (Alma 14:25–28.) Sino ang nagbigay sa kanila ng kapangyarihang ito? Bakit sa palagay ninyo tumakbong papalayo kina Alma at Amulek ang mga tao sa lungsod? (Alma 14:29.)
- Bakit nagkasakit ng nag-aapoy na lagnat si Zisrom? (Alma 15:3.) Ano ang naging dahilan ng paggaling ni Zisrom kapwa sa pisikal at espirituwal? (Alma 15:6–8.) Ano ang nadama ninyo nang makagawa kayo ng isang bagay na mali? Ano ang nadama ninyo nang nakapagsisi kayo? (Mag-ingat sa pagtalakay ng mga bagay na maglalagay sa mga bata sa kahihiyan.)
- Pagkatapos siyang mapagaling at mabinyagan, ano ang ginawa ni Zisrom? (Alma 15:12.) Ano ang ginagawa ninyo ngayon upang maibahagi ang ebanghelyo sa iba? Paano kayo makapaghahanda upang makapaglingkod sa misyon? Ano ang nangyari kay Amulek dahil sa siya ay misyonero? (Alma 15:16.) Anong mga sakripisyo ang ginagawa ng mga misyonero ngayon upang makapagmisyon?
- Ano ang ipinropesiya ni Alma na mangyayari sa mga tao ng Ammonihas kung tatanggi silang magsisi? (Alma 9:18.) Paano natupad ang propesiyang ito? (Alma 15:15; 16:2–3, 9–10.)
- Ano ang natutuhan ninyo mula sa kuwento nina Alma at Amulek na makatutulong sa inyo na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at manindigan para sa tama?


---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumawa ng mga kopya ng tsart na Panindigan ang Tama na nasa hulihan ng aralin, at bigyan ng isa ang bawat bata. Paguhitin ang mga bata ng mga

linya na magdurugtong ng isang salita sa kaliwa sa isang salita sa kanan upang makagawa ng pangungusap na nangangailangan ng lakas ng loob upang gawin. Hilingin sa mga bata na tumayo kapag tapos na sila. Kapag nakatayo na ang lahat, hilingin sa kanila na maupo at pumili ng isang pangungusap na taos puso nilang paninindigan. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na magpunta sa harapan ng silid at ulitin nang malakas ang kanilang layunin habang binubuksan ang payong at tumatayo sa ilalim nito. Halimbawa: "Paninindigan ko na kailanman ay hindi ako mandaraya!" (Maaaring piliin ng ilang bata ang iisang layunin.) Ipaliwanag na ang payong ay sumasagisag sa mga aral ni Jesucristo, na mangangalaga sa atin mula kay Satanas kung susundin natin ang mga ito.




2. Kasama ang mga bata, gumawa ng isang listahan sa pisara ng mga bagay na magagawa ng mga bata upang palakasin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Hilingin sa bawat bata na pumili mula sa listahan ng isang bagay na gagawin sa darating na linggo. Ipapikit sa mga bata ang kanilang mga mata at ipalarawan sa kanilang isipan ang kanilang mga sarili na naisasakatuparan ang kanilang mga layunin. Anyayahan ang mga bata na sabihin sa iyo sa susunod na linggo kung gaano sila nagtagumpay.
3. Basahin ang ika-apat na saligan ng pananampalataya, at hilingin sa mga bata na tukuyin kung paano nagdaan sa bawat hakbang si Zisrom.
4. Awitin o basahin ang mga salita sa "Ang Tama ay Ipagtanggol" (*Aklat ng mga Awit Pambata*). Patayuin ang mga bata kapag aawitin na nila ang huling pariralang, "at ang tama ay ipagtanggol."

## Katapusan

**Patotoo**

Patotohanan na habang sinusunod natin ang mga kautusan na tulad ng ginawa nina Alma at Amulek, ang sarili nating pananampalataya kay Jesucristo ay madaragdagan at magkakaroon tayo ng lakas ng loob na panindigan ang tama.

**Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan**

Imungkahi sa mga bata na pag-aralan ang Alma 14:23–29 at 15:1–13 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

PANINDIGAN ANG TAMA

| | |
|---|---|
| Piliin | Mga panalangin |
| Sabihin | Ari-arian |
| ‘ Hindi kailanman | Mabait |
| Sumunod | Mandaya |
| Igalang | Katotohanan |
| Maging | Pagsumpa |
| Iwasan | Tama |
| Sabihin | Mga kautusan |
| Sundin | Mga banal na kasulatan |
| Pag-aralan | Jesus |

PANINDIGAN ANG TAMA

| | |
|---|---|
| Piliin | Mga panalangin |
| Sabihin | Ari-arian |
| ‘ Hindi kailanman | Mabait |
| Sumunod | Mandaya |
| Igalang | Katotohanan |
| Maging | Pagsumpa |
| Iwasan | Tama |
| Sabihin | Mga kautusan |
| Sundin | Mga banal na kasulatan |
| Pag-aralan | Jesus |

# Si Ammon, Isang Dakilang Tagapaglingkod

Aralin
17

**Layunin**

Himukin ang bawat bata na ibahagi ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa at pagbibigay ng patotoo tungkol kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 17–19. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–30, Ipinagtatanggol ni Ammon ang mga Kawan ni Haring Lamonias (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 310; 62535 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipaganap sa isang bata ang papel ng isang hindi kasapi. Isa-isang paganapin bilang mga misyonero ang dalawang bata. (Maaari kang gumawa ng mga pangalan na nakasulat sa papel kung nais mo.) Pasagutin ang bawat pares ng mga misyonero sa isa o dalawa sa mga tanong ng nag-uusisa, na maaaring may hawig sa sumusunod:

Paano ninyong nalalaman na buhay ang Ama sa Langit?
Ano ang anyo ng Ama sa Langit?
Sino si Jesucristo?
Ano ang ginawa ni Jesucristo para sa atin?
Sino ang Espiritu Santo?
Paano tayo tinutulungan ng Espiritu Santo?

Tanungin ang mga bata kung ano ang nadarama nila kapag sinasabihan nila ang isang tao tungkol sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa Espiritu Santo. Tulungan ang mga bata na maunawaan na naibahagi nila ang kanilang mga patotoo nang ipaliwanag nila ang nalalaman nila tungkol sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa Espiritu Santo.

Ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 ay maaaring gamitin bilang panghaliling gawaing pantawag pansin.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa isang dakilang misyonero na may malakas na patotoo.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng larawan sa angkop na pagkakataon, ituro sa mga bata ang ulat tungkol kina Ammon at Haring Lamonias mula sa Alma 17–19. Ipaliwanag na ibinigay ni Ammon ang kanyang patotoo kay Haring Lamonias tungkol sa kanyang kaalaman sa Ama sa Langit. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ibig sabihin ng maging "kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon"? (Alma 17:9.) Ipaliwanag na ang isang *kasangkapan* ay isang kagamitan. Pagkatapos magsisi ang mga anak ni Mosias, paano sila naghanda para sa kanilang mga misyon? (Alma 17:2–3.) Ano ang ginagawa ninyo ngayon upang maibahagi ang ebanghelyo sa iba? Ano ang magagawa ninyo upang maghanda na maging isang matapat na misyonero?
- Bakit ninais na magmisyon ng mga anak ni Mosias sa mga Lamanita? (Alma 17:16.) Bakit mahalaga na marinig at maunawaan ng lahat ng anak ng Ama sa Langit ang ebanghelyo ni Jesucristo?
- Ano ang inasahan ni Ammon nang makipaglaban siya sa masasamang Lamanita? (Alma 17:29.)
- Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Mosias tungkol sa kanyang mga anak? (Alma 17:35.) Paano tinupad ng Panginoon ang kanyang pangako sa pagkakataong ito? (Alma 19:22–23.)
- Ano ang naging epekto ng halimbawa ni Ammon kay Haring Lamonias? (Alma 18:9–11.) Sino ang nakapagpakita ng mabuting halimbawa sa inyo? Para kanino kayo maaaring magpakita ng mabuting halimbawa?
- Paano nakaapekto kay Haring Lamonias ang patotoo ni Ammon at ang Espiritu ng Panginoon? (Alma 18:40–43.) Paano nakatulong sa inyo ang mga patotoo ng iba? Sa paanong mga paraan ninyo maibabahagi ang inyong patotoo sa iba?
- Paano ipinakita ng reyna at ng kanyang tagapagsilbi na si Abis ang kanilang malaking pananampalataya? (Alma 19:8–12, 17.)
- Ano ang pinatotohanan kapwa nina Haring Lamonias at ng reyna? (Alma 19:12–13, 29–30.) Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Haring Lamonias pagkatapos niyang makita si Jesucristo? (Alma 19:12–13.)
- Bakit mahalagang tulungan natin ang iba na malaman ang tungkol kay Jesucristo tulad ng ginawa nina Ammon at Haring Lamonias?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipakita sa mga bata ang ilang kasangkapan o kagamitan na ginagamit ng mga manggagawa, manggagamot, hardinero, pintor, at marami pa. Hilingin sa mga bata na sabihin kung ano ang nalalaman nila tungkol sa bawat isa, sino ang gumagamit nito, at kung paano ginagamit ito.

   Talakayin ang kahalagahan ng mga kagamitan. Ipaliwanag kung paano ang bawat isa sa mga bata ay maaaring maging tulad ng isang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos.

2. ‘Bigyan ang bawat bata ng isang pirasong papel at isang lapis at ipasulat sa kanila ang kanilang mga patotoo o damdamin tungkol sa Simbahan at sa ebanghelyo ni Jesucristo. Maaari nilang isama ang mga kaisipan at damdamin na nagpapadama sa kanila na malapit sila sa Ama sa Langit. Ipaisip sa kanila ang isang taong maaari nilang bahaginan ng kanilang mga patotoo.

3. Pagawain ang mga bata ng sumusunod na kard upang maiuwi:

   Maaari akong maging isang misyonero ngayon sa pamamagitan ng ............... (Papunan sa kanila ang patlang.)

4. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ako ay Magiging Magiting” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Nais Kong Magmisyon Ngayon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon,” talata 5 (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan

Patotoo

Patotohanan na pinagpapala tayo ng Panginoon habang nagpapatotoo tayo tungkol sa kanya at sa kanyang ebanghelyo. Maibabahagi natin ang ebanghelyo sa iba sa pamamagitan ng ating halimbawa habang ipinamumuhay natin ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Alma 17:19–25, 18:8–40 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
18

# Nagbalik-loob ang Ama ni Haring Lamonias

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na maunawaan na sa pamamagitan ng plano ng pagtubos tayo ay mapatatawad sa ating mga kasalanan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 20:1–22:26 at 23:1, 4–5. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Ihanda ang sumusunod na walong sinulatang piraso ng papel (o maaari mong planuhing isulat ang mga salita sa pisara):
   Paglikha
   Adan at Eva—Pagkahulog
   Kasalanan
   Kamatayang Pisikal
   Jesucristo—Pagbabayad-sala
   Pagkabuhay na Mag-uli
   Pagsisisi
   Plano ng Pagtubos
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893); 4–31, Nakilala nina Ammon at Lamonias ang Ama ni Lamonias; at 4–32, Binabasa ni Aaron ang mga Banal na Kasulatan sa Ama ni Lamonias.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Hilingin sa mga bata na alalahanin kung ano ang naramdaman nila nang magkaroon sila ng masamang panaginip. Anyayahan ang isa o dalawang bata na ibahagi ang kanilang nadama. Pagkatapos ay hilingin sa kanilang alalahanin ang ginhawa nang magmulat sila at malamang iyon ay hindi totoo kundi isang panaginip lamang.

Ipaliwanag na ang hindi pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit ay nagiging sanhi ng kalungkutan, sakit, at dalamhati. Ang mga nakadarama ng pagkabagabag sa hindi pagsunod ay maaaring nagnanais na "magising" sana

sila at matuklasang ang kanilang mga kasalanan ay naglaho na. Ang pagtanggap ng kapatawaran para sa mga kasalanan ay hindi ganoon kadali, ngunit ang Ama sa Langit ay naglaan ng paraan upang mapatawad tayo sa ating mga kasalanan.

Ipakita ang sumusunod na apat na mga sinulatang piraso ng papel: "Paglikha," "Adan at Eva—Pagkahulog," "Kasalanan," at "Kamatayang Pisikal." Maikling ipaliwanag (planuhin ng mga dalawang minuto) na bago likhain ang mundo tayong lahat ay nabuhay bilang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit. Si Jesucristo, sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit, ang lumikha sa daigdig na ito at ng lahat na narito. Sina Adan at Eva ay inilagay sa Halamanan ng Eden, kung saan pinili nilang kainin ang bunga na ipinagbawal ng Ama sa Langit na kainin nila. Ang pagsuway nina Adan at Eva sa pagkain ng bunga ay tinawag na Pagkahulog. Ipaliwanag na nagpapasalamat tayo kina Adan at Eva dahil ginawa nilang posible na maisilang tayo sa daigdig. Ang Pagkahulog ay kailangan, ngunit ito ay nagbunga ng dalawang mabibigat na bagay para sa atin:

Lahat tayo ay magkakasala, na gumagawa ng mga maling pagpili sa pagitan ng mabuti at masama.

Lahat tayo ay magdaranas ng kamatayang pisikal.

Ipaliwanag na bago pa nilikha ang daigdig, ang Ama sa Langit ay mayroon nang plano na makatutubos, o makapagliligtas, sa atin kung magsisisi tayo. (Alma 12:22–25.) Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan ng mga bata ang tungkol sa isang Haring Lamanita na nakaunawa na nagkasala siya nang mabigat at kung paano siya nakatanggap ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ituro ang ulat tungkol sa pagbabalik-loob ng ama ni Haring Lamonias na nakatala sa Alma 20:1–22:26. Isali sa inyong talakayan ang natutuhan ng ama ni Haring Lamonias tungkol sa plano ng pagtubos. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit sumama si Haring Lamonias kay Ammon sa lupain ng Midoni? (Alma 20:1–5.) Ipaliwanag na si Aaron ay isa sa mga nakulong na kapatid na misyonero ni Ammon.
- Paano natin nalalaman na hindi pa handang tumanggap ng ebanghelyo ang ama ni Lamonias nang una silang magkita ni Ammon? (Alma 20:10, 13–14.)
- Ano ang nakatulong sa pagpapalambot ng puso ng ama ni Lamonias upang matanggap niya sa dakong huli ang mensahe ng ebanghelyo? (Alma 20:26–27.) Ano ang nadarama ninyo sa mga taong nagpapakita ng pagmamahal sa inyo? Paano ninyo maipakikita ang inyong pagmamahal sa iba?

- Paano nalaman ni Aaron na dapat niyang dalawin ang ama ni Lamonias? (Alma 22:1.)
- Ano ang naging dahilan ng pagkabahala ng ama ni Lamonias? (Alma 22:4–6.)
- Bakit sa palagay ninyo naging interesado sa ebanghelyo ang ama ni Lamonias nang sabihin ni Ammon na: "Kung kayo ay magsisisi kayo ay maliligtas, at kung kayo ay hindi magsisisi, kayo ay itatakwil sa huling araw"? (Alma 22:6.)
- Ano ang ginamit ni Aaron habang tinuturuan niya ang ama ni Haring Lamonias? (Alma 22:12.) Paano tayo matutulungan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan?
- Ano ang unang bagay na tinalakay ni Aaron sa ama ni Lamonias? (Alma 22:7–8.) Bakit napakahalaga na maniwala sa Ama sa Langit?
- Ano ang itinuro ni Aaron sa ama ni Lamonias tungkol sa Paglikha? (Alma 22:10.)
- Kaninong wangis tayo nilikha? (Alma 22:12.) Bakit mahalaga para sa inyong malaman na kayo ay nilikha sa wangis ng inyong Ama sa Langit?
- Ano ang itinuro ni Aaron sa ama ni Lamonias tungkol sa Pagkahulog at sa Pagbabayad-sala? (Alma 22:12–14.)

Tulungan ang mga bata na maunawaan na sa pamamagitan ng pagdurusa para sa ating mga kasalanan, pagbibigay ng kanyang buhay para sa atin, at pagkabuhay na mag-uli, ay napagtagumpayan ni Jesucristo ang mga epekto ng Pagkahulog. Ilagay ang sinulatang piraso ng papel na "Jesucristo—Pagbabayad-sala" sa itaas ng sinulatang piraso ng papel na "Adan at Eva—Pagkahulog."

Dahil sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli. Ilagay ang sinulatang piraso ng papel na "Pagkabuhay na Mag-uli" sa itaas ng sinulatang piraso ng papel na "Kamatayang Pisikal."

Si Jesus ay nagdusa para sa ating mga kasalanan at ginawa niyang posible para makapagsisi tayo at mapatawad. Ilagay ang sinulatang piraso ng papel na "Pagsisisi" sa itaas ng sinulatang piraso ng papel na "Kasalanan."

Ilagay ang sinulatang piraso ng papel na "Plano ng Pagtubos" sa itaas ng ibang mga sinulatang piraso ng papel, at ipaliwanag na ito ang plano ng Ama sa Langit upang matulungan tayong maging katulad niya.

- Pagkatapos ipaliwanag ni Aaron ang plano ng pagtubos, ano ang ninais na malaman ng ama ni Lamonias? (Alma 22:15.)
- Ano ang sinabi ni Aaron na dapat gawin ng ama ni Lamonias? (Alma 22:16.) Ano ang kailangan nating gawin upang makatanggap ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan at maging karapat-dapat sa pagtanggap ng buhay na walang-hanggan?
- Ano ang ginawa ng ama ni Lamonias na nagpakita na ninais niyang magsisi? (Alma 22:17–18.) Ano ang nangyari bilang bunga ng pagbabalik-loob ng hari? (Alma 22:22–23, 25–26; 23:1, 4–5.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Anyayahan ang mga bata na markahan sa kanilang mga kopya ng mga banal na kasulatan ang anumang mga talata na nabasa nila, na tulad ng sumusunod, na inaakala nilang napakahalaga:

   "Kung kayo ay magsisisi kayo ay maliligtas, at kung kayo ay hindi magsisisi, kayo ay itatakwil sa huling araw" (Alma 22:6).

   "Tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala kayo" (Alma 22:18).

2. Pagbalik-aralan ang ikalawa at ikatlong mga saligan ng pananampalataya, at tulungan ang mga bata na maunawaan at maisaulo ang mga ito.

3. Gumuhit ng isang malaking parisukat sa pisara o papel, at hatiin ito sa siyam na parisukat na magkakapareho ang laki. Lagyan ng bilang ang mga parisukat mula sa isa hanggang siyam na tulad ng nakapakita:

| | | |
|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 |

   Hatiin ang klase sa dalawang koponan. Bigyan ang bawat koponan ng marka, tulad ng X at O. Hilingan ang isa mula sa unang koponan na pumili ng isang bilang mula isa hanggang siyam; pagkatapos ay basahin ang katugmang tanong sa ibaba. Ang sinumang kasapi ng koponan ay maaaring sumagot sa tanong. Kung tama ang sagot ng mga kasapi ng koponan, maaari nilang ilagay ang marka ng koponan sa parisukat na may katulad na bilang sa tanong na kanilang nasagot. Kung hindi tama ang kanilang sagot sa tanong, huwag markahan ang parisukat. Hayaang maghalinhinan ang mga koponan. Matatapos ang laro kapag ang sinuman sa mga koponan ay makakukuha ng tatlong sunud-sunod na marka sa hanay, pahalang, patayo, o pahilis man.

   1) Ano ang tawag sa dakilang plano ng Ama sa Langit para sa atin? (Ang plano ng kaligtasan, ang plano ng pagtubos, o ang plano ng kaligayahan.)

   2) Ano ang ibig sabihin ng *tubusin*? (Iligtas tayo mula sa pagkaalipin sa kasalanan.)

3) Sino ang lumikha sa daigdig? (Si Jesucristo, sa ilalim na pamamahala ng Ama sa Langit.)

4) Sino ang mga unang tao sa daigdig? (Sina Adan at Eva.)

5) Ano ang nangyari dahil sa pagkain nina Adan at Eva sa ipinagbabawal na bunga? (Sila ay itinaboy sa Halamanan ng Eden, maaari silang magkaroon ng mga anak, sila ay naging mortal, at nagawa nilang pumili sa pagitan ng tama at mali [tingnan sa Moises 5:11].)

6) Tinuruan ni Aaron ang hari mula sa mga banal na kasulatan o mga laminang tanso. Anu-ano ang apat na aklat ng banal na kasulatan na ginagamit natin sa pagtuturo ng ebanghelyo, o ng plano ng pagtubos? (Ang Bibliya, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.)

7) Ano ang unang bagay na itinuro ni Aaron sa ama ni Haring Lamonias? (May isang Diyos.)

8) Paanong ginawang posible ni Jesus na makabalik tayo upang mamuhay na kapiling siyang muli? (Nagpakasakit siya at namatay para sa ating mga kasalanan.)

9) Ano ang kailangan nating gawin upang makabalik sa Ama sa Langit? (Magsisisi sa ating mga kasalanan, tuparin ang ating mga tipan, gumawa ng mabubuting gawa.)

Para makapaglaro muli, gumawa ng mga tanong mula sa aralin.

4. Awitin o basahin ang mga salita sa “Mag-anak ay Magsasama-sama sa Kawalang-hanggan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Ipinadala ang Kanyang Anak” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Ako ay Anak ng Dios” (*Mga Himno at Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na mahal tayo ng ating Ama sa Langit at naglaan siya ng isang plano ng pagtubos upang makapagsisi tayo sa ating mga kasalanan at maging katulad niya.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 22:1–16 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Paalala: Kung pipiliin mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 sa aralin sa susunod na linggo, kakailanganin mong gawin nang pauna ang takdang aralin ng mga isa o dalawang linggo.

# Ang mga Anti-Nefias-Lehias

Aralin
19

**Layunin** Palakasin ang pagnanais ng bawat bata na tuparin ang mga sagradong tipan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 23–24; 26:23–33; at 27. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Alma 25:1–26:22.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Para sa panghaliling gawaing pantawag pansin: isang mababaw na kahon o kawali, sapat na asin o buhangin upang ibuhos nang manipis sa kahon, isang pangmarka o krayola, at isang bato.
   c. Larawan 4–33, "Ibinabaon ng mga Anti-Nefias-Lehias ang Kanilang mga Espada" (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 311; 62565 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan ng mga Anti-Nefias-Lehias na nagbabaon ng kanilang mga espada. Tanungin ang mga bata kung nanaisin nilang ibaon ang kanilang mga sandata kung alam nilang sila ay nanganganib na lusubin. Alam ng mga Anti-Nefias-Lehias na binabalak ng kanilang mga kaaway na patayin sila, ngunit nakagawa sila ng taimtim na pakikipagtipan sa Ama sa Langit na hindi sila makikipaglaban. Ipaliwanag na ang isang tipan sa ebanghelyo ay isang kasunduan o pangakong nagbibigkis sa Ama sa Langit at sa kanyang mga anak. Hilingin sa mga bata na makinig habang isinasalaysay mo ang kuwento tungkol sa mga Anti-Nefias-Lehias upang matuklasan kung bakit ginawa nila ang tipan na ito at kung paano nila tinupad ang kanilang pangako.

Panghaliling Gawaing Pantawag Pansin

Ibudbod ang asin o buhangin sa kailaliman ng kahon. Isulat ang salitang *Pangako* sa asin o buhangin sa pamamagitan ng iyong daliri. Itanong sa mga bata ang mga sumusunod:

- Nakagawa na ba kayo ng pakikipagkasunduan o pangako sa isang taong sumira sa kanilang bahagi ng pangakong iyon? (Hayaang sabihin ng mga bata kung ano ang naramdaman nila nang masira ang pangako habang hinihipan mo nang mahina ang asin o buhangin upang burahin ang salita.)
- Ano ang tawag natin sa pangakong ginagawa natin sa Ama sa Langit? (Isang tipan.)

- Kailan tayo gumawa ng mga tipan sa Ama sa Langit? (Nang tayo ay mabinyagan.)

Paalalahanan ang mga bata na ang isang pangako ay hindi dapat ipagwalang-bahala. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtupad sa iyong salita. Isulat ang salitang *Tipan* sa isang bato sa pamamagitan ng isang pangmarka o krayola. Ipaliwanag na ang isang tipan ng ebanghelyo ay isang pangako sa pagitan ng Ama sa Langit at kanyang mga anak. Ihipan ang bato upang ipakita na ang salita ay hindi kaagad nabubura. Habang gumagawa tayo ng mga tipan dapat nating alalahanin na ang mga ito ay sagrado, at kailangan na buo sa ating kalooban na tuparin ang mga ito.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat tungkol sa kung paano iginalang ng mga Anti-Nefias-Lehias ang kanilang mga tipan mula sa Alma 23–24; 26:23–33; at 27. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang mga larawan sa angkop na pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Anu-ano ang mga pangalan ng apat na anak na lalaki ni Mosias? (Mosias 23:1.)
- Bakit nais ng mga anak ni Mosias na ipangaral ang ebanghelyo sa mga Lamanita? (Mosias 28:3.) Bakit nagtawanan ang mga Nefita sa Zarahemla nang sabihin ng mga anak ni Mosias ang tungkol sa kanilang mga plano? (Alma 26:23–25.)
- Paano nagbalik-loob kay Jesucristo ang mga Lamanita? (Alma 23:5–6.) Ilan sa mga nagbalik-loob na ito ang nanatiling matatag sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo? Ano ang maaari nating gawin upang mapanatiling matatag ang ating pananampalataya kay Jesucristo?
- Bakit pinalitan ng mga nagbalik-loob na Lamanita ang kanilang pangalan? (Alma 23:16–17.) Sa dakong huli, nang lumipat ang mga nagbalik-loob na ito sa lupain ng Jerson, sa anong pangalan sila nakilala? (Alma 27:26.) Anong pangalan ang pinakipagtipanan ninyong tataglayin sa inyong sarili? (Mosias 5:7–8.)
- Bakit buo na sa kalooban ng mga Anti-Nefias-Lehias na hindi na kailanman makikipaglaban sa kanilang mga kaaway? (Alma 24;10–13, 16.)
- Anong tipan ang ginawa ng mga Anti-Nefias-Lehias sa Panginoon habang ibinabaon nila ang kanilang mga sandata? (Alma 24:17–18.) Gaano katapat ang mga Anti-Nefias-Lehias sa pagtupad sa tipan na ito? (Alma 24:19–22.) Anong mga kautusan ang tinipan nating susundin? (Ang Salita ng Karunungan, ikapu, pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, at pagkakaroon ng malinis na mga kaisipan at kilos.)

- Ano ang nangyari sa marami sa mga mandirigmang Lamanita nang makita nilang ayaw makipaglaban ang mga tao ng Diyos at sa halip ay nagsihiga upang mapatay? (Alma 24:24–27.) Paano makatutulong sa iba ang ating halimbawa upang naisin nilang mapabilang sa Simbahan? Paano makatutulong ang ating halimbawa ng pagtupad sa ating mga tipan sa iba upang naisin nilang tuparin ang kanilang mga tipan?
- Anong saloobin ang ipinakita ng mga Anti-Nefias-Lehias sa kanilang mga kaaway sa pamamagitan ng pagbabaon ng kanilang mga sandata? (Alma 26:32–33.) Bakit sa palagay ninyo may pagmamahal at pagsasaalang-alang sa lahat, maging sa kanilang mga kaaway, ang mga taong tunay na nagbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo?
- Bakit hindi natakot mamatay ang mga Anti-Nefias-Lehias? (Alma 27:28.)
- Bakit sinabi ng hari ng mga Anti-Nefias-Lehias na siya at ang kanyang mga tao ay magpapaalipin sa mga Nefita? (Alma 27:4–8.)
- Ano ang maaari nating gawin upang maging higit na katulad ng mga Anti-Nefias-Lehias sa paggalang sa ating mga tipan?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong naising gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipaganap sa isang may sapat na gulang ang papel ng hari ng mga Lamanita samantalang sinasabi niya kung bakit ayaw ng kanyang mga tao na itaas ang kanilang mga espada upang kalabanin ang kanilang mga kapatid. Pagbalik-aralan ang tipan na ginawa niya habang ibinabaon niya ang kanyang espada. (Tingnan sa Alma 24:6–13, 16–18.)
2. Pagbalik-aralan ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya. Tanungin ang mga bata kung namuhay ang mga tao ni Ammon ayon sa mga alituntuning ito. Tanungin sila kung paanong ang pamumuhay ayon sa mga alituntuning ito ay makatutulong sa ating tuparin ang ating mga tipan.
3. Awitin o basahin ang mga salita sa “Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Magmahalan” (*Piliin ang Tama, B*).

## Katapusan

Patotoo

Patotohanan na dahil mga kasapi tayo ng simbahan ni Cristo, tayo ay gumawa ng sagradong mga tipan. Kailangan nating igalang ang ating mga tipan kung nais nating tanggapin ang mga ipinangakong pagpapala.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 24:6–27 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 20
# Si Korihor, ang Anti-Cristo

**Layunin**

Tulungan ang mga bata na maunawaan na sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesucristo ay maiiwasan nila ang malinlang ni Satanas.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 30 at Moronias 7:15–17. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nais ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na makapagsasali sa mga bata at pinakamainam na makatutulong sa kanila na makamit ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Mga piraso ng papel na may nakasulat na mabubuting salita at teyp.
   c. Mga larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893); 4–34, Nagpapatotoo si Alma kay Korihor na May Isang Diyos; at 4–35, Isinusulat ni Korihor na Alam Niyang May Isang Diyos.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bago magklase, magsulat ng mabubuting salita (halimbawa, ang unang salita ng bawat pares sa ibaba) sa mga piraso ng papel, at idikit ang isang salita sa ilalim ng upuan ng bawat bata (o maaaring iabot mo ang mga ito habang pumapasok ang mga bata sa silid-aralan). Anyayahan ang mga bata na hanapin ang mga salita sa ilalim ng kanilang mga upuan. Hilingin sa bawat bata na mag-isip ng isang salita na nangangahulugan ng kabaligtaran na salita na nasa kanyang papel. Hayaang sabihin ng bawat bata ang kabaligtaran na salita na naisip niya samantalang sinusubukang hulaan ng ibang nasa klase ang mabuting salita na nasa papel ng bata.

Mga Halimbawang Salita:

| | | |
|---|---|---|
| liwanag/dilim | tama/mali | malinis/marumi |
| buhay/kamatayan | ttotoo/hindi | maligaya/malungkot |
| mabuti/masama | kapayapaan/digmaan | malusog/maysakit |
| pag-ibig/poot | katotohanan/kasinungalingan | mabait/masama |
| tagumpay/kabiguan | dalisay/mahalay | kagalakan/kalungkutan |

Kapag nagkaroon na ng pagkakataon ang lahat, ipaliwanag na katulad lamang ng pagkakaroon ng kabaligtaran ng bawat salita sa gawaing ito, si Satanas ay may huwad o kabaligtarang aral para sa bawat aral ni Jesucristo. Ang

pagsunod sa Ama sa Langit ay nagdudulot sa atin ng kaligayahan; ang pagsunod kay Satanas ay nagdudulot sa atin ng kalungkutan. Itanong sa mga bata ang pagkakaiba ng nadarama ng mga tao kapag nagsasabi sila ng kasinungalingan at ang nadarama nila kapag nagsasabi sila ng katotohanan.

Ituro sa mga bata na kapag mas alam natin ang isang bagay, mas masasabi rin natin ang pagkakaiba ng bagay na iyon at ng kabaligtaran niyon. Kapag mas nalalaman natin ang tungkol kay Jesucristo at sumusunod tayo sa kanya, mas magagawa nating mapaglabanan ang mga tukso at panlilinlang ni Satanas.

Ipaliwanag na malalaman ng mga bata ang tungkol sa isang kabaligtaran ni Jesucristo,—ang isang anti-Cristo. Ang sinuman o anumang aktibong kumakalaban kay Jesucristo (maging hayagan man o palihim) ay isang anti-Cristo.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat tungkol kay Korihor mula sa Alma 30. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”) Maaari mong ipaganap sa isang bata ang papel ni Alma at sa isa pang bata ang papel ni Korihor habang binabasa nila ang mga tanong at sagot sa Alma 30:37–45. Gamitin ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang sumusunod na mga tanong at ang mga sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na inaakala mong pinakamainam na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit sinabi ni Korihor na hangal ang mga tao? (Alma 30:12–16.) Paano natin malalaman sa ating sarili na si Jesus ay buhay? (Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo.) Paano tayo magkakaroon ng patotoo? (Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pananalangin, pakikinig sa mga propeta, at marami pa.)
- Ano ang sinabi ni Korihor tungkol sa pangangailangan sa pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Alma 30:17.) Bakit hindi natin mapagtatagumpayan ang kasalanan sa sarili lamang nating pagsisikap? Paano ginawang posible ni Jesus na mapagtagumpayan natin ang ating mga kasalanan?
- Ano ang hinangaan ninyo sa patotoo ni Alma kay Cristo? (Alma 30:39–41.) Kung kayo ang naging si Alma, ano ang maaaring sinabi ninyo kay Korihor tungkol kay Jesucristo?
- Nang humiling si Korihor kay Alma ng isang palatandaan upang mapapaniwala siyang mayroong Diyos, anong mga halimbawa ang ibinigay ni Alma sa kanya? (Alma 30:44.) Ano ang nakikita ninyo sa paligid ninyo sa araw-araw na nakatutulong sa inyong malaman na nabubuhay ang Ama sa Langit? Ano ang mga naging karanasan ninyo na tumutulong sa inyong malaman na buhay ang Ama sa Langit?
- Anong palatandaan ang tinanggap ni Korihor? (Alma 30:48–50.) Ano ang isinulat ni Korihor tungkol sa Diyos at kay Satanas matapos siyang mapipi? (Alma 30:52–53.)

- Paano itinataguyod ni Satanas ang mga naglilingkod sa kanya? (Alma 30:60.) Paano ginagantimpalaan ng Ama sa Langit ang mga naglilingkod sa kanya? (Mosias 2:41.) Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang sila ay pagpalain sa pagsunod sa mga kautusan.
- May alam ba kayong mga impluwensiya na salungat sa mga aral ni Jesucristo? Anong mga bagay ang iniiwasan ninyo dahil sa alam ninyong ang mga ito ay hindi tulad ng kay Cristo? Anong mga bagay ang humihimok o humihikayat sa inyo na maniwala kay Cristo? (Moronias 7:15–17.)
- Paano kayo mapangangalagaan mula sa panlilinlang ni Satanas? (Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan, pakikinig sa Espiritu Santo, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsunod sa buhay na propeta.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Bigyan ang mga bata ng mga kopya ng bigay-siping "Ito ba ay humihikayat sa akin na maniwala kay Jesucristo?" sa hulihan ng aralin. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *manghikayat* ay kumbinsihin ang isang tao na maniwala o gawin ang isang bagay. Sabihin sa kanilang ito ay isang gabay na ibinigay sa atin ng propetang si Moronias sa paghuhusga sa mabuti at masama (tingnan sa Moronias 7:15–17). Tiyaking nauunawaan ng mga bata na kung may isang bagay na humihikayat sa kanilang gumawa ng mabuti at maniwala kay Cristo, ito ay mabuti; kung hindi, ito ay masama. Maaaring naising iuwi ng mga bata ang kanilang papel bilang paalala.
2. Tulungan ang mga bata na isaulo ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya at talakayin kung paano ito ay gabay din sa pagpili ng tama.
3. Magpakita ng mga larawan ng mga bagay sa kalikasan na nagpapatunay na buhay ang Ama sa Langit. Maaari kang makakita ng mga larawan tulad ng sumusunod sa aklatan ng bahay-pulungan: Paglikha—Mga Buhay na Nilalang (62483), Ang Daigdig (62196), Mga Batang Nakatingin sa mga Bulaklak ng Tagsibol (62270), Mag-anak na May Sanggol (62307), at marami pa. Anyayahan ang mga bata na ipahiwatig ang kanilang nadarama kapag tumitingin sila sa mga larawang ito at kung paano ang mga larawan ay nagpapatunay na may Diyos.
4. Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson, ang ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan. Bigyang-diin kung paano ang Aklat ni Mormon ay isang mabisang kasangkapan sa pag-iwas sa panlilinlang:

   "May isang kapangyarihan sa [Aklat ni Mormon] na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa oras na magsimula kayo ng dibdibang pag-aaral ng aklat. Matatagpuan ninyo ang mas malakas na kapangyarihan na paglabanan ang tukso. Matatagpuan ninyo ang kapangyarihang umiwas sa panlilinlang. Matatagpuan ninyo ang kapangyarihang manatili sa makitid at makipot na landas" (*A Witness and a Warning,* pp. 21–22).

5. Awitin o basahin ang mga salita sa “Ako ay Mahal ng Aking Amang sa Langit” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo na hindi tayo malilinlang kung susundin natin ang mga kautusan, susundin ang mga udyok ng Espiritu Santo, pag-aaralan ang mga banal na kasulatan, at susundin ang buhay na propeta.

Mungkahing Pagbabasa sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Alma 30:12–18, 37–56, 70 sa tahanan bilang pagbabalik-aral ng araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ito ba ay humihikayat sa akin na maniwala kay Jesucristo?

**Tingnan sa Moronias 7:15–17**


# Ito ba ay humihikayat sa akin na maniwala kay Jesucristo?

**Tingnan sa Moronias 7:15–17**

# Ito ba ay humihikayat sa akin na maniwala kay Jesucristo?

**Tingnan sa Moronias 7:15–17**

# Ito ba ay humihikayat sa akin na maniwala kay Jesucristo?

**Tingnan sa Moronias 7:15–17**

# Ito ba ay humihikayat sa akin na maniwala kay Jesucristo?

**Tingnan sa Moronias 7:15–17**

# Ang mga Zoramita at ang Ramiumptum

Aralin
21

**Layunin** Turuan ang mga bata na sambahin ang Ama sa Langit nang may pagpapakumbaba at katapatan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 31; 34:1–30, 38–41; at 35:1–9. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Dalawang pares ng mga gamit pangkain.
   c. Larawan 4–36, Ang mga Zoramita at ang Ramiumptum.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Magdaos ng isang kunwaring hapunan. Maglagay ng dalawang plato, dalawang baso, at dalawang pares ng mga gamit pangkain, subalit walang laman na pagkain. Magkunwaring kumakain, at magmukhang interesadung-interesado sa masarap na pagkain. Anyayahan ang isang bata na saluhan ka. Ang pagkain sa mga walang lamang plato ay maaaring ihambing sa kawalang-kabuluhan ng mali at hindi tapat na pagsamba ng mga Zoramita na inilalarawan sa araling ito. Ang gayong mga walang-kabuluhang pagsamba ay hindi higit na nakabubuti sa ating espirituwal na pag-unlad na tulad sa ginagawa ng hindi pagkain para sa ating pisikal na lakas. Sa araling ito ay matututuhan ng mga bata ang tungkol sa mga wasto at tapat na paraan ng pagsamba sa Diyos.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ibahagi ang ulat tungkol sa mga Zoramita at ang kanilang mga maling paniniwala na nakatala sa Alma 31. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang larawan sa angkop na oras.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Sino ang mga Zoramita? (Alma 31:1–3, 8.) Paano sila lumihis sa mga turo ng Simbahan? (Alma 31:8–11.)
- Paano, kailan, at saan sumamba ang mga Zoramita? (Alma 31:13–18, 21–23.) Paano natin dapat sambahin ang Ama sa Langit at si Jesucristo?
- Ano ang ilan sa mga bagay na pinaniwalaan ng mga Zoramita na hindi tama? (Alma 31:15–17, 20.) Bakit mahalagang malaman ang tunay na katangian ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at kung ano ang anyo nila?
- Paano natin malalaman na ang mga panalangin ng mga Zoramita ay hindi tapat? (Alma 31:23, 27.) Paano natin magagawang higit na matapat ang ating mga panalangin?
- Bakit inakala ng mga Zoramita na sila ay higit na mabuti kaysa sa iba? (Alma 31:24–25, 27–28.) Sa anong mga paraan natin maaaring nadarama kung minsan na higit tayong mabuti kaysa sa iba? Bakit mabigat na kasalanan ang kapalaluan? (Inilalayo tayo nito sa Diyos.)
- Ano ang nadama nina Alma at ng ibang pinuno nang makita nila ang mga tao na lumihis sa katotohanan? (Alma 31:19, 24, 30–31.) Paano natin matutulungan ang mga hindi nakakaalam sa katotohanan? Paano natin matutulungan ang mga hindi gaanong aktibong kasapi?
- Saan nakatuon ang mga puso ng mga Zoramita? (Alma 31:28.) Ano ang ilan sa mga makamundong bagay na pinagtutuunan ng puso ng ilang mga batang kasing gulang ninyo ngayon? Bakit hindi tama na ituon ang ating puso sa mga makamundong bagay?
- Ano ang mga bagay na ipinanalangin ni Alma para sa kanyang sarili at para sa kanyang mga kasama? (Alma 31:31–35.) Paano ginagawang higit na tapat ang ating mga panalangin ng pananalangin para sa mga tiyak na bagay? Paano kayo tinulungan sa isang suliranin ng pananalangin?
- Ano ang pinatotohanan ni Amulek tungkol kay Jesucristo? (Alma 34:8.) Paano maaaring magkaroon ng patotoo ang mga Zoramita tungkol kay Jesucristo? (Alma 34:17.)
- Paano at kailan tayo dapat manalangin? Ano ang dapat nating ipanalangin? (Alma 34:18–27.) Paano natin maaaring sambahin nang araw-araw sa loob ng buong linggo ang Ama sa Langit?
- Ano ang kailangan nating gawin pagkatapos manalangin upang ang ating mga panalangin ay maging mabisa? (Alma 34:28.)
- Paano pinakitunguhan ng mga tao ni Ammon (ang mga Anti-Nefias-Lehias) ang mga Zoramita na sumapi sa kanila? (Alma 35:9.) Paano natin dapat pakitunguhan ang isang hindi kakilala o ang mga mahirap sa atin? Paano ito nagpapakita ng pagmamahal sa Ama sa Langit? (Mateo 25:40; Mosias 2:17.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat ang mga sumusunod na sanggunian sa banal na kasulatan sa pisara. Hilingin sa mga bata na pagtugmain ang mga talata na naglalarawan sa mga maling paniniwala ng mga Zoramita sa mga talata na naglalaman ng mga tamang turo nina Alma at Amulek:
   Alma 31:16 (Ang mga Zoramita ay naniwala na walang darating na Cristo.)
   Alma 31:20–23 (Ang lahat ng Zoramita ay naghandog ng iisang panalangin at pagkatapos ay hindi na kailanman sumamba sa loob ng buong linggo.)
   Alma 31:24 (Ang mga puso ng mga Zoramita ay nakatuon sa mga kayamanan.)
   Alma 34:8 (Si Amulek ay nagpatotoo tungkol kay Cristo.)
   Alma 34:19–27 (Itinuro ni Amulek na dapat tayong manalangin palagi at manalangin tungkol sa lahat ng bagay.)
   Alma 34:28–29 (Itinuro ni Amulek na dapat nating ibahagi ang ating kayamanan sa mga mahirap.)

2. Tanungin ang mga bata kung ano ang madarama nila kung sila ay pagtatawanan. Talakayin ang mga paraan kung paano nagiging palalo ang mga tao. Ipaalala sa mga bata na ang malaki at maluwang na gusali sa panaginip ni Lehias ay sumasagisag sa kapalaluan ng sanlibutan. Ipaliwanag na ang pagiging mapagpakumbaba ay ang kabaligtaran ng pagiging palalo. Ipasulat sa bawat bata sa isang papel ang isang paraan kung paano nila sisikaping maging higit na mapagpakumbaba.

3. Anyayahan ang mga bata na basahin at markahan ang mga sumusunod na talata o alinmang iba pang mahahalagang talata mula sa aralin (maaaring naisin ng mga bata na isaulo ang lahat o bahagi ng isang talata na mahalaga sa kanila):
   Alma 31:34–35
   Alma 34:8
   Alma 34:26–28
   Alma 34:38

4. Awitin o basahin ang mga salita sa “Panalangin ng Isang Bata” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Aking Ama ay Buhay” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na kung mapagpakumbaba at matapat nating sasambahin ang Ama sa Langit, pagpapalain niya tayo, at tayo ay makatatanggap ng mga sagot sa ating mga panalangin.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 31:8–25 at 34:17–29 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 22 Nagtuturo si Alma Tungkol sa Pananampalataya

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang salita ng Diyos, kapag inalagaan sa pamamagitan ng pananampalataya, ay uusbong sa ating mga puso tungo sa pagkakaroon ng patotoo kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 32–33. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin" at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Suriin ang mga pantulong na larawan sa hulihan ng aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ipakita ang mga ito sa oras ng aralin. Maaari kang gumawa ng kopya ng bawat larawan sa papel, kopyahin sa pamamagitan ng pag-aninag ng mga larawan sa papel na mas makapal nang kaunti, o maghandang iguhit ang mga larawan sa pisara.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang buto para sa bawat bata, kung maaari.
   c. Isang kopya sa papel ng mga pantulong na larawan na nasa hulihan ng aralin (buto, umuusbong na buto, batang puno, punong-kahoy, ulan, araw, lupa, at pataba).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bigyan ng buto ang bawat bata, ipakita ang larawan ng buto, o gumuhit ng buto sa pisara.

- Ano ang maaaring kahinatnan ng isang buto? (Isang halaman o punong-kahoy, ayon sa uri ng buto.)
- Ano ang kailangang mangyari bago maaaring magsimulang lumaki ang isang buto? (Ipakita ang larawan ng umuusbong na buto o gumuhit ng isa sa pisara.)
- Ano ang anyo ng isang puno kapag ito ay bata pa? (Ipakita ang larawan ng batang puno o gumuhit ng isa sa pisara.) Ano ang anyo nito kapag ito ay husto na sa gulang? (Ipakita ang larawan ng isang puno o gumuhit ng isa sa pisara.)
- Anong pag-aalaga ang kailangan ng isang buto upang matulungan itong lumaki tungo sa pagiging isang halaman o puno? (Ipaliwanag na ang

salitang *pag-aalaga* ay nangangahulugan ng isang bagay na tumutulong sa mga bagay upang lumaki o nagpapanatili sa mga ito na buhay at nasa mabuting kalagayan, tulad ng tubig, pataba, sikat ng araw, at lupa. Ilagay ang larawan ng araw, ulan, lupa, at pataba sa tabi ng larawan ng buto.)

Ipaliwanag sa mga bata na sa araling ito ay matutuhan nila kung paano sila magkakaroon ng malakas na patotoo. Maaari mong gamitin ang mga sinulatang piraso ng papel mula sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 habang tinatalakay mo ang bawat alituntunin sa aralin.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat mula sa Alma 32–33 tungkol kay Alma na tinuturuan ang mga Zoramita. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin na tulad sa pag-aalaga at pagpapalaki ng isang magandang buto na sa huli ay nagiging isang namumungang puno, ang salita ng Diyos, na itinanim sa ating mga puso at inaalagaan nang wasto, ay unti-unting magiging isang malakas na patotoo.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

Ipaliwanag na sa huling aralin ay natutuhan ng mga bata ang tungkol sa mga mayaman at palalong Zoramita.

- Bakit mapagpakumbaba ang mga mahirap na Zoramita? (Alma 32:2–3.) Ano ang ilang kahirapan na maaaring maging sanhi upang ang mga tao ay sapat na mapagpakumbaba upang makinig sa ebanghelyo?
- Ano ang kahulugan ng maging "mababang-loob"? (Mapagpakumbaba, madaling turuan, tunay na nagsisisi, at walang kapalaluan.)
- Paano naging isang pagpapala para sa mga taong ito ang pagiging mahirap? (Alma 32:12–13.) Ipaliwanag na ang mga tao ay maaaring maging mapagpakumbaba kahit na hindi sila dumaranas ng kalungkutan o kahirapan, subalit kung minsan ang mga taong may kayamanan ay nagiging palalo. Bakit kailangan tayong maging mapagpakumbaba kapag tayo ay tinuruan ng ebanghelyo?
- Ano ang pananampalataya? (Alma 32:21.) Bakit kailangan nating magkaroon ng pananampalataya upang magkaroon ng patotoo sa ebanghelyo? (Alma 32:26.) Ipaliwanag na nangangailangan ng panahon upang magkaroon ng patotoo. Ang pagsunod sa mga kautusan ay makatutulong sa ating magkaroon ng patotoo na ang mga ito ay totoo.
- Ano ang sinabi sa atin ni Alma na gawin upang magkaroon ng pananampalataya? (Alma 32:27.) Ano ang maaari nating gawin upang mapalago ang ating pagnanais na maniwala?
- Paanong ang pagsunod sa mga kautusan ay isang "pagsubok" sa salita ng Diyos? (Ipaliwanag na ang salitang *"pagsubok"* ay nangangahulugan ng pagsubok sa isang bagay na hindi mo tiyak. Kapag tayo ay sumusubok, o sumusunod sa mga utos, na tulad sa Salita ng Karunungan, tumatanggap

tayo ng mga pagpapala dahil sa ating pagsunod at ang ating mga patotoo ay nagiging higit na malakas.) Paano lumago ang inyong pananampalataya sa pamamagitan ng inyong pagsunod sa mga kautusan?

- Paano natin maitatanim ang salita ng Diyos sa ating mga puso upang ang ating mga patotoo ay lumago? (Sa pamamagitan ng palagiang pag-aaral ng mga banal na kasulatan; pakikinig sa Primarya, pulong sakramento, at gabing pantahanan ng mag-anak; pananalangin; at hindi pabagu-bagong pagsasagawa ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa ating buhay.)
- Paano natin malalaman kapag ang mabuting buto, o ang isang patotoo sa ebanghelyo, ay nagsisimulang umusbong sa atin? (Alma 32:28, 34.) Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng kanilang mga patotoo at ilarawan kung paano nila natamo ang mga ito. Himukin ang mga batang magkaroon at palakasin ang kanilang mga patotoo. Tiyakin sa kanila na kapag sila ay may pananampalataya, sila ay magkakaroon ng mga malakas na patotoo tungkol sa ebanghelyo.
- Ano ang kahulugan ng palakihin ang isang buto? (Ipaliwanag na ang salitang *palakihin* ay nangangahulugang pakainin o alagaan.) Anong mga katangian ang sinabi ni Alma na dapat nating taglayin upang mapalaki ang ating mga patotoo sa ebanghelyo? (Alma 32:41–42.) Bakit mahalaga sa palagay ninyo ang pagtitiis at pagsisikap sa pagkakaroon ng pananampalataya at patotoo?
- Paano nakapagpapalakas ng ating pananampalataya at patotoo ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan? (Alma 33:14.)
- Anong mahalagang aral ang dapat na maging bahagi ng ating patotoo? (Alma 33:22.)
- Paano ang isang malakas na patotoo ay katulad ng isang puno? (Alma 33:23.) Paano kayo matutulungang magkaroon ng buhay na walang hanggan ng pagkakaroon ng patotoo? Maaari mong naising sabihin kung paano pinagaang ng iyong patotoo ang iyong mga suliranin at kung paano nagdulot ito sa iyo ng kagalakan.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumawa ng mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel:
   Salita ng Diyos
   Patotoo kay Jesucristo
   Panalangin
   Pag-aralan ang mga banal na kasulatan
   Sundin ang mga kautusan
   Maglingkod

   Habang itinuturo mo sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan, ipaliwanag na sa Alma 32, ang salita ng Diyos ay inihahambing sa isang buto. Ilagay ang sinulatang piraso ng papel na “Salita ng Diyos” sa larawan ng buto. (Ipaliwanag na sa banal na kasulatang ito, ang salita ng Diyos ay nangangahulugang ebanghelyo, o ang mga aral ni Jesucristo.) Katulad ng

isang buto na lalaki bilang isang puno, kapag pinag-aralan at sinunod natin ang salita ng Diyos, magkakaroon tayo ng malakas na patotoo sa ebanghelyo.

Ilagay ang sinulatang piraso ng papel na "Patotoo kay Jesucristo" sa larawan ng puno. Katulad ng isang buto na nangangailangan ng kalinga at pangangalaga upang maging isang puno, ang ating patotoo sa ebanghelyo ay nangangailangan ng pananampalataya at pag-aalaga upang lumaking malakas. Itanong sa mga bata kung ano ang magagawa nila upang mapalakas ang kanilang mga patotoo. Habang sila ay sumasagot, ilagay ang mga sinulatang piraso ng papel na "Manalangin," "Pag-aralan ang mga banal na kasulatan," "Sundin ang mga kautusan," at "Maglingkod" sa tabi ng mga larawan ng mga bagay na nagpapalaki sa isang puno.

2. Gumawa ng tig-iisang palaisipan mula sa mga salitang nauukol sa aralin sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga salita sa mga piraso ng papel at panggugupit sa mga papel. Ang mga salita ay maaaring kabilangan ng *pagpapakumbaba, pagnanais, pag-aalaga, pagsunod*, at iba pa. Pagpangkat-pangkatin ang klase batay sa bilang ng salitang inyong ginawa. Kapag nabuo ng isang pangkat ang salita, ipabalik-aral sa isang bata mula sa pangkat na iyon ang itinuro ng aralin tungkol sa salitang iyon.
3. Maghanda ng mga piraso ng papel na may nakasulat sa bawat isa na alituntunin ng ebanghelyo, na tulad ng pag-aayuno, ikapu, o Salita ng Karunungan. Mag-aspile o mag-teyp ng isang piraso ng papel sa likod ng bawat bata, na hindi ito nakikita ng bata. Sabihin sa mga bata na magtanungan sila upang subukang hulaan kung ano ang alituntunin, o hayaang magbigay ng palatandaan ang mga nalalabing kasapi ng klase. Matapos mahulaan ng bata, tanungin siya kung paano maaaring magkaroon ng patotoo sa alituntuning iyon ang isang tao. Sa bawat kalagayan, ang sagot ay dapat kabilangan ng pananalangin at pamumuhay ng alituntunin.
4. Awitin o basahin ang mga salita ng "Pananampalataya" *(Aklat ng mga Awit Pambata)*.

---

## Katapusan


**Patotoo**

Magpatotoo na kung pag-aaralan ng mga bata ang salita ng Diyos at susundin ang mga kautusan habang sila ay bata pa, sila ay magkakaroon ng higit na malalakas na patotoo tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ibahagi ang iyong mga nadarama tungkol sa iyong pananampalataya sa Tagapagligtas at sa kanyang ebanghelyo.


**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 32:21–22, 26–28, 40–43; at 33:14–23 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.


Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.









PATABA







# Pinapayuhan ni Alma ang Kanyang mga Anak na Lalaki na sina Helaman at Siblon

Aralin
23

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang mga banal na kasulatan ay ibinigay sa atin bilang mapagkukunan ng kagalakan sa buhay na ito at bilang gabay sa atin upang makabalik sa Ama sa Langit at matamo ang buhay na walang hanggan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 37–38. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Maghanda ng kopya ng bigay-siping "Ang mga Banal na Kasulatan" (sa hulihan ng aralin) para sa bawat bata. (Kung nanaisin)
4. Ihanda ang sinulatang piraso ng papel na "Buhay na Walang Hanggan."
5. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang maliit na larawan ni Jesucristo o ang sinulatang piraso ng papel na "Jesucristo."
   c. Mga larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893), at 4–15, Ang Liahona (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 302; 62041 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bago magsimula ang klase, magtago ng isang maliit na larawan ni Jesucristo o ng sinulatang piraso ng papel na "Jesucristo" sa isang lugar sa silid-aralan. Ipakita ang sinulatang piraso ng papel na "Buhay na Walang Hanggan." Ipaliwanag na bilang mga kasapi ng Simbahan, nais nating magkaroon ng kagalakan sa buhay na ito, makabalik sa ating Ama sa Langit, at matamo ang buhay na walang hanggan, na mamuhay magpakailanman bilang mag-anak sa kinaroroonan ng Diyos. Tulungan ang mga batang maunawaan na ang buhay na walang hanggan ay ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa kanyang mga anak. Nais ng Ama sa Langit na maging karapat-dapat tayong lahat na mamuhay na kapiling niya magpakailanman. Sabihin sa mga bata na nakatago sa isang lugar sa silid ang isang maliit na larawan (o sinulatang piraso ng papel) ng isang taong nais tulungan silang matamo ang buhay na walang hanggan. Bigyan ng mga tatlumpung segundo ang mga bata upang hanapin ang larawan (o sinulatang piraso ng papel). Paalalahanan sila na binigyan tayo

ng Ama sa Langit ng isang gabay upang akayin tayo sa buhay na walang hanggan. Magbigay ng mga pahiwatig kung kinakailangan.

Pagkatapos mahanap ng mga bata ang nakatagong larawan ni Jesus (o sinulatang piraso ng papel), ipakita sa kanila ang malaking larawan ni Cristo at ang iyong mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na ibinigay sa atin ang mga banal na kasulatan bilang isang gabay upang tulungan tayong matuto tungkol kay Jesucristo at maging katulad niya upang makabalik tayo sa ating Ama sa Langit.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga iminungkahing larawan, ituro ang payo ni Alma sa kanyang mga anak na lalaking sina Helaman at Siblon na matatagpuan sa Alma 37–38. Bigyang-diin ang mga turo ni Alma tungkol sa mga banal na kasulatan at kung paano maaaring maging gabay ang mga ito sa ating buhay. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit mahalaga para sa mga propeta sa Aklat ni Mormon na panatilihin at pangalagaan ang mga laminang tanso? (Alma 37:4, 8; tingnan sa aralin 3.)
- Bakit ibinigay ang Liahona kay Lehias? Paano ito gumalaw? (1 Nefias 16:10, 28.)
- Paano kahalintulad ng mga banal na kasulatan ang Liahona? (Alma 37:44–45.) Paano tayo matutulungan ng mga banal na kasulatan na makabalik sa piling ng Ama sa Langit?
- Ano ang itinuro ng mga banal na kasulatan sa mga Lamanita na naging dahilan upang sila ay magsisi? (Alma 37:9.)
- Ano ang hiniling ni Alma sa kanyang anak na si Helaman na ituro sa mga tao? (Alma 37:32–34.) Paano natin maaaring mapaglabanan ang tukso?
- Ano ang ibig sabihin ni Alma nang payuhan niya si Helaman na "matuto ng karunungan sa iyong kabataan"? (Alma 37:35.) Bakit napakahalagang ipamuhay ang ebanghelyo sa ating kabataan?
- Ano ang itinuro ni Alma kay Helaman tungkol sa panalangin? (Alma 37:36–37.) Paano at kailan tayo dapat manalangin? Ano ang kahulugan ng "dadakilain sa huling araw"? Tulungan ang mga batang maunawaan na ito ay tumutukoy sa huling paghuhukom kung kailan ang lahat ng sumunod sa mga kautusan ay papasok sa kinaroroonan ng Ama sa Langit at mamumuhay na kasama niya magpakailanman.
- Paano nagdulot kay Alma ng malaking kagalakan ang kanyang anak na lalaking si Siblon? (Alma 38:2–4.) Paano nagdulot ng kagalakan sa inyong mga magulang ang inyong pagsunod sa mga kautusan?
- Ano ang kapalaluan? (Alma 38:11. Hindi pagiging mapagpakumbaba o madaling turuan. Iniisip ng mga palalong tao na sila ay higit na mahalaga kaysa sa iba. Sinusunod ng mga palalong tao ang kanilang sariling kagustuhan sa halip na ang kagustuhan ng Ama sa Langit.) Paano tayo higit na inilalapit sa Ama sa Langit ng pagkatutong tumanggap at pagkatutong magtuwid ng ating mga pagkakamali? Ano ang kahulugan ng magmalaki?

- Paano nalaman ni Alma ang mga bagay na itinuro niya sa kanyang anak? (Alma 38:6–8.) Ano ang dapat nating gawin upang maturuan at matulungan tayo ng Espiritu Santo na tulad sa ginawa niya kay Alma? Paano kayo tinuruan at tinulungan ng Espiritu Santo na gawin ang tama?
- Ano ang pinatotohanan ni Alma kay Siblon tungkol kay Jesucristo? (Alma 38:9.) Paano natin magagamit ang mga banal na kasulatan upang matulungan tayong magkaroon ng gayon ding patotoo? (Basahin at pag-isipang mabuti ang mga ito araw-araw, hangarin ang tulong ng Espiritu upang maunawaan ang mga ito, at ihalintulad ang mga ito sa ating mga sariling karanasan at kalagayan.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipaliwanag na isa sa mga dahilan kung bakit tayo binigyan ng mga banal na kasulatan ay upang matulungan tayong mapagtagumpayan at malutas ang ating mga suliranin. Bigyan ang bawat kasapi ng klase ng kopya ng apat na nakasulat na kalagayan. Hilingan ang bawat bata na gumawang may kapareha upang magpasiya kung paanong ang mga banal na kasulatan na nakasulat ay makatutulong sa bawat kalagayan. Ang apat na kalagayang nasa ibaba ay mga halimbawa lamang. Maaari kang gumamit ng iba na higit na may-kinalaman sa mga bata sa iyong klase. (Higit sa isang banal na kasulatan ang maaaring nauukol sa bawat kalagayan.)

   Nang mabinyagan si Jim, ang kanyang mag-anak ay nagalit sa kanya. Nang hilingin ng obispo kay Jim na tumanggap ng tawag upang maglingkod sa misyon, walang sapat na pera si Jim.

   Si Shelly ay may mahalagang pagpapasiyang gagawin, subalit maging pagkaraang makipag-usap sa maraming tao ay hindi siya makapagpasiya kung ano ang gagawin.

   Si Heather ay madalas na yayain ng kanyang mga kaibigan na mangumit sa tindahan na kasama nila. Kapag tumatanggi, siya ay pinagtatawanan nila.

   Si Doug ay binigyan ng takdang-aralin na mahirap tapusin sa itinakdang oras.

   Alma 26:12; 1 Nefias 3:7; Alma 37:37; 1 Nefias 17:3

2. Kopyahin ang mga sumusunod na salita mula sa Alma 37 sa dalawang magkahiwalay na papel.

   "Matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos" (Alma 37:35).

   "Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan" (Alma 37:37).

   Gupitin ang bawat salita ng bawat banal na kasulatan. Ilagay ang unang banal na kasulatan sa isang lalagyan at ang pangalawa sa isa pang lalagyan, at ilagay ang mga ito sa harap ng klase. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Bigyan ng isang piraso ng papel at isang lapis ang bawat pangkat.

Palapitin nang isa-isa ang mga bata mula sa bawat pangkat sa lalagyan, pakuhanin ng isang salita, at ibalik ito sa pangkat. Gayon din ang gagawin ng susunod na bata, hanggang sa makatapos ang lahat. Bubuuin ng bawat pangkat ang mga salita sa wastong pagkakasunud-sunod. Kung kailangan ng mga bata ang tulong, ibigay sa kanila ang sangguniang banal na kasulatan. Kapag nalaman na ng mga bata ang kanilang mga banal na kasulatan, maaari nilang isulat ang mga ito at isaulo. Sa pagtatapos, maaaring bigkasin nang sabay-sabay ng bawat pangkat ang kanilang banal na kasulatan.

3. Basahin ang 1 Nefias 16:28 na kasabay ang klase: "At ito ay nangyari na, na ako, si Nefias, ay namasdan ang mga panuro na nasa bola, na ang mga iyon ay gumagalaw alinsunod sa pananampalataya at pagsisikap at pagsunod na ibinigay namin sa mga iyon." Talakayin kung paano gumalaw ang Liahona para kay Lehias at sa kanyang pamilya. Hatiin ang mga kasapi ng klase sa tatlong pangkat, at ibigay sa bawat pangkat ang isa sa tatlong salita ("*pananampalataya, pagsisikap*, o *pagsunod*") na kasama ang mga kahulugan nito.

   Pananampalataya: paniniwala sa isang hindi nakikita at totoo.
   Pagsisikap: buong-pusong pagpupunyagi upang makagawa ng isang bagay.
   Pagsunod: pag-uukol ng pansin.

   Ipatalakay sa bawat pangkat ang kahulugan ng kanilang salita at kung paano sila matutulungan ng alituntunin na gamitin ang mga banal na kasulatan bilang gabay pabalik sa Ama sa Langit. Pag-isipin sila ng halimbawa upang ilarawan ito. Pagkatapos ng dalawa o tatlong minuto ay papiliin ang bawat pangkat ng isang bata upang magpaliwanag sa klase kung paano makatutulong sa kanila ang alituntuning iyon na gamitin ang mga banal na kasulatan bilang isang Liahona.

4. Anyayahan ang isang kasapi ng purok na pumunta sa iyong klase at magbahagi ng mga karanasan nang ang mga banal na kasulatan ay nagbigay sa kanya ng patnubay at sagot sa mga panalangin.

5. Basahin at talakayin ang ikawalong saligan ng pananampalataya. Bigyang-diin kung paano tayo tinutulungan ng mga banal na kasulatan na makabalik sa ating Ama sa Langit. Maaari mong naising gamitin ang tsart na Ikawalong Saligan ng Pananampalataya (65008).

6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Maghanap, Mag-isip, at Manalangin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Maagang Hanapin si Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw ay makatutulong sa atin na malutas ang ating mga suliranin, mapaglabanan ang tukso, at manatili sa makipot at makitid na landas upang makabalik sa ating Ama sa Langit at magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Bigyan ang bawat bata ng kopya ng bigay-sipi. Imungkahing ilagay nila ito sa kanilang mga banal na kasulatan bilang pananda ng aklat.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 37:33–47 at 38:1–12 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

## MGA BANAL NA KASULATAN

*Ang Aking Gabay sa Pagbabalik sa Aking Ama sa Langit at Pagtatamo ng Buhay na Walang Hanggan*

1. Babasahin at pag-iisipan kong mabuti ang mga banal na kasulatan araw araw.
2. Hahangarin ko ang tulong ng Espiritu upang maunawaan ang mga ito.
3. Ihahalintulad ko ang mga banal na kasulatan sa aking mga sariling karanasan at kalagayan.


## MGA BANAL NA KASULATAN

*Ang Aking Gabay sa Pagbabalik sa Aking Ama sa Langit at Pagtatamo ng Buhay na Walang Hanggan*

1. Babasahin at pag-iisipan kong mabuti ang mga banal na kasulatan araw araw.
2. Hahangarin ko ang tulong ng Espiritu upang maunawaan ang mga ito.
3. Ihahalintulad ko ang mga banal na kasulatan sa aking mga sariling karanasan at kalagayan.

## MGA BANAL NA KASULATAN

*Ang Aking Gabay sa Pagbabalik sa Aking Ama sa Langit at Pagtatamo ng Buhay na Walang Hanggan*

1. Babasahin at pag-iisipan kong mabuti ang mga banal na kasulatan araw araw.
2. Hahangarin ko ang tulong ng Espiritu upang maunawaan ang mga ito.
3. Ihahalintulad ko ang mga banal na kasulatan sa aking mga sariling karanasan at kalagayan.

## MGA BANAL NA KASULATAN

*Ang Aking Gabay sa Pagbabalik sa Aking Ama sa Langit at Pagtatamo ng Buhay na Walang Hanggan*

1. Babasahin at pag-iisipan kong mabuti ang mga banal na kasulatan araw araw.
2. Hahangarin ko ang tulong ng Espiritu upang maunawaan ang mga ito.
3. Ihahalintulad ko ang mga banal na kasulatan sa aking mga sariling karanasan at kalagayan.

Aralin
# 24

# Pinapayuhan ni Alma ang Kanyang Anak na Lalaki na si Corianton

**Layunin**

Tulungan ang mga batang maunawaan na may mga mabuti at masamang kahihinatnang nakabatay sa ating mga pagpili.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 39. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Gumawa ng tsart ng mga bagay na nakatala sa gawaing pantawag pansin, o isulat ang mga ito sa pisara.
4. Mga kailangang kagamitan: isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipalarawan sa isip ng mga bata na nag-iisa sila sa isang balsa sa gitna ng karagatan. Nalaman nila na kailangan nilang bawasan ang kanilang karga sapagkat ang balsa ay halos lubog na sa tubig. Kailangan nilang ihagis sa dagat ang lahat maliban sa dalawang bagay sa kanilang panustos. Mula sa sumusunod na talaan, papiliin sila ng dalawang bagay na hindi itatapon:

Salbabida
Pakete ng pang-unang lunas
Kahon na puno ng ginto
Pamingwit, pansalo ng isda, at pain
Isang dosenang bote ng sariwang tubig
*"Two-way"* (nagpapadala at tumatanggap ng mensahe) na radyo
Isang kahon ng mga pandingas sa oras ng kagipitan
Malaking lata ng pantaboy sa mga pating

Itala ang mga pinili sa pisara, at hilingin sa mga bata na ipaliwanag ang mga dahilan para sa kanilang mga pinili. Ang mga pagpipilian sa gawaing ito ay kailangang magdulot ng mahirap na pagpili. Ituro na ang pagpili ay magiging mahirap dahil hindi nila alam kung ano ang mangyayari sa hinaharap: maaaring lumubog sila at kailanganin ang salbabida, mauhaw at kailanganin ang tubig upang inumin, magutom at kailanganin ang pamingwit, makatagpo ng mga pating at kailanganin ang pantaboy, kailanganin ang radyo upang humingi ng

tulong, masaktan at kailanganin ang pakete ng pang-unang lunas, kailanganin ang mga pandingas para sa isang pagsagip sa gabi, o maililigtas sa susunod na ilang oras at sana ay hindi nila itinapon ang kayamanan.

Ipaliwanag na sa buhay ay marami tayong mahirap na pagpiling kailangang gawin, subalit binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kautusan upang tulungan tayo. Ang araling ito ay tungkol sa pagpili.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol kay Alma na pinapayuhan ang kanyang anak na si Corianton mula sa Alma 39. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Paalala: Huwag ituro ang tiyak na nilalaman ng Alma 39:3–6. Ibuod lamang ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na si Corianton ay nagkasala ng mabigat habang nasa misyon sa mga Zoramita. Kapag tinanong ng mga bata ang tungkol sa uri ng kasalanan ni Corianton, imungkahing talakayin nila ito sa kanilang mga magulang.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Anong uri ng halimbawa ang ipinakita ng mga kapatid na lalaki ni Corianton sa kanya? (Alma 39:1.) Kanino kayo tumitingin para sa isang matwid na halimbawa? Anong mga matwid na pagpili ang kanilang ginawa?
- Bakit sinabi ni Alma na malungkot siya dahil kay Corianton? (Alma 39:2.) Ano ang kahulugan ng hindi pakikinig ni Corianton sa mga salita ng kanyang ama? (Hindi sinunod ni Corianton si Alma.) Bakit kailangan nating sundin ang ating mga magulang? Ano ang kahulugan ng magmalaki? (Magyabang o akalain sa ating sarili na higit tayo kaysa sa iba.) Bakit maling magmalaki?
- Bakit sinabi ni Alma na pinaaalalahanan niya si Corianton tungkol sa kanyang mga kasalanan? (Alma 39:7–9. Ipaliwanag na ang kahulugan ng "pigilin ang iyong sarili sa lahat ng bagay na ito" [talata 9] ay tumalikod sa mga kasamaang ito.) Sino ang nakakaalam ng lahat ng ating kasalanan? (Alma 39:8.) Paano aakay sa isang tao na magsisi ang pagkakaroon ng damdamin ng pagkakasala?
- Sino ang sinabi ni Alma na makapagbibigay kay Corianton ng magandang payo sa paggawa ng mga pagpili? (Alma 39:10.) Paano kayo tinulungan ng inyong mga magulang at mag-anak na gumawa ng mga tamang pagpapasiya? Saan pa kayo maaaring makakuha ng matwid na payo?
- Paano nakaapekto sa mga Zoramita ang mga hindi matwid na asal ni Corianton? (Alma 39:11.) Sa anong mga paraan maaaring makaapekto ang ating mga pagpili sa iba?
- Ano ang ilan sa mga pagpiling kailangan ninyong gawin? Paano kayo maaaring tulungan ng Espiritu Santo na malaman ninyo kapag kayo ay gumagawa ng isang bagay na mali? Paano kayo maaaring tulungan ng Espiritu Santo na malaman na kayo ay nakagawa ng mabuting pasiya? Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang tinulungan sila ng Espiritu Santo na gumawa ng mga pasiya.

- Ano ang itinuro ni Alma kay Corianton tungkol sa pagsisisi? (Alma 39:13.) Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "bumaling sa Panginoon nang buo mong pag-iisip, kakayahan, at lakas"? Bakit dapat tayong humingi ng tawad sa mga nasaktan natin dahil sa ating mga maling pagpili?
- Ano ang payo ni Alma tungkol sa paghahangad ng mga kayamanan? (Alma 39:14.) Ano ang nangyayari sa mga tao kapag ang kayamanan ang naging pinakamahalagang bagay sa kanilang buhay?
- Ano ang itinuro ni Alma kay Corianton tungkol sa misyon ni Jesucristo? (Alma 39:15.) Ano ang dapat na ituro ni Corianton? (Alma 39:16.) Ano ang magagawa natin upang ibahagi ang ebanghelyo sa mga nasa paligid natin?

Maaari mong gamitin ang mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2 at 3 upang matulungan ang mga batang maunawaan ang mga kahihinatnan ng mga pagpiling ginagawa nila sa kanilang buhay.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Pagbalik-aralan at talakayin ang ikalawang saligan ng pananampalataya, at ipasaulo ito sa mga bata. Ituro na ang bawat tao ay may pananagutan sa kanyang ginagawa.

2. Talakayin sa mga bata ang mga pagpiling maaari nilang gawin sa mga sumusunod o katulad na bahagi. Gumamit ng mga ideya na maaaring maging mga suliranin para sa mga bata sa iyong klase. Itanong sa kanila kung anong mga uri ng pagpili ang nais ni Jesus na gawin nila. Tulungan silang isaalang-alang ang mga kahihinatnan ng iba't ibang pagpili na maaari nilang gawin.
   - Ang pananalitang ginagamit nila
   - Pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath
   - Ang mga damit na isinusuot nila
   - Pagsunod sa kanilang mga magulang
   - Ang mga tugtuging pinakikinggan nila
   - Pagnanakaw
   - Ang mga pelikula, *video,* at palabas sa telebisyon na pinanonood nila
   - Pagsasabi ng totoo
   - Ang mga aklat at magasin na binabasa nila

3. Ipasadula sa mga bata ang mga kalagayang may mga pagpili at kahihinatnan, na tulad sa sumusunod:
   - Isang kaibigan ang nagsabi ng isang kasinungalingan tungkol sa isang tao.
   - Isang kaibigan ang nais na manood kayo ng isang hindi angkop na pelikula o *video*.
   - Isang kaibigan ang nagkukuwento sa inyo ng isang hindi angkop na kuwento.
   - Isang kaibigan ang nais na mandaya kayo sa paaralan.
   - Isang kaibigan ang nais na suwayin ninyo ang Salita ng Karunungan.
   - May nag-aalok sa inyo ng mga bawal na gamot.

4. Talakayin sa mga bata ang mga kinahinatnan ng sumusunod na pasiya na ginawa ni Pangulong Spencer W. Kimball:

   "Nakapagpasiya na ako noong ako ay isang maliit na bata pa lamang na hindi ko kailanman lalabagin ang Salita ng Karunungan. . . . Alam ko na noong sabihin ito ng Panginoon, kalugud-lugod sa kanya na umiwas ang mga tao mula sa lahat ng mga mapaminsalang bagay na ito at na ang bagay na nais kong gawin ay magbibigay ng kasiyahan sa aking Ama sa Langit. Kaya ipinasiya ko nang matatag na hindi ko kailanman gagamitin ang mga nakapipinsalang bagay na iyon. Dahil ipinasiya ko nang ganap at buong linaw, nalaman kong hindi na lubhang mahirap upang tuparin ko ang pangako sa aking sarili at sa aking Ama sa Langit" (sa Conference Report, Apr. 1974, p. 127; o *Ensign*, May 1974, p. 88).

5. Gumawa ng isang maliit na bigay-sipi para sa bawat bata sa iyong klase na may mga salitang *Gagawa ako ng mga matwid na pagpili.* Ilapag nang pataob ang mga bigay-sipi sa mesa, at isa-isang palapitin ang mga bata sa harap at papiliin ng isa. Ipasagot sa bawat bata ang mga sumusunod na tanong:

   - Ano ang gagamitin ninyo upang gabayan kayo sa paggawa ng mga matwid na pagpili sa linggong ito?
   - Ano ang maaaring kahinatnan (bunga) ng paggawa ng mga maling pagpili?
   - Ano ang maaaring maging bunga ng paggawa ng mga matwid na pagpili?

   Sa pagtatapos ng gawain, bigyang-diin ang kahalagahan ng pag-iisip sa mga kahihinatnan bago tayo gumawa ng mga pagpili.

6. Talakayin ang ikalabing-isang saligan ng pananampalataya at kung paanong ang bawat tao ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili.

   - Bakit hindi natin dapat sikaping pilitin ang isang tao na maniwala sa ebanghelyo?
   - Bakit dapat nating asahan na hayaan tayo ng iba na sambahin ang Diyos sa paraang nais natin?

   Tulungan ang mga batang isaulo ang ikalabing-isang saligan ng pananampalataya.

7. Awitin o basahin ang mga salita ng "Piliin ang Tamang Daan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Mangahas na Tama ay Gawin" *(Mga Himno at Awit Pambata*).

---

## Katapusan

Patotoo

Magpatotoo na ang pagpapasiyang sundin si Jesucristo ay aakay sa ating gumawa ng mga matwid na pagpili at ito ang tanging daan upang matagpuan ang tunay na kaligayahan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 39:12–19 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
25

# Tinalo ni Kapitan Moronias si Zerahemnas

**Layunin**

Himukin ang mga bata na isuot ang baluti ng Diyos bilang pananggalang laban sa kasamaan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 43–44 at Mga Taga Efeso 6:11, 13–18. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Doktrina at mga Tipan 27:15–18.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang Bibliya.
   c. Batay sa kung paano mo nais ituro sa mga bata ang tungkol sa baluti ng Diyos, gumawa ng mga sinulatang piraso ng papel, maliliit na ginupit na larawan ng baluti at hugis ng tao para sa bawat bata, isang mas malaking buong baluti na ilalagay sa isang drowing ng tao sa pisara, o isang buong baluti na yari sa manipis na karton na isusuot sa isang bata. (Tingnan ang larawan sa hulihan ng aralin.)
   d. Mga larawan 4–37, Nilalabanan ng mga Kawal ni Kapitan Moronias ang mga Lamanita, at 4–38, Inihagis ng Hukbo ni Zerahemnas ang mga Sandata Nila.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

- Noong unang panahon, paano pinangangalagaan ng kalalakihang nakikipagdigma sa pamamagitan ng mga espada at sibat ang kanilang mga ulo, puso, tiyan, kamay, binti, at paa? (Sa pamamagitan ng baluti.)

Ipaliwanag na tayong lahat ay nakikipagdigmaan laban sa kasamaan. Ang mga tukso at kapangyarihan ni Satanas ay talagang tunay. Ayaw ng Ama sa Langit na lumaban tayo sa digmaan laban sa kasamaan nang walang pananggalang. Ipabasa sa isang bata ang Mga Taga Efeso 6:11, 13–18. Talakayin ang bawat piraso ng baluti na ginagamit ang mga sinulatang piraso ng papel o mga ginupit na larawan. Iugnay ang bawat piraso ng baluti sa pangangailangan nating mamuhay na ligtas sa mga kasamaang nasa paligid natin.

Ulat sa Banal na KasulatanFakamatala mei

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol sa pagdaig ni Kapitan Moronias kay Zerahemnas sa Alma 43–44. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”) Bigyang-diin na ang hukbo ni Moronias ay hindi lamang nagsuot ng baluting gawa ng tao kundi nagsuot din ng higit na malakas na pananggalang ng baluti ng Diyos. Gamitin ang mga larawan sa angkop na panahon.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit nagtalaga si Zerahemnas, ang komander na Lamanita, ng mga Amalekita at Zoramita bilang mga pinunong kapitan sa mga Lamanita? (Alma 43:6–7.) Bakit nais labanan ng mga Lamanita ang mga Nefita? (Alma 43:8, 29.)
- Bakit nakahandang lumaban ang mga Nefita? (Alma 43:45, 47.) Bakit karapat-dapat na ipaglaban ang ating mga tahanan, mag-anak, kalayaan, at Simbahan? Ano ang sapat na pinahahalagahan ninyo na karapat-dapat ipaglaban?
- Paano inihanda ni Kapitan Moronias ang kanyang hukbo upang harapin ang mga Lamanita sa Jerson? (Alma 43:18–19.) Bakit natakot ang mga Lamanita sa paghahandang ito? (Alma 43:20–21.) Sa anong mga paraan ninyo maisusuot ang espirituwal na baluti ng Diyos at maging handang manindigan para sa tama?
- Paano nalaman ni Kapitan Moronias kung saan niya dapat ipadala ang kanyang mga hukbo? (Alma 43:23–24.) Paano tayo tinutulungan ng mga propeta ngayon?
- Kahit na ang hukbong Nefita ay nakasuot ng baluti, bakit sila natakot at nais na tumakbo palayo sa mga Lamanita? (Alma 43:48.) Paano pinalakas ni Moronias ang kanilang kalooban?
- Ano ang ginawa ng hukbo ni Kapitan Moronias upang makatanggap ng lakas at tapang upang makipaglaban? (Alma 43:49–50.) Paano kayo matutulungan ng panalangin na isuot ang baluti ng Diyos? (Mga Taga Efeso 6:18.)
- Pagkatapos na mapalibutan ni Moronias ang mga Lamanita, ano ang ginawa niya na nagpakita na siya ay hindi isang taong nagagalak sa pagdanak ng dugo? (Alma 43:54; 44:1–2, 6.)
- Bakit ipinagkaloob ng Panginoon ang mga Lamanita sa mga kamay ng hukbo ni Moronias? (Alma 44:3.) Anong pangako ang ginawa ng Panginoon sa mga Nefita at sa atin kung tayo ay matapat? (Alma 44:4.) Ano ang inakala ni Zerahemnas na nangangalaga sa mga Nefita? (Alma 44:9.)

- Ano ang nangyari nang ang galit na si Zerahemnas ay ayaw sumumpa para sa kapayapaan? (Alma 44:12.) Ano ang nangyari sa mga Lamanita na nakipagtipan na hindi na lalaban? (Alma 44:15.) Bakit mahalaga para sa atin na tumupad sa mga pangako at tipan?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**


Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Maglaro ng pagtutugma-tugma (tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan"). Isulat ang mga pangalan ng mga sumusunod na bahagi ng baluti sa anim na kard at kung ano ang isinasagisag ng mga ito sa isa pang anim na kard. Ipatugma sa mga bata ang pangalan ng bahagi ng baluti sa isinasagisag nito sa ating baluti ng Diyos.
   Bigkis (sinturon)—Katotohanan (Mga Taga Efeso 6:14)
   Pananggalang sa dibdib—Pagkamatwid (Mga Taga Efeso 6:14)
   Panyapak—Paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan (Mga Taga Efeso 6:15)
   Kalasag—Pananampalataya (Mga Taga Efeso 6:16)
   Turbante—Kaligtasan (Mga Taga Efeso 6:17)
   Espada—Espiritu ng Diyos, o salita ng Diyos (Mga Taga Efeso 6:17; Doktrina at mga Tipan 6:2)

2. Sa pamamagitan ng paggamit ang mga Taga Efeso 6:13–18, tulungan ang mga batang isaulo kung ano ang isinasagisag ng bawat bahagi ng baluti ng Diyos. Bumanggit ng isang bahagi ng baluti habang inihahagis mo ang isang supot na may laman na mga buto o bola sa isang bata. Ipabigay sa bata ang kahulugan ng bahaging iyon ng baluti at pagkatapos ay bumanggit ng ibang piraso ng baluti habang inihahagis ang bola sa ibang bata, na magbibigay ng kahulugan at pipili ng bagong bahagi ng baluti, hanggang sa ang lahat ay mabigyan ng pagkakataon.

3. Tanungin ang mga bata kung anong mga uri ng bagay ang ginagamit ngayon ni Satanas upang sikaping sugatan o patayin tayo sa espirituwal. Maaaring banggitin nila ang mga bagay na tulad sa ilang mga pelikula, palabas sa telebisyon, *video,* aklat, o magasin; mga tukso na labagin ang Salita ng Karunungan; mga tukso na huwag dumalo sa simbahan; at marami pang iba. Talakayin kung ano ang ginagawa ng mga bata upang mapalakas ang kanilang espirituwal na baluti, na kagaya ng pagkakaroon ng mga pansarili at pangmag-anak na panalangin, pagkakaroon ng pansarili at pangmag-anak na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagdaraos ng mga gabing pantahanan ng mag-anak, pagdalo sa simbahan, at marami pang iba.

4. Talakayin kung paano nilansi ni Kapitan Moronias ang hukbong Lamanita, tulad ng nakasaad sa Alma 43:31–42. Gamitin ang pisara upang ilarawan ang kinalalagyan ng mga hukbong Nefita at Lamanita.




5. Awitin o basahin ang mga salita ng "Mangahas na Tama ay Gawin" (*Mga Himno at Awit Pambata*) o "Piliin ang Tamang Daan" *(Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan


Patotoo


Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsusuot ng baluti ng Diyos upang mapangalagaan tayo laban sa kasamaan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 43:41–54 at 44:1–4 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.





Aralin
26

# Si Kapitan Moronias at ang Bandila ng Kalayaan

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang tunay na kalayaan ay nagmumula sa paglaban sa kasamaan at pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 46, 48, at 49:21–30. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Alma 47, 49:1–20.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang malaking piraso ng puting tela (o maaari kayong gumamit ng isang malaking piraso ng papel o pisara), isang kahoy, at teyp.
   c. Larawan 4–39, Itinataas ni Kapitan Moronias ang Bandila ng Kalayaan (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 312; 62051 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan ni Kapitan Moronias. Pabuksan sa mga bata ang kanilang mga banal na kasulatan sa Alma 46. Ipaliwanag na pag-aaralan ng mga bata ang tungkol sa dalawang lalaking kapwa kumander sa militar—sina Kapitan Moronias at Amalikeo. Si Amalikeo ay isang Nefita buhat pa sa pagkasilang, subalit nakalimutan niya nang ganap ang Panginoon. Sa pamamagitan ng pagsisinungaling, panlilinlang, at pagpatay, siya ay naging hari ng mga Lamanita. Gustong talunin ni Amalikeo ang mga Nefita sa digmaan upang siya ay maging hari kapwa sa mga Nefita at Lamanita.

Si Kapitan Moronias ang punong kumander ng mga hukbong Nefita. Siya ay isang malakas at makapangyarihang tao na nagmamahal sa Panginoon at sa kanyang mga tao. Nanumpa siyang pangangalagaan ang kanyang mga tao mula kay Amalikeo at sa kanyang hukbong Lamanita.

Habang naghahanda si Amalikeo at ang kanyang hukbo upang lipulin ang mga Nefita, inihahanda ni Kapitan Moronias ang kanyang mga tao na ipagtanggol ang kanilang sarili.

Itinataas ang tela (o papel), pumunit ng malaking bahagi, o gumuhit ng larawan ng isang punit na tela sa pisara. Sabihin sa mga bata na si Kapitan Moronias ay pumunit mula sa kanyang damit at ginawa itong bandila o bandera na tinawag niyang bandila ng kalayaan. Anyayahan ang mga bata na sabay-sabay

na basahin ang Alma 46:12. Isulat ang mga sumusunod na salita sa isa sa mga punit na bahagi ng tela o papel: “Sa alaala ng ating Diyos, ating relihiyon, at kalayaan, at ating kapayapaan, ating mga asawa, at ating mga anak.” Kung kayo ay gumamit ng tela o papel, ipakabit sa mga bata ang bandila sa kahoy. Ipalagay sa isang bata ang bandila sa harap ng silid-aralan.

Ulat sa Banal na Kasulatan

turo sa mga bata ang ulat mula sa Alma 46–48 tungkol kay Kapitan Moronias, isang malakas na tao ng Diyos na naghanda sa kanyang mga tao na ipagtanggol ang kanilang kalayaan. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang naglalagay sa panganib sa kapayapaan sa kalipunan ng mga Nefita? (Alma 45:24; 46:1–2.) Bakit napakaraming tao ang sumunod kay Amalikeo? (Alma 46:5.)
- Ano ang ginawa ni Kapitan Moronias nang marinig niya ang kaguluhang ito? (Alma 46:11–12.) Pagkatapos gawin ni Kapitan Moronias ang bandila ng kalayaan, ano ang ginawa niya? (Alma 46:13, 16.)
- Ano ang ipinagawa ni Kapitan Moronias sa mga taong Nefita? (Alma 46:19–20.) Bakit sa palagay ninyo nagbigay-sigla sa mga Nefita ang mga salitang nakasulat sa bandila ng kalayaan?
- Anong tipan ang ginawa ng mga taong sumunod kay Moronias? (Alma 46:21–22.) Paano sa palagay ninyo nakatulong ang pakikipagtipang ito sa mga tao na ipagtanggol ang kanilang kalayaan at kanilang relihiyon? Ano ang ilan sa mga tipang ginawa natin?
- Ano ang nais ni Kapitan Moronias na alalahanin ng kanyang mga tao? (Alma 46:23–24. Ituro na ang mga talatang ito ay tumutukoy kay Jose sa Lumang Tipan at sa kanyang bata na may maraming kulay.)
- Paano naiiba ang mga paghahanda ng mga Nefita sa mga paghahanda ng mga Lamanita? (Alma 48:7.) Paano sinikap na ipagtanggol ng mga Nefita ang kanilang mga lungsod? (Alma 49:2, 4.) Paano natin maihahanda ang ating mga sarili upang magapi ang mga impluwensiya ni Satanas?
- Ano ang itinuro sa mga Nefita tungkol sa digmaan? (Alma 48:14.) Ano ang pinaniwalaan nilang gagawin ng Ama sa Langit para sa kanila? (Alma 48:15–16.)
- Ano ang nadama ni propetang Mormon, na nagtala ng ulat na ito, kay Kapitan Moronias? (Alma 48:11–13, 17–18.) Sa anong mga paraan ninyo nais maging katulad ni Kapitan Moronias?
- Kahit na ayaw ng mga Nefita na makipagdigmaan, bakit nila nilabanan ang mga Lamanita? (Alma 48:23–24.)

- Ano ang nangyari sa mga Lamanita sa kanilang huling pakikipagdigma laban sa Lungsod ni Noe? (Alma 49:21–25.) Ano sa palagay ninyo ang nagbigay ng lakas ng loob sa mga Nefita upang makipaglaban sa digmaang ito? Ano ang nagbibigay sa inyo ng lakas ng loob na ipagtanggol ang katwiran at kalayaan?
- Pagkaraang umalis ang mga Lamanita at ipag-adya ang mga Nefita mula sa kanilang mga kaaway, ano ang ginawa ng mga Nefita? (Alma 49:28.) Paano tayo makapagpapakita ng pasasalamat sa mga kalayaang tinatamasa natin?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Pamasdan sa mga bata ang larawan ni Kapitan Moronias. Pagbalik-aralan ang kahalagahan ng pagsusuot ng baluti ng Diyos upang pangalagaan ang ating sarili laban sa kasamaan. Ipahiwatig na ang bawat bata ay ipinadala sa lupa ng Ama sa Langit sa panahong ito upang ipagtanggol ang katwiran at katotohanan. Ipatukoy sa mga bata ang bawat bahagi ng baluting pandigma ni Moronias (Alma 46:13) at ipasabi kung ano ang isinasagisag nito bilang espirituwal na baluti (tingnan sa aralin 25 at Mga Taga Efeso 6:11, 13–18).

   Baluti ng baywang: Katotohanan. Ang kahulugan nito ay malaman ang tama sa mali, pagmamahal sa katotohanan, pangangalaga sa inyong kalinisan, at pagiging moral na malinis.

   Pananggalang sa dibdib: Katwiran. Ang kahulugan nito ay pagpili ng tama at pagsunod kay Jesucristo.

   Kalasag: Pananampalataya. Ang kahulugan nito ay pagkakaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

   Turbante: Kaligtasan. Ang kahulugan nito ay pagiging karapat-dapat na mamuhay sa piling ng Ama sa Langit magpakailanman.

   Espada: Ang Espiritu, o Espiritu Santo. Ang kahulugan nito ay ang pagkakaroon ng patnubay ng Espiritu Santo at ng inihayag na salita ni Jesucristo.

   Panyapak: Ang paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan. Ang kahulugan nito ay pag-unawa sa ebanghelyo upang tayo ay makalakad sa makipot at makitid na daan.

   Bigyan ang bawat bata ng kopya ng bigay-siping kabilang sa araling ito, at tulungan ang mga batang sagutan ang mga patlang sa kanilang mga papel. Ipasulat sa bawat bata ang kanyang pangalan sa ibaba. Mag-anyaya ng dalawang bata na pumunta sa harap ng klase at itaas ang bandila ng kalayaan na ginamit sa gawaing pantawag pansin. Ipabasa nang malakas sa lahat ang huling pangungusap sa kanilang papel, “Nakahanda akong manindigan laban sa mga nag-aapoy na sibat ng masasama,” at talakayin kung ano ang kahulugan ng pangungusap na iyan. Ipauwi sa mga bata ang kanilang papel na “Baluti ng Diyos” upang ipakita sa kanilang pamilya.

2. Ipakita ang bandila ng inyong bansa. Ipaliwanag na ang isang bandila ay magandang tagapagpaalala. Ang bawat bansa ay may bandila na sagisag ng mga tao kung sino sila at kung ano ang pinaninindigan ng kanilang bansa. Bigyan ng isang piraso ng papel o tela at ilang kagamitan sa pagguhit ang mga bata at paguhitin sila ng pansariling bandila na magpapakita ng isang bagay na mahalaga sa kanila, kagaya ng kung sino sila, ano ang kinagigiliwan nila, sino ang inaasam nilang maging katulad, at kung ano ang pinaninindigan nila. Maaari kayong magbahagi ng ilang sagisag na sumasagisag sa mga bagay na ito.
3. Talakayin ang ikalabindalawang saligan ng pananampalataya sa mga bata, at tulungan silang isaulo ito.
4. Awitin o basahin ang mga salita ng "Utos ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**


Patotoo

Magpatotoo na ang kalayaan ay isang dakilang pagpapala. Magpatotoo na magkakaroon tayo ng tunay na kalayaan kapag pinaglalabanan natin ang kasamaan at sinusunod ang mga kautusan ng Ama sa Langit.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 48:11–13 at 17–18 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.



# ISUSUOT KO ANG BUONG BALUTI NG DIYOS

Tatayo akong ang aking mga baywang ay may bigkis ng ____________.

Tatakpan ko ang aking puso ng baluti sa dibdib ng ____________.

Tatayo akong ang aking mga paa ay may ____________.

Hahawakan ko ang kalasag ng ____________.

Tatakpan ko ang aking ulo sa pamamagitan ng turbante ng ________.

Hahawakan ko ang espada ng ____________.

Nakahanda akong manindigan laban sa mga nag-aapoy
na sibat ng masasama.

(Tingnan sa Mga Taga Efeso 6:11–17; Doktrina at mga Tipan 27:15–18.)

# Si Helaman at ang Dalawang Libong Mandirigma

Aralin 27

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang pagsunod sa mga halimbawa at aral ng mga matwid na magulang ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan upang ipagtanggol ang katotohanan at tama.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 53:10–23 at 56:1–58:27. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Alma 24.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 4–33, Ibinabaon ng mga Anti-Nefias-Lehias ang Kanilang mga Espada (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 311; 62565 893), at 4–40, Dalawang Libong Kabataang Mandirigma (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 313; 62050 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan na Ibinabaon ng mga Anti-Nefias-Lehias ang Kanilang mga Espada. Ipaalala sa mga bata na napag-aralan nila ang tungkol sa mga dakilang taong ito mga ilang linggo na ang nakaraan (tingnan sa aralin 19). Itanong sa mga bata ang mga sumusunod:

- Sino ang mga Anti-Nefias-Lehias? Bakit nila ibinaon ang kanilang mga espada?

Ipabasa sa isang bata ang Alma 24:19. Ipaliwanag na ang mga Anti-Nefias-Lehias ay nagpakita ng kamangha-manghang halimbawa sa kanilang mga anak.

Anyayahan ang mga batang magbahagi ng mga halimbawa ng mahahalagang alituntunin, katulad ng katapatan, pagiging mabait, pagbabayad ng ikapu, pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, at marami pang iba, na natutuhan nila mula sa kanilang mga magulang at kung paano sila biniyayaan ng pagsunod sa mga alituntuning iyon.

Ipaliwanag na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga magulang upang magmahal, magturo, at gumabay sa atin sa ating buhay. Ipaliwanag na sa araling ito ay malalaman ng mga bata kung paano ginamit ng dalawang libong kabataang mandirigma, na mga anak na lalaki ng mga Anti-Nefias-Lehias, ang mga turo at halimbawa ng kanilang mga matwid na magulang sa pagtupad sa kanilang tipan na ipagtanggol ang kanilang kalayaan.

(Paalala: Kung mayroon man sa mga bata ang pinalalaki ng kanilang mga lolo at lola, kamag-anak, o ng iba, iakma ang aralin upang isama ang kanilang mahalagang impluwensiya.)

**Ulat sa Banal na KasulatanFakamata**

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa wastong oras, ituro sa mga bata ang ulat tungkol kina Helaman at ang dalawang libong kabataang mandirigma mula sa Alma 53, 56–58. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin kung paano sinunod ng mga kabataang lalaking ito ang mga turo ng kanilang mga magulang at nailigtas sila sa labanan.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Anong tipan ang ginawa ng mga magulang ng dalawang libong kabataang mandirigma? (Alma 53:10–12.) Bakit nila pinag-isipang labagin ang tipang ito? (Alma 53:13.) Bakit ayaw ni Helaman na tumulong ang mga Anti-Nefias-Lehias na labanan ang mga Lamanita? (Alma 53:14–15.) Bakit napakahalagang tuparin ang ating mga tipan?
- Bakit ipinasiya ng dalawang libong kabataan na lumaban? (Alma 53:16.) Ano ang ipinakipagtipan ng mga kabataang mandirigmang ito na ipaglalaban? (Alma 53:17.)
- Ano ang anyo ng mga kabataang lalaking ito? (Alma 53:20–21.) Ano ang kahulugan ng maging "matatapat sa lahat ng panahon sa anumang bagay na ipinagkakatiwala [sa inyo]"? Ano ang ilan sa mga paraan na kayo ay maaaring maging tapat at lumakad nang matuwid sa harap ng Panginoon?
- Paano tinulungan ng mga ama ang kanilang mga anak nang hindi sumusuway sa kanilang tipan na huwag makipaglaban? (Alma 56:27.) Ano ang ilan sa mga paraan na binibigyan kayo ng suporta ng inyong mga magulang?
- Ano ang sinabi ni Helaman kay Moronias tungkol sa lakas at tapang ng mga kabataang mandirigmang ito? (Alma 56:45.) Ano ang itinuro sa kanila ng kanilang mga ina? (Alma 56:46–48.) Bakit hindi sila takot sa kamatayan? Paano kayo inihahanda ng inyong mga magulang na magkaroon ng tapang at pananampalataya na harapin ang mga pagsubok?
- Ano ang nagbigay sa dalawang libong kabataang mandirigma ng lakas at tapang sa labanan? (Alma 57:26–27; 58:39–40.)
- Paano sinunod ng mga mandirigmang ito si Helaman? (Alma 57:21.) Ano ang kahulugan ng sumunod nang may "katiyakan"? Bakit mahalagang sundin ang payo ng inyong mga pinuno at magulang nang may katiyakan?
- Ano ang ginawa ng dalawang libong kabataang mandirigma nang mangailangan sila ng lakas? (Alma 58:10.) Paano nasagot ang kanilang panalangin? (Alma 58:11.) Anyayahan ang mga kasapi ng klase na magbahagi ng mga karanasan nang sila o ang mga kasapi ng mag-anak ay inudyukan ng Espiritu Santo.

- Paano nabiyayaan ang matinding pananampalataya at tapang ng mga kabataang lalaking ito? (Alma 56:56; 57:25; 58:39.) Anong kapangyarihan ang nagligtas sa kanila sa kamatayan? (Alma 57:26–27; 58:40.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumawa ng kopya ng bigay-sipi na nasa hulihan ng aralin upang maiuwi ng bawat bata.
2. Hayaang magkusa ang mga bata na buuin ang mga sumusunod na pangungusap:

   Maaari akong maging katulad ng mga kabataang mandirigma sa pamamagitan ng aking ______.

   Maaari akong maging katulad ng mga kabataang mandirigma sa pamamagitan ng pag-alaala na tinuruan ako ng aking mga magulang na ______.

   Labis kong hinahangaan ang tungkol sa pagiging ______ ng mga kabataang mandirigma..

   Ang paborito kong bahagi sa ulat tungkol sa dalawang libong kabataang mandirigma ay ______.
3. Himukin ang mga bata na markahan sa kanilang mga banal na kasulatan ang ilan sa kanilang mga paboritong talata tungkol sa dalawang libong kabataang mandirigma. Maaari nilang naising pumili mula sa ilan sa mga sumusunod na halimbawa:
   Alma 53:20–21
   Alma 56:45–48
   Alma 57:21, 25–27
   Alma 58:10–11
   Alma 58:39–40
4. Tulungan ang mga bata na isaulo ang ikalimang utos (tingnan sa Mosias 13:20).
5. Awitin o basahin ang mga salita ng “Dadalhin Natin sa Mundo ang Kanyang Katotohanan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Mangahas na Tama ay Gawin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), talata 6.

---

## Katapusan

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod sa mga matwid na aral at halimbawa ng ating mga magulang.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Alma 53:16–21, 56:45–48, at 57:25–27 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.



"Sila ay mga bata, at ang kanilang mga pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos." Alma 57:27



"Sila ay mga bata, at ang kanilang mga pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos." Alma 57:27



"Sila ay mga bata, at ang kanilang mga pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos." Alma 57:27



"Sila ay mga bata, at ang kanilang mga pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos." Alma 57:27

# Sina Nefias at Lehias sa Bilangguan

Aralin **28**

---

**Layunin**

Himukin ang mga bata na gawing saligan ng kanilang mga buhay ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagpili na ipamuhay ang kanyang mga aral.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Helaman 5. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang bato, buhangin o asin, at takip ng kahon o mababaw na kawali.
   c. Larawan 4–41, Sina Nefias at Lehias sa Bilangguan.

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipaliwanag na bago itayo ang isang gusali, ang mga manggagawa ay gumagawa ng malakas na pundasyon upang maging suporta ng gusali. Ipahambing sa mga bata ang tibay ng isang bato at buhangin bilang mga pundasyon na pagtatayuan. Maglagay sa ibabaw ng mesa ng isang katamtamang laki ng bato at isang takip ng kahon o mababaw na kawali na may buhangin o asin. Hipan ang bato at pagkatapos ay hipan ang buhangin o asin.

Tanungin ang mga bata kung bakit pipiliin nila ang bato sa halip na buhangin na pundasyon kapag sila ay nagtatayo ng bahay. Ipaliwanag na inihahambing ng mga banal na kasulatan si Jesucristo sa bato bilang isang matibay na saligan kung saan natin itatayo ang ating buhay. Itinatayo natin ang ating buhay sa batong saligang si Cristo kapag pinipili nating ipamuhay ang kanyang mga aral.

Awitin ang "Ang Matalino at ang Hangal" (*Aklat ng mga Awit Pambata*). Maaari mong naising hilingan ang tagakumpas sa Primarya na dumalo sa iyong klase upang tulungan ang mga bata na awitin ito. Maaari mo ring patugtugin ang awit sa isang *tape recorder* o ipabigkas nang sabay-sabay sa mga kasapi ng klase ang mga salita.

Sa ulat na ito ay itinayo nina Nefias at Lehias ang kanilang buhay sa tiyak na saligan ng Tagapagligtas, na nangangahulugang mayroon silang malakas na patotoo tungkol kay Jesucristo. Tinulungan nila ang maraming Lamanita na magkaroon din ng patotoo sa kanya. Maaari rin nating itayo ang ating buhay sa tanging tiyak na saligan, si Jesucristo.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol kina Nefias at Lehias na matatagpuan sa Helaman 5. (Para sa mga iminumungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”) Bigyang-diin kung paano si Jesucristo ay ginawang saligan ng kanilang buhay ng dalawang matapat na lalaking ito.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay ninyo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Sino si Helaman? (Helaman 2:2.) Bakit ipinangalan ni Helaman kina Nefias at Lehias ang kanyang mga anak na lalaki? (Helaman 5:6.)
- Kaninong pangalan ang tataglayin natin kapag tayo ay bininyagan? (2 Nefias 31:13.) Paano tayo magiging higit na katulad ni Jesucristo?
- Bakit ipinaubaya sa iba ni Nefias ang pagiging punong hukom? (Helaman 5:2–4.)
- Paano ginawang maaari ni Jesucristo na maligtas tayo mula sa ating mga kasalanan? (Helaman 5:9–10.) Ano ang kailangan nating gawin upang matubos tayo ni Jesucristo mula sa ating mga kasalanan? (Helaman 5:11.)
- Ano ang kahulugan ng “sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan”? (Helaman 5:12.) Bakit si Jesucristo ang ating tanging tiyak na saligan? Paano ninyo magagawang saligan ng inyong buhay si Jesus?
- Paano “ipinadadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, . . . mga palaso, [at] . . . ulang yelo” sa mga tao at pamilya ngayon? Gaano kalakas ang kapangyarihan ng diyablo sa mga nagtatayo ng kanilang buhay sa saligan ni Cristo? (Helaman 5:12.)
- Paano nakaapekto kina Nefias at Lehias ang mga turo ni Helaman? (Helaman 5:13–14.) Ano ang itinuro sa inyo ng inyong mga magulang na nakatulong sa inyo sa inyong buhay?
- Ipakita ang larawang Sina Nefias at Lehias sa Bilangguan. Paano pinangalagaan sina Nefias at Lehias sa bilangguan? (Helaman 5:22–23.) Paano tayo maaaring matulungan kapag tayo ay karapat-dapat?
- Paano nakipag-usap si Jesucristo sa mga Lamanita sa bilangguan? (Helaman 5:29–30.) Ano ang tunog ng tinig? Ano ang sinabi ng Panginoon sa mga Lamanita? (Helaman 5:29, 32.)
- Ano ang sinabi ni Aminadab na gawin ng mga Lamanita upang ang ulap ng kadiliman ay matanggal? (Helaman 5:41.) Ano ang nangyari sa mga Lamanita matapos na mapawi ang kadiliman? (Helaman 5:43–47.) Ano sa palagay ninyo ang madarama ninyo kung kayo ay naroon? Ano ang pakiramdam ng pagkakaroon ng Espiritu sa ating buhay? Hayaan ang mga batang magbahagi ng mga karanasan nang madama nila ang Espiritu sa kanilang buhay.

- Sino ang nagpakita sa mga Lamanita? (Helaman 5:48.) Ano ang ginawa ng mga Lamanita pagkaraang makakita ng mga anghel? (Helaman 5:50.)
- Paano binago ng mga nagbalik-loob ang kanilang mga kilos? (Helaman 5:51–52.) Ano ang ilan sa mga paraan upang maipakita natin sa ating pamumuhay na si Jesucristo ang saligan ng ating mga patotoo?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Tulungan ang mga bata na isaulo ang mga sumusunod na salita mula sa Helaman 5:12: "Tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan." Hamunin ang mga batang isaulo ang buong talata sa loob ng buong linggo.
2. Pagbalik-aralan ang ikaapat na saligan ng pananampalataya, at tulungan ang mga batang isaulo ito. Tulungan silang maunawaan kung paano tayo tinutulungan ng mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo na itayo ang ating buhay sa saligan ni Jesucristo.
3. Awitin o basahin ang mga salita ng "Propeta ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Utos ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o "Maagang Hanapin si Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa kanyang impluwensiya sa inyong buhay. Ibahagi kung paano nagbibigay sa inyo ng lakas at kapangyarihan ang inyong patotoo na paglabanan ang mga tukso ni Satanas. Hamunin ang mga bata na gawing saligan ng kanilang buhay si Jesucristo sa pamamagitan ng pagpiling ipamuhay ang kanyang mga aral at patuloy na pagsisikap na maging higit na katulad niya.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing isaulo ng mga bata ang Helaman 5:12 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin

# 29 Nagpopropesiya si Nefias

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang Ama sa Langit ay nagpapadala ng mga propeta upang turuan tayo tungkol sa Tagapagligtas, tulungan tayong magsisi, at balaan tayo tungkol sa mga bagay na darating.

**Paghahanda**

1. .Pag-aralan nang may panalangin ang Helaman 6:18–23 at 7–9. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Pitong kopya ng bakas ng paa na nasa hulihan ng aralin. Isulat ang isa sa mga sumusunod na salita sa bawat bakas ng paa: *Sundin, ang, propeta, alam, niya, ang, daan.*
   c. Isang kopya ng talumpating ibinigay ng buhay na propeta (mula sa pangkomperensiyang labas ng *Ensign* o isa sa mga pandaigdig na magasin).
   d. Isang larawan ng buhay na propeta.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bago magklase, iteyp ang mga papel na bakas ng paa, na nakataob sa alinmang pagkakasunud-sunod, sa sahig ng silid-aralan. Pahantungin ang mga bakas ng paa sa larawan ng buhay na propeta. Ipatunton sa mga bata ang mga bakas ng paa; pagkatapos ay tipunin ang mga bakas ng paa at ayusin ang mga ito sa tamang pagkakasunud-sunod. Ipabasa nang malakas sa klase ang mga salitang nakasulat sa mga ito. Ipaliwanag na kapag sinunod natin ang mga salitang ito, malalaman natin ang katotohanan at maiiwasang malinlang. Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa propetang si Nefias, ang anak na lalaki ni Helaman. Nalaman ni Nefias na may nangyaring pagpaslang at kung sino ang pumaslang nang hindi nagpupunta sa pinangyarihan ng krimen. Sabihin sa mga bata na habang higit nilang natututuhan ang tungkol kay propetang Nefias, mapalalakas nila ang kanilang tiwala sa mga salita ng buhay na propeta.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol sa babala at mga karanasan ni Nefias mula sa Helaman 7–9. (Para sa mga iminumungkahing paraan ng pagtuturo sa mga bata ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin na ang Ama sa Langit ay nagpapadala ng mga propeta upang turuan tayo tungkol sa Tagapagligtas, tulungan tayong

magtamo ng kaligayahan, tulungan tayong magsisi, at balaan tayo tungkol sa mga bagay na darating.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasama ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Sino ang mga tulisan ni Gadianton? (Helaman 6:18.) Anong mga panunumpa ang ginawa ng pangkat na ito? (Helaman 6:21–22.) Anong mga masamang bagay ang ginawa ng mga tulisan ni Gadianton? (Helaman 6:23.)
- Ano ang ginawa ni Nefias dahil sa kasamaan ng mga tao? (Helaman 7:6–7, 10.) Ano ang ginawa ng mga tao nang makita nila siya sa tore? (Helaman 7:11–12.)
- Ano ang sinabi ni Nefias sa mga tao? (Helaman 7:13–18.) Bakit sa palagay ninyo nagsalita siya tungkol sa pagsisisi? Ano ang kailangan nating gawin upang magsisi?
- Ano ang sinabi ni Nefias na mangyayari sa mga tao kapag hindi sila nagsisi? (Helaman 7:19, 22.) Paano nalaman ni Nefias na mangyayari ang mga bagay na ito? (Helaman 7:29.) Ano ang sinabi ng ibang propeta na mangyayari sa atin kapag tayo ay hindi nagsisi? Paano tayo matutulungan sa ating buhay ng pakikinig sa buhay na propeta? (Doktrina at mga Tipan 21:4–6).
- Paano tumugon ang mga hukom sa mga turo ni Nefias? (Helaman 8:1.) Paano ipinagtanggol ng ilang tao si Nefias? (Helaman 8:7–9.) Bakit kinakailangan kung minsan ng tapang upang manindigan para sa katotohanan? Ano ang maaari nating gawin upang itaguyod ang buhay na propeta?
- Ano ang ipinatotoo ng lahat ng banal na propeta? (Helaman 8:14–16.) Ano ang itinuro sa atin ng buhay na propeta tungkol kay Jesucristo? (Maaari mong naising magbahagi ng maikling talumpati na ibinigay ng buhay na propeta tungkol kay Jesus.)
- Ano ang sinabi ni Nefias sa mga tao tungkol sa kanilang punong hukom? (Helaman 8:27–28.) Paano nalaman ni Nefias kung ano ang nangyari?
- Ano ang iniisip ng limang lalaki habang tumatakbo sila patungo sa hukuman? (Helaman 9:2.) Paano natin malalaman na sa huli ay pinaniwalaang lahat ng limang lalaki ang lahat ng sinabi ni Nefias? (Helaman 9:4–5, 39.) Ano ang magagawa natin upang mapalakas ang ating mga patotoo sa buhay na propeta?
- Paano sinikap na hikayatin ng ibang hukom ang mga tao na si Nefias ay isang bulaang propeta? (Helaman 9:16.) Ano ang isinagot ni Nefias sa kanilang mga bintang? (Helaman 9:25–35.)
- Ano ang naging epekto ng paghahayag ni Nefias sa ilan sa mga tao? (Helaman 9:39–41.) Paano kayo nabiyayaan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga propeta? Maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3 upang tulungan ang mga bata na maunawaan ang bahaging ginagampanan ng isang propeta.

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipasadula sa mga bata ang ulat mula sa Helaman 8–9.
2. Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag mula kay Elder James E. Faust:

   "Ipinangako sa atin na ang Pangulo ng Simbahan ay tatanggap ng patnubay para sa ating lahat bilang tagahayag ng Simbahan. Ang kaligtasan natin ay nakasalalay sa pakikinig sa kanyang sinasabi at sa pagsunod sa kanyang payo" (sa Conference Report, Oct. 1989, p. 11; o *Ensign,* Nov. 1989, p. 10; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 21:4–6).
3. Talakayin kung paano patuloy na naghahayag ng kaalaman mula sa Ama sa Langit ang mga propeta sa huling araw. Magbigay ng ilang halimbawa ng mga paghahayag sa huling araw, na tulad sa Salita ng Karunungan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89), at kung paano pinagpala ng mga ito ang buhay ng mga sumunod sa mga ito. Ibahagi ang mga salita ng buhay na propeta mula sa isang kamakailan lamang na talumpati sa komperensiya (tingnan sa isa sa mga pandaigdig na magasin). Tanungin ang mga bata kung paano sila mabibiyayaan sa pamamagitan ng pagsunod sa payo ng propeta.
4. Pagbalik-aralan ang ikasiyam na saligan ng pananampalataya at tulungan ang mga batang isaulo ito.
5. Awitin o basahin ang mga salita ng "Propeta ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

## Katapusan


**Patotoo**

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa buhay na propeta at sa katotohanan ng kanyang itinuro. Sabihin sa mga bata kung paano ka pinagpala dahil sa pagsunod sa mga turo ng propeta.

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Helaman 8:25–28, 9 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.



# Aralin 30

# Tumatanggap si Nefias ng Dakilang Kapangyarihan

**Layunin**

Turuan ang mga bata na sa pamamagitan ng kapangyarihan at awtoridad ng pagkasaserdote ay ginagabayan at pinagpapala ni Jesucristo ang kanyang mga tagasunod at ang kanyang simbahan.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Helaman 10. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Helaman 11:1–18.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan: isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Simulan ang iyong klase na patay ang mga ilaw. Tanungin ang mga bata kung may napansin silang kakaiba. Pabuksan sa isang bata ang mga ilaw. Pag-usapan ang tungkol sa kapangyarihan ng kuryente na nagbibigay ng liwanag. Talakayin kung anong mga bagay sa mga tahanan ng mga bata ang tumatakbo sa pamamagitan ng kuryente (lutuan, *refrigerator,* bentilador, mga kagamitan, at marami pang iba). Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa ibang uri ng kapangyarihan, isang kapangyarihang higit na malakas kaysa sa kuryente: ang kapangyarihan ng pagkasaserdote ng Diyos.

'Panghaliling Gawain

Para sa mga silid-aralan na walang kuryente, tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat mula sa Helaman 10 tungkol sa pagtanggap ni Nefias ng kapangyarihang magbuklod at sa pangangalaga sa pagkasaserdote upang gawin ang gawain ng Ama sa Langit. (Para sa mga iminumungkahing paraan ng pagtuturo sa mga bata ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Habang papunta sa kanyang bahay si Nefias, ano ang kanyang ginagawa? (Helaman 10:2–3.) Ano ang kahulugan ng magnilay-nilay? (Pag-isipan o isaalang-alang na mabuti.) Ano ang dapat nating pagnilay-nilayin o pag-isipan?
- Bakit nasiraan ng loob si Nefias habang sinisikap niyang ipahayag ang ebanghelyo sa mga Nefita? (Helaman 10:3.)
- Anong mayroon tungkol kay Nefias na ikinalugod ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? (Helaman 10:4.) Paano natin sila mapaliligaya?
- Anong mga pagpapala ang ipinangako ni Jesucristo kay Nefias? (Helaman 10:5.) Ano ang kahulugan ng si Nefias ay hindi mananalangin para sa anumang bagay na "salungat sa kalooban [ni Cristo]"? Paano natin matututuhang sundin ang kalooban ni Jesucristo?
- Ano ang ipinagkaloob kay Nefias na kapangyarihang gawin? (Helaman 10:6–10.)
- Ano ang kapangyarihang magbuklod na ibinigay kay Nefias? (Helaman 10:7; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 132:7.) Paano tayo mabibiyayaan ngayon ng kapangyarihan ng pagkasaserdote na magbuklod? (Sa templo, ang ating mga mag-anak ay maaaring ibuklod nang sama-sama magpakailanman.) Anong damdamin ang naidudulot sa inyo ng kaalamang ang inyong mag-anak ay maaaring mabuhay nang sama-sama magpakailanman? (Kung mayroon man sa mga bata ang nakapunta na sa templo upang maibuklod, maaari mo silang hilingang magbahagi kung ano ang nadama nila nang sila ay maibuklod sa kanilang mga mag-anak.)
- Ano ang iniutos ng Panginoon kay Nefias na sabihin sa mga tao? (Helaman 10:11.) Paano ipinakita ni Nefias ang kanyang pagsunod pagkatapos makipag-usap ng Panginoon sa kanya? (Helaman 10:12.) Sa anong mga paraan nakikipag-usap ang Panginoon sa atin? Paano tayo makapagpapakita ng pagsunod?
- Bakit hindi nagpabago sa buhay ng mga Nefita ang pagbubunyag ni Nefias tungkol sa pagpaslang sa punong hukom? (Helaman 10:13.)
- Paano pinangalagaan si Nefias habang inihahayag niya ang salita ng Diyos sa mga taong ito? (Helaman 10:15–17.) Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "ang kapangyarihan ng Diyos ay na kay" Nefias? Paano tayo maaaring pagpalain at pangalagaan ng pagkasaserdote ngayon?
- Ano ang naging epekto ng mga turo ni Nefias sa mga taong ito? (Helaman 10:18.)
- Paano kayo pinagpala at ang inyong mag-anak ng kapangyarihan ng pagkasaserdote?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Sabihin sa mga bata na may iniisip kang salita. Hilingan silang makinig sa mga sumusunod na paglalarawan at itaas ang kanilang kamay kapag alam nila ang salita.

   Ito ang kapangyarihan ng Diyos.

   Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito ay pinagpapala ng Panginoon ang kanyang mga anak at ang kanyang simbahan.

   Ang mga maytaglay ng kapangyarihang ito ay kumakatawan sa Panginoong Jesucristo.

   Ang mga maytaglay ng kapangyarihang ito ay inatasang gawin ang mga bagay na nais ipagawa ng Tagapagligtas.imi ʻoku nau ʻiloʻi ai ʻa e foʻi leá.

   - Ano ang pangalan ng kapangyarihang ito? (Ang pagkasaserdote.)

2. Ipakita ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel: "Diyakono," "Guro," "Saserdote," "Elder," "Labindalawa," "Labing-apat," "Labing-anim," "Labingwalo."

   Basahin nang isa-isa ang mga sumusunod na paglalarawan, at anyayahan silang hanapin ang dalawang sinulatang piraso ng papel na tugma sa paglalarawan at idikit ang mga ito sa pisara. Magiging higit na mapanghamon para sa mga nakatatandang bata kung ang mga paglalarawan ay babasahin nang hindi sunud-sunod. (Ang mga paglalarawan para sa mga tungkulin ng Pagkasaserdoteng Aaron ay hango sa Doktrina at mga Tipan 20:46–59. Ang paglalarawan sa tungkulin ng isang elder sa Pagkasaserdoteng Melquisedec ay hango sa Doktrina at mga Tipan 20:38–45; 107:11–12.)

   a. Ipinagkaloob na sa akin ang Pagkasaserdoteng Aaron. Ako ang namamahagi ng sakramento. Maaari akong maging mensahero para sa mga pinunong pagkasaserdote. Tinitipon ko ang mga handog-ayuno. Tumutulong ako sa pangangalaga ng mga gusali at bakuran ng Simbahan. Ano ako? Ilang taon ako dapat bago ako maaaring ordenan? (Mga sinulatang piraso ng papel: "Diyakono," "Labindalawa")

   b. Taglay ko ang Pagkasaserdoteng Aaron. Nasa aking lahat ang mga pananagutan at kapangyarihan ng isang diyakono, at inihahanda ko ang tinapay at tubig para sa sakramento. Maaari akong italaga na isang tagapagturo sa tahanan. Ano ako? Ilang taon ako dapat bago ako maaaring ordenan? (Mga sinulatang piraso ng papel: "Guro," "Labing-apat")

   c. Taglay ko ang Pagkasaserdoteng Aaron. Nasa aking lahat ang mga pananagutan at kapangyarihan ng isang diyakono at guro, at maaari akong mangasiwa (magbasbas) ng sakramento. Mayroon akong awtoridad na magbinyag, tumulong sa mga ordenasyon ng ibang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron, at mamuno sa mga pagpupulong kapag walang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Tinutulungan ko ang mga kasapi ng Simbahan na ipamuhay ang mga kautusan. Ano ako? Ilang taon ako dapat bago ako maaaring ordenan? (Mga sinulatang piraso ng papel: "Saserdote," "Labing-anim")

d. Taglay ko ang Pagkasaserdoteng Melquisedec. Maaari akong maglingkod sa misyon. Tinawag ako upang magturo, magpaliwanag, manghikayat, magbinyag, at magbantay sa Simbahan. Maaari akong magkaloob ng kaloob na Espiritu Santo, mangasiwa sa mga pulong, magbasbas ng maliliit na bata, magbasbas sa mga maysakit, at magbasbas ng mga kasapi ng mag-anak. Ano ako? Ilang taon ako dapat bago ako maaaring ordenan? (Mga sinulatang piraso ng papel: “Elder,” “Labingwalo”)

Ipabanggit sa mga bata ang isang bagay na natutuhan nila tungkol sa mga pananagutan ng apat na tungkuling ito sa pagkasaserdote.

3. Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa kapangyarihan ng pagkasaserdote:

   Si Elder Hugh B. Brown ay isang kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol. Noong si Elder Brown ay bata-bata pa, siya ay isang opisyal sa hukbo ng Canada at ipinadala sa Inglatera upang makipaglaban sa Unang Digmaang Pandaigdig para sa hari ng Inglatera.

   Gusto ni Elder Brown ang pagiging isang opisyal para sa hari, sapagkat mayroon siyang kapangyarihang gumawa ng maraming bagay para sa hari.

   Isang umaga ay nakatanggap ng tawag sa telepono si Elder Brown. Isang sundalo na nasa ospital ang nagpapatawag kay Elder Brown upang dalawin siya. Maraming sundalo sa ospital ang humiling kay Elder Brown na dalawin sila. Alam nila na dahil isa siyang opisyal ay mayroon siyang kapangyarihan mula sa hari na pauwiin sila. Habang papunta sa ospital si Elder Brown, naisip niya ang kapangyarihang taglay niya bilang isang opisyal. Nasisiyahan siya na maaari siyang magsalita para sa hari at magpasiya kung ang mga sundalo ay dapat na manatili o umuwi.

   Nang pumasok si Elder Brown sa silid ng sundalo, hindi hiniling ng sundalo na pauwiin siya. Sa halip ay sinabi niyang, “Kapatid na Brown, maaari po ba ninyo akong basbasan? Sa palagay ko po ay mamamatay na ako, at nais kong hilingin ninyo sa Diyos na pahintulutan akong mabuhay.”

   Nabigla si Elder Brown. Hindi siya ipinatawag ng sundalo dahil sa siya ay isang opisyal at magagawa ang gawain ng hari. Ipinatawag siya ng sundalo sapagkat taglay niya ang pagkasaserdote at magagawa ang gawain ng Ama sa Langit. Alam ni Elder Brown na ang kapangyarihan ng hari ay hindi makapagliligtas sa buhay ng sundalo. Mangangailangan ng kapangyarihan ng Ama sa Langit upang iligtas ang sundalo. Habang ipinapatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo ng sundalo at binibigyan ng pagbabasbas, nakadama siya ng labis na pagpapakumbaba.

   Habang paalis ng ospital si Elder Brown, hindi niya iniisip ang tungkol sa kanyang kapangyarihan bilang isang opisyal. Iniisip niya ang tungkol sa kanyang kapangyarihang pagkasaserdote. Alam niya na kailangang taglayin ng kalalakihan ang pagkasaserdote upang magawa ang gawain ng Ama sa Langit sa lupa. Natutuwa siya na taglay niya ang pagkasaserdote at magagawa ang gawain ng Diyos. (Iniangkop mula kay Hugh B. Brown, *Continuing the Quest,* p. 26–27.)

4. Ibigay sa mga bata ang bawat isa sa sumusunod o kahalintulad na mga larawan ng mga maytaglay ng pagkasaserdoteng gumagamit ng pagkasaserdote. (Maaari mong makuha ang mga larawan mula sa aklatan ng inyong bahay-pulungan.) Anyayahan ang mga bata na ipakita ang kanilang larawan at ilarawan kung anong ordenansa ang isinasagawa sa bawat larawan at kung anong tungkulin sa pagkasaserdote ang taglay ng bata o ng lalaki.
   Batang Lalaking Binibinyagan (62018)
   Batang Babaeng Pinagtitibay (62020)
   Namamahagi ng Sakramento (62021)
   Ordenasyon sa Pagkasaserdote (62341)
   Pagbabasbas sa Maysakit (62342)
   Pagbabasbas ng Sakramento (62343)

5. Basahin at talakayin ang Moronias 3, na nagpapaliwanag kung paanong ang mga saserdote at guro ay dapat na ordenan ng mga elder.

6. Basahin at talakayin ang panlima at ika-anim na saligan ng pananampalataya. Tulungan ang mga batang isaulo ang mga saligan ng pananampalatayang ito.

7. Awitin o basahin ang mga salita ng "Pagkasaserdote ay Naipanumbalik" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa pagpapala ng kapangyarihan ng pagkasaserdote sa inyong buhay. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan nang ang pagkasaserdote ay naging pagpapala sa kanilang buhay.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Helaman 10:1–12 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Paalala: Kapag ipinasiya mong gamitin ang gawaing pantawag pansin para sa aralin sa susunod na linggo, paunang mag-atas ng tatlong kasapi ng klase upang gawin ang pagsasadula.

# Si Samuel, ang Lamanita

Aralin
31

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ipinropesiya ng mga propeta ang buhay at misyon ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Helaman 13–14, 16, at 3 Nefias 23:9–13. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Helaman 15.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Tatlong kard na may mga siping hango sa mga propesiya nina Nefias, Abinadias, at Alma (tingnan sa gawaing pantawag pansin).
   c. Maliliit na gamit sa pagsasadula, na gaya ng mga panyo, bata, o pangalang pagkakakilanlan, para gamitin ng mga bata sa pagsasadula kina Nefias, Abinadias, at Alma.
   d. Larawan 4–42, Si Samuel na Lamanita na nasa Ibabaw ng Pader (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 314; 62370 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipasadula sina Nefias, Abinadias, at Alma sa tatlong batang mahuhusay bumasa sa iyong klase. Maaaring magkaroon ang bawat isa ng pangalang pagkakakilanlan o kaunting kasuotan na naglalarawan sa mga propeta. Maaari silang magkunwaring nanggaling sa isang makinang nakapagpapadala ng tao sa iba't ibang panahon *(time machine)* upang dalawin ang klase at muling nagsasabi ng kanilang mga propesiya tungkol sa buhay at misyon ni Jesucristo:

"Dumating ako sa lupang pangako halos anim na raang taon bago isilang si Cristo. Sinabi ko sa aking mga tao ang tungkol sa isang pangitain na nakita ko, na nagturo sa akin tungkol sa pagsilang at kamatayan ni Cristo: 'Tumingin ako at namasdang muli ang birhen, may dalang isang bata sa kanyang mga bisig. At sinabi sa akin ng anghel: Masdan ang Kordero ng Diyos.' Pagkatapos ay nakita kong 'itinaas siya sa krus at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan' (1 Nefias 11:20–21, 33). Sino ako?" (Nefias.)

"Nabuhay ako mga isang daan at limampung taon bago [dumating] si Jesucristo. Ayaw sa akin ng mga tao at hindi sila naniwala sa mga bagay na sinabi ko sa kanila. Ipinropesiya ko na si Jesucristo ay 'bababa sa mga anak ng tao, at . . . tutubusin ang kanyang mga tao' sa pamamagitan ng kanyang '[pagkapako] sa krus' at '[pagkamatay]' at '[aakuin] niya ang kanilang kasamaan' (Mosias 15:1, 7, 9). Sinunog ako sa istaka dahil sa aking patotoo. Sino ako?" (Abinadias.)

"Pagkaraan ng aking naging isang natatanging pangitain mga isang daang taon bago isilang si Jesucristo, alam ko na maaari lamang akong maligtas sa pamamagitan ng ating Manunubos, na darating. Naglakbay ako sa lahat ng dako upang sabihin sa mga tao kung ano ang nalaman ko, na ang 'Anak ng Diyos . . . ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso. . . . At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan . . . [at] dadalhin [o tutulungan] ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan' (Alma 7:10–12). Sino ako?" (Alma.)

Ipaliwanag na hindi lamang ang tatlong propetang ito ang nagpropesiya tungkol kay Jesucristo kundi gayon din ang lahat ng ibang propeta. Sumangguni sa Mosias 13:33: "Hindi ba't nagpropesiya si Moises sa kanila hinggil sa pagdating ng Mesiyas, at na tutubusin ng Diyos ang kanyang mga tao? Oo, at maging lahat ng propeta ay nagpropesiya mula pa sa simula ng daigdig—hindi ba sila nangusap ng higit-kumulang hinggil sa mga bagay na ito?" Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan nila ang tungkol sa isa pang mahalagang propeta, si Samuel, ang Lamanita, na nagturo nang buong giting at kapangyarihan tungkol sa pagsilang, kamatayan, at misyon ni Cristo.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol kay Samuel, ang Lamanita mula sa Helaman 13–14, 16. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin na walang takot na tinuruan ni Samuel ang mga tao tungkol kay Jesus at sa Pagbabayad-sala.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ang mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Anong mensahe ang iniutos kay Samuel na Lamanita na ihayag sa mga Nefita? (Helaman 13:6–7.) Ano ang mga magandang balitang iniutos kay Samuel na ituro? (Helaman 14:9, 11–13. Ipaliwanag na ang kahulugan ng "mga magandang balita" ay ang ebanghelyo.) Bakit magandang balita para sa atin ang ebanghelyo ni Jesucristo? (Maaari tayong magsisi at mapatawad sa ating mga kasalanan.)
- Ano ang sinabi ni Samuel na mangyayari sa mga Nefita kapag hindi sila nagsisi? (Helaman 13:6, 8–10.) Bakit mahalagang makasama natin ang Espiritu? Bakit mahalagang huwag ipagpaliban ang pagsisisi? (Helaman 13:38.)

- Sino ang sinusunod ng mga Nefita sa halip na ang mga propeta? (Helaman 13:27–29.) Anong mga "hangal at bulag na taga-akay" ang umaakay sa mga tao ngayon? Paano tayo kung minsan sinisikap na pagawain ng mali ng iba?
- Bakit tinanggihan ng mga tao ang mga turo ni Samuel? (Helaman 14:10.)
- Ipakita ang larawang Si Samuel na Lamanita na nasa Ibabaw ng Pader. Bakit umakyat sa ibabaw ng pader ng lungsod si Samuel? (Helaman 14:11–12.) Ano ang ipinropesiya ni Samuel na mangyayari sa loob ng limang taon, at ano ang mga magiging palatandaan? (Helaman 14:2–6.) Ano ang magiging mga palatandaan sa oras ng kamatayan ni Cristo? (Helaman 14:20–28.) Bakit inihayag ng Panginoon ang mga palatandaang ito sa mga Nefita? (Helaman 14:12–13, 28.)
- Ano ang itinuro ni Samuel tungkol sa Pagbabayad-sala? (Helaman 14:15–18.) Ano ang pananagutan natin kapag nauunawaan natin ang Pagbabayad-sala? (Helaman 14:19.) Ano ang pananagutan natin sa ating mga kilos? (Helaman 14:30–31.)
- Ano ang ginawa ng mga Nefitang naniwala kay Samuel pagkatapos niyang mangaral? (Helaman 16:1.) Ano ang ginawa ng mga hindi naniwala sa kanya? (Helaman 16:6.) Bakit sa palagay ninyo pinili ng mga tao na huwag maniwala sa mga propeta? Ano ang maaari nating gawin upang mapalakas ang ating mga patotoo tungkol sa mga propeta?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang panahon sa loob ng oras ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. ‘Humanap ng mga kamakailan lamang na talumpati ng buhay na propeta (tingnan lalo na ang mga pangkomperensiyang labas ng mga pandaigdig na magasin). Basahin ang ilang sipi mula sa talumpati, at ipatuklas sa mga bata kung ano ang itinuturo sa kanila ng propeta na gawin ngayon. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga bata. Papiliin ang mga bata ng isang alituntuning nais nilang sundin, at ipasulat ito sa kanila sa isang kard.
2. Gumawa ng dalawang hanay ng pamuhatan sa pisara: "Mga Palatandaan ng Pagsilang ni Cristo" at "Mga Palatandaan ng Kamatayan ni Cristo." Isulat sa magkakahiwalay na piraso ng papel ang lahat ng palatandaan ng pagsilang at kamatayan ni Jesucristo na tinalakay sa araling ito, at paghalu-haluin ang mga ito sa isang lalagyan. Halinhinang papiliin, pabasahin, at ipalagay sa mga bata ang mga ito sa ilalim ng isa sa mga hanay.

   Mga Palatandaan ng Pagsilang ni Cristo (Helaman 14:2–6)
   Mga matinding liwanag sa langit
   Isang maghapon at isang magdamag at isang maghapon, na para bang walang gabi
   Isang bagong bituin
   Maraming palatandaan at kababalaghan sa langit

   Mga Palatandaan ng Kamatayan ni Cristo (Helaman 14:20–28)
   Ang araw, buwan, at mga bituin ay magdidilim
   Walang liwanag sa loob ng tatlong araw
   Magkakaroon ng mga pagkulog at pagkidlat sa loob ng maraming oras

Ang lupa ay mayayanig at mauuga
Mabibiyak ang mga buo at matitigas na bato
Malalakas na unos
Ang mga bundok ay mapapatag
Ang mga lambak ay magiging mga bundok
Mawawasak ang mga lansangan
Magiging mapanglaw ang mga lungsod
Mabubuksan ang mga libingan at iluluwa ang kanilang mga patay

3. Isaulo ang ikaanim, ikapito, o ikasiyam na saligan ng pananampalataya.
4. Awitin o basahin ang mga salita sa “Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), talata 7; o “Propeta ay Sundin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa katotohanan ng mga bagay na sinasabi sa atin ng mga propeta, kapwa noong unang panahon at ngayon.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Helaman 14:1–14, 20–31 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Mga Palatandaan sa Amerika ng Pagsilang ni Jesucristo

Aralin
32

**Layunin** Turuan ang mga bata na kapag tayo ay may pananampalataya, ang mga palatandaan ay makapagpapalakas sa ating patotoo kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 3 Nefias 1–2. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Ang mga pantulong na larawang kasama sa hulihan ng araling ito (o maaari kang gumawa ng mga simpleng drowing sa pisara).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Sabihin sa mga bata na bibigyan mo sila ng mga pahiwatig tungkol sa isang pangyayaring nangyari maraming taon na ang nakalilipas. Ipataas ang kanilang mga kamay kapag alam nila kung anong pangyayari ang inilalarawan ng mga pahiwatig. Anyayahan ang mga batang pumunta sa harap ng klase at hawakan ang mga larawan (tingnan sa mga pantulong na larawan sa hulihan ng aralin) ng mga sumusunod na bagay habang ibinibigay mo ang mga ito:

Anghel
Tungkod ng pastol
Asno
Bituin
Sabsaban
Sanggol

Kapag nahulaan ng mga bata na ang pangyayari ay ang pagsilang ni Jesucristo, iwanang nakikita ang bituin. Ipaliwanag na ang araling ito ay nagtuturo tungkol sa isang lugar na malayo sa Jerusalem na kung saan ang mga tao ay naghintay sa mga palatandaan ng pagsilang ng Tagapagligtas at sila ay nakakita ng bituin.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat sa 3 Nefias 1–2 tungkol sa mga tao sa Zarahemla noong panahon ng pagsilang ni Cristo. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Ipaliwanag na ang Nefias sa ulat na ito ay ang anak ni Nefias na anak ni Helaman.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang sinasabi ng ilang tao tungkol sa mga propesiya ni Samuel na Lamanita? (3 Nefias 1:5–6.) Paano patugong kumilos ang mga naniniwala sa mga hindi naniniwala? (3 Nefias 1:7.)
- Anong palatandaan ang hinahanap nila? (3 Nefias 1:8.) Ano ang itinuturo sa atin ng kanilang pagiging matatag tungkol sa kanilang pananampalataya?
- Anong pananakot ang ginawa ng mga hindi naniniwala sa mga naniwala? (3 Nefias 1:9.) Bakit sa palagay ninyo nagagalit ang ilang tao sa mga naniniwala sa Diyos?
- Ano ang ginawa ni Nefias nang makita niya ang kasamaan ng mga tao? (3 Nefias 1:12.) Ano ang sagot sa panalangin ni Nefias? (3 Nefias 1:13–14.) Bakit sinabi ni Jesucristo na paparito siya sa lupa?
- Paano natupad ang propesiya? (3 Nefias 1:15, 19.) Bakit lubhang natakot ang mga hindi naniniwala nang makita nila ang mga palatandaan na ang propesiya ay natupad? (3 Nefias 1:18.) Ano marahil ang nadama ninyo kung kayo ay naroroon?
- Anong palatandaan ang nakita ng mga Nefita na nakita rin sa Betlehem? (3 Nefias 1:21.)
- Ano ang ginawa ni Satanas upang sikaping mapigilan ang mga tao na maniwala sa mga palatandaan? (3 Nefias 1:22.) Paano ipinakita ng mga tao ang kanilang paniniwala sa Panginoon? (3 Nefias 1:22–23.)
- Ano ang nangyari na nagpababa sa pananampalataya at pagiging matwid ng mga tao? (3 Nefias 1:29–30.) Bakit mahalagang sundin ang matwid na halimbawa at mga turo ng ating mga magulang? Paano kayo pinagpala dahil sa pagsunod sa inyong mga magulang?
- Ano ang naging saloobin ng mga tao sa maraming palatandaang nakita nila? (3 Nefias 2:1–2.) Ano ang matututuhan natin tungkol sa tibay ng mga patotoo na nakabatay sa mga palatandaan? Ano ang maaari nating gawin upang mapalakas ang ating mga patotoo?
- Ano ang naging mga bunga ng kawalang paniniwala ng mga Nefita? (3 Nefias 2:3, 11.) Ano ang ginawa ng mga matwid na Nefita at Lamanita upang pangalagaan ang kanilang mga sarili? (3 Nefias 2:12.) Paano tayo tinutulungang maging higit na malakas ng pagsama sa ibang mga kasapi ng Simbahan at pagsamba sa Ama sa Langit?
- Ano ang nangyari sa huli sa mga tao dahil sa kanilang kasamaan? (3 Nefias 2:17–19.)
- Paano ninyo nalalaman na ang mga propesiya tungkol sa ikalawang pagparito ni Jesucristo ay matutupad? (3 Nefias 1:20.)

- Ano sa palagay ninyo ang magiging kalagayan sa mundo kapag si Jesucristo ay muling pumarito? Anong uri ng tao ang nais ninyong maging kapag siya ay dumating? Ano ang maaari nating gawin ngayon upang maghanda para sa Ikalawang Pagparito?

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Pabanggitin ang mga bata ng mga hindi matapat na tao na napag-aralan nila mula sa mga nakaraang aralin na humingi o nakakita ng mga palatandaan at talakayin ang epekto ng mga palatandaan sa kanilang mga patotoo. Gamitin ang mga sumusunod na halimbawa kung kailangan ng mga bata ang tulong:
   Laman at Lemuel (1 Nefias 3:28–31; 17:45)
   Serem (Jacob 7:13–20)
   Korihor (Alma 30:43–56)
2. Pagkunwariin ang mga bata na sila ay mga tagapagturo sa tahanan o mga dumadalaw na tagapagturo. Hayaang magkusa silang ibahagi kung ano ang ituturo nila sa mga tao upang tulungan silang manatiling malakas sa kanilang mga patotoo kay Jesucristo.
3. Tulungang maisaulo ng mga bata ang 3 Nefias 1:20, at talakayin kung paano ito nauukol sa ating mga buhay.
4. Tulungan ang mga batang isaulo ang ikasampung saligan ng pananampalataya.
5. Awitin o basahin ang mga salita ng “Ipinadala ang Kanyang Anak” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Sa Kanyang Pagbalik” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

**Patotoo**

Magpatotoo na papapangyarihin ng Ama sa Langit ang lahat ng propesiyang ginawa. Bigyang-diin ang pangangailangang mamuhay nang matwid at maging handang salubungin ang Tagapagligtas kapag siya ay muling pumarito.

**Mungkahing Babasahin sa Tahanan**

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 3 Nefias 1:4–15, 19–22 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.


TEN
COMMANDMENTS

# Nagpapakita ang Tagapagligtas sa mga Nefita

Aralin
33

**Layunin**

Palakasin ang patotoo ng bawat bata na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, siya ang ating Tagapagligtas, at siya ay buhay sa ngayon.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 3 Nefias 8–11. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: 3 Nefias 7.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 4–43, Nagpapakita si Cristo sa mga Nefita (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 315; 62047 893); 4–44, Mapa ng Daigdig; at 4-45, Nagtuturo si Jesucristo sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Itanong sa mga bata kung mayroon na sa kanilang nakaranas ng isang nakatatakot na malakas na bagyo. Anyayahan ang isa o dalawa sa mga bata na magbahagi ng gayong karanasan, o maaari kang magbahagi ng iyong karanasan. Ipaliwanag na noong panahong ipinako sa krus si Jesus sa Jerusalem, may kakila-kilabot na bagyo at malawakang pagkasira sa Amerika. Sa pamamagitan ng mapa, ipakita kung saan siya nabuhay at namatay sa [lugar na] tinatawag ngayong Israel. Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa nangyari sa Amerika noong oras ng kamatayan ni Jesucristo.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa mga angkop na oras, ituro sa mga bata ang ulat ng mga palatandaan tungkol sa kamatayan ng Tagapagligtas at sa kanyang pagdalaw sa mga Nefita mula sa 3 Nefias 8:5–11:41. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang ipinropesiya ni Samuel na Lamanita sa mga Nefita tungkol sa kamatayan ng Tagapagligtas? (Helaman 14:20–27.) Bakit niya sinisikap na maihanda sila? (Helaman 14:28–29.) Paano natupad ang mga propesiyang ito? (3 Nefias 8:5–25.)
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dahilan kung bakit pinatay ang mga tao? (3 Nefias 9:2,12.) Ano ang sinabi niya sa mga taong hindi pinatay? (3 Nefias 9:13–14.) Ano ang kahulugan ng lumapit kay Cristo? Anong mga pagpapala ang tatanggapin natin habang higit tayong nagiging katulad ng Tagapagligtas?
- Ano ang itinuro ni Jesus sa mga tao tungkol sa kanyang misyon? (3 Nefias 9:15–17.) Bakit mahalaga sa ating malaman na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos?
- Ano ang sinabi ni Jesus na dahilan kung bakit siya pumarito sa lupa? (3 Nefias 9:21.) Ano ang kailangan nating gawin upang maligtas mula sa ating mga kasalanan? (3 Nefias 9:22.) Ano ang nadama ng mga tao nang maunawaan nila ang Pagbabayad-sala? (3 Nefias 10:10.)
- Ilang ulit narinig ng mga tao sa templo sa lupain ng Bountiful ang tinig mula sa langit at hindi naintindihan ito? (3 Nefias 11:3–4.) Ano ang ginawa ng mga tao upang maintindihan nila ang tinig? (3 Nefias 11:5–6.) Ano ang kahulugan ng "binuksan ang kanilang mga tainga upang marinig ito?" (Dapat tayong makinig at maging handang tumanggap sa nais iparinig sa atin ng Ama sa Langit.)
- Ano ang narinig ng mga tao na sinabi sa kanila ng Ama sa Langit sa ikatlong pagkakataon? (3 Nefias 11:6–7.) Anong mga mahalagang bagay ang nalaman natin mula sa pambungad na ito? (Nalaman nating si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, sila ay dalawang magkahiwalay na nilalang, mahal ng Ama ang Anak, at kailangan nating dinggin, o pakinggan ang Anak.) Ano ang maaari nating gawin upang higit na marinig at maunawaan ang mga salita ni Jesucristo?
- Ano ang nakita ng mga tao nang sila ay tumingala sa langit? (3 Nefias 11:8.) Nang sabihin ng Tagapagligtas kung sino siya, bakit sa palagay ninyo nagpatirapa sa lupa ang mga tao? (3 Nefias 11:10–12.) Ano marahil ang nadama ninyo kung kayo ay naroroon? Bakit ipinadama ni Cristo sa mga tao ang mga sugat sa kanyang katawan? (3 Nefias 11:14–15.)
- Paano nakadama at nagpakita ng pasasalamat at pagmamahal sa Tagapagligtas ang mga Nefita? (3 Nefias 11:16–17.) Paano tayo makapagpapakita ng pagmamahal at pasasalamat sa kanya at sa kanyang ginawa para sa atin?
- Anong mahalagang ordenansa ang ipinagkaloob ni Jesucristo kay Nefias na kapangyarihang magsagawa? (3 Nefias 11:19–21.) Paano dapat isagawa ang mga pagbibinyag? (3 Nefias 11:22–27.)
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol sa mga pagtatalo? (3 Nefias 11:28–30.)
- Ano ang sinabi niyang dapat nating gawin lahat upang matamo ang buhay na walang hanggan? (3 Nefias 11:33–38.)

- Ipaliwanag na ang pinakadakilang balita sa daigdig ngayon ay buhay si Jesucristo. Ang alam lamang ng maraming tao ay matagal na panahon na nang siya ay nabuhay at namatay sa krus. Anong kaalaman mayroon tayo bilang mga kasapi ng kanyang simbahan na nagbibigay sa atin ng damdamin ng pagiging higit na malapit sa Tagapagligtas? (Alam natin na nagdusa siya para sa ating mga kasalanan at ibinigay niya ang kanyang buhay para sa atin at siya ay buhay at pinamumunuan niya ang kanyang simbahan ngayon.)

Anyayahan ang mga bata na ipahayag ang kanilang mga nadarama tungkol kay Jesucristo.

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Basahin at talakayin ang una, ikalawa, o ikaapat na saligan ng pananampalataya. Tulungan ang mga batang isaulo ang isa sa mga ito.
2. Talakayin ang kahulugan ng pagkakaroon ng patotoo. Ang isa sa pinakamahalagang mga bagay na maaaring matamo ng isang tao sa buhay na ito ay ang patotoo na si Jesucristo ay isang tunay na tao at Anak ng Diyos, na dahilan kung kaya't siya ay banal. Ang patotoo ay isang espirituwal na damdamin at malakas na paniniwala na nagiging kaalaman. Kapag kayo ay nagsimulang magkaroon ng patotoo, nadarama ninyo sa inyong kalooban na ang ebanghelyo ay totoo. Ang damdaming ito ay lumalago at nagiging higit na matatag habang inaalagaan ninyo ito sa pamamagitan ng pag-aaral, panalangin, at pagsunod. Magsisimula kayong gumawa ng mga tamang pagpili dahil sa inyong pananampalataya at pagmamahal sa Ama sa Langit at sa kanyang Anak, na si Jesucristo. Kapag tayo ay nagpapatotoo, ipinahahayag natin sa iba ang ating mga nadarama at pangako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Nagpapatotoo rin tayo sa pamamagitan ng paraan ng ating pamumuhay, pananamit, at pagkilos. Kapag pinipili natin ang tama, ipinakikita natin sa iba na tayo ay may patotoo kay Jesucristo at sa kanyang ebanghelyo.
3. Talakayin kung bakit mahalaga sa atin na patuloy na mag-aral tungkol kay Jesucristo. Ipaliwanag na nagiging katulad tayo ng mga kilala, hinahangaan, at iginagalang natin. Higit tayong mapapalapit kay Jesucristo at magiging higit na katulad niya habang natututo tayo tungkol sa kanya at sinisikap nating sundin ang kanyang halimbawa.
4. Awitin o basahin ang mga salita ng “Ipinadala ang Kanyang Anak” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa katotohanan at kabanalan ni Jesucristo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 3 Nefias 11 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
34

# Itinuturo ni Jesucristo sa mga Nefita ang mga Lubos na Pagpapala (Beatitudes)

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang mga Lubos na Pagpapala at ang ibang katotohanang itinuro ni Jesucristo sa mga Nefita ay makatutulong sa ating maging higit na katulad ng ating Ama sa Langit at ng kanyang Anak.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 3 Nefias 12 at 13. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–45, Nagtuturo si Jesucristo sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Pagtambal-tambalin ang mga bata. Kapag hindi pantay ang bilang ng mga bata, pumareha ka sa isa sa mga bata. Hilingan ang mga bata na makinig muna sa lahat ng tagubilin at pagkatapos ay sikaping alalahanin at gawin ang mga ito batay sa pagkakasunud-sunod ng pagkakabigay.

1. Makipagkamay sa iyong kapareha, at sabihin sa kanya ang iyong buong pangalan.
2. Tumayo at sabihin sa iyong kapareha ang isang bagay na hinahangaan mo sa kanya.
3. Umikot nang isang beses at sabihin sa iyong kapareha ang isang bagay na gusto mo sa inyong sarili.
4. Alamin ang paboritong propeta sa Aklat ni Mormon ng iyong kapareha.
5. Maupo, at maghalukipkip.

Pagsimulain ang mga bata. Kapag ang mga bata ay nahihirapang alalahanin ang lahat ng bagay, ulitin ang mga tagubilin at ipasubok muli sa kanila. Ipaliwanag na kapag ang gawain ay inulit ng maraming beses, matatandaan at magagawa ng lahat ang iniuutos sa kanilang gawin. Habang pinipili nating sundin ang mga aral ni Jesucristo sa buong buhay natin, unti-unti tayong matututo na maging katulad ng ating Ama sa Langit at sa kanyang Anak.

Ipaliwanag na dinalaw ni Jesucristo ang lupalop ng Amerika pagkaraang siya ay mabuhay na mag-uli. Pumili siya ng labindalawang disipulo at tinuruan ang

mga Nefita ng katulad na mga alituntunin na itinuro niya sa Sermon sa Bundok sa Jerusalem (tingnan sa Mateo 5–7). Ang mga aral na ito, na kilala bilang mga Lubos na Pagpapala, ay mahalagang ipamuhay natin. Ang mga salitang *lubos na pagpapala* ay nangangahulugang kaligayahan o pagpapala.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ipakita ang larawang Nagtuturo si Jesucristo sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig, at ituro sa mga bata ang ulat mula sa 3 Nefias 12 at 13 na tungkol kay Jesucristo na nagtuturo ng mga Lubos na Pagpapala. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin na tinuturuan tayo ng Tagapagligtas kung paano maging katulad niya at ng kanyang Ama.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Sino ang sinabi ni Jesucristo na dapat pakinggan at sundin ng mga Nefita? (3 Nefias 12:1.) Bakit mahalagang pakinggan at sundin natin ang mga pinuno ng Simbahan ngayon?
- Anong mga pagpapala ang tinatanggap natin kapag tayo ay binibinyagan? (3 Nefias 12:2.) Ano ang kailangan nating gawin kung nais nating tulungan tayo ng Espiritu Santo?
- Ano ang kahulugan ng maging "aba sa Espiritu"? (3 Nefias 12:3. Madaling turuan, hindi mapagmagaling o mayabang.) Paano natin maipakikita sa Ama sa Langit na tayo ay madaling turuan? Ituro na ang mga salitang "lumalapit sa akin" sa talata 3 ay wala sa ulat sa Bibliya subalit tinutulungan tayong higit na maunawaan ang mga Lubos na Pagpapala. Ang pagiging "aba sa espiritu" ay hindi sapat maliban kung lalapit tayo sa Tagapagligtas. Gayon din sa bawat iba pang mga Lubos na Pagpapala.

Itinuro ng Tagapagligtas na dapat tayong magsisi at lumapit sa kanya "na tulad ng maliit na bata" (3 Nefias 9:22). Bumanggit ng mga kahanga-hangang katangiang napansin mo sa bawat bata. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagiging mapitagan sa klase, pagsisikap na matuto, at pagtulong upang matuto ang iba.

Basahin ang 3 Nefias 12:4. Magbahagi ng pagkakataon noong naramdaman mong ikaw ay inalo ng Espiritu. Anyayahan ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan nila noong sila ay aluin.

- Ano ang kahulugan ng maging mapagpakumbaba? (3 Nefias 12:5. Maging maamo at mabait at magpakita ng pagpipigil sa sarili.) Paano tayo at ang iba pinagpapala kapag tayo ay mapagpakumbaba?
- Ano ang kahulugan ng magutom at mauhaw sa kabutihan? (Dapat nating naising maging mabuti na tulad sa pagnanais natin sa pagkain at tubig.) Ano ang ipinangako sa atin kapag tayo ay nagugutom at nauuhaw sa kabutihan? (3 Nefias 12:6.)

- Ano ang kahulugan ng magpakita ng awa? (3 Nefias 12:7. Maging handang magpatawad, maging mabait at mapagmahal.) Kapag tayo ay nagpapakita ng awa, ano ang ipinapangako sa atin? Maaari mong naising magbahagi ng karanasan nang piliin mong patawarin ang isang tao at kung ano ang nadama mo nang ito ay ginawa mo.
- Ano ang kahulugan ng may dalisay na puso? (3 Nefias 12:8. Maging tapat at totoo, magkaroon ng malinis na kaisipan at puso, matuwa sa mga mabuting bagay, at tumalikod sa kasamaan o kasamaan sa pag-iisip at gawa.) Ano ang ilang halimbawa ng pagpili ng mga mabuting gawain sa halip na mga masama? Paano tayo tinutulungan ng pagsunod sa mga aral ng ebanghelyo na magkaroon ng dalisay na puso?
- Ano ang kahulugan ng maging isang tagapamayapa? (3 Nefias 12:9.) Ano ang ilang kalagayang maaari ninyong baguhin sa pamamagitan ng pagiging isang tagapamayapa? Ano ang nadarama ninyo kapag kayo ay isang tagapamayapa?
- Ano ang ipinangako ng Tagapagligtas sa mga pinag-uusig (tinutukso, pinagtatawanan, pinarurusahan) dahil sa kanilang patotoo sa kanya? (3 Nefias 12:10–12.) May kilala ba kayong nagtiis ng pang-uusig alang-alang sa Tagapagligtas? Maaari mong naising magbahagi ng pagkakataon nang ikaw o ang isang taong kilala mo ay nanindigan para sa tama kahit na pinipintasan.
- Ano ang kahulugan ng maging asin ng lupa? (3 Nefias 12:13. Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.) Paano maihahalintulad sa asin ang inyong matwid na halimbawa sa iba?
- Gaano kalakas ang liwanag na maibibigay ng isang may sinding kandila kapag ito ay nasa ilalim ng isang timba o lata? (3 Nefias 12:14–16.) Sa anong mga paraan ninyo maaaring paliwanagin ang inyong ilaw (o halimbawa)? Paanong ang halimbawa ng isang tao ay parang naging isang ilaw sa inyong buhay?
- Paano tayo matutulungan ng pagsunod sa mga kautusan na maging higit na katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? (3 Nefias 12:48.)
- Gaano kahalaga para sa atin na patawarin ang iba? (3 Nefias 13:14–15.)
- Ano ang matututuhan natin tungkol sa pag-aayuno sa 3 Nefias 13:16–18?
- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng “Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa . . . ngunit mag-ipon para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit”? (3 Nefias 13:19–20.) Anong mga kayamanan sa buhay na ito ang maaari nating dalhin sa kabilang buhay? Anong mga kayamanan na tila mahalaga sa atin ngayon ang hindi natin maaaring dalhin?
- Bakit tayo binibigyan ng mga kautusan ni Jesucristo? (3 Nefias 12:20.) Ano ang natutuhan ninyo mula sa mga Lubos na Pagpapala at sa iba pang katotohanang tutulong sa inyo ngayong linggong ito na maging katulad ng Tagapagligtas?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat ang mga pamagat na *Mapapalad* at *Pangako* sa pisara. Isulat ang *3 Nefias 12:3, 3 Nefias 12:4,* at hanggang sa talata 10 sa magkakahiwalay na piraso ng papel at ipamahagi ang mga ito sa mga kasapi ng klase. Ipabasa sa mga bata ang mga talata sa kanilang mga piraso ng papel at ipabanggit kung ano ang pangako sa bawat Lubos na Pagpapala. Isulat ang mga sagot sa angkop na hanay. (Bigyang-diin ang kahalagahan ng "paglapit kay Cristo" kapag pinag-usapan ninyo ang bawat Lubos na Pagpapala.) Kapag tapos na kayo, kailangang isulat sa pisara ang mga sumusunod:

| MAPAPALAD | PANGAKO |
|---|---|
| ang mga aba sa espiritu na lumalapit kay Jesucristo | tatanggap ng kaharian ng langit |
| ang mga nahahapis | aaliwin |
| ang mga maaamo | mamanahin ang lupa |
| ang mga nagugutom at nauuhaw sa kabutihan | mapupuspos ng Espiritu Santo |
| ang mga maawain | kaaawaan |
| ang mga may dalisay na puso | makikita nila ang Diyos |
| ang mga tagapamayapa | tatawaging mg anak ng Diyos |
| ang mga pinag-uusig dahil sa Tagapagligtas | tatanggap ng kaharian ng langit |

2. Talakayin at tulungan ang mga batang isaulo ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya.

3. Tanungin ang mga bata kung paano nila higit na maipamumuhay ang isa sa mga Lubos na Pagpapala, at isulat ang kanilang mga mungkahi sa pisara. Himukin ang bawat batang pumili ng isa sa mga Lubos na Pagpapala na sisikaping gawin sa linggong ito. Maaari mong naising bigyan ang mga bata ng papel na may nakasulat na pangungusap na "Ngayong linggong ito ako ay magiging higit na ______ ." Palagyan sa kanila ng sagot ang patlang at ipauwi ang papel

4. Magpakita ng asin sa mga bata. Ipaliwanag na sa loob ng daan-daang taon ay ginagamit na ang asin upang lagyan ng lasa ang mga pagkain at ipreserba ang mga ito upang huwag mapanis. Katulad sa pagpreserba ng asin sa pagkain, ang kaugnayan natin sa ating Ama sa Langit at sa Tagapagligtas ay naipepreserba kapag sinusunod natin ang kanilang mga turo at tinutupad ang ating mga tipan. Kagaya ng asin na nagdaragdag ng

lasa sa pagkain, maaari tayong magdagdag ng kabutihan sa daigdig sa pamamagitan ng pamumuhay nang matwid. Itanong sa mga bata ang mga sumusunod:

- Ano ang ilan sa mga hindi dalisay (hindi malinis) na impluwensiya ng sanlibutan na maaaring makaapekto sa ating ugnayan sa Tagapagligtas?
- Katulad ng asin na nawawalan ng lasa kapag ito ay pinahihina ng dumi, ano ang nangyayari sa atin kapag pinahihintulutan natin ang mga dumi (mga hindi malinis na kaisipan, impluwensiya, at kilos) sa ating buhay?

5. Kung hindi mo ituturo ang araling ito sa Linggo ng ayuno, maghanda ng mga pagkaing tulad ng binusang mais na may asin at walang asin (makipag-alam sa mga magulang upang malaman kung may mga batang hindi hiyang dito), at palasahan sa mga bata ang pagkakaiba. Ipaliwanag kung gaano kahalaga ang asin sa ilang pagkain. Tulungan ang mga batang maunawaan na upang maituring na asin ng daigdig ay kailangan tayong magkaroon ng mga katangiang katulad ng kay Cristo at maglingkod sa iba.

6. Basahin ang sumusunod na banal na kasulatan. Ipataas sa mga bata ang kanilang mga kamay tuwing maririnig nila ang mga salitang *gawin, ginawa* at *gagawin.*

   "Ito ang aking ebanghelyo; at alam ninyo ang mga bagay na kinakailangan ninyong *gawin* sa aking simbahan; sapagkat ang mga gawang nakita ninyong *ginawa* ko ay siya rin ninyong *gagawin;* sapagkat yaong nakita ninyong *ginawa* ko ay gayon din ang nararapat ninyong *gawin;*

   "Samakatwid, kung *gagawin* ninyo ang mga bagay na ito, pinagpala kayo, sapagkat kayo ay dadakilain sa huling araw" (3 Nefias 27:21–22; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

   Ipaliwanag na kapag ginawa natin ang mga bagay na iniutos sa atin ng Tagapagligtas na gawin, pagpapalain niya tayo. Isang walang hanggang batas ang katotohanan na ang pagsunod ay nagdudulot ng mga pagpapala. Maaari mong naising basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 130:20–21.

7. Magpakita ng larawan ni Spencer W. Kimball, na ikalabindalawang Pangulo ng Simbahan, at sabihin sa mga bata ang isa sa mga paborito niyang salawikain: "Gawin mo." Alam ni Pangulong Kimball na mahalagang hindi lamang malaman ang mga turo ni Jesus kundi talagang gawin ang mga ito. Isalaysay ang kuwentong ito tungkol kay Pangulong Kimball at ang awit na "Ako ay Anak ng Dios."

   "Noong 1957 hinilingan ng Pangkalahatang Sanggunian ng Primarya . . . sina Naomi W. Randall at Mildred T. Pettit . . . na sumulat ng isang [awit tungkol sa pangangailan ng mga bata na maturuan ng ebanghelyo]. Iniulat ni Naomi Randall: 'Noong gabing iyon, lumuhod ako at nanalangin nang malakas, na nagsusumamo sa Ama sa Langit na ipaalam sa akin ang mga tamang salita. Mga 2:00 N.U. nagising ako at nagsimulang mag-isip muli tungkol sa awit. May mga pumasok na salita sa aking isipan. . . . Kaagad akong bumangon at nagsimulang isulat ang mga salita na kagaya ng pagdating ng mga ito sa akin. Tatlong talata at isang koro ang madaling nabuo. Buong pasasalamat na sinuri ko ang awit, dinama ang mensahe ng mga salita, at bumalik sa aking silid-tulugan kung saan ako lumuhod sa harap ng aking Ama sa Langit upang magsabi ng "Salamat!" ' . . .

"Ang mga salita sa koro ay mababasa noong, 'Turuan ng dapat *malaman*/ Nang S'ya'y makapiling.' (Idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.) Mga ilang taon pagkaraang mailathala ang awit, si Spencer W. Kimball, na noon ay kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay dumalo sa isang komperensiya . . . na kung saan ay inawit ito ng koro ng mga batang Primarya. Sinabi ni Naomi Randall: 'Sa paglalakbay pauwi ay kinausap niya ang isang kasapi ng Pangkalahatang Sanggunian ng Primarya [at] ipinahayag ang kanyang pagkagiliw sa awit, pagkatapos ay sinabi niya na may isang salita sa koro na bumabagabag sa kanya. Inisip niya kung isasaalang-alang ni Kapatid na Randall ang pagpapalit sa talatang nagsasaad na "Turuan ng dapat *malaman*" sa "Turuan ng *gagawin*." Mangyari pa ay buong puso kong tinanggap ang kanyang mungkahi.

" 'Inisip ko kung bakit hindi ko isinama ang kaisipang iyon noong panahong ang mga titik ay unang isinulat. Subalit habang lumilipas ang panahon ay buong katapatan kong nadama na sa ganitong paraan nais ng Panginoon na mabago ang awit, sapagkat ito ay naging aral sa lahat ng kasapi sa buong Simbahan at naitanim sa kanilang isipan na hindi lamang ang pag-alam sa ebanghelyo ang hinihiling; ang hinihiling ay ang araw-araw na *paggawa* ng kalooban ng Panginoon at pagsunod sa mga kautusan na nakatutulong sa ating matamo ang ating walang hanggang layunin'" (sa *Our Latter-day Hymns* ni Karen Lynn Davidson, pp. 303–4).

Ipasulat sa bawat bata ang "Gawin mo na ngayon" sa isang kard upang iuwi.

8. Awitin o basahin ang mga salita ng "Nais Kong Ipamuhay ang Ebanghelyo" *(Aklat ng mga Awit Pambata*); "Magmahalan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*); "Matapang si Nefias" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), talata 3; "Ako ay Anak ng Dios" (*Mga Himno at Awit Pambata*); o "Tama ay Gawin" (*Mga Himno at Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na sa pamamagitan ng pamumuhay sa mga Lubos na Pagpapala at ibang kautusan ay pagpapalain tayo at magiging higit na katulad ng Ama sa Langit.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 3 Nefias 12:3–24, 39–48 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 35 Pinagagaling ni Jesucristo ang mga Maysakit at Binabasbasan ang mga Bata

**Layunin**

Ituro sa mga bata na mahal tayong lahat ni Jesucristo at himukin silang makadama ng kagalakan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa kanya.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 3 Nefias 17. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Asin.
   c. Mga larawan 4–46, Pinagagaling ni Jesus ang mga Nefita (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 317; 62541 893); 4–47, Si Jesus na Nananalanging Kasama ang mga Nefita (62542); at 4–48, Binabasbasan ni Jesus ang mga Batang Nefita.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Patikimin ng asin ang bawat bata, at tanungin sila kung paano nila ipaliliwanag ang lasa sa isang tao na hindi pa kailanman nakatikim nito. Maaari mo silang paalalahanan na hindi nila maaaring ilarawang "maalat" ang lasa sapagkat ang isang tao na hindi pa kailanman nakatikim nito ay hindi malalaman kung ano ang kahulugan ng salita. Ipaliwanag na kung minsan ay mahirap ilarawan sa mga salitang mauunawaan ng iba ang mga bagay na naranasan mo. Gayon na lamang ang kagalakan ng mga Nefita nang si Jesucristo ay magpakita sa kanila na dahil dito ay sinabi nilang, "Walang dilang maaaring bumigkas, ni maaaring isulat ng sinumang tao, ni maaaring maunawaan ng puso ng mga tao ang gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay kagaya ng kapwa namin nakita at narinig" (3 Nefias 17:17). Sabihin sa mga bata na kapag ilalarawan nila sa kanilang isipan ang mga pangyayaring maririnig nila sa araling ito, maaaring madama at maunawaan nila sa pamamagitan ng kanilang espiritu ang ilang katotohanang hindi maaaring ilarawan ng mga salita.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa angkop na panahon, ituro sa mga bata ang ulat tungkol kay Jesucristo na nagpapagaling ng mga maysakit at nagbabasbas ng mga bata mula sa 3 Nefias 17. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin na ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa mga tao ay napakatindi kaya't hindi maaaring bigkasin sa pamamagitan ng mga salita.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang sinabi ni Jesucristo na dapat gawin ng mga tao upang maunawaan nila ang mga bagay na itinuro niya sa kanila? (3 Nefias 17:3.) Ano ang kahulugan ng pag-isipang mabuti? (Pag-isipan nang malalim ang isang bagay.) Bakit mahalagang pag-isipang mabuti at ipanalangin ang mga itinuturo sa atin ng ating mga pinuno sa Simbahan at mga guro?
- Saan ang sinabi ng Tagapagligtas na pupuntahan niya pagkaraang dalawin niya ang mga Nefita? (3 Nefias 17:4.) Paano ipinakikita nito na mahal ni Jesus ang lahat ng anak ng Ama sa Langit?
- Ano ang ginawa ng mga tao nang sabihin ng Tagapagligtas na siya ay aalis? (3 Nefias 17:5.) Ano ang ginawa niya upang ipakita na mahal niya sila? (3 Nefias 17:6–8.)
- Ano ang sinabi ni Jesucristo na dahilan kung bakit maaaring gumaling ang mga tao? (3 Nefias 17:8.) Ano ang isang dahilan kung bakit hindi nangyayari kung minsan ang mga himala? (Eter 12:12, 18.)
- Paano ipinakita ng mga Nefita ang kanilang pasasalamat nang pagalingin ni Jesucristo ang mga maysakit? (3 Nefias 17:10.) Kailan ninyo dapat pasalamatan ang Ama sa Langit at si Jesus? Paano ninyo maipakikita ang inyong pasasalamat para sa mga pagpapalang tinatanggap ninyo?
- Pagkaraang pagalingin ni Jesucristo ang mga maysakit, ano ang iniutos niya sa mga taong gawin? (3 Nefias 17:11.) Ano ang ginawa niya nang ang mga bata ay dinala sa kanya? (3 Nefias 17:13–15.) Bakit hindi isinulat ang mga salitang idinalangin niya sa Ama sa Langit? (3 Nefias 17:16–17.)
- Bakit umiyak si Jesus? (3 Nefias 17:20–21.) Paano nagdulot sa inyo ng kagalakan ang ebanghelyo? Paano niya ipinakita ang kanyang pagmamahal sa mga bata? (3 Nefias 17:21.) Ano ang madarama ninyo kapag niyakap, binasbasan, at ipinanalangin kayo ni Jesus sa Ama sa Langit?
- Nang sabihan ng Tagapagligtas ang mga magulang na masdan ang kanilang mga anak, ano ang nakita ng mga magulang? (3 Nefias 17:23–24.) Ano ang kahulugan ng *mangasiwa*? (Tumulong o maglingkod.) Ano ang maaari nating gawin upang paglingkuran ang iba?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong Ezra Taft Benson, ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan:

   "Ipinapangako ko sa inyo, mga minamahal kong anak, na tutulungan din kayo ng mga anghel. Maaaring hindi ninyo sila nakikita, subalit darating sila upang tulungan kayo, at madarama ninyong nariyan sila. . . .

   "Minamahal kong mga anak, ipinadala kayo ng ating Ama sa Langit sa lupa sa panahong ito sapagkat kayo ang ilan sa mga pinakamagiting Niyang anak. Alam Niya na magkakaroon ng maraming kasamaan sa daigdig ngayon, at alam Niya na kayo ay magiging matapat at masunurin" (sa Conference Report, Apr. 1989, p. 105; o *Ensign*, May 1989, p. 83).

2. Basahin nang sabay-sabay ang 3 Nefias 17:20–21. Papiliin ng isang salita o pangkat ng mga salita ang mga bata mula sa mga talatang ito na sa palagay nila ay mahalaga, at pagkatapos ay ipabahagi sa kanila ang kanilang mga nadarama tungkol sa mga salitang pinili nila.

3. Pag-isipin ng mga panahon sa kanilang buhay ang mga bata na masayang-masaya sila. Itanong sa kanila ang mga sumusunod tungkol sa mga panahong iyon:

   - Ano ang ginagawa ninyo?
   - Ano ang nagpasaya sa inyo?
   - Bakit tayo masayang-masaya kapag namumuhay tayo nang gaya ng itinuro ni Jesus?
   - Bakit kayo masayang-masaya kapag kasama ninyo ang ilang mga kaibigan at kasapi ng mag-anak?

   Ipaliwanag na likas na nais nating makasama ang mga mahal natin at ang mga nagmamahal sa atin. Kapag sinunod natin ang mga kautusan, makapamumuhay tayo sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesus at ng ating mga mag-anak magpakailanman. Ito ang magbibigay sa atin ng pinakamatinding kagalakan na maaari nating maranasan.

4. Sapagkat ang mga taong Nefita na nagtipun-tipon sa Bountiful ay hindi pa sapat na handa, hindi masabi ng Tagapagligtas sa kanila ang lahat ng bagay na nais ipaalam sa kanila ng Ama sa Langit. Ano ang iniutos ni Jesus na gawin ng mga tao? (Pasagutan sa mga bata ang patlang mula sa 3 Nefias 17:3.)

   "Kaya nga, __magsiuwi__ __kayo__ __sa inyong__ __mga tahanan__, at __bulay-bulayin__ __ang mga bagay__ __na aking__ __sinabi__, at tanungin __ang Ama__, sa __aking__ __pangalan__, upang kayo'y makaunawa" (3 Nefias 17:3.)

Pagkatapos ng isang komperensiya, pulong sakramento, o Primarya, ano ang dapat ninyong gawin upang maunawaan kung ano ang inyong narinig?

5. Awitin o basahin ang mga salita ng "Sa Kanyang Pagbalik" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na mahal ni Jesucristo at ng Ama sa Langit ang lahat ng bata at kung mayroon tayong pananampalataya kay Jesucristo at susundin natin ang mga kautusan, malalaman natin ang kagalakan ng muling pamumuhay sa piling nila.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 3 Nefias 17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
# 36 Ipinagkakaloob ni Jesucristo ang Sakramento sa mga Nefita

**Layunin**

Himukin ang mga batang palaging alalahanin si Jesucristo upang mapasakanila ang Espiritu.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 3 Nefias 18:1–14. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Isulat ang mga sumusunod na salita sa mga piraso ng papel (o maaari mong isulat ang mga ito sa pisara):
   *Kadiliman*
   *Pagkawasak*
   *Tinig*
   *Mga marka ng kanyang mga sugat*
   *Mga anghel*
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 4–43, Nagpapakita si Cristo sa mga Nefita (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 315; 62047 893); 4–46, Pinagagaling ni Jesus ang mga Nefita (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 317; 62541 893); 4–47, Si Jesus ay Nananalanging Kasama ng mga Nefita (62542); at 4–49, Ang Nabuhay na Mag-uling Jesucristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239; 62187 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Tanungin ang mga bata kung anong mga mahalagang pangyayari ang naaalala nila sa kanilang buhay. Tanungin sila kung ano ang nakatutulong sa kanilang maalala ang mga pangyayaring ito.

Ipakita nang isa-isa ang mga larawang nakatala sa bahaging "Paghahanda" at ang mga salitang inihanda mo. Tanungin ang mga bata kung ano ang ipinaaalala ng bawat larawan o salita o parirala tungkol sa pagdalaw ni Jesus. Ipaliwanag na ang araling ito ay tungkol sa ginawa ni Jesus upang tulungan tayong palagi siyang maalala.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang ulat mula sa 3 Nefias 18:1–14. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo sa mga Banal na Kasulatan.”)

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang iniutos ni Jesucristo na dalhin ng kanyang mga disipulo? (3 Nefias 18:1.) Ano ang ginawa ni Jesus sa tinapay? (3 Nefias 18:3–4.) Ano ang ginawa niya sa alak? (3 Nefias 18:8–9.)
- Ano ang kailangang taglayin ng isang kabataang lalaki bago siya maaaring maghanda, o magbasbas, o mamahagi ng sakramento sa mga kasapi ng Simbahan? (3 Nefias 18:5.) Sino ang naghahanda, nagbabahagi, at nagbabasbas ng sakramento sa ating purok?
- Ano ang ipinaaalala sa atin ng tinapay ng sakramento? (3 Nefias 18:7.) Ano ang ipinaaalala sa atin ng tubig ng sakramento? (3 Nefias 18:11.)
- Kanino tayo nakikipagtipan kapag tumatanggap tayo ng sakramento? (3 Nefias 18:7.)
- Ano ang ipinapangako sa atin ni Jesucristo kapag palagi natin siyang inaalala? (3 Nefias 18:7.) Ano ang kahulugan ng mapasaatin ang kanyang Espiritu? (Pinapatnubayan at tinutulungan tayo ng Espiritu Santo.) Ano ang maaari nating gawin sa loob ng buong linggo upang palagi nating maalaala ang Tagapagligtas nang mapasaatin ang kanyang Espiritu?
- Kapag tumatanggap ng sakramento ang mga kasapi ng Simbahan, ano ang pinatutunayan nila sa Ama sa Langit? (3 Nefias 18:10.) Ano ang kahulugan ng maging handang sundin ang kanyang mga kautusan? Ano ang ilan sa mga kautusang nais ng Ama sa Langit na handa nating sundin? Maaari mong papiliin nang tahimik ang mga bata ng isang kautusang higit nilang nais na ganap na sundin.
- Kapag tayo ay tumatanggap ng sakramento, aling mga tipan ang inaalala at sinasariwa natin? (3 Nefias 18:11.) Paano tayo tinutulungang mamuhay nang higit na mabuti ang madalas na pag-iisip sa mga tipang ginagawa natin sa pagbibinyag? (Mosias 18:10.) Hamunin ang mga batang makinig na mabuti sa mga panalangin ng sakramento at mag-isip ng mga paraan upang matupad nila ang kanilang mga tipan sa pagbibinyag sa loob ng darating na linggo.
- Paano tayo pinagpapala kapag tinatanggap natin nang karapat-dapat ang sakramento? (3 Nefias 18:12–14.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipabasa sa mga bata ang mga panalangin ng sakramento mula sa Moronias 4:3 at 5:2. Hilingin sa mga bata na magmungkahi ng mga paraan na makapaghahanda sa kanilang sarili na tumanggap ng sakramento. Maaari mong gamitin ang mga sumusunod na halimbawa kapag kailangan ng mga bata ang tulong:

   Awitin ang mga titik ng himno ng sakramento.
   Pakinggan ang mga salita ng mga panalangin ng sakramento.
   Isipin ang tungkol sa pagmamahal, pagdurusa, kamatayan, pagkabuhay na mag-uli, at mga turo ng Tagapagligtas.
   Isipin ang tungkol sa ating mga tipan sa Ama sa Langit.

2. Magbahagi ng isang angkop na karanasan nang madama ninyo ang Espiritu. Kung mayroon man sa mga bata na may karanasan hinggil sa Espiritu na nais nilang ibahagi, anyayahan silang gawin ito. Tulungan ang mga batang maunawaan na nais ni Jesucristo na matagpuan at palaging madama nila ang kanyang Espiritu sa kanilang buhay. Talakayin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson, na ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan: "Pinakamadalas nating naririnig ang mga salita ng Panginoon sa pamamagitan ng damdamin. Kapag tayo ay mapagpakumbaba at madaling makadama, pinakamadalas tayong uudyukan ng Panginoon sa pamamagitan ng ating mga damdamin. Iyan ang dahilan kung bakit paminsan-minsan ay nadadala tayo ng mga espirituwal na pag-uudyok sa labis na kagalakan, na kung minsan ay naluluha tayo" (*The Teachings of Ezra Taft Benson*, p. 77).

3. Pumili ng isang pamilyar na himno o awit sa Primarya na ihihimig habang gumuguhit ang mga bata ng isang bagay na makapagpapaalala sa kanila sa Tagapagligtas sa panahon ng sakramento. Ang ilang maaaring pagpilian ay si Jesucristo sa Halamanan ng Getsemani, si Jesucristo na kasama ang mga Nefita, isang pagpapala na pinasasalamatan ng mga bata sa kanilang buhay, at marami pang iba. Himukin silang panatilihin ang kanilang mga kaisipan sa Tagapagligtas sa panahon ng pulong sakramento.

4. Awitin o basahin ang mga salita ng "Magalang, Tahimik" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Ipinadala ang Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipakita ang larawan na Ang Nabuhay na Mag-uling Jesucristo. Magpatotoo na kapag inalala natin si Jesus at sinunod ang kanyang mga kautusan, mapapasaatin ang Espiritu Santo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 3 Nefias 18:1–14 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Tinuturuan ni Jesucristo ang mga Nefita na Manalangin

Aralin **37**

**Layunin** Himukin ang mga bata na manalangin upang hindi sila matukso.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 3 Nefias 18:15–25; 19; 20:1. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Karagdagang babasahin: Alma 13:28–29, Mateo 26:41, at Doktrina at mga Tipan 31:12, 61:39.
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–47, Si Jesucristo ay Nananalanging Kasama ng mga Nefita (62542) at 4–50, Panalangin ng Mag-anak (62275).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ibahagi ang sumusunod na kuwento mula kay Elder Rex D. Pinegar tungkol sa isang natatanging panalangin ng mag-anak:

"Isang umaga mga ilang taon na ang nakararaan ay nagmamaneho ako na kasama ang aking pamilya [para sa isang bakasyon]. Ang apat naming batang anak na babae ay tuwang-tuwa habang papalapit kami sa likuan patungo sa [isang] kilalang liwasan. Gayunman ang tawanan at masayang kuwentuhan ay biglang naputol, nang ang inarkila naming sasakyan ay pumalya at pausad-usad na huminto sa isang hindi inaasahang lugar sa isang bangketa malapit sa labasan ng mga sasakyan. Maraming kotse ang lumampas sa amin sa oras ng pagmamadali sa trapiko habang sinisikap kong paandaring muli ang kotse. Sa huli, batid na wala na kaming ibang magagawa, lumabas kami sa nasirang kotse at nagkumpulan sa tabi ng kalsada upang manalangin.

"Nang iangat namin ang aming mga mukha pagkatapos manalangin, nakakita kami ng isang nakangiting makisig na lalaking kasama ang kanyang anak na iminamaneobra ang kanilang . . . kotse mula sa mga hanay ng trapiko at tumabi sa amin. Sa buong maghapon ay inasikaso ng mga lalaking ito ang aming mga pangangailangan sa maraming mabait at matulunging paraan. Dinala nila kami at ang aming mga gamit sa . . . liwasan (parke). . . . Tinulungan nila akong humanap ng trak na hihila sa ayaw umandar na kotse; ipinagmaneho nila ako patungo sa upahan ng sasakyan upang kumuha ng pamalit na sasakyan. . . . Bumili sila ng mga pagkain at inumin para sa aking

pamilya at naghintay na kasama nila hanggang sa ako ay makabalik pagkaraan ng mga ilang oras.

"Nadama namin na ang mga lalaking ito ang tunay na sagot sa aming panalangin, at sinabi namin sa kanila ang gayon habang kami ay nagpapaalam at nagsisikap na pasalamatan sila. Sumagot ang ama, 'Sa tuwing umaga ay sinasabi ko sa mabuting Panginoon na kung mayroon mang nangangailangan ng tulong ngayong araw na ito, nawa ay gabayan ninyo ako sa kanila'" (sa Conference Report, Oct. 1991, p. 54–55; o *Ensign,* Nov. 1991, p. 39).

Anyayahan ang mga batang magbahagi ng mga naranasan nila hinggil sa pansarili at pangmag-anak na panalangin.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa angkop na panahon, ituro sa mga bata ang ulat tungkol kay Jesucristo na nagtuturo sa kawan ng Nefita mula sa 3 Nefias 18:15–25; 19; 20:1. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo sa mga Banal na Kasulatan.")

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bakit nais ni Jesus na manalangin tayo palagi? (3 Nefias 18:15, 18.)
- Kanino tayo nananalangin? Kaninong pangalan tayo nananalangin? (3 Nefias 18:19; 19:6–8.)
- Kapag tayo ay nanalangin nang may pananampalataya na siyang pinakamabuti sa atin, anong pangako ang ibinigay sa atin? (3 Nefias 18:20.) Tulungan ang mga batang maunawaan na palaging alam ng Ama sa Langit kung ano ang pinakamabuti para sa atin. Kung minsan ay naiiba ito sa nais natin.
- Bakit mahalaga ang panalangin ng mag-anak? (3 Nefias 18:21.) Paano ninyo matutulungan ang inyong mag-anak na magkaroon ng palagiang panalangin ng mag-anak?
- Ano ang sinabi ni Jesucristo na dapat nating gawin para sa mga hindi kasapi ng Simbahan? (3 Nefias 18:22–23.)
- Ano ang kahulugan ng "itaas ninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan"? (3 Nefias 18:24.) Paano natin matutulungan ang iba na maunawaan ang kahalagahan ng panalangin?
- Ano ang itinuro ng labindalawang disipulo ni Jesucristo sa mga Nefita na nagtipun-tipon? (3 Nefias 19:6.) Kailan kayo lumuluhod at nananalangin? Paano nagpapakita ng paggalang sa Ama sa Langit ang pagluhod? Ano ang ilang paraan na makapagpapakita tayo ng pamimitagan habang nananalangin sa ating mga tahanan at silid-aralan?
- Habang nananalangin ang mga disipulo, ano ang pinakahihiling nila? (3 Nefias 19:9.) Paano ibinigay ang kaloob na ito sa kanila? (3 Nefias 19:13–14.)

- Ano ang sinabi ni Jesus noong nanalangin siya sa Ama sa Langit? (3 Nefias 19:20, 28.) Bakit sa palagay ninyo napakahalagang bahagi ng panalangin natin ang pagbibigay ng pasasalamat? Ano ang ilang bagay na pinasasalamatan ninyo?
- Paano tayo mananalangin nang hindi tumitigil? (3 Nefias 20:1.) Bakit kailangang palaging mayroon tayong panalangin sa ating mga puso? (3 Nefias 18:15, 18.) Paano tayo matutulungan ng panalangin na umiwas sa tukso?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat ang mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan sa mga piraso ng papel, at ibigay ang mga ito sa mga bata maging isahan o maliitang pangkat. Ipabasa sa mga bata ang mga banal na kasulatan, na hinahanap ang mga bagay na itinuro ni Jesucristo tungkol sa mga pagpapalang dumarating sa atin sa pamamagitan ng panalangin. Pagkatapos ay pag-ulatin sa klase ang mga bata kung ano ang natutuhan nila.

   3 Nefias 18:15, 18 (Maiiwasan natin ang tukso.)
   3 Nefias 18:20 (Maipagkakaloob ang ating mga matwid na hangarin.)
   3 Nefias 18:24 (Magiging halimbawa tayo sa iba.)
   3 Nefias 19:30 at 27:30 (Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay malulugod sa atin.)

2. Humanap ng mga kuwento mula sa mga magasin ng Simbahan o mga talumpati sa komperensiya tungkol sa pananalangin, at ibahagi ang mga ito sa mga bata.

3. Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson, ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan:

   "Nakagawian na natin sa ating mga panalangin at sa ating mga pagsusumamo sa Panginoon na humingi ng mga karagdagang pagpapala. Subalit kung minsan sa palagay ko ay kailangan nating higit na ihandog ang ating mga panalangin sa pagpapahiwatig ng pasasalamat at pagbibigay pasasalamat para sa mga pagpapalang natanggap na natin" (*God, Family, Country,* p. 199).

   Anyayahan ang mga bata na banggitin sa loob ng isang minuto ang mga bagay na maiisip nila na pinasasalamatan nila. Ibuod ang kanilang mga sagot sa pisara.

4. Talakayin at tulungan ang mga batang isaulo ang bahagi ng Alma 13:28 na: "Magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Panginoon, at manawagan sa kanyang banal na pangalan, at magbantay at patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi matukso nang higit sa inyong makakaya, at sa gayon ay akayin ng Banal na Espiritu."

5. Talakayin ang mga pangunahing bahagi ng panalangin:
   a. Tawagin ang ating Ama sa Langit . . .
   b. Pasalamatan siya para sa . . .

c. Humiling sa kanya ng . . .
d. Tapusin sa pangalan ni Jesucristo, siya nawa.

Isulat sa pisara ang “Pinasasalamatan ko po kayo sa . . . “ Anyayahan ang mga batang sabihin kung ano ang pinasasalamatan nila sa Ama sa Langit at ibuod ang kanilang mga sinabi sa pisara. Gawin din ang gayon sa “Hinihiling ko po na . . . “

6. Awitin o basahin ang mga salita ng “Panalangin ng Isang Bata” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Mga Bata sa Sandaigdigan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Panalangin ng Mag-anak” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Dito ay May Pag-ibig” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng araw-araw na panalangin at na kapag tayo ay nanalangin na tulad ng itinuro ni Jesus, mapapangalagaan tayo laban sa mga impluwensiya ni Satanas.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 3 Nefias 18:18–25 at Alma 13:28–29 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Kapayapaan sa Kalipunan ng mga Nefita

Aralin
# 38

**Layunin** Himukin ang bawat batang hangarin ang kapayapaan at kaligayahang nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 3 Nefias 28:1–16, 23–40 at 4 Nefias. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan: isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipalarawan sa isip ng mga bata kung ano ang magiging kalagayan kapag ang Tagapagligtas ay tumira sa kanilang tahanan na kasama ng kanilang mag-anak sa loob ng isang linggo. Tanungin sila kung ano ang madarama nila habang nasa kanilang tahanan sa loob ng linggong iyon. Ipabasa sa isang bata ang 4 Nefias 1:15–16. Ipaliwanag na inilalarawan ng mga talatang ito kung paano pinakitunguhan ng mga tao sa lupalop ng Amerika ang isa’t isa pagkaraan ng pagdalaw ni Jesucristo. Tulungan ang mga batang talakayin kung ano ang madarama nila sa pamumuhay sa ganitong mga kalagayan.

- Paano maiiba ang ating buhay kapag ang lahat ay sumunod sa mga kautusan? (Hindi na natin kailangan ang mga kandado, susi, pulis, at iba pa.) Tulungan ang mga batang maunawaan na ang isa sa mga pinakamahalagang susi sa kaligayahan ay kung paano natin pinakikitunguhan ang ibang tao. Sa pamamagitan ng pamumuhay sa mga turo ni Jesucristo, pinakikitunguhan natin ang ating mga mag-anak at kaibigan nang may higit na kabaitan at higit na pagpaparaya, at magkakaroon tayo ng higit na kapayapaan at kaligayahan.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat sa 3 Nefias 28:1–16, 23–40 at 4 Nefias tungkol sa mga disipulong Nefita at sa kapayapaan at kaligayahang natamo ng mga Nefita sa pagsunod sa mga kautusan. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo sa mga Banal na Kasulatan.”)

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang hiniling ng mga disipulo ni Jesucristo sa kanya? (3 Nefias 28:2, 4–7.) Bakit pinahintulutan ang tatlong disipulo na manatili sa lupa hanggang sa wakas nito? (3 Nefias 28:6,9.) Ano ang mga pagbabagong ginawa sa kanilang mga katawan na nagpahintulot sa kanilang gawin ito? (3 Nefias 28:38–39.)
- Paano pinangalagaan ang tatlong disipulo habang tinuturuan nila ang mga tao? (3 Nefias 28:18–22.) Ano ang itinala ni Mormon tungkol sa tatlong disipulong ito? (3 Nefias 28:24–26. Ituro na si Mormon ay nabuhay ng mga 350 taon pagkamatay ni Jesucristo.)
- Ano ang ginawa ng mga disipulo pagkaraang umalis sa kanilang piling ang Tagapagligtas? (3 Nefias 28:18.) Ano ang ginawa ng mga tao nang marinig nila ang mga salita ng mga disipulo? (4 Nefias 1:1–2.) Ilan sa mga tao ang nagbalik-loob? Ituro na ang mga tao ay hindi na nahahati sa mga Nefita at Lamanita kundi sila ay iisa.
- Ano ang kahulugan ng *alitan* at *pagtatalu-talo?* (4 Nefias 1:2. Pag-aaway o pagsasagutan.) Paano kayo at ang inyong pamilya pinagpapala kapag kayo ay hindi nagtatalo? Paano kayo maaaring maging isang tagapamayapa at makatulong sa inyong mag-anak na iwasan ang pagtatalo?
- Ano ang kahulugan ng ang mga tao ay "nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay sa kanila"? (4 Nefias 1:3.) Ano ang magugustuhan ninyo sa ganitong pamumuhay? Bakit sa palagay ninyo maaaring mahirap ito?
- Anong mga himala ang ginawa ng mga disipulo ni Jesucristo? (4 Nefias 1:5.)
- Paano pinagpala ang mga tao? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Bakit walang alitan sa lupain? (4 Nefias 1:15.) Ano ang kahulugan ng taglayin ang "pag-ibig sa Diyos" sa ating mga puso? Kailan ninyo nadama ang pag-ibig sa Diyos sa inyong buhay? Paano natin maibabahagi ang pag-ibig na ito sa iba?
- Ano ang nagpabago sa masayang lipunang ito? (4 Nefias 1:23–29.) Paano pinakitunguhan ng mga tao ang mga disipulo? (4 Nefias 1:30–34.) Ano ang kapalaluan? Paano natin mapagtatagumpayan ang kapalaluan sa ating buhay?
- Ano ang kahulugan ng "hayagang naghimagsik laban sa ebanghelyo ni Cristo" na tulad ng ginawa ng mga taong ito? (4 Nefias 1:38.)
- Ano ang kalagayan ng mga tao pagkalipas ng tatlong daang taon pagkaraan ng pagdalaw ni Cristo? (4 Nefias 1:45–46.)

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gumawa ng mga sinulatang piraso ng papel na naglalaman ng mga pariralang ito mula sa 4 Nefias 1:2–3, 5, 15–17:

   “Bawat tao ay makatarungan ang pakikitungo sa isa’t isa.”
   “Nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay sa kanila.”
   “Lahat ng uri ng himala ay ginawa nila.”
   “Hindi nagkaroon ng alitan sa lupain.”
   “[Ang] pag-ibig sa Diyos . . . [ay] nanahan sa mga puso ng tao.”
   “Walang mga inggitan.”
   “Walang . . . mga alitan [kaguluhan].”
   “Walang . . . pagsisinungaling.”
   “Walang mga tulisan.”
   “[Walang] . . . mga mamatay-tao.”
   “Sila ay iisa, ang mga anak ni Cristo.”

   Ilagay ang mga sinulatang piraso ng papel sa isang lalagyan, at pakuhanin ng isa ang bawat bata at ipakita ito. Ipinaliliwanag ng mga pariralang ito mula sa 4 Nefias kung bakit ang mga tao ay namumuhay sa kapayapaan at kaligayahan.

2. Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson, ang ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan:

   “Binalaan tayo ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan na, ‘Mag-ingat sa kapalaluan, at baka kayo ay maging katulad ng mga Nefita noong sinauna’ (Doktrina at mga Tipan 38:39)” (sa Conference Report, Apr. 1989, p. 3; o *Ensign,* May 1989, p. 4). Tinuruan tayo ni Pangulong Benson na maaari nating mapagtagumpayan ang kapalaluan sa ating sarili at maging “mapagpakumbaba, maamo, masunurin” sa pamamagitan ng—

   Pagpapakita ng pagmamahal sa Ama sa Langit at unahin siya sa ating buhay.
   Hindi pag-aalala sa iisipin ng iba tungkol sa atin kundi sa iniisip lamang ng Ama sa Langit sa atin.
   Hindi pagtsitsismis o pamimintas.
   Hindi pagka-inggit o pamumuhay nang labis sa ating makakaya.
   Hindi pagtatalo o pag-aaway sa ating mga pamilya.
   Pagtulong sa iba na makadama ng mabuti sa kanilang sarili.
   Pagtanggap ng payo mula sa ating mga pinuno.
   Pagpapatawad sa mga nakasakit sa atin.
   Pagiging hindi makasarili.
   Paglilingkod sa iba.

   Ang mga pangungusap na ito ay maaaring gawin bilang mga sinulatang piraso ng papel at ilagay sa supot. Maaaring pakuhanin ng isang sinulatang piraso ng papel ang bawat bata at talakayin kung paano tayo matutulungan ng alituntuning iyan na mapagtagumpayan ang kapalaluan sa ating mga mag-anak.

3. Basahin, talakayin, at tulungan ang mga batang isaulo ang ilang bahagi o ang buong 4 Nefias 1:15–16.
4. Ipasadula sa mga bata ang mga tunay na kalagayan sa buhay na kung saan ay may alitan. Ipasadula sa mga bata kung ano ang magiging kalagayan kapag sila ay namumuhay sa lipunan ng mga Nefita na "walang alitan." (Mga mungkahi: dalawang batang nais mauna sa pila, dalawang magkapatid na babae na nais maglaro ng iisang laruan, at marami pang iba.)
5. Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Elder Marvin J. Ashton:

   " 'Paano ninyo masasabi kung ang isang tao ay nagbalik-loob kay Jesucristo?' . . . 'Ang pinakamahusay at pinakamalinaw na tagapagsabi kung tayo ay umuunlad sa espirituwal at lumalapit kay Cristo ay ang paraan ng ating pakikitungo sa ibang tao' " (sa Conference Report, Apr. 1992, p. 25; o *Ensign,* May 1992, p. 20).
6. Tulungan ang mga batang isaulo ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya. Talakayin kung paano ito nauukol sa paraan ng pamumuhay ng mga Nefita pagkaraang dalawin sila ni Jesucristo at kung paano tayo maaaring mamuhay ngayon.
7. Basahin at talakayin ang Doktrina at mga Tipan 19:23.
8. Awitin o basahin ang mga salita ng "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o "Utos ay Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na maaari tayong makadama ng kapayapaan at kaligayahan kapag mapagpakumbaba tayong namumuhay batay sa itinuro sa atin ng Tagapagligtas.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 4 Nefias 1:1–18 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Nasasaksihan ni Mormon ang Pagkalipol ng mga Nefita

Aralin **39**

**Layunin**

Palakasin ang pagnanais ng bawat bata na manatiling tapat sa mga turo ni Jesucristo sa kabila ng mga masamang impluwensiya sa paligid natin.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mormon 1–6. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Anim na nakasulat na paglalarawan kay Mormon na katulad ng inilarawan sa gawaing pantawag pansin.
   c. Mga larawan 4–1, Pinaiikli ni Mormon ang mga Lamina (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, 306; 62520 893), at 4–51, Nagpapaalam si Mormon sa Minsang Isang Dakilang Bansa (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 319; 62043 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Isulat ang salitang *Mormon* sa pisara.

- Ano ang naiisip ninyo kapag naririnig ninyo ang salitang ito?

Pagkatapos na talakayin ng mga bata kung ano ang naiisip nila, ipaliwanag na ngayon ay matututo sila tungkol kay propetang Mormon. Ibigay sa anim na bata ang bawat isa sa mga sumusunod na paglalarawan kay Mormon bilang isang kabataang lalaki upang basahin sa klase:

> Isinilang ako noong mga 321 A.D.
>
> Noong ako ay sampung taong gulang, sinabi sa akin ni propetang Amaron na ibibigay sa akin ang mga malaking lamina ni Nefias kapag ako ay dalawampu't apat na taong gulang na. (Mormon 1:2–4.)
>
> Noong ako ay labing-isang taong gulang, lumipat ako sa Zarahemla, isang malaking lungsod na may maraming tao, na kasama ang aking ama. Noong taon ding iyon ay nagsimula ang mga digmaan. (Mormon 1:6–8.)
>
> Noong ako ay labing limang taong gulang, dinalaw ako ni Jesucristo at nadama ko ang kanyang pagmamahal at kabutihan. (Mormon 1:15.)

> Noong ako ay labing anim na taong gulang, inatasan akong mamuno sa lahat ng hukbo ng mga Nefita. (Mormon 2:1–2.)
>
> Dahil sa kasamaan ng aking mga tao, kinailangan kong maging matatag sa pagsunod sa mga kautusan at pananalig sa Ama sa Langit.

Ipaliwanag sa mga bata na kapag pinag-aaralan natin ang buhay ni Mormon, makikita natin kung paano maaaring mamuhay nang matwid sa kabila ng mga masamang impluwensiya sa paligid natin.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang ulat tungkol kay Mormon na pinaiikli ang malalaking lamina ni Nefias at ang pagkalipol ng mga Nefita mula sa Mormon 1–6. Gamitin ang mga larawan sa mga angkop na oras. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo sa mga Banal na Kasulatan.")

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Paano at bakit si Mormon ang piniling mag-ingat ng mga talaan? (Mormon 1:2–4.) Ano sa palagay ninyo ang madarama ninyo kapag kayo ay binigyan ng katulad na pananagutan na ibinigay kay Mormon sa inyong napakamurang gulang? Paano ninyo maihahanda ang inyong sarili para sa ganitong sagradong pananagutan?
- Ano ang nangyayari sa mga Nefita at Lamanita sa panahong ito? (Mormon 1:13.) Anong mga espirituwal na pagpapala ang nawala sa mga Nefita dahil sa kanilang kasamaan? (Mormon 1:13–14.) Bakit napakahalagang mamuhay sa paraang maaaring mapasaatin ang Espiritu Santo?
- Bakit hindi pinayagan si Mormon na ituro ang ebanghelyo sa mga Nefita? (Mormon 1:16–17.) Sa anong mga paraan mahirap mamuhay sa isang makasalanang daigdig?
- Ano ang dahilan kung bakit nagsimulang magsisi ang mga Nefita? (Mormon 2:10–11. Maaari mong naising ipaalala sa mga bata ang propesiya ni Samuel sa Helaman 13:18.) Bakit kaagad na napalitan ng kalungkutan ang kaligayahang nadama ni Mormon sa pagsisisi ng kanyang mga tao? (Mormon 2:12–15.) Paano tayo makapagsisisi nang tapat?
- Sa panahon ng mga digmaan, ano ang ginawa ni Mormon sa mga malaking lamina ni Nefias? (Mormon 2:16–18.) Tulungan ang mga batang maunawaan na ang Aklat ni Mormon ay ipinangalan kay Mormon sapagkat siya ang propetang nagpaikli o nagbuod sa mga malaking lamina ni Nefias. Ipakita ang larawan ni Mormon na pinaiikli ang mga malaking lamina ni Nefias. Ang pinaikling kabuuang ito na ginawa ni Mormon; ang mga bagay na idinagdag ng kanyang anak na lalaki, na si Moronias; at ang mga maliit na lamina ni Nefias ay ang mga laminang ginto na nakuha ni Joseph Smith mula kay Moronias sa Burol ng Cumora.

- Bakit hindi naging matagumpay ang mga Nefita sa labanan na tulad ng dapat mangyari? (Mormon 2:26–27.) Ano ang maaari nating gawin upang matamo ang "lakas ng Panginoon" sa ating buhay?
- Ano ang nangyari nang turuan ni Mormon ang mga Nefita tungkol sa pagsisisi? (Mormon 3:2–3.) Bakit maraming tao ang hindi nakikinig sa Ama sa Langit at sa kanyang mga propeta?
- Ano ang ginawa ni Mormon sa wakas dahil sa kasamaan ng mga tao? (Mormon 3:11.) Ano ang ginawa niya upang ipakita kung gaano kalaki ang pagmamalasakit niya sa kanila? (Mormon 3:12.) Bakit dapat nating ipanalangin ang mga taong hindi sumusunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit?
- Sinong mga propeta ang nagpropesiya tungkol sa pagkalipol ng mga Nefita? (Mormon 1:19; 2:10.) Ano ang ilan sa mga kahirapang naranasan ng mga tao, dahil sa kanilang kasamaan, bilang katuparan ng mga propesiyang ito? (Mormon 2:8, 20; 4:11, 21; 5:16, 18; 6:7–9.) Kapag nakita ninyo ang mga kahirapang ito na nangyayari sa inyong mga kaibigan at kapwa, ano ang nanaisin ninyong gawin para sa kanila? Ano ang maaari nating gawin upang tulungan ang iba na matuto na sundin ang mga kautusan ng Ama sa Langit? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Ilang tao ang namatay sa mga digmaang ito? (Mormon 6:10–15. Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Ano ang nadama ni Mormon sa pagkalipol ng kanyang mga tao? (Mormon 6:16–22.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Talakayin ang layunin ni Mormon sa pag-iingat sa mga talaan (Mormon 3:20–22; 5:14–15). Bigyan ng kahit isang talatang babasahin ang bawat bata upang malaman ang mga sagot.
2. Magpabanggit sa bawat bata ng isang kautusan at sabihin kung ano ang maaaring maging kaibahan sa Sarahemla o sa kanilang lungsod kapag ipinamuhay lamang ng lahat ang isang kautusang iyan.
3. Talakayin ang maraming bilang ng mga taong nasawi. Ihambing ito sa isang lungsod na may 230,000 katao na namatay lahat maliban sa dalawampu't apat na tao.
4. Pagbalik-aralang kasama ng mga bata ang mga pagpapalang nasa atin dahil sa malaking pananampalataya at tapang ni Mormon sa pagiging tapat sa kanyang pananagutan. Isama ang mga sumusunod:

   Nagpakita siya ng halimbawa sa pamamagitan ng pagpapakita sa atin kung paano mananatiling matapat kapag pinaliligiran ng kasamaan.

   Itinala niya ang kasaysayan ng kanyang mga tao.

   Pinaikli niya ang kasaysayan ng mga Nefita.

   Sumulat siya sa kanyang anak na lalaki, na si Moronias, na nagbibigay sa atin ng matalinong payo at doktrina.

- Paano tayo makapagpapakita ng pasasalamat para sa mga sagradong talang ito?

5. Awitin o basahin ang mga salita ng “Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Susundin Ko ang Plano ng Diyos” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Matuwid ang Piliin” (*Mga Tungkulin at Mga Biyaya ng Pagkasaserdote, Bahagi B*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa Aklat ni Mormon at kung paano tayo matutulungan nito na manatiling tapat kay Jesucristo sa kabila ng mga masamang impluwensiya sa paligid natin.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Mormon 1:1–7, 13–19 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Inaakay ang mga Jaredita Patungo sa Lupang Pangako

Aralin 40

**Layunin**

Himukin ang mga bata na hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo sa buong buhay nila.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Eter 1:1–4, 33–43; 2; 3; 6:1–13; at Genesis 11:1–9. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Isulat ang pariralang "Tumayo, umikot, at maupo nang tahimik" sa isang piraso ng papel. Pagkatapos, gumawa ng sapat na kopya ng parirala sa mga banyagang wika na ginagamit ang ibang wika sa ibaba, upang ang lahat ng bata ay magkaroon ng isang kopya.
   Aleman: Steh auf, dreh dich um, und sitz still.
   Italyano: Alzati, girati, siediti, e stai tranquillo.
   Danish: Rejs dig op, vend dig omkring, saet dig stille ned.
   Swedish: Ställa upp, vand dig omkring, sätt dig stilla ned.
   Pranses: Lève-toi, tourne-toi, et assieds-toi tranquillement.
   Portuges: Levante-se, vire-se, e sente-se silenciosamente!
   Espanyol: Ponte de pie, date una vuelta, y siéntate en silencio.
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang Bibliya.
   c. Mga larawan 4–44, Mapa ng Daigdig; 4–52, Nakikita ng Kapatid ni Jared ang Daliri ng Panginoon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 318; 62478 893); 4–53, Ang mga Barko ng mga Jaredita; at 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bigyan ang bawat bata ng isa sa mga papel na may nakasulat na pariralang "Tumayo, umikot, at maupo nang tahimik" sa iba't ibang wika. Hilingan ang mga kasapi ng klase na sundin ang mga tagubilin na nasa kanilang mga papel.

- Bakit hindi kayo lahat nakasunod sa mga tagubilin?

Ikuwento nang maikli ang tungkol sa Tore ni Babel mula sa Genesis 11:1–9.

- Ano ang mangyayari kapag hindi ninyo maintindihan ang mga taong nasa paligid ninyo? Ipaliwanag na ngayon ay matututuhan ng mga bata ang tungkol sa isang pamilya na nabuhay noong panahon ng Tore ni Babel.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa angkop na panahon, ituro sa mga bata ang ulat mula sa Eter 1–3 at 6:1–13 tungkol sa mga Jaredita na dinadala sa lupang pangako. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo sa mga Banal na Kasulatan.")Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Sino ang mga Jaredita? (Eter 1:33.) Bakit hindi nilito (binago) ng Panginoon ang kanilang wika? (Eter 1:34–37.)
- Ano ang hiniling ng kapatid na lalaki ni Jared sa Ama sa Langit? (Eter 1:38.)
- Anong mga paghahanda ang ginawa ng mga Jaredita para sa kanilang paglalakbay? (Eter 1:41; 2:2–3; 6:4.)
- Ano ang kahulugan ng *deseret*? (Eter 2:3.)
- Paano pinatnubayan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang mga Jaredita sa kanilang paglalakbay sa karagatan? (Eter 2:4–6.) Paano tayo makatatanggap ng makalangit na patnubay sa ating buhay? (Mga sagot sa panalangin, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng mga propeta at ibang pinuno, sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan.)
- Bakit dinadala ang mga Jaredita sa isang piling lupain? (Eter 1:42–43.)
- Bakit hindi natuwa ang Panginoon sa kapatid na lalaki ni Jared? (Eter 2:14.) Ano ang ginawa ng kapatid na lalaki ni Jared pagkatapos na kastiguhin siya ng Panginoon? (Eter 2:15.) Ipaliwanag na ang kahulugan ng *pinagsabihan* ay ang masabihan na may ginagawa kang mali upang malaman mo kung ano ang dapat na tamang gawin.
- Pagkaraang malapit nang matapos ang mga barko, anong dalawang problema ang kinailangang ihingi ng tulong ng kapatid na lalaki ni Jared? (Eter 2:19.) Ano ang inasahan ng Panginoon na gagawin ng kapatid na lalaki ni Jared upang malutas ang problema ng paglalagay ng ilaw sa mga barko bago niya bigyan ito ng gabay? (Eter 2:23, 25; 3:1.) Ano ang matututuhan natin mula sa mga karanasan ng kapatid na lalaki ni Jared tungkol sa paglutas sa ating sariling mga problema?
- Dahil sa kanyang malaking pananampalataya kay Jesucristo, ano ang ginawa ng kapatid na lalaki ni Jared upang magkaroon ng ilaw ang mga barko? (Eter 3:1, 4–5.) Paano siya tinulungan ni Jesucristo? (Eter 3:6.) Paano natin maipakikita ang ating pananampalataya kay Jesucristo?
- Ano ang nakita ng kapatid na lalaki ni Jared habang ang mga bato ay pinaiilaw? (Eter 3:6–8.) Bakit nakita ng kapatid na lalaki ni Jared si Jesucristo? (Eter 3:9–15.) Ano ang nalaman ng kapatid na lalaki ni Jared tungkol sa katawan ni Jesucristo? (Eter 3:6, 15–17.) Tulungan ang mga batang maunawaan na nakita ng kapatid na lalaki ni Jared ang espiritung katawan ni Jesucristo, na kahawig na kahawig ng pisikal na katawang tinanggap ni Jesus noong siya ay pumarito sa lupa.

- Anong mga problema ang kinaharap ng mga Jaredita habang tumatawid sila sa karagatan? Paano sila tinulungan ng Panginoon? Ano ang ginawa ng mga Jaredita? (Eter 6:5–9.)
- Ano ang ginawa ng mga Jaredita pagdaong na pagdaong nila sa dalampasigan ng lupang pangako? (Eter 6:12–13.) Anong mga pagpapala ang pinasasalamatan ninyo? Paano natin maipakikita sa Ama sa Langit na nagpapasalamat tayo sa ating mga pagpapala?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Magpakita ng maraming bagay o larawan ng mga bagay na kagaya ng mga mapa, aguhon, plaslayt, at iba pa. Ipatalakay sa mga bata kung paano nakatutulong sa paggabay sa atin ang bawat bagay. Ipakita ang larawan ni Jesucristo at talakayin kung paano tayo tumatanggap ng espirituwal na patnubay sa ating buhay.
2. Pagbalik-aralan at talakayin ang ikaapat na saligan ng pananampalataya. Ipakita ang larawan ni Jesucristo, at tanungin ang mga bata kung bakit sa palagay nila ay unang alituntunin ng ebanghelyo ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Talakayin kung bakit dapat tayong magkaroon ng pananampalataya bago tayo maaaring magsisi, mabinyagan, at makatanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Hayaang magbigay ng ilang halimbawa ang mga bata kung paano pinauunlad ng pananampalataya kay Jesucristo ang ating mga kilos at asal. Bigyang-diin ang malaking kapangyarihang maaaring mapasaatin habang unti-unti tayong nagkakaroon ng pananampalataya sa kanya.
3. Sa pamamagitan ng paggamit ng pisara o isang paskil, gumawa ng isang laruan ng *tic-tac-toe* sa pisara (drowing ng malaking parisukat na binubuo ng 9 na mas maliliit na parisukat, 3 pahalang at 3 pababa). Hatiin ang klase sa dalawang pangkat, na ginagamit ng isa ang mga *x* at ang isa ay ang mga *o*. Kapag ang iyong tanong ay nasagot nang tama, ang pangkat na nakasagot ang pipili kung saan ilalagay ang *x* o *o.* Ang layunin ay makakuha ng tatlong *x* o *o* na magkakahanay. Kapag may tanong na hindi nasagot, ang katunggaling pangkat ang may pagkakataong sumagot sa tanong ding iyon. (Sumangguni sa aralin 18 para sa mga tagubilin.) Ang mga sumusunod ay maaaring gamiting mga tanong sa pagbabalik-aral tungkol sa mga Jaredita (kailangan mong magdagdag ng iba):

   Ilang bato ang inilagay sa bawat barko? (Dalawa.)

   Gaano katagal bago natawid ni Jared, ng kanyang kapatid na lalaki, at kanilang mga pamilya at kaibigan ang karagatan? (Halos isang taon.)

   Ano ang pangalan ng mataas na tore na itinatayo ng mga masamang tao? (Tore ni Babel.)

   Bakit inihanda ng kapatid na lalaki ni Jared ang labing-anim na maliliit na bato? (Upang gumawa ng mapagkukunan ng liwanag para sa kanilang paglalakbay.)

Paano pinailaw ni Jesucristo ang bawat bato? (Sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Sa pamamagitan ng paghipo sa mga ito na ginagamit ang kanyang daliri.)

4. Awitin o basahin ang mga salita ng "Ako ay Anak ng Dios" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na ang mga bata ay maaaring makatanggap ng patnubay mula sa Espiritu Santo kung mamumuhay sila nang karapat-dapat sa pagkakaroon ng Espiritu sa kanilang buhay.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Eter 3:6–16 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Tinatanggihan ng mga Jaredita ang mga Propeta

Aralin
41

**Layunin**

Tulungan ang bawat bata na naising mapaglabanan ang kasamaan sa kanyang sariling buhay sa pamamagitan ng pagpiling makinig at sumunod sa mga propeta.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Eter 2:10–12; 11:1–5; 12:1–5; 13:13–22; 14:1–2, 21; 15:1–6, 18–34; at Omnias 1:20–21. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–54, Itinala ni Eter ang Kasaysayan ng mga Jaredita.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Magtanong ng tulad sa mga sumusunod:

- Ano ang mangyayari kapag pinili ninyong itusok ang isang aspili sa isang lobo na punung-puno ng hangin?
- Ano ang mangyayari kapag pinili ng pamilya ninyong huwag nang magdilig ng halaman sa inyong tahanan?
- Ano ang mangyayari kapag pinili ninyong magpuyat at hindi magkaroon ng sapat na tulog?

Ipaliwanag sa mga bata na ang lahat ng pagpili nila ay may mga kahihinatnan. Ang mga kahihinatnan ay ang mga nangyayari bilang bunga ng mga pagpili na ginagawa natin. Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan at ng ating mga propeta ang mga kahihinatnan ng ating mga pagpili sapagkat nais ng Ama sa Langit na gumawa tayo ng mga mabuting pagpili. Ang araling ito ay tungkol sa mga Jaredita at sa propetang si Eter. Sinabi ni Eter sa mga Jaredita na kapag pinili nilang hindi magsisi, ang mga magiging bunga nito ay malilipol ang lahat ng tao.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol sa pagkalipol ng mga Jaredita mula sa mga banal na kasulatang nakatala sa bahaging "Paghahanda." (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Ituro na tinuruan ng mga propeta ang mga tao na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at magsisi, subalit dahil tinanggihan ng mga tao at pinatay ang mga propeta,

sa huli ay nawasak ang buong kabihasnan ng Jaredita. Gamitin ang larawan sa angkop na panahon.

### Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang kalayaang pumili? (Ang kakayahang pumili.) Bakit tayo binigyan ng kalayaang pumili ng Ama sa Langit? Tulungan ang mga batang maunawaan na tayo ay umuunlad at natututo kapag tayo ay gumagawa ng mga pagpili. Alam ng Ama sa Langit na ang pagpilit sa ating gumawa ng mga bagay ay hindi makatutulong sa ating matuto at maging katulad niya.
- Ano ang ginawa ng mga Jaredita sa mga propetang nagpropesiya tungkol sa kanilang pagkalipol? (Eter 11:1–5.) Ano ang maaaring dapat na ginawa ng mga Jaredita upang mapigilan ang kanilang pagkalipol? Ipaliwanag na maaari nating piliin palagi na magsisi at iwasan ang mga kahihinatnan ng pagpapatuloy sa kasalanan.
- Sino si Coriantumer? (Eter 12:1.) Sino si Eter? (Eter 12:2.) Ano ang sinabi ni Eter sa mga Jaredita? (Eter 12:3–4.)
- Paano tumugon ang mga tao sa mga turo ni Eter? (Eter 13:13.) Saan nagtago si Eter? (Eter 13:14.) Ano ang ginawa niya habang siya ay nasa yungib? Bakit sa palagay ninyo patuloy na ayaw makinig ng ilang tao sa mga propeta?
- Ano ang iniutos ni Jesucristo kay Eter na sabihin kay Coriantumer? (Eter 13:20–21.) Paano tumugon si Coriantumer at ang mga Jaredita kay Eter? (Eter 13:22.)
- Anong matinding sumpa ang dumating sa lupain dahil sa kasamaan ng mga tao? (Eter 14:1–2, 21; 15:2.) Ano sa palagay ninyo ang magiging kalagayan ng pamumuhay sa mga ganitong problema?
- Ano ang mga kahihinatnan ng paggamit sa ating kalayaang pumili upang makagawa ng mga tamang pagpili? Hayaang magbigay ng mga halimbawa ng mga tamang pagpili at mga kahihinatnan nito ang mga bata. Magbigay ng mga halimbawa ng mga maling pagpili at mga kahihinatnan ng mga ito.
- Ano ang isinulat ni Coriantumer kay Shiz, ang lumalabang pinunong militar? (Eter 15:4.) Ano ang isinagot ni Shiz? (Eter 15:5.) Paano tumugon si Coriantumer at ang kanyang mga tao sa mga tao ni Shiz? (Eter 15:6.)
- Bakit laging nag-aaway ang mga tao? (Eter 15:18–19.) Ano ang maaaring nangyari kung sinunod ng mga Jaredita ang propetang si Eter? (Eter 13:20.)
- Sino ang dalawang huling Jareditang mandirigma? (Eter 15:29.) Sino ang nabuhay? (Eter 15:30–32.) Sino ang nakatagpo kay Coriantumer? (Omnias 1:20–21.) Ano ang ginawa ng propetang si Eter sa mga talang isinulat niya tungkol sa mga Jaredita? (Eter 15:33.) Ano ang huling patotoo ni Eter? (Eter 15:34.) Ano ang dapat na pinakamahalagang layunin ng ating buhay?
- Ano sa palagay ninyo ang maaaring nadama ninyo kung kayo si Eter at nakita ninyong nalipol ang mga tao dahil sa kanilang hindi pagsunod?
- Ano ang maaaring dapat na ginawa ng mga Jaredita upang maiwasan ang ganitong napakalungkot na pangyayari? Paano tayo matutulungan ngayon ng

pagpiling sumunod sa mga buhay na propeta? Ano ang ilan sa mga turo ng mga buhay na propeta ngayon? Anong mga pagpapala ang darating kapag sinunod natin ang kanilang payo?

Maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3 bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Magbahagi ng mga kamakailan lamang na mensahe ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol na maaaring nauukol sa mga bata sa iyong klase. Tanungin ang mga bata kung paano nila maaaring sundin ang mga buhay na propeta, at isulat ang kanilang mga mungkahi sa pisara. Papiliin ang mga bata ng isang paraan kung paano nila masusunod ang mga propeta sa loob ng darating na linggo.

2. Bago magklase, isulat ang mga titik ng salitang *pagsunod* sa magkakahiwalay na piraso ng papel, at itago ang mga ito sa loob ng silid-aralan. Ipaliwanag sa mga bata na nagtago kayo ng ilang titik. Magbigay ng mga tiyak na tagubilin sa paghahanap ng bawat titik. Kapag nakita na ang lahat ng titik, ilagay ang mga ito sa sahig o sa pisara upang buuin ang salitang *pagsunod.* Tanungin kung paano nila nakita ang lahat ng titik. Turuan ang mga bata na nais ng Ama sa Langit na piliin nating sumunod. Ang pagkatutong sumunod ay isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit tayo nasa lupa ngayon. Nais ng Ama sa Langit na gamitin natin ang ating kalayaang pumili at piliing sundin ang payo ng mga pinuno ng Simbahan. Itanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ang pinakamahalagang bagay na magagawa nila upang maging maligaya. Tukuying muli ang mga titik na bumubuo sa salitang *pagsunod.* Ituro na sinasabi sa atin ng Ama sa Langit sa mga banal na kasulatan at sa pamamagitan ng mga pinuno ng kanyang Simbahan ang nais niyang ipagawa sa atin. Kapag ginamit natin ang ating kalayaang pumili upang maging masunurin at gawin ang sinasabi niya, tutulungan niya tayong magkaroon ng kaligayahan.


3. Gawin ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel:

   Pagkamatwid
   Mga pagpapala
   Kasaganaan
   Kapalaluan
   Kasamaan
   Pagdurusa o pagkalipol
   Pagpapakumbaba
   Pagsisisi

   Ipaliwanag na sa buong kasaysayan, kapag ang mga tao ay naging matwid, pinagpapala sila ng Ama sa Langit ng kasaganaan. Sa kasawiang-palad, ang kasaganaang ito ay maaaring humantong sa kapalaluan at kasamaan at kung minsan ay ganap na pagkalipol.

   Ipaliwanag na ito ang nangyari sa mga Jaredita. Noong una ay mga matwid silang tao at pinagpala at yumaman. (Gumuhit ng isang malaking bilog sa pisara, at ipalagay sa mga bata ang mga sinulatang piraso ng papel na

“Pagkamatwid,” “Mga pagpapala,” at “Kasaganaan” sa mga wastong lugar sa bilog [tingnan ang sumusunod na paglalarawan]). Pagkatapos ay naging palalo ang mga Jaredita at tinanggihan nila ang mga propeta. Ang mga tao ay lubhang naging masama kaya’t sila ay ganap na nilipol. (Ipalagay sa mga bata ang mga sinulatang piraso ng papel na “Kapalaluan,” “Kasamaan,” at “Pagdurusa o pagkalipol” sa mga wastong lugar sa bilog.) Ipaliwanag na kung ang mga Jaredita ay nagpakumbaba at nagsisi bago sila nilipol, sana ay natamasa nilang muli ang mga pagpapala ng matwid na pamumuhay. (Ipalagay sa mga bata ang mga sinulatang piraso ng papel na “Pagpapakumbaba” at “Pagsisisi” sa mga wastong lugar sa bilog.) Tulungan ang mga batang maunawaan na ang pag-inog na ito ay madalas na nangyayari sa ating personal na buhay at gayon din sa kasaysayan ng mga bansa.




4. Pagawin ng sarili nilang kopya ng pag-inog ng kasaysayan ang mga bata upang iuwi at ibahagi sa kanilang pamilya. Maaaring gawing higit na pansarili ng mga bata ang mga pag-inog sa pamamagitan ng pagsama ng mga bagay na tulad ng “pakikinig sa mga propeta,” “pagsunod sa aking mga magulang,” “pananalangin araw-araw,” “pagpapahayag ng pagpapasalamat,” “paglilingkod sa iba,” at marami pang iba.

5. Awitin o basahin ang mga salita sa “Propeta ay Sundin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), “Utos ay Sundin” (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Dadalhin Natin sa Mundo ang Kanyang Katotohanan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na kapag pinili nating makinig at sumunod sa mga propeta ng Ama sa Langit ay pagpapalain tayo at mapaglalabanan natin ang kasamaan.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Eter 13:13–22 at 15:33–34 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Moronias at ang Kanyang mga Isinulat

Aralin **42**

**Layunin**

Tulungan ang mga batang naising piliin ang mabuti sa halip na masama upang sila ay pagpalain ng pag-ibig sa kapwa tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Mormon 8:2–6 at Moronias 1, 7–8. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–51, Nagpapaalam si Mormon sa Minsang Isang Dakilang Bansa (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 319; 62043 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawang Nagpapaalam si Mormon sa Minsang Isang Dakilang Bansa at itanong sa mga bata kung sino ang mga lalaking nasa larawan.

Ipaliwanag na ibinigay ni Mormon ang bahagi ng mga sagradong talaan sa kanyang anak na si Moronias upang pangalagaan ang mga ito mula sa mga Lamanita at upang ipatapos kay Moronias ang ulat. Ipabasa sa mga bata ang mga salita ni Moronias sa Mormon 8:2–5.

Tulungan ang mga bata na matantiya kung gaano katagal napag-isa si Moronias sa pamamagitan ng paghahanap sa taon ng huling labanan ng mga Nefita sa ibaba ng pahina sa Mormon 6. Pagkatapos ay ipabawas sa mga bata ang petsang iyon mula sa taong nakatala sa ibaba ng huling pahina ng Moronias 10. (421—385 =36 taon.)

Itanong sa mga bata kung gaano katagal nilang naranasang nag-iisa. Tulungan silang ilarawan sa isip kung ano ang pakiramdam ng nag-iisa sa loob ng tatlumpu’t anim na taon.

Ipaliwanag na si Moronias ay dumanas ng maraming hirap upang matapos ang mga laminang ginto upang ang mga ito ay mapasakamay ng darating na salinlahi bilang ang Aklat ni Mormon at matulungan tayong maging katulad ni Jesucristo.

Maaari mo ring gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1 bilang gawaing pantawag pansin.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ituro sa mga bata ang ulat tungkol sa pamumuhay na mag-isa ni Moronias sa ilang at pagsusulat ng mga salita ng kanyang ama sa mga lamina tulad sa nakasaad sa Mormon 8:2–6 at Moronias 1, 7–8. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Bilang karagdagan sa pagtapos sa mga tala tungkol sa mga Nefita, si Moronias ay sumulat din ng maikling kasaysayan ng isa pang sibilisasyon. Sino ang mga taong iyon? (Moronias 1:1.)
- Ano ang nadama ni Moronias tungkol kay Jesucristo? (Moronias 1:2–3.) (Maaari mong naising magpatotoo tungkol kay Jesucristo.) Paano tayo matutulungang pumili ng tama ng pagkakaroon ng patotoo kay Jesucristo?
- Ano ang isinulat ni Moronias tungkol sa paggawa ng mabuti? (Moronias 7:6–8.) Bakit mahalagang gumawa ng mga gawang kabutihan nang may tamang saloobin? Ano ang ilan sa mga kaloob na iniutos sa ating ibigay bilang mga kasapi ng Simbahan ni Jesucristo? (Paglilingkod, pagmamahal, pagsunod, ikapu, mga handog-ayuno.)
- Ano ang isinulat ni Moronias tungkol sa kung paano tayo dapat manalangin? (Moronias 7:9.) Ano ang maaari nating gawin upang maging higit na tapat ang ating mga panalangin?
- Anong espiritu ang ipinagkakaloob sa ating lahat upang tulungan tayong malaman kung ano ang mabuti at masama? (Moronias 7:15–18. Ipaliwanag na ang liwanag ni Cristo ay madalas na tawaging budhi [o konsiyensiya] ng isang tao.) Anong karagdagang tulong ang ipinadadala sa atin ng Ama sa Langit kapag tayo ay bininyagan? (Ang kaloob na Espiritu Santo.) Paano natin magagamit ang kaalamang ito upang makagawa ng mga pasiya? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2.)
- Ano ang isinulat ni Mormon tungkol sa pag-ibig sa kapwa-tao? (Moronias 7:45, 47. Tingnan sa mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3 at 4.) Bakit mahalaga sa ating magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao? (Moronias 10:21.)
- Ano ang maaari nating gawin upang magkaroon ng dalisay na pag-ibig ni Cristo (pag-ibig sa kapwa tao)? (Moronias 7:48.) Anong mga pagpapala ang ipinapangako sa atin kapag mayroon tayong dalisay na pag-ibig kay Cristo?
- Ano ang isinulat ni Moronias tungkol sa pagbibinyag sa mga maliit na bata? (Moronias 8:8–10.) Ano ang kahulugan ng magkaroon ng pananagutan? (Makilala ang mabuti at masama at maging responsable sa ating mga pagpili.) Sa anong gulang tayo nagsisimulang managot sa ating mga kilos? (Walong taong gulang; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25, 27.)

- Paano sa palagay ninyo maaaring naiba ang mga kasaysayan ng mga Nefita at Jaredita kung isinagawa nila ang mga alituntunin ng pag-ibig sa kapwa-tao sa kanilang buhay?

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Para sa gawaing ito, mangangailangan ka ng isang piraso ng lata at pako. (Maaaring gamitin ang isang malaking takip ng lata para sa piraso ng lata. Takpan ng teyp ang lahat ng matalas na gilid.) Pagsalit-salitin ang mga bata na mag-ukit sa pamamagitan ng pako ng isa o dalawang titik mula sa mga salitang: *Ngayon ako, si Moronias . . .* sa isang piraso ng metal o lata. Ipahayag ang iyong pasasalamat sa mga tagapag-ingat ng Aklat ni Mormon, na umukit ng mga salita ng Diyos sa mga laminang metal.

2. Gamitin ang mga sumusunod o kahalintulad na mga halimbawa ng mga pagpili na nauukol sa iyong klase. Ipagamit sa mga bata ang Moronias 7:16 upang tulungan silang pumili ng mabuti sa halip na masama.

   Naglalaro kayo ng mga kaibigan ninyo ng bola nang isang batang hindi mahusay maglaro ang gustong sumali sa inyong koponan. Sinabi ng mga kaibigan ninyo na kapag sumali ang taong ito sa inyong koponan ay matatalo kayo. Binabalak ninyong sabihin sa bata na huwag sumali sa inyo. Itanong sa inyong sarili, “Inaanyayahan ba ako ng pagpiling ito na gumawa ng mabuti at maniwala kay Jesucristo?”

   Nanonood kayo ng isang pelikula na may malaswang tagpo na ilang segundo lamang ang haba. Nahihiya kayong lumabas ng sinehan. Itanong sa inyong sarili, “Inaanyayahan ba ako ng panonood ng pelikulang ito na gumawa ng mabuti at maniwala kay Jesucristo?”

   Nasa isang tindahan kayo nang magkamali ang klerk at hindi kayo sinisingil ng tamang halaga para sa bagay na binibili ninyo. Alam ninyo na ang bagay ay nagkakahalaga ng higit kaysa sa siningil sa inyo, subalit nagkamali ang klerk. Itanong sa inyong sarili, “Inaanyayahan ba ako ng pagbabayad ng maling halaga na gumawa ng mabuti at maniwala kay Jesucristo?”

   Inutusan kayo ng inyong obispo na basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw. Kung minsan ay mahirap ninyong maunawaan ang mga salita sa banal na kasulatan. Itanong sa inyong sarili, “Tinutulungan ba ako ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw na gumawa ng mabuti at hinihimok ba ako nitong maniwala kay Cristo?”

3. Ipaliwanag ang mga katangian ng pag-ibig sa kapwa-tao na matatagpuan sa Moronias 7:45 na ginagamit ang mga katagang maiintindihan ng mga bata. Maaari mong ipahambing sa mga bata ang mga paglalarawan ni Moronias sa iyong mga paliwanag.
   Nagtitiis nang matagal: Matiyaga
   Mabait: Hindi malupit o matapang, mapagmahal
   Hindi naiinggit: Hindi naninibugho
   Hindi palalo: Mapagpakumbaba, hindi mayabang

Hindi naghahangad para sa kanyang sarili: Hindi makasarili
Hindi kaagad nagagalit: Mabagal sa pagkagalit, madaling magpatawad
Hindi nag-iisip ng masama: Nagtitiwala, tinitingnan ang mabuti
Nagagalak sa katotohanan: MatapatNagbabata ng lahat ng bagay: Masunurin
Naniniwala sa lahat ng bagay: Matapat
Umaasa sa lahat ng bagay: Palaging umaasa sa mabuti, nagtitiwala
Nagtitiis sa lahat ng bagay: Matiyaga, mapilit

4. Taglay ni Moronias ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Tulungan ang mga batang hanapin ang ilan sa mga sumusunod na halimbawa ng pag-ibig sa kapwa-tao ni Moronias, o gamitin ang ilan sa mga sumusunod na halimbawa habang isinasalaysay mo ang mga kuwento ni Moronias.

   Nagtitiis nang matagal: Si Moronias ay namuhay nang mag-isa sa loob ng mahigit sa tatlumpu't anim na taon na matiyagang iniingatan ang talaan. (Mormon 8:5.)

   Mabait: Si Moronias ay nanalangin para sa atin, at mahal niya ang kanyang mga kapatid. (Eter 12:36, 38.)

   Hindi naiinggit: Nakita ni Moronias ang ating panahon at pinayuhan tayong huwag mainggit o maging palalo. (Mormon 8:35–37.)

   Hindi palalo: Si Moronias ay mapagpakumbaba dahil sa kanyang kahinaan sa pagsusulat. (Eter 12:23–25.)

   Hindi naghahangad para sa kanyang sarili: Hindi makasariling gumawa at nanalangin para sa atin si Moronias upang tayo ay magkaroon ng kaalaman tungkol kay Jesucristo. (Mormon 9:36; Eter 12:41.)

   Hindi kaagad nagagalit: Pinatawad ni Moronias ang kanyang mga kaaway at masigasig na gumawa upang isulat ang mga bagay na inaasahan niyang magiging mahalaga para sa kanila. (Moronias 1:4.)

   Hindi nag-iisip ng masama: Pinayuhan tayo ni Moronias na manangan sa mabuti at huwag humipo ng masamang bagay. (Moronias 10:30.)

   Nagagalak sa katotohanan: Si Moronias ay matapat. (Moronias 10:27.)

   Nagbabata ng lahat ng bagay: Dahil ayaw ipagkaila ni Moronias si Jesucristo, kinailangan niyang magpalibut-libot na mag-isa para sa kanyang kaligtasan. (Moronias 1:2–3.)

   Naniniwala sa lahat ng bagay: Hinimok tayo ni Moronias na maniwala kay Jesucristo. (Mormon 9:21.) Napakalakas ng pananampalataya ni Moronias kaya't nakita niya nang harapan si Cristo. (Eter 12:39.)

   Umaasa sa lahat ng bagay: Naunawaan ni Moronias ang kahalagahan ng pag-asa. (Eter 12:32.)

   Nagtitiis sa lahat ng bagay: Si Moronias ay naging matapat hanggang sa wakas. (Moronias 10:34.)

5. Si Moronias ay nakatanggap ng liham mula sa kanyang ama noong una siyang tawagin sa paglilingkod. Bilang bahagi ng liham ay ipinahayag ni Mormon ang kanyang pagmamahal, pagpapahalaga, at pag-aalala sa kanyang anak (tingnan sa Moronias 8:2–3). Bago magklase, pasulatin ng liham ng pagmamahal at pagpapahalaga ang isang magulang, isang may

sapat na gulang na kamag-anak o kaibigan, ng bawat bata sa iyong klase. Ibigay ang mga liham na ito sa mga bata habang ipinaliliwanag mo ang pagmamahal ni Mormon sa kanyang anak, na si Moronias. Ituro na pinahalagahan ni Moronias ang liham na ito; dinala niya ito habang tumatakas siya sa kanyang mga kaaway. Imungkahing itago ng mga bata ang kanilang mga liham bilang tagapagpaalala na patuloy na gumawa ng mga mabuting bagay na magpapaligaya sa kanilang mga magulang at sa Panginoon.

6. Pagbalik-aralan ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya.
7. Awitin o basahin ang mga salita ng "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Ipahayag ang iyong pasasalamat kay Moronias at magpatotoo sa katotohanan ng kanyang mga sinulat. Magpatotoo na unti-unti ay maaari tayong maging higit na katulad ni Cristo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Moronias 1; 7:5–19, 43–48 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Aralin
43

# Si Moronias ay Nagtuturo ng Pananampalataya kay Jesucristo

**Layunin**

Himukin ang bawat bata na magpakita ng pananampalataya kay Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Eter 12:6–41 at Moronias 7:21–28, 33–34. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Ihanda ang sumusunod na siyam na sinulatang papel (mula sa Eter 12:6) para sa gawaing pantawag pansin:
   Ang pananampalataya
   ay
   mga
   bagay
   na
   inaasahan
   at
   hindi
   nakikita
4. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Bago magklase, ilagay ang sinulatang piraso ng papel na "Ang pananampalataya" at ang larawan ni Jesucristo sa pisara o dingding. Ilagay ang walong iba pang sinulatang piraso ng papel para sa pakahulugan ng pananampalataya sa ilalim ng ilang upuan ng mga bata.

Ipahanap sa mga bata ang mga sinulatang piraso ng papel at ipadala ang mga ito sa harap ng klase at pagsunud-sunurin ang mga ito.

Basahin at talakayin ang nabuong banal na kasulatan (Eter 12:6).

- Anong mga bagay na hindi pa ninyo nakikita ang nais ninyong makita? Paano ninyo nalalaman na ang mga ito ay umiiral?

- Kahit hindi pa natin nakikita sa pamamagitan ng ating sariling mga mata si Jesucristo, paano natin nalalaman na siya ay buhay?
- Ano ang kahulugan ng magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo? (Magkaroon ng sapat na lakas ng paniniwala kay Jesucristo na susundin natin siya at hahangaring maging katulad niya.)
- Ano ang ilang paraan na maaaring maitutulong sa inyo ni Jesucristo kapag kayo ay may pananampalataya sa kanya? (Mabibigyan niya kayo ng kaginhawahan, patnubay, kapayapaan, lakas, lunas.)

Ipaliwanag na ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo tungkol sa maraming tao na nakatanggap ng maraming pagpapala at nakagawa ng mga himala dahil sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro sa mga bata ang mga turo nina Mormon at Moronias tungkol sa pananampalataya mula sa Moronias 7:21–28, 33–34 at Eter 12:6–41. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Ipaliwanag na sina Mormon at Moronias ay sumulat tungkol sa maraming tao na pinagpala dahil sa kanilang pananampalataya (tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2).

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang sinabi ni Jesucristo na tatanggapin natin kapag tayo ay may pananampalataya sa kanya? (Moronias 7:33.) (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1.)
- Ano ang itinuro ni Moronias tungkol sa kung paano tumanggap ng saksi, o patotoo, sa ebanghelyo? (Eter 12:6.) Ano ang kahulugan ng magkaroon ng "pagsubok sa inyong pananampalataya"? (Upang masubukan ang inyong pananampalataya sa ilang paraan.)
- Ipaliwanag na ang lahat ay may mga kahinaan. Sa anong mga paraan tayo matutulungan ng pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo na mapagtagumpayan ang ating mga kahinaan? (Eter 12:27.)
- Ano ang ilang bagay na makatutulong sa ating isagawa ang pananampalataya kay Jesucristo? (Manalangin, tumanggap ng mga sagot sa mga panalangin, magsisi, magpabinyag, sundin ang mga udyok ng Espiritu Santo, paglingkuran ang iba, paglabanan ang tukso, magbayad ng ikapu, harapin ang mga hamon, magsabi ng "Ikinalulungkot ko," dumalo sa simbahan, sundin ang Salita ng Karunungan, at marami pang iba.)
- Anong pangako tungkol sa panalangin ang ibinibigay ng Ama sa Langit sa mga taong may pananampalataya? (Moronias 7:26.) Paano sinagot ang inyong mga panalangin?

Bigyan ng oras ang mga bata na magpahayag ng kanilang mga damdamin tungkol kay Jesucristo. Ipaliwanag na ang mga damdaming ito ay nagpapakita na mayroon silang pananampalataya sa kanya.

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ilagay sa isang lalagyan ang mga pangalan ng bawat sumusunod na tao na nasa magkakahiwalay na piraso ng papel. Halinhinang papiliin ang mga bata ng isang piraso ng papel at, sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na larawan, maikling isalaysay muli ang kuwento kung paanong ang mga taong nakasulat sa papel ay biniyayaan ng kapangyarihan dahil sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

    Pinaguho nina Alma at Amulek ang bilangguan. (Alma 14:26–28.) Ipakita ang larawan 4–29, Lumalabas sa Gumuhong Bilangguan sina Alma at Amulek.

    Sina Nefias at Lehias ay ikinulong at pinalibutan ng apoy. (Helaman 5:44–52.) Ipakita ang larawan 4–41, Sina Nefias at Lehias sa Bilangguan.

    Iniligtas ni Ammon ang mga kawan ni Haring Lamonias. (Alma 17:29–18:3; 26:12.) Ipakita ang larawan 4–30, Ipinagtatanggol ni Ammon ang mga Kawan ni Haring Lamonias (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 310; 62535 893).

    Nakita ng kapatid na lalaki ni Jared ang espiritung katawan ni Jesucristo at pinakilos ang isang bundok. (Eter 3; 12:30.) Ipakita ang larawan 4–52, Nakita ng Kapatid na Lalaki ni Jared ang Daliri ng Panginoon (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 318; 62478 893).

    Ang buhay ng 2,000 mandirigma ay naligtas sa labanan. (Alma 56:44—56.) Ipakita ang larawan 4–40, Dalawang Libong Batang Mandirigma (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 313; 62050 893).

    Nakuha ni Nefias ang mga laminang tanso. (1 Nefias 4:1–31.) Ipakita ang larawan 4–8, Si Nefias na Bumabalik kay Lehias na Dala ang mga Laminang Tanso.

    Si Lehias at ang kanyang pamilya ay ginabayan ng Liahona tungo sa lupang pangako. (1 Nefias 16:28–29; 18:23.) Ipakita ang larawan 4–20, Si Lehias at ang Kanyang mga Tao ay Dumating sa Lupang Pangako (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 304; 62045 893).

    Si Jesucristo ay makapangyarihang nagpakita sa kanyang mga disipulo. (Eter 12:31.) Ipakita ang larawan 4–45, Si Jesus na Nagtuturo sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380 893).

    Si Abinadias ay handang mamatay para sa kanyang patotoo kay Jesucristo. (Mosias 17:7–20.) Ipakita ang larawan 4–22, Si Abinadias sa Harap ni Haring Noe (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 308; 62042 893).

2. Laruing kasama ng mga bata ang larong Sino Ako? Ibigay sa kanila ang mga sumusunod na pahiwatig, at pahulaan sa kanila ang taong tinutukoy mo.

   Nanalangin ako nang buong maghapon at magdamag, na ginagamit ang aking pananampalataya kay Jesucristo. (Enos.)

   Dahil sa pananampalataya, isang anghel ang nagpakita sa aking anak na lalaki at sa apat na anak na lalaki ni Mosias upang pagsisihin sila. (Alma.)

   Gumamit ako ng isang natatanging bandila upang himukin ang aking mga tao na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at lumaban para sa kanilang kalayaan at mga pamilya. (Kapitan Moronias.)

   Dahil sa aking pananampalataya, pinili kong dalhin ang aking pamilya at sumama kay Lehias at sa kanyang pamilya sa ilang. (Ismael.)

   Mayroon akong pananampalataya na bumalik sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso. (Nefias.)

   Pinahintulutan ako ng aking pananampalataya kay Jesucristo na makita ang kanyang daliri at pagkatapos ay ang buo niyang katauhan. (Kapatid na Lalaki ni Jared.)

   Ang pananampalataya namin kay Jesucristo, na itinuro ng aming mga ina, ang nagligtas sa aming buhay sa labanan. (2,000 batang mandirigma.)

   Ang pananampalataya ko kay Jesucristo at ang aking pagnanais na ipangaral ang kanyang ebanghelyo ang tumulong sa aking talunin ang isang pangkat ng magnanakaw na nais pumatay sa mga tupa ni Haring Lamonias. (Ammon.)

   Ang pananampalataya namin ang nagpaguho sa bilangguan. (Alma at Amulek.)

   Habang nakakulong, napalibutan kami ng apoy dahil sa aming pananampalataya. (Nefias at Lehias.)

   Dahil sa aming pananampalataya kay Jesucristo, hindi kami makatitikim ng kamatayan. (Tatlong Nefita.)

   Ginabayan kami ng Liahona tungo sa lupang pangako batay sa aming pananampalataya kay Jesucristo. (Si Lehias at ang kanyang pamilya.)

3. Talakayin kung paano tayo matutulungan ng mga sumusunod na gawain na palakasin ang ating pananampalataya kay Jesucristo:

   Pag-aaral ng mga banal na kasulatan: Habang nalalaman ninyo ang tungkol kay Jesucristo at sa kanyang ginawa, magkakaroon kayo ng higit na pagmamahal at pananampalataya sa kanya.

   Pananalangin: Maaari nating hilingin sa Ama sa Langit na tulungan tayong palakasin ang ating pananampalataya kay Jesucristo.

   Pagsunod sa mga turo ni Jesucristo: Ang pagsunod sa kanyang mga kautusan ay nagdudulot ng kaligayahan at kapayapaan.

4. Talakayin at isaulo ang ikaapat na saligan ng pananampalataya, na binibigyang-diin ang pananampalataya kay Jesucristo bilang unang alituntunin ng ebanghelyo.

5. Ipaliwanag na ang pananampalataya ay nagmumula sa pagkilala at pagtitiwala. Upang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, kailangan nating makilala siya. Ipabanggit sa mga bata ang mga bagay na nalalaman nila tungkol kay Jesucristo at kung paanong ang pagkaalam sa bawat isa ay nakatutulong sa kanila na magkaroon ng pananampalataya sa kanya. Isulat ang mga ito sa pisara. Ang ilang maaaring sagot ay siya ang Anak ng Diyos, buhay siya, mahal niya tayo, namatay siya para sa atin, siya ang ating Tagapagligtas, siya ay mapagpatawad, may kapangyarihan siya sa lahat ng bagay sa lupa, alam niya kung ano ang pinakamabuti para sa atin, nais niyang tulungan tayong makabalik sa kanyang kinaroroonan, siya at ang Ama sa Langit ay nagpakita kay Joseph Smith.

6. Ihanda ang sinulatang piraso ng papel na "Pinalalago natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon" at ilagay ito sa pisara o dingding.

   Anyayahan ang mga batang magsalaysay ng mga panahong sinunod nila ang mga kautusan. Tulungan silang maunawaan na ang mga gayong pagpili ay nagpapakita ng pananampalataya kay Jesucristo. Pagpatung-patungin ang mga blangkong piraso ng papel sa pisara o dingding na tila gumagawa kayo ng isang dingding (o iguhit ang mga ito sa pisara). Pasulatan sa mga bata ng isang bagay na ginagawa nila na nagpapalago ng kanilang pananampalataya kay Jesucristo ang bawat piraso ng papel, na kagaya ng pananalangin, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagbabayad ng ikapu, pagiging huwaran ng mga matwid na pagpili, pagsunod sa kanilang mga magulang, pagtanggap ng sakramento, pagsunod sa mga kautusan ng Ama sa Langit, at marami pang iba.

7. Awitin o basahin ang mga salita ng "Pananampalataya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*), "Ang Simbahan ni Jesucristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*) "Ang Manunubos Ko ay Buhay" (*Mga Himno at Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa katotohanan ni Jesucristo at na sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya ay matatamo natin ang kapangyarihang maging katulad niya. Habang tayo ay nag-aaral, nananalangin, at sumusunod sa kanyang mga kautusan, ang ating pananampalataya ay mapalalakas.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Eter 12:6–22, 41 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Si Moronias at ang Pangako ng Aklat ni Mormon

Aralin
# 44

**Layunin**

Himukin ang mga bata na magkaroon ng pansariling patotoo sa Aklat ni Mormon at pag-aralan ito at ipamuhay ang mga turo nito sa buong buhay natin.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Moronias 10 at Joseph Smith—Kasaysayan 1:30–35, 59–60. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa “Paghahanda ng Iyong mga Aralin,” at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”)
2. Karagdagang babasahin: Mormon 8:1–4, 16 at pahinang pamagat ng Aklat ni Mormon. Paalala: Ang pahinang pamagat ay salin mula sa huling pahina ng mga laminang ginto (tingnan sa *History of the Church,* 1:71).
3. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
4. Gumawa ng sinulatang piraso ng papel ng salitang *Patotoo.*
5. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Mga larawan 4–2, Itinatago ni Moronias ang mga Lamina sa Burol ng Cumorah (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 320; 62462 893); 4–55, Nagpapakita si Moronias kay Joseph Smith sa Kanyang Silid (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 404; 62492 893); 4–3, Tinatanggap ni Joseph Smith ang mga Laminang Ginto (Pakete ng Larawan ng mga Sining ng Ebanghelyo 406; 62012 893); at 4–56, Si Anghel Moronias sa Templo.

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawan na Itinatago ni Moronias ang mga Lamina sa Burol ng Cumorah. Ipaliwanag na ipinakikita ng larawang ito si Moronias sa mga huling sandali ng kanyang buhay sa lupa. Sabihin sa mga bata na ang kanilang pag-aaral sa klase ng Aklat ni Mormon ay malapit na ring matapos.

Pagbalik-aralan ang mga sumusunod na bagay tungkol sa buhay ni Moronias:

Natapos na ni Moronias ang sagradong talaan. Ang kanyang ama, na si Mormon, ay napatay; ang kanyang mga kamag-anak ay patay na; wala siyang mga kaibigan. Ang mga palaso, espada, at kalasag sa digmaan ay naiwan sa mga larangan ng labanan. May pagkawasak sa lahat ng dako. Sa loob ng maraming taon ay nabubuhay na mag-isa si Moronias, na nagtatago sa mga

Lamanita at pinangangalagaan ang mga sagradong talaan. Pinaikli (binuod) niya ang dalawampu't apat na laminang ginto (aklat ni Eter) at tinapos ang sarili niyang akda sa mga laminang ibinigay sa kanya ng kanyang ama.

Tinutukoy ang larawan, ipaliwanag na ilalagay na ni Moronias ang mga laminang ginto sa isang kahon na yari sa bato sa Burol ng Cumorah. Si Moronias ay gumawa ng natatanging pangako sa lahat ng babasa ng Aklat ni Mormon. Ang pangakong ito ay isa sa mga huling bagay na isinulat ni Moronias sa mga laminang ginto. Ito ay pangako tungkol sa pagkakaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon.

Ipakita ang sinulatang piraso ng papel na "Patotoo." Sabihin sa mga bata na sa araling ito ay malalaman nila ang mga hakbang na gagawin upang magkaroon ng patotoo sa aklat ni Mormon (tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 1). Malalaman din nila ang tungkol sa pangakong ibinigay sa atin ni Moronias.

**Ulat sa Banal na Kasulatan**

Ituro ang mga ulat tungkol sa pagtupad ni Moronias sa utos ng kanyang ama na tapusin ang sagradong talaan, sa kanyang pangako sa mga matapat at sa kanyang pamamaalam na matatagpuan sa Moronias 10, ng pagbabaon niya ng talaan sa lupa, at ng kanyang pagpapakita pagkaraan ng 1,400 na taon kay Joseph Smith, na nasa Joseph Smith—Kasaysayan 1:30–35, 59–60. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Gamitin ang mga larawan sa angkop na oras.

**Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa**

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Ano ang nais ni Moronias na alalahanin natin? (Moronias 10:3.)
- Ano ang sinabi ni Moronias na dapat nating gawin upang malaman kung ang Aklat ni Mormon ay totoo? (Moronias 10:4.)
- Sino ang tutulong sa ating malaman na totoo ang Aklat ni Mormon? (Moronias 10:5.)
- Ano ang pangako ni Moronias sa atin? (Tingnan sa gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Paano natin makikilala ang kapangyarihan ng Espiritu Santo kapag siya ay nagpapatotoo sa atin na ang Aklat ni Mormon ay totoo? (Ipaliwanag na inuudyukan tayo nang madalas ng Panginoon sa pamamagitan ng ating mga damdamin. Ang Espiritu Santo ay madalas na nagbibigay sa atin ng damdamin ng kapayapaan na ang isang bagay ay tama at mabuti. Maaaring ito ay isang nag-aalab na damdamin sa kalooban natin.)
- Ano ang pinakamahalagang bagay na maaari ninyong matutuhan mula sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon? (Na si Jesus ang Cristo. [Tingnan sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.])

- Ano ang sinabi ni Moronias tungkol sa paglabas ng Aklat ni Mormon? (Mormon 8:16.) Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan lalabas ang Aklat ni Mormon?
- Sino ang nakatanggap ng mga laminang ginto at nagsalin sa mga ito upang maging Aklat ni Mormon?
- Ngayong natapos na ng mga propeta sa Aklat ni Mormon at ni Joseph Smith ang kanilang gawain, ano ang pananagutan natin sa Aklat ni Mormon? (Pag-aralan ito, magkaroon ng patotoo nito, ipamuhay ang mga turo nito, at ibahagi ang ating patotoo sa iba.)

---

**Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman**

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Gawin ang mga sumusunod na sinulatang piraso ng papel: “Basahin,” “Alalahanin,” “Pag-isipang mabuti,” “Ipanalangin.” Paghali-halihinan ang mga bata sa pagbabaligtad ng mga sinulatang piraso ng papel at pagbabalik-aral sa mga hakbang na ibinigay ni Moronias para sa pagkakaroon ng patotoo. Talakayin kung paano magagamit ng mga bata ang mga hakbang na ito upang magkaroon sila ng sarili nilang patotoo:

   Pagkakaroon ng Patotoo sa Aklat ni Mormon

   Basahin (Ipaliwanag na ang unang hakbang sa pagkakaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon ay ang basahin at pag-aralan ito.)

   Alalahanin (Sinabi ni Moronias na dapat nating alalahanin kung gaano kabait at maawain si Jesucristo at dapat nating puspusin ng pasasalamat sa kanya ang ating mga puso. Ang pagmamahal at pasasalamat na ito ang maghahanda sa atin para sa espiritu ng paghahayag.)

   Pag-isipang mabuti (Dapat nating pag-isipang mabuti o isipin sa ating puso at isipan ang mga bagay na natutuhan natin tungkol kay Jesucristo at sa kanyang mga turo sa Aklat ni Mormon.)

   Manalangin (Dapat tayong manalangin nang matapat, na itinatanong sa Diyos, ang Walang Hanggang Ama, sa pangalan ni Jesucristo, kung ang Aklat ni Mormon ay totoo.)

2. Ibahagi sa mga bata ang sumusunod na pahayag mula kay Pangulong Ezra Taft Benson, ang ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan:

   “May tatlong mahahalagang dahilan kung bakit dapat gawing panghabang-buhay na gawain ng mga Banal sa Huling-araw ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon.

   “Ang *una* ay dahil sa ang Aklat ni Mormon ang saligang-bato ng ating relihiyon . . . Ang isang saligang-bato ay ang batong nasa gitna ng isang arko. Ito ang humahawak sa lahat ng ibang bato sa lugar, at kapag ito ay tinanggal, guguho ang arko.

"May tatlong paraan kung saan nagsisilbing saligang-bato ng ating relihiyon ang Aklat ni Mormon . Ito ang saligang-bato ng ating patotoo kay Jesucristo. Ito ang saligang-bato ng ating doktrina. Ito ang saligang-bato ng patotoo. . . .

"Ang *pangalawang* mahalagang dahilan . . . ay isinulat ito para sa ating panahon. . . .

"Ang *pangatlong* dahilan . . . ay tinutulungan tayo nito na higit na mapalapit sa Diyos. . . .

"May kapangyarihan sa aklat na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyo ang isang dibdibang pag-aaral ng aklat. Magkakaroon kayo ng higit na kapangyarihan upang paglabanan ang tukso. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang maiwasang malinlang. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang manatili sa makipot at makitid na landas" (sa Conference Report, Oct. 1986, p. 4–6; o *Ensign,* Nov. 1986, p. 5–7).

3. Ipakita ang larawang Si Anghel Moronias sa Templo. Ipaliwanag na nalaman natin sa Apocalipsis 14:6 at Doktrina at mga Tipan 133:36 na isang anghel (Moronias) ang nagbalik ng "walang hanggang ebanghelyo" sa lupa. Anyayahan ang mga batang hanapin ang gintong estatwa ni Moronias sa tuktok ng ilan sa mga templo natin at alalahanin si Moronias, na hindi kailanman nanghina sa kanyang patotoo kay Jesucristo: "At ako, si Moronias, ay hindi itatatwa ang Cristo" (Moronias 1:3).
4. Anyayahan ang mga batang awitin at isaulo ang isang bahagi o ang buong pangako ng Aklat ni Mormon (Moronias 10:4–5) o ang ikawalong saligan ng pananampalataya.
5. Ipaliwanag na kapag tayo ay nagkakaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon, nagkakaroon din tayo ng patotoo na—
   Si Jesus ang Cristo.
   Si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos.
   Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling-araw ang tunay na simbahan ng Diyos.
6. Anyayahan ang mga bata na ibahagi ang kanilang paboritong mga ulat mula sa Aklat ni Mormon. (Maaari nilang naising isadula ang mga ulat na ito.) Itanong sa kanila kung anong mga mahalagang aral ang natutuhan nila mula sa bawat ulat.
7. Awitin o basahin ang mga salita ng "Maghanap, Mag-isip, at Manalangin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo tungkol sa katotohanan ng pangako sa Moronias 10:3–5 at magpatotoo na ang bawat bata sa iyong klase ay maaaring magkaroon ng sarili niyang patotoo na ang Aklat ni Mormon ay totoo.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang Moronias 10:1–5 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Aklat ni Mormon ay Isang Saksi sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo (Pasko ng Pagkabuhay)

Aralin 45

**Layunin**

Turuan ang mga bata na ang Aklat ni Mormon ay isa pang saksi sa banal na kasulatan tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang Alma 11:40–45; 40; at 3 Nefias 11:1–17. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang Bibliya.
   c. Isang guwantes o medyas.
   d. Mga larawan 4–49, Ang Nabuhay na Mag-uling Jesucristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 239; 62187 893), at 4–45, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

(Kung walang makukuhang guwantes o medyas, maaari mong gamitin ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 2 bilang gawaing pantawag pansin.)

Itaas ang iyong kamay, at ipaliwanag na ito ay kumakatawan sa espiritu na nasa loob ng katawan natin. Ang kamay ay nakagagalaw. Itaas ang guwantes (medyas), at ipaliwanag na ito ay sumasagisag sa pisikal na katawan. Nang tayo ay isilang, ang espiritu at ang katawan ay pansamantalang pinagsama, at ang espiritu ang nagbibigay sa katawan ng buhay. Ang katawan ay hindi makagagalaw nang nag-iisa. Subalit katulad ng kapag ang guwantes ay isinuot sa kamay, ang katawan ay nabubuhay at nakagagalaw kapag ang espiritu ay pumasok dito. (Isuot ang guwantes sa iyong kamay.) Tayong lahat ay may espiritu at katawan. Ipaliwanag na kapag tayo ay namatay, ang espiritu ay humihiwalay sa katawan. (Tanggalin ang guwantes sa iyong kamay.) Ang katawan ba ay makagagalaw o mabubuhay nang walang espiritu? Pagkaraan

nating mamatay, buhay pa ba ang espiritu at makagagalaw ba ito? (Igalaw ang iyong kamay at mga daliri upang ipakita.) Sa panahon ng Pagkabuhay na Mag-uli, ang katawan at espiritu ay muling nagsasama. (Ibalik ang guwantes sa iyong kamay.) Ang lahat ng nabubuhay sa lupa ay mabubuhay na mag-uli pagkaraan ng kamatayan. Tanging si Jesucristo lamang ang maaaring makapagsakatuparan ng pagkabuhay na mag-uli para sa atin. (Halaw mula sa Boyd K. Packer, Conference Report, Apr. 1973, p. 79–80; o *Ensign,* May 1973, pp. 51–53.)

Ano ang kahulugan ng maging isang saksi? (Ang isang saksi ay isang tao o bagay na nagpapatunay o nagpapatotoo sa mga katotohanan.) Ang Bagong Tipan sa Bibliya ay isang nakasulat na patunay na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli at nagdulot ng pagkabuhay na mag-uli sa lahat ng tao. Anong aklat ang pangalawang nakasulat na patunay sa Pagkabuhay na Mag-uli?

Ulat sa Banal na Kasulatan

Ituro ang mga ulat sa Aklat ni Mormon sa Alma 11:40–45; 40; at 3 Nefias 11:1–17 tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli. (Para sa mga mungkahing paraan ng pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.”) Bigyang-diin na ang Aklat ni Mormon ay isang nakasulat na patunay sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo. Gamitin ang mga larawan sa angkop na oras.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Paano namatay si Jesucristo? (Lucas 23:33; 2 Nefias 10:3.) Tulungan ang mga batang maunawaan na dahil sa dakilang pagmamahal niya sa atin, si Jesucristo ay nagkusang-loob sa buhay bago ang buhay sa lupa na maging Tagapagligtas natin. Alam niya na kailangan niyang mamatay upang maisakatuparan ang plano ng Ama sa Langit para sa atin.
- Ano ang nangyari kay Jesucristo sa ikatlong araw pagkaraang siya ay mamatay? (I Mga Taga Corinto 15:4; Mosias 3:10.) Nasaan ang kanyang espiritu sa loob ng tatlong araw na iyon? (I Ni Pedro 3:18–19; Doktrina at mga Tipan 138:11–12, 18.) Saan pumupunta ang ating mga espiritu pagkaraang tayo ay mamatay? (Alma 40:12.)
- Ano ang kahulugan ng *pagkabuhay na mag-uli*? (Alma 11:43; 40:18.) Tukuying muli ang gawaing pantawag pansin, at ipaliwanag na ang pagkabuhay na mag-uli ay nangyayari kapag ang espiritu ay muling sumanib sa katawan at hindi na kailanman muling iiwan ang katawan.
- Paano nalaman ng mga tao sa Jerusalem na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli? (1 Mga Taga Corinto 15:5–7.) Paano nalaman ng mga Nefita, na nakatira sa Amerika, na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli? (3 Nefias 11:8–10.) Nang unang makita ng mga Nefita si Jesucristo, ano ang inakala nila sa kanya? (3 Nefias 11:8.) Bakit nais ni Jesus na hipuin ng mga Nefita ang mga bakas ng pako sa kanyang mga kamay at paa? (3 Nefias 11:14–15.) Ano sa palagay ninyo ang nadama ninyo kung isa kayo sa mga nakakita sa nabuhay na mag-uling Cristo?

- Paano ninyo malalamang si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli? (Sa pamamagitan ng paghahangad at pagkakaroon ng patotoo.)
- Ano ang anyo ng katawan ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas nang dalawin niya ang mga Nefita? (3 Nefias 11:15.)
- Sinu-sino pa ang mabubuhay na mag-uli? (1 Mga Taga Corinto 15:20–22; Alma 40:4.) Ano ang magiging anyo ng ating mga katawan kapag tayo ay nabuhay na mag-uli? (Alma 11:43–45; 40:23.) Maaari mong banggitin na anumang kapansanan o sakit na mayroon tayo ay hanggang sa buhay na ito sa lupa lamang. Tayo ay magiging buo at ganap sa Pagkabuhay na Mag-uli.
- Paano naging isang espirituwal na saksi sa banal na kasulatan ang Aklat ni Mormon tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo? Bakit nais ng Ama sa Langit na mapasaatin kapwa ang Bibliya at Aklat ni Mormon? (2 Nefias 29:8.)
- Yamang hindi nakita ng karamihan sa atin ang nabuhay na mag-uling Jesucristo na tulad ng mga Apostol at mga Nefita, paano tayo maaaring magkaroon ng kaalaman tungkol sa pagkabuhay na mag-uli? (Mula sa mga banal na kasulatan at sa Espiritu Santo. [Tingnan sa Moronias 10:4–5.])

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Ipaliwanag na nais ni Jesucristo na malaman ng bawat isa sa atin na siya ay nabuhay na mag-uli at buhay hanggang sa ngayon. Tanungin ang mga bata kung bakit sa palagay nila ay nais ni Jesus na malaman natin ito. Ang kanilang mga sagot ay maaaring katulad ng mga sumusunod:

   Upang bigyan tayo ng kapayapaan sa pagkakaroon ng kaalaman na pagkatapos ng kamatayan ay patuloy pa rin tayong mabubuhay at balang araw ang ating mga katawan ay muling sasama sa ating mga espiritu.

   Upang himukin tayo na sundin ang mga kautusan nang tayo ay maging tunay na maligaya at mabuhay sa piling ng ating Ama sa Langit sa kabilang buhay.

   Upang aliwin tayo sa kaalamang kapag namatay ang isang taong mahal natin, siya ay mabubuhay muli balang araw.

2. Isulat sa pisara ang isang salita na nagpapaalala sa isang kamakailan lamang na balita o ulo ng pahayagan. Ipaliwanag ang iyong pagkakaroon ng interes sa kuwento. Tanungin ang mga bata kung ano sa palagay nila ang pinakamalaking balita na naipahayag na sa daigdig. Isulat ang mga sagot ng mga bata sa pisara. Talakayin kung ano ang magiging kaibahan kapag ang mga pangyayaring ito ay hindi kailanman nangyari. Bakit ang balitang si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli ang pinakadakilang balita na naibalita kailanman? Ano ang mangyayari kapag ang Pagkabuhay na Mag-uli ay hindi nangyari? Basahin at talakayin ang 2 Nefias 9:19–22.

3. Awitin o basahin ang mga salita ng “Ipinadala ang Kanyang Anak” *(Aklat ng mga Awit Pambata*), “Si Jesus Ba ay Nagbangon?”, (*Aklat ng mga Awit Pambata*), o “Si Jesus ay Nagbangon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na ang Aklat ni Mormon ay isang saksi sa banal na kasulatan tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo. Magpatotoo na dahil sa pagmamahal sa atin ng Tagapagligtas, maluwag sa kalooban siyang nagdusa at namatay para sa bawat isa sa atin. Ang pagkabuhay na mag-uli niya ang nagbigay ng pagkakataon sa lahat ng tao na mabuhay muli.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 3 Nefias 11:8–17 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo (Pasko)

Aralin **46**

---

**Layunin** Turuan ang mga bata na ang Aklat ni Mormon ay isa pang patunay kay Jesucristo.

---

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang 1 Nefias 10:4; 11:13, 15, 18; 2 Nefias 25:19; 29:8; Mosias 3:5; Alma 7:10; Helaman 14:2–5; Isaias 7:14; Mateo 1:21; 2:1–2, 9–10; 20:19; Lucas 1:35; 2:8, 10–12; at Juan 3:16. Pagkatapos ay pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano mo nanaising ituro sa mga bata ang ulat sa banal na kasulatan. (Tingnan sa "Paghahanda ng Iyong mga Aralin," at "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.")
2. Piliin ang mga tanong sa talakayan at gawaing nagpapayaman sa kaalaman na magsasali sa mga bata at pinakamabisang makatutulong sa kanila na matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang Bibliya.
   c. Mga pangalang pagkakakilanlan o panyo at mga balabal na isusuot ng mga bata sa gawaing pantawag pansin.
   d. Mga larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893); 4–10, Ang Pagsilang ni Jesus (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 200; 62116 893); 4–21, Nagtatalumpati si Haring Benjamin sa Kanyang mga Tao (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 307; 62298 893); 4–42, Si Samuel, ang Lamanita sa Ibabaw ng Pader (Pakete ng Larawan ng Sining Ebanghelyo 314; 62370 893); 4–44, Mapa ng Daigdig; at 4–45, Nagtuturo si Jesus sa Kanluraning Bahagi ng Daigdig (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 316; 62380 893).

---

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad na panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Ipakita ang larawang Ang Pagsilang ni Jesus. Ipaliwanag na nakatala sa Bagong Tipan ang pagsilang ni Jesus sa Jerusalem. Ang Aklat ni Mormon ay isa pang patunay kay Jesucristo at nagsasaad kung ano ang nangyari sa lupalop ng Amerika noong siya ay isinilang.

Ipaganap sa apat na bata ang mga bahagi nina Lehias (600 B.C.), Haring Benjamin (124 B.C.), Alma (83 B.C.), at si Samuel na Lamanita (6 B.C.). Ipabasa sa mga bata ang propesiya ng bawat propeta tungkol sa pagsilang ni Jesucristo mula sa mga sumusunod na sanggunian: Lehias, 1 Nefias 10:4; Haring Benjamin, Mosias 3:5; Alma, Alma 7:10; at si Samuel, ang Lamanita, Helaman 14:2

Habang kinikilala ang isang propeta, pahawakan sa isang bata ang larawan ng propeta habang binabasa ng ibang bata ang banal na kasulatan.

- Anong mga palatandaan ng pagsilang ni Jesucristo ang ibinigay sa Betlehem? (Lucas 2:6–14; Mateo 2:1–2.) Anong palatandaan ang nakita sa Betlehem at sa Amerika? (3 Nefias 1:21.) Ano ang iba pang mga palatandaan na ibinigay sa Amerika? (3 Nefias 1:15, 19.)

Ulat sa Banal na Kasulatan

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan sa mga angkop na panahon, ituro ang mga ulat tungkol sa pagsilang at misyon ni Jesucristo na tulad ng isinasalaysay sa Bibliya at Aklat ni Mormon. (Para sa mga mungkahing paraan sa pagtuturo ng ulat sa banal na kasulatan, tingnan sa "Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan.") Bigyang-diin na ang Bibliya ay isinulat sa Jerusalem at sa palibot nito at ang Aklat ni Mormon ay isinulat sa Amerika na libu-libong milya ang layo sa Jerusalem

Ipaliwanag na ang Bibliya at Aklat ni Mormon ay isinulat ng maraming iba't ibang propeta. Habang binabasa o tinutukoy ang mga talata, sabihin sa mga bata kung ang mga ito ay isinulat ng mga propeta sa Banal na Lupain na tulad ng nakatala sa Bibliya o ng mga propeta sa Aklat ni Mormon mula sa Amerika.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sangguniang banal na kasulatan habang inihahanda mo ang iyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay mo ay pinakamabisang makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa ng mga sanggunian na kasabay ng mga bata sa klase ay makatutulong sa kanilang makakuha ng mga kaalaman sa mga banal na kasulatan.

- Anim na raang taon bago ang pagsilang ng Tagapagligtas, ano ang sinabi ni Nefias na magiging pangalan ng Anak ng Diyos? (2 Nefias 25:19.) Ano ang sinabi nina Nefias at Isaias na mangyayari tungkol sa ina ng Tagapagligtas? (1 Nefias 11:13, 18; Isaias 7:14.) Ano ang sinabi ni Alma na magiging pangalan ng ina ng Anak ng Diyos? (Alma 7:10.)
- Sino ang Ama ni Jesus? (Lucas 1:35. Ang Ama sa Langit.) Sino si Jose? (Si Jose ay ang asawa ni Maria. Ipaliwanag na bagamat ang Ama sa Langit ang Ama ng kapwa katawan at espiritu ni Jesucristo, inalagaan ni Jose si Jesus at pinalaking tulad ng pagpapalaki ng isang ama sa isang anak.) Bago ang pagsilang ni Jesus, ano ang sinabi ng anghel kay Jose na ipangalan sa sanggol? (Mateo 1:21.)
- Anong mga palatandaan ang ibinigay ni Samuel, ang Lamanita tungkol sa pagsilang ni Jesus? (Helaman 14:2–5.) Anong mga palatandaan ang ibinigay sa Jerusalem? (Lucas 2:8, 10–12; Mateo 2:1–2, 9–10.)
- Bakit mahalagang mayroon tayong dalawang patunay sa banal na kasulatan tungkol sa pagsilang at misyon ni Jesucristo? (2 Nefias 29:8.)
- Bakit isinugo sa lupa ng Ama sa Langit ang kanyang Anak, na si Jesucristo? (2 Nefias 9:21–22; 3 Nefias 27:13–14; Juan 3:16.)
- Paano nais ng Ama sa Langit na ipakita natin ang ating pasasalamat kay Jesucristo? (Alma 7:23–24.)

---

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain anumang oras sa kasalukuyan ng aralin o bilang isang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Pasundan sa mga bata ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpili ng isahang handog na paglilingkod na ibibigay sa isang tao para sa Pasko. Bigyan ng isang lapis at piraso ng papel ang bawat bata na susulatan nila ng kanilang handog at kung paano nila binabalak na ipagkaloob ang paglilingkod.
2. Hilingin sa mga bata na magbahagi ng mga kaugalian ng mag-anak na nagpapaalala sa kanila ng pagsilang at buhay ni Jesucristo. Maaaring naisin ng mga nakababata na gumuhit ng larawan ng kanilang mag-anak na nakikibahagi sa kaugalian.
3. Ipakita ang larawan 4–9, Si Jesus ang Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893). Pabanggitin ng karanasan sa Pasko ang bawat bata na nakatutulong sa kanyang maalaala si Jesucristo sa buong taon.
4. Ihambing ang ilan sa mga turo ng Tagapagligtas sa Bibliya sa mga nasa Aklat ni Mormon, katulad ng mga sumusunod: Mateo 5:16 at 3 Nefias 12:16; Mateo 7:12 at 3 Nefias 14:12; at Mateo 5:44 at 3 Nefias 12:44.
5. Ang kalendaryo na kabilang sa hulihan ng aralin ay maaaring gamitin sa higit sa isa sa mga sumusunod na paraan:

   Gumawa ng kopya ng kalendaryo para kulayan ng bawat bata at iuwi bilang regalo sa pamilya. Ang kalendaryong ito ay maaaring gamitin sa loob ng taon bilang tagapagpaalala na sundin si Jesucristo.

   Basahin sa mga bata ang mga ideya at papiliin sila ng ilang nais nilang gawin.

   Gumawa ng kopya ng kalendaryo at gupitin ang bawat bahagi. Maaaring piliin ng mga bata ang mga ideya na nais nilang iuwi bilang mga tagapagpaalala.

   Sa pamamagitan ng paggamit ng kalendaryo bilang huwaran, pagawain ng sarili nilang mga kalendaryo ang mga bata.

   Iguhit ang kalendaryo sa isang paskil upang ipakita sa silid-aralan.
6. Awitin o basahin ang mga salita ng “Sa Malayong Sabsaban” (*Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Ipinadala ang Kanyang Anak” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

## Katapusan

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos. Magpahayag ng pasasalamat sa pagkakaroon ng Bibliya at Aklat ni Mormon bilang mga patunay sa buhay at misyon ni Jesucristo.

Bigyan ng pagkakataon ang mga batang magpahayag ng kanilang mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas at kung ano ang kahulugan niya sa kanila. Hamunin ang mga batang mag-ukol ng panahon sa loob ng panahon ng Kapaskuhan na isipin si Jesucristo at lahat ng ginawa niya para sa atin.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahing pag-aralan ng mga bata ang 1 Nefias 11:12–24 at 2 Nefias 29:8 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.Magbigay ng Paglilingkod na May Pagmamahal

# Magbigay ng Paglilingkod na May Pagmamahal

| LINGGO | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES | SABADO |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Anyayahan ang ilang kaibigan para sa gabing pantahanan ng mag-anak | Dalawin ang mga maysakit | Makinig nang mabuti sa isang tao | Patawarin ang isang tao | Magbigay ng tapat na papuri | Tawagan at pasayahin ang isang tao |
| Sumulat sa isang misyonero | Magkusang maghugas ng mga pinagkainan | Maghandog ng kasayahan sa | Ngumiti | Magpadala ng sulat sa isang tao | Mag-isip ng mabubuting kaisipan tungkol sa isang tao | Dalhan ng pagkain ang isang taong maysakit |
| Isakay ang isang tao patungo sa simbahan | Magbahagi ng talino | Magluto sa hurno ng 2 at ibahagi ang 1 | Yakapin ang isang tao | Basahan ang isang maliit na bata | Sikaping unawain ang mga nararamdaman ng isang tao | Magkaroon ng bagong kaibigan |
| Ipadama sa isang tao na malugod siyang tinatanggap sa simbahan | Maghandog ng kasayahan para sa gabing pantahanan ng mag-anak | Sabihin sa isang kaibigan kung ano ang gusto mo tungkol sa kanya | Pagbigyan ang kahilingan ng isang tao | Ipakita sa isang taong nagmamalasakit ka | Ngumiti sa nakasimangot | Dalawin ang isang matandang kapitbahay |
| Tulungan ang isang abalang ina sa kanyang mga anak sa simbahan | Sabihing "Mahal kita" | Kusang linisin ang iyong silid | | | | |

# “Maaaring Pagpalain ng Pagkasaserdote ang Ating Buhay (Aralin Tungkol sa Paghahanda para sa Pagkasaserdote)

Aralin 47

**Layunin**

Isinulat ang araling ito upang tulungan ang mga 11 taong gulang na bata na maunawaan ang mga pagpapala at responsibilidad ng pagkasaserdote. Kailangang ituro ito bago maging 12 taong gulang ang isa sa mga bata sa inyong klase.

**Paghahanda**

1. Pag-aralan nang may panalangin ang “Ang Patotoo ng Propetang Joseph Smith” sa pambungad sa Aklat ni Mormon o sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–54, 59, 66–72; Doktrina at mga Tipan 13, kasama ang ulo ng bahagi; Doktrina at mga Tipan 121:34–46.
2. Pag-aralan ang aralin at magpasiya kung paano ninyo nais ituro sa mga bata ang ulat mula sa banal na kasulatan (tingnan sa “Paghahanda ng Inyong mga Aralin,” p. vii, at “Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan,” p. viii). Piliin ang mga tanong sa talakayan at mga gawaing nagpapayaman sa kaalaman na pinakamabuting makatutulong sa mga batang matamo ang layunin ng aralin.
3. Mga kailangang kagamitan:
   a. Isang Aklat ni Mormon para sa bawat bata.
   b. Isang Doktrina at mga Tipan.
   c. Isang *flashlight*, bombilya, gasera o anumang bagay na makapagbibigay ng liwanag.
   d. Ang mga sumusunod na larawan: Si Jesus na Cristo (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 240; 62572 893); Ordinasyon sa Pagkasaserdote (62341 893), Paggagawad ni Juan Bautista ng Pagkasaserdoteng Aaron (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 407; 62013 893).

**Mungkahing Pagbubuo ng Aralin**

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pambungad ng panalangin.

Gawaing Pantawag Pansin

Magpakita ng isang bagay na nakapagbibigay ng liwanag.

- Ano ang kailangan ng bagay na ito upang makapagbigay ng liwanag? Kung mayroon kayong *flashlight*, ipakita na ito ay nangangailangan ng mga batirya, isang bombilya, at *switch* na parehong gumagana para makapagbigay ng liwanag. Ang bombilya ay kailangang hindi pundi at nakakabit nang maayos sa saket na nakakabit naman sa mapagkukunan ng elektrisidad. Kailangan ding nakasindi ang *switch* para makadaloy ang elektrisidad.

Patayuin ang mga batang lalaki sa inyong klase. Ang mga batang ito ay may pagkakataong makatanggap ng pagkasaserote, kapangyarihang higit pa sa elektrisidad dahil ito ang kapangyarihan at awtoridad upang kumilos sa pangalan ng Diyos. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito ang mga anak ng Ama sa Langit ay mabibinyagan at makatatanggap ng iba pang ordenansa ng Simbahan. Subalit upang matanggap ang kapangyarihang ito at magamit ito tulad ng nilayon ng Diyos, ang isang batang lalaki ay kailangang karapat-dapat at naihanda nang wasto.

Ulat sa Banal na Kasulatan

Gamit ang mga larawan sa angkop na mga pagkakataon, ituro ang ulat ni Joseph Smith sa kanyang pagtanggap ng mga laminang ginto at sa kanyang pagkakaordena sa Pagkasaserdoteng Aaron mula sa "Ang Patotoo ni Propetang Joseph Smith" o Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–54, 59, 66–72. Maaaring kailanganin ninyong maikling pagbalik-aralan sa klase ang mga pangyayari hanggang sa matanggap ni Joseph ang mga laminang ginto.

Mga Tanong sa Talakayan at Pagsasagawa

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong at sanggunian sa banal na kasulatan habang inihahanda ninyo ang inyong aralin. Gamitin ang mga tanong na sa palagay ninyo ay pinakamabuting makatutulong sa mga bata na maunawaan ang mga banal na kasulatan at maisagawa ang mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang pagbabasa at pagtalakay ng mga banal na kasulatan sa klase na kasama ang mga bata ay makatutulong sa kanila na magkaroon ng pansariling kaalaman.

- Bakit hindi agad naisalin ang mga laminang ginto, natanggap ang pagkasaserdote, at naitatag ni Joseph Smith ang Simbahan pagkatapos ng Unang Pangitain? (Hindi pa siya handa; kinailangan pa muna niyang magkaroon ng higit na karunungan at kaalaman.)
- Ano ang pangunahing ipinagawa ng Panginoon kay Joseph Smith? (Isalin ang mga laminang ginto nang magkaroon tayo ng Aklat ni Mormon.)
- Ano ang ginagawa ni Joseph noong gabing unang nagpakita sa kanya ang anghel na si Moroni? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–30.) Ilang ulit nagpakita si Moroni kay Joseph Smith bago nakita ni Joseph ang mga laminang ginto sa unang pagkakataon? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:30, 44–49; apat na ulit.) Sa palagay ninyo bakit inulit ni Moroni nang tatlo pang ulit ang kanyang mensahe?
- Ano pang ibang tagubilin ang tinanggap ni Joseph bago siya nakapagsimula sa pagsasalin ng mga laminang ginto? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:53–54.) Paano nakatulong na maihanda ng mga tagubiling ito si Joseph Smith sa iba pa niyang mga mahalagang gawain? Ano ang ginagawa ninyo upang paghandaan ang inyong kinabukasan?
- Anong mga natatanging tungkulin ang binabalikat ng karamihan ng mga kabataang lalaking Banal sa mga Huling Araw sa gulang na 12? (Tinatanggap nila ang Pagkasaserdoteng Aaron at inoordenan bilang mga diyakono.)
- Paano tinanggap ni Joseph Smith ang Pagkasaserdoteng Aaron? (Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–70.) Paano tinatanggap ng mga kabataang lalaki ang Pagkasaserdoteng Aaron ngayon? (Kinakapanayam siya tungkol sa kanyang pagiging karapat-dapat at inoordenan sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng isang lalaking may awtoridad na mag-orden sa kanya.)

- Paano dapat ihanda ng mga batang lalaki ang kanilang sarili upang tumanggap ng pagkasaserdote? Paano dapat ihanda ng mga batang babae ang kanilang sarili upang tumanggap ng mga pagpapala ng pagkasaserdote? (Ang mga batang lalaki at babae ay naghahanda sa magkatulad na paraan. Sila ay nananalangin, nananampalataya, at natututo ng ebanghelyo mula sa kanilang mga magulang at guro, namumuhay nang karapat-dapat, sumusunod sa mga kautusan, naglilingkod sa iba, naggagalangan, at matatapat.) (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 4.)
- Anong mga responsibilidad ng mga diyakono sa Simbahan? (Doktrina at mga Tipan 20:59.) Paano nila tinutupad ang mga responsibilidad na ito? (Magpasa ng sakramento, mangulekta ng mga handog-ayuno, gumanap bilang mensahero ng obispo sa pulong sakramento, at magpakita ng magandang halimbawa.)
- Sino ang unang taong nagpasa ng sakramento? (si Jesucristo.) Bakit napakasagrado ng sakramento? (Isa itong ordenansa na sumasagisag sa sakripisyong ginawa ni Jesucristo para sa ating lahat.)

Basahin o ipabasa sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na sipingbanggit mula kay Elder Jeffrey R. Holland: “Hinihiling namin sa inyo, mga kabataang lalaki ng Pagkasaserdoteng Aaron na maghanda at basbasan at ipasa ang mga sagisag ng sakripisyong ito ng Tagapagligtas nang karapat-dapat at mapitagan. Isang kahanga-hangang pagkakataon at sagradong tiwala ang ibinigay sa inyo sa inyong napakamurang gulang! Wala akong maisip na higit pang dakilang papuri mula sa langit na maibibigay sa inyo. Mahal namin kayo. Mamuhay kayo sa pinakamahusay na paraang alam ninyo at ipakita ang pinakamaayos na sarili ninyo habang kayo ay nakikilahok sa sakramento ng Hapunan ng Panginoon” (sa Conference Report, Okt. 1995, p. 89; o *Ensign*, Nob. 1995, p. 68).

- Paano nating lahat maigagalang at maitataguyod ang pagkasaserdote? (Tumanggap ng mga tungkulin mula sa mga pinuno ng pagkasaserdote; maglingkod sa iba; magsalita nang may paggalang tungkol sa mga pinuno ng Simbahan; at manalangin para sa mga ama, kapatid na lalaki, kaanak, at iba pang maytaglay ng pagkasaserdote.) (Tingnan ang gawaing nagpapayaman sa kaalaman 3.) Paanong ang paggawa ninyo sa mga ito makatutulong sa inyong mga ama o kapatid na lalaki upang kanilang igalang ang kanilang pagkasaserdote? Paano nila kayo matutulungan na makapaghandang tumanggap ng pagkasaserdote o ng mga pagpapala ng pagkasaserdote?

## Mga Gawaing Nagpapayaman sa Kaalaman

Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain sa oras ng aralin o bilang pagbabalik-aral, buod, o hamon.

1. Isulat sa mga magkakahiwalay na kard o piraso ng papel ang mga sumusunod na pagpapala na nakukuha sa pamamagitan ng pagkasaserdote:

   Pagtanggap ng pangalan at pagbabasbas
   Mabinyagan

Pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo
Pagtanggap ng pagbabasbas kapag may sakit
Pagkain ng sakramento
Paglilingkod sa misyon
Pagpapakasal sa templo

Hatiin ang klase sa mga grupo at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga kard. Anyayahan ang mga bata sa bawat grupo na magbahagi ng angkop na sariling karanasan o karanasan ng kanilang mag-anak tungkol sa pagpapalang nakasulat sa kanilang kard.

2. Sabihin sa mga batang mag-isip ng isang pagkakataon kung saan sila ay nasa isang napakadilim na lugar. Ikuwento sa kanila ang tungkol sa isang grupo ng mga turistang nagtungo sa isang malalim at madilim na kuweba. Nang sila ay nasa loob na ng kuweba ay pinatay ng gabay ang ilaw nila, naghintay ng ilang minuto, at tinanong ang bawat isa sa kanila na ituro ang direksiyong palabas. Nang sindihan muli ang ilaw, ang mga tao ay nakaturo sa iba't ibang direksiyon.

   Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit mula kay Elder Robert D. Hales: "Kung ang kapangyarihan ng pagkasaserdote ay wala sa mundo, ang kaaway ay magkakaroon ng kalayaang gumala-gala at hindi mapipigilan ang kanyang paghahari. Wala nang kaloob na Espiritu Santo na gagabay at magtuturo sa atin; walang propetang magsasalita sa pangalan ng Panginoon; walang mga templo kung saan tayo makagagawa ng mga sagrado at walang hanggang tipan; walang awtoridad upang makapagbasbas o magbinyag, magpagaling o mang-aliw. . . .  Walang liwanag, walang pag-asa—kundi kadiliman lamang" (sa Conference Report, Okt. 1995, p. 40; o *Ensign*, Nob. 1995, p. 32).

3. Basahin o ikuwento ang sumusunod na kuwento tungkol sa ginawa ng isang mag-anak upang suportahan ang kanilang ama sa kanyang tungkulin sa pagkasaserdote:

   "Nakaupo ako [sa Pangkalahatang Komperensiya maraming taon na ang nakararaan] katabi ang anim na anak ni Elder Ezra Taft Benson, ang isa sa kanila ay kasama ko sa silid sa kolehiyo. Tumindi ang interes ko nang tumayo si Pangulong McKay at ipahayag ang susunod na tagapagsalita. Magalang akong nagmasid habang si Elder Benson, na hindi ko pa nakikilala nang personal, ay naglakad patungo sa mikropono. Malaki siyang lalaki, lampas sa anim na talampakan ang taas. Isa siyang lalaking may titulong masterado, kilala sa buong mundo bilang kalihim ng Estados Unidos sa Agrikultura at isang natatanging saksi ng Panginoon, isang lalaking mukhang payapa at tiyak, isang taong nakapagsalita na sa harap ng mga tao sa buong mundo. Walang anu-ano'y may kamay na humawak sa aking bisig. Isang maliit na batang babae ang madaliang bumulong sa akin ng, 'Ipanalangin mo si Itay.'

   "Ako'y medyo nabigla, inisip kong, 'Ipinapasa-pasa itong mensahe mula sa dulo ng hanay, kailangan ko ring ipasa ito. Dapat ko bang sabihing, "Ipanalangin mo si Elder Benson'? Sasabihin ko bang, "Dapat ka raw manalangin para sa itay mo"?' Naramdaman kong kailangan kong kumilos agad, kaya't ibinulong ko sa aking katabi, 'Ipanalangin mo si Itay.'

   "Minasdan kong ipinasa-pasa ang bulong na iyon sa buong hanay ito ay makaabot sa Kapatid [na babaeng] Benson, na nakayuko na ang ulo.

"Mula nang araw na iyon maraming ulit na naalaala ko ang mensaheng iyon—Ipanalangin mo si Itay, ang patriyarka ng tahanan. Ipanalangin siya habang naglilingkod siya bilang pangulo ng distrito o tagapagturo ng tahanan. Ipanalangin siya kapag naging kalihim na tagapagpaganap siya sa isang grupong sibika, kapag umunlad ang kanyang hanapbuhay, o kapag kinailangan niyang tumanggap ng mas mababang sahod. Manalangin habang nagbibigay siya ng payo tuwing gabing pantahanan ng mag-anak. Ipanalangin si Itay na naghahanap-buhay nang maraming oras para makapagmisyon si Jerold at magkapagkolehiyo si Diane. Ipanalangin siya habang nagsasalita siya sa pulong sakramento o nagbibigay ng basbas sa Inay upang siya ay muling gumaling. At sa gabi, pag-uwi niya sa tahanan na pagod o nawawalan ng pag-asa, ipanalangin mo siya. Ipanalangin si Itay sa lahat ng bagay na maaari niyang gawin—sa lahat ng maliliit at malalaking bagay.

"Sa paglipas ng mga taon, ang mga pangkalahatang komperensiya ay dumarating at lumilipas, at sa bawat pagkakataong tumayo si Pangulong Benson upang magsalita, naiisip ko, 'Ang kanyang mga anak na ngayon ay nasa iba't ibang sulok na ng kontinente ay nagkakaisang nananalangin ngayon para sa kanilang ama.'

"At pinaniniwalaan ko na, na ang maikling mensaheng ipinasa-pasa sa hanay [maraming] taon na ang nakalilipas ay ang pinakamahalagang mensahe na maaaring magkaroon ang isang mag-anak. Isang di pangkaraniwang kapangyarihan at pananampalataya ang mapapasaisang tao upang matugunan ang lahat ng hamon sa kanyang buhay kung may anak siyang babae o lalaki kahit saanmang sulok ng mundo ay bumubulong ng, 'Ipanalangin mo si Itay' "(Elaine McKay, "Pray for Dad," *New Era*, Hunyo 1975, p. 33).

4. Kapag ating ipinamumuhay ang ebanghelyo magiging handa tayong tumanggap ng mga responsibilidad at magtamasa ng mga pagpapala ng pagkasaserdote. Basahin ang "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" (Buklet ng *Mga Araw ng Aking Tagumpay* [35317 893], pabalat sa likod), tumigil pagkatapos basahin ang bawat isang pamantayan upang bigyan ang mga bata ng panahong mag-isip kung gaano nila naipamumuhay ang pamantayang iyon. Pagkatapos ninyong basahin ang talaan maaari kayong magbalik-aral sa pamamagitan ng paggamit ng mga paglalarawan o pangunahing salita.

   Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo

   1. Aalalahanin ko ang aking mga tipan sa pagbibinyag at pakikinggan ang Espiritu Santo.
   2. Ako ay magiging tapat sa Ama sa Langit, sa ibang tao, at sa aking sarili.
   3. Ako ay maghahangad ng mabubuting kaibigan at magiging mabait sa pakikitungo sa iba.
   4. Ako ay magiging mayumi sa pananamit upang ipakita ang paggalang sa Ama sa Langit at sa aking sarili.
   5. Ang babasahin at panonoorin ko ay mga bagay lamang na kalugud-lugod sa Ama sa Langit.
   6. Ang mga pakikinggan kong musika ay mga kalugud-lugod lamang sa Ama sa Langit.

7. Gagamitin ko nang buong galang ang mga pangalan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Hindi ako magtutungayaw o gagamit ng malalaswang salita.
8. Pananatilihin kong malinis at dalisay ang aking katawan at pag-iisip.
9. Hindi ako makikibahagi ng anumang bagay na makakasama sa akin.
10. Gagawin ko sa Sabbath ang mga bagay na makatutulong sa akin upang madama ko na ako ay malapit sa Ama sa Langit.
11. Pipiliin ko ang tama. Alam kong maaari akong magsisi kapag nakagawa ako ng pagkakamali.
12. Mamumuhay ako ngayon sa paraang magiging karapat-dapat ako na magtungo sa templo at maglingkod sa misyon.
13. Susundin ko ang plano ng Ama sa Langit para sa akin.

5. Ibahagi ang sumusunod na siping-banggit mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley, ikalabinlimang Pangulo ng Simbahan: "Ang simbahang ito ay hindi pag-aari ng Pangulo nito. Ang pinuno nito ay ang Panginoong Jesucristo, kung kaninong pangalan ay tinaglay ng bawat isa sa atin sa ating sarili [sa binyag]. Tayong lahat ay magkakasama sa dakilang gawaing ito. Tayo ay narito upang tulungan ang ating Ama sa Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian, 'ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng tao' (Moises 1:39). Ang sakop na tungkulin ng inyong responsibilidad ay kasing halaga ng sakop na tungkulin ng aking responsibilidad. Walang tungkulin sa simbahang ito ang maliit o walang gaanong kahalagahan. Tayong lahat ay nagpupunyagi sa ating tungkuling maimpluwensiyahan ang buhay ng iba" (sa Conference Report, Abr. 1995, p. 94; o *Ensign*, Mayo 1995, p. 71)
6. Awitin o basahin ang mga salita sa "Dito ay May Pag-ibig" *(Aklat ng mga Awit Pambata*).

---

**Katapusan**

Patotoo

Maaari mong naising magpatotoo na ang pagkasaserdote ay ipinanumbalik at ito ay ang awtoridad upang kumilos para sa Diyos. Hikayatin ang mga batang lalaki na mamuhay ngayon nang karapat-dapat upang humawak ng Pagkasaserdoteng Aaron at ang lahat ng miyembro ng klase na mamuhay nang karapat-dapat upang makatanggap ng mga pagpapala ng pagkasaserdote. Hikayatin ang mga batang igalang at suportahan ang mga pinuno ng pagkasaserdote.

Mungkahing Pagbabahagi sa Tahanan

Hikayatin ang mga batang magbahagi sa kanilang mag-anak ng isang bahagi ng aralin, tulad ng isang kuwento, tanong, o gawain, o basahin ang "Mungkahing Babasahin sa Tahanan" nang kasama ang kanilang mag-anak.

Mungkahing Babasahin sa Tahanan

Imungkahi na pag-aralan ng mga bata ang Doktrina at mga Tipan 121:34–46 sa tahanan bilang pagbabalik-aral sa araling ito.

Anyayahan ang isang bata na magbigay ng pangwakas na panalangin.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

34594 893